# GAWING PAGPAPALA ANG SUMPA

Isang Mensahe ng Pagtatagumpay
Mula sa Aklat ni Job

Christian Maturity Series
*Course Three*

Copyright © by Paul G. Caram
Twelvth printing, March 2014
All rights reserved

No part of this book may be reproduced in any form or by any electronic or mechanical means without written permission from the publisher, except in the case of brief quotations in articles or reviews.

All Scripture quotations in this book are taken from the King James Version Bible unless otherwise stated.

**"...Kundi pinapaging pagpapala ng Panginoon mong Dios, ang sumpa sa iyo; sapagkat iniibig ka ng Panginoon mong Dios."**

**(Deuteronomio 23:5)**

- Makayanan ang Maraming Presyur ng Buhay
- Maunawaan ang mga Benepisyo ng Paghihirap
- Pagpasa sa Ating Mga Pagsubok Upang Matalo si Satanas
- Paghahanda ng Ating Mga Sarili Upang Maghari Kasama ni Cristo

# Mga Nilalaman

PANIMULA . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . Pahina 5

ANG TRAHEDYA AY TUMAMA KAY JOB . . . . . . .Pahina 49

ANG PAGLILITIS NG KANYANG
TATLONG KAIBIGAN. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . Pahina 66

ANG PAYO NI ELIHU KAY JOB . . . . . . . . . . . . . . . . . Pahina 110

SI JOB SA HARAP NG PANGINOON. . . . . . . . . . . . . Pahina 120

ANG MGA LAYUNIN AT MGA BENEPISYO NG
PAGHIHIRAP . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . Pahina 147

PAGHATOL PATUNGO SA BUHAY . . . . . . . . . . . . . .Pahina 171

ANG KARAPATAN NG PANGANAY. . . . . . . . . . . . . .Pahina 185

ALALAHANIN ANG MGA LAYUNIN NG
MGA PAGSUBOK . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . Pahina 212

"O Dios, tunay ngang binigyan N'yo kami ng pagsubok, na tulad ng apoy na nagpapadalisay sa pilak. Hinayaan N'yo kaming mahuli sa bitag at pinagpasan N'yo kami ng mabigat na dalahin. Pinabayaan N'yo ang aming mga kaaway na tapakan kami sa ulo; parang dumaan kami sa apoy at lumusong sa baha. Ngunit dinala N'yo kami sa lugar ng kasaganaan."

(Awit 66:10-12)

# PANIMULA

## Ang Hirap ay Puwede Nating Maging Alipin

Itinalaga ng Dios ang hirap upang maging alipin natin. Katunayan, habang kumikilos nang mabagsik ang ating kaaway, mas tinutulak niya tayo paakyat sa taas, sa trono. Ang mga pangyayaring nakakayamot, walang katarungan, mga masakit na pagkaantala, at kahit mga traumatikong pangyayari nung ating pagkabata, lahat ng ito ay maaaring gawin ng Dios na pabor para sa atin.

Kadalasan ang hirap ay regalo ng Dios sa atin. Ito ay sagradong kayamanan. Ito ang nangyari sa buhay ni Jose. Lahat ng kalupitan na ginawa kay Jose ng kanyang nakatatandang mga kapatid ang nagtulak sa kanya sa trono sa Egipto. Ito rin ay totoo sa buhay ni Job. Lahat ng kanyang hirap ay nagtapos sa dobleng bahagi at walang hanggang karangalan. Ang hirap ay sinadya na maging alipin natin. Kaya ng ating Dios na "gawing pagpapala ang sumpa" kapag tayo ay naging kalugod-lugod sa Kanya (Neh. 13:2b).

## "Sumpain ang Lupa Dahil Sa Iyo"

Dahil sa pagbagsak ng tao sa kasalanan, kailangang ideklara ng Dios ang sumpa upang mapigilan ang makasalanang kalikasan (Gen. 3:16-19; 5:29). Ang sumpa ang kahabagan ng Dios sa makasalanang tao at kasama nito ang sakit, pagtatrabaho, at matinding hirap. Alam ng Dios kung ano ang gagawin ng masamang tao kung hindi siya itatama (Ecc. 8:11; Awit 73:3-6; Ezek. 22-18).

Kapag nagawa na ng sumpa ang lahat ng gawain nito, ito ay aalisin ng Dios (Pah. 22:3). Minsan hinahayaan ng Dios ang isang tumatagal na tinik o problema sa ating buhay hanggang matapos ang gawa ng biyaya o isang matigas ay nagbago. Pagkatapos ito ay inaalis Niya. Ito ang

nangyari sa buhay ni Job. Kinailangan ni Pablo ang isang tinik upang siya ay manatiling nasa tuwid na daan (2 Cor. 12:6-9). Kung paanong ang isang perlas ay nabubuo sa pamamagitan ng pagkiskis, minsan isang mabigat na sitwasyon ay pinapahaba ng Dios upang makumpleto ang isang bagay na maganda sa ating mga buhay.

Simula ng pagsuway sa Hardin ng Eden, kinailangan ng Dios na harapin ang mga pagkukulang ng tao at lumikha ng ibang plano para sa sangkatauhan. Pinili ng tao ang mahirap na daan nang siya ay sumuway (Kaw. 13:15). Kinailangan ng Dios na muling idirekta muli ang daan ng tao pagkatapos ng pagbagsak, at mula noon ay hindi ito naging madaling daan. Ang pinataw na sumpa ng Genesis 3:16-19 ay may apat na layunin:

1.) Upang higpitan ang laganap, at bumagsak na kalikasan

2.) Upang mapanatili ang tao sa tamang landas

3.) Upang turuan ang tao tungkol sa Dios, at sa mga kaparaanan ng Dios

4.) Upang sa pamamagitan ng kamatayan, ay mawawasak ang bumagsak na kalikasan; Kung gayon ang tao ay babangon na hindi nasisira at walang kasalanan.

### Ang Hirap ay Oportunidad Para sa Bagong Biyaya

Dahil sa pagbagsak ng tao sa pamamagitan ng hindi pagsunod, kinailangan ng Dios ns sumpain ang lupa para sa kapakanan ng tao. Sa kabila nito, ang sumpa (at lahat ng mga hirap nito at pagdurusa) ay lumilikha ng oportunidad para hubugin ang mga katangian ng Dios sa tao. Kahabagan, mahabang pagtitiis, kaamuan, tunay na pag-ibig, pananampalataya, katapatan, pagtitiyaga, at marami pang ibang



karakter ay napapaunlad sa kahirapan. Bunsod ng pangangailangan, nararanasan ng tao ang sakit, kapanglawan, pagtatrabaho, at presyur. Kahit ang katotohanan na maaaring mamatay ang tao ay kahabagan ng Dios, dahil sa kamatayan ang kalikasan ng kasalanan ay nawawasak sa mga bahagi ng ating katawan at tayo ay babangong muli na may katawang walang kasalanan.

Subalit, kailangan nating maging maingat na hindi mamatayago ang ating oras. Ginagamit ng Dios ang sumpa sa huli, upang tayo ay pagpalain. Kapag nagawa na ng problema o ng kaaway ang layunin nito, palalayain tayo ng Dios mula rito.

### Layunin ng Paghihirap

Tayo ay ipinanganak upang subukin (Job 7:17-18). Itinuon ng Dios ang Kanyang puso sa tao at sinusubok tayo bawat sandali. Ang paghihirap ay may kakaibang paraan upang ihayag kung sino tayo at kung ano ang totoo nating mga pangangailangan. Ang pagpasa o pagbagsak natin sa mga pagsubok ay magsasabi ng ating walang hanggang posisyon sa langit. Kadalasan hindi natin alam kapag tayo ay sinusubok. Kaya, kailangan nating magkaroon ng kamalayan sa katotohanang tayo ay binabantayan. Tayo ay pinapanood ng mga tao at mga anghel. Tayo ay nasa ilalim ng masusing pagsisiyasat ng tao at hindi nakikitang mundo, at higit sa lahat – ng Dios mismo.

Sinusubok tayo ng Dios:

- Upang makita kung ano ang bumubuo sa atin.
- Upang makita kung Siya ang una (Gen. 22:1-2; Job 1:8012; Deut. 13:1-3).
- Upang makita kung tayo ay karapat-dapat sa mga pangako ng Dios, at kung tayo ay tapat sa mga katotohanang ipinagkatiwala Niya sa atin.

- Upang makita kung kaya nating tanggapin ang kapangyarihang hiningi natin sa Dios; (Mas malaking kapangyarihan ang gusto natin mula sa Dios, mas malaki ang mga pagsubok).
- Upang makita kung karapat-dapat tayong kunin ang mga posisyon na nawala kay Satanas at sa mga tagasunod niya.
- Upang tayo ay maging kwalipikado na maging Asawang Babae ni Cristo at makasama sa pista ng kasal (Pah. 19:9).
- Upang maging kwalipikado tayo sa unang pagkabuhay na muli, humatol sa mga anghel, at mamahala at maghari kasama ni Cristo sa Milenyo.
- Upang magdala sa atin sa mas dakilang kapahayagan ng Panginoon sa ating buhay.
- Upang pagpalain ang ating buhay sa katapusan, upang itaas tayo, at bigyan ng walang hanggang pangalan.
- Upang magdala ng bagong biyaya sa ating mga buhay (ang biyaya ay binibigay sa mga mababa).
- Upang magbigay sa Dios ng kasagutan na maaari Niyang ibigay sa Kanyang mga kaaway (tignan ang Kaw. 27:11; Awit 119:42).

### Ang Hirap ay Oportunidad Para sa Bagong Biyaya

Tayo ay nilikha ng Dios; ang Dios ay hindi nilikha para sa atin. Tayo ay ginawa upang maging mga lingkod ng Dios, hindi Siya ang ating lingkod. Sa halip na sabihin sa Dios kung ano ang gusto natin, dapat tanungin natin Siya kung ano ang gusto Niya. Nakakalungkot dahil karamihan ng Ebanghelyo ngayon ay nagbubunga ng espiritu sa Iglesia ng paghahanap para sa sarili. Ito yung pag-uugali na "ano ang magagawa ng Dios para sa akin?" Ano ang meron dito para sa akin? Ano ang konting sakripisyo na kailangan para matanggap ang malaking balik para sa aking sarili? Ito ang sintomas ng karamdamang tinatawag natin na maginhawang Cristianismo.



### Pinakamabilis na Daan Palabas ng mga Hirap / Maliit na Pagnanais Para sa Binagong Buhay

Ang ebanghelyo ngayon ng materyal na kaginhawaan ay pinapangaral sa maraming pulpito. Ginagamit nito ang Dios bilang daan para matugunan ang sariling pangangailangan at mga gusto, samantalang konti lang ang kagustuhan para gawin ang kalooban ng Dios at para mabago ang puso. Ito ay may ideya na isang bagay para sa wala. Nag-aalok ito ng libreng kapatawaran (kalayaan mula sa kamalian), libreng benepisyong medikal (kagalingan mula sa Dios), libreng probisyon (kalayaan mula sa presyur sa salapi), at kalayaan mula sa depresyon at pighati. At tandaan natin, gusto ng Dios na ibigay nang sagana ang lahat ng mga kaloob na ito sa Kanyang mga anak upang sila ay mapalakas ang loob at upang tulungan sila sa hirap na pinagdadaanan. Sa kabila nito, bagamat ang mga ito ay benepisyo ng Ebanghelyo, hindi sila ang katapusan.

### Hindi Pansamantalang Mga Pagpapala Kundi Binagong Buhay

Ang intensyon ng Dios para sa Kanyang bayan ay hindi manatili sa mga pansamantalang pagpapala. Sa halip, Siya ay interesado kung ano ang magiging tayo at kung ano ang pahihintulutan natin na gawin Niya sa ating mga buhay. Ang buong layunin ng Cristianismo ay mabago at maging karapat-dapat para sa Kanya sa walang hanggan. Kailangan nito ang pagbabago; kaya, hindi ito ang laging pinakamadaling daanan.

Samakatuwid, ang ebanghelyo na nagpapalaganap ng madali, komportable, maginhawa, mabilis na sagot, at ang pinakamabilis na daan palabas sa hindi kaaya-ayang mga sirkumstansya, ay hindi ang totoong ebanghelyo. Bagamat, ito ay patok na Ebanghelyo.

Ang pinakamataas na layunin ng paglikha ay batay sa pag-aasawa. Nilayon ng Dios na humubog sa lupa ng isang malagong asawang babae na makakakilala at makakaunawa sa Kanya nang malalim (Jer. 9:24). Nais Niya ang katulad Niya, na ayon sa Kanyang antas. Ang Panginoon ay naghahanap ng asawang babae na mahal Siya, hindi lamang para sa mga pagpapala o kung ano ang makukuha niya para sa kanyang sarili, kundi mamahalin Siya kung sino Siya. Kung hindi, sa halip na asawang babae, ang Dios ay may anak na makasarili, naka-sentro sa sarili, at naghahanap para sa sarili lamang. Ito mismo ang binubunga ng mababaw na Ebanghelyo. Sa kabaligtaran, ang resulta ng Ebanghelyo na naghahayag ng tunay na halaga ng pagiging totoong Cristiano ay isang maluwalhating asawang babae na walang dungis o bahid.

**Ang Matanda nang Kontrobersya**

Samakatuwid, tayo ay nahaharap sa isang kontrobersya na kasing tanda ng tao. Maraming taon na ang nakaraan, inakusahan ni Satanas si Job na naglilingkod lamang sa Dios dahil sa mga benepisyo. Ang akusasyon ni Satanas, “Si Job ay naglilingkod lamang sa Iyo dahil pinasagana Mo siya; pero tanggalin Mo ang lahat ng kanyang pagpapala at susumpain Ka niya sa Iyong mukha.” Ang sinasabi ni Satanas – “Si Job ay may nakatagong mga motibo. Ginagamit lang niya ang Dios para sa sarili niyang mga interes!” Nakakalungkot, pero ang akusasyon na tinapon ni Satanas kay Job ay totoo sa ibang mga mananampalataya, dahil makikita natin sa Juan 6:26-27 na maraming mga tao ay sumunod kay Jesus dahil lamang tinatagpo Niya ang materyal nilang pangangailangan. Karamihan sa kanila ay tumalikod sa Kanya nang dumating ang mga pagsubok ng buhay (cf. Jn. 6:66).

**Ang Pagpasa sa Mga Pagsubok Na binagsak ni Satanas**

Sa totoo, ang akusasyon ni Satanas laban kay Job ay hatol laban sa kanyang sarili, dahil sa isyu na ito siya ay bumagsak nang matindi



(Rom. 2:1). Si Lucifer ay nagsilbi lamang sa Panginoon habang nasiyahan siya sa mga mataas na posisyon na ipinagkatiwala sa kanya ng Dios.

Taglay niya ang alindog, karunungan, karisma, at kakayanan sa musika na hindi matutumbasan. Siya ang pinag-uusapan sa langit. Mapagpasalamat ba siya sa lahat ng binigay sa kanya ng Dios? Hindi! Ang gusto lang niya ay higit pa – higit pa para sa kanyang sarili. Naging mapagmataas siya na sinubukan niyang agawan ng posisyon ang Dios (Isa. 14:12-14). Nang tinanggal siya ng Dios sa kanyang posisyon, “sinumpa niya ang Dios sa kanyang mukha.” Mas inisip ni Lucifer ang kanyang posisyon at ministeryo kaysa sa kanyang relasyon sa Dios. Kaya, kailangan nating harapin ang katotohanang ito – kung tatalunin natin si Satanas, kailangan nating ipasa ang mga pagsubok na binagsak niya.

Sinubok din ng Panginoon si Abraham (Gen. 22:12). Ang Dios ba ay una sa kanyang buhay, o ang mga pangako ng mga pagpapala? Nang si Abraham ay laang ihandog si Isaac pabalik sa Dios, hindi lamang ito patotoo sa Dios kundi kay Satanas. Katulad ng sinabi ni Pablo sa 1 Corinto 4:9, “Kami ay isang panoorin ng mga anghel at ng mga tao.” Si Satanas at ang mga masamang espiritu ay maingat na sinusuri ang ating mga motibo, naghahanap ng panahon para makakita ng kasalanan dahil alam nila na tayo ay itinakda upang palitan sila at angkinin kung ano ang nawala sa kanila. Kung gayon, napakahalaga na tayo ay magtagumpay kung saan sila nabigo. Dahil kung hindi, hindi tayo magiging karapat-dapat na angkinin ang nawala sa kanila dahil sa kanilang rebelyon.

**“Ang Sagot sa Kanya na Kumutya sa Akin”**

Ang iyak sa Kawikaan 27:11: “Magpakatalino ka, anak, upang ako’y masiyahan at sa gayo’y di ako mapahiya sa nangungutya man.” Ang

Dios ay taimtim na naghahanap sa buong mundo ng lalaki o babae na ang puso ay sakdal para sa Kanya (2 Cron. 16:9). Ginagawa Niya ito sa ilang kadahilanan. Una, ang Dios ay may kaaway na walang tigil na nagpaparatang sa mga kapatiran "araw at gabi" (Pah. 12:10). Bukod pa dito, kinukutya ng kaaway mismong ang Panginoon. Sa unang kabanata ng aklat ni Job, pinaratangan ni Satanas na walang sinumang naglilingkod sa Panginoon dahil mahal Siya, kundi dahil sa makasariling mga layunin.

Dahil dito, pinadala ni Job ang matinding hampas kay Satanas nang siya ay nagpatirapa sa pagsamba sa Panginoon pagkatapos na nawala ang lahat sa kanya. Sa ginawang ito ni Job, pinatunayan niya na mali si Satanas (Job 1:20-22). Gayundin, sa pagpasa ng matinding pagsubok na ito, nagbigay si Job ng sagot sa Dios para sa Kanyang kalaban. Nasabi ng Dios kay Satanas – "Narito ang isang lalaki na napanatili ang integridad at patuloy na sumasamba at umiibig sa Akin, kahit na siya ay nahubaran ng lahat ng pagpapala!" Kaya, binigyan ni Job ang Dios ng sagot na ibibigay kay Satanas, ang kalaban na kumutya sa Kanya.

### Ang Tamang Tugon sa Pananakit ay Naglalayo sa Atin Mula sa Hukay

Gayundin, ang tamang tugon ni Job sa pananakit ay nagligtas sa kanya sa pagbagsak sa mental / emosyonal na hukay. Halos lahat ng mental at emosyonal na sakit (kasama ang pagkitil sa sarili) ay resulta ng maling tugon sa isang matinding pananakit. Ang "handog ng pasasalamat" ni Job pagkatapos mawala ang lahat sa kanya na isang trahedya ay naging tagumpay. Ito sa ngayon ang isa sa mga dakilang susi ng katagumpayan sa buhay Cristiano. Samakatuwid, ang halimbawa ni Job ay nagbibigay sa atin ng mensahe kung paano mamuhay, hindi lamang para sa kasalukyan, kundi para sa araw-araw



ng ating buhay. Gayundin, ang kanyang pag-asa ay nilagay niya sa Dios, hindi sa mga bagay na nawala sa kanya (tignan ang Awit 62:5).

### Ang Pagkatawag na Hatulan ang mga Anghel

*"Hindi ba ninyo alam na ang mga hinirang ng Dios ang hahatol sa sanlibutan? Kung kayo ang hahatol sa sanlibutan, hindi ba ninyo kayang hatulan ang ganyang kaliit na bagay? Hindi ba ninyo alam na hahatulan natin ang mga anghel? Gaano na lang ang mga bagay na may kinalaman sa buhay na ito!"* (1 Cor. 6:2-3).

Ang mataas na pagkatawag ng Iglesia ay hatulan ang mga bumagsak na anghel, demonyo, at si Satanas, at gayundin pagharian ang mga bansa na may pamalong bakal (Pah. 2:26, 27). Ngunit ang lalaki o babae na mamumuno sa mga bansa ay kailangan munang matutong pagharian ang sariling espiritu tulad ng ginawa ni Job (Kaw. 16:32).

Upang palayasin si Satanas at siya ay palitan, kailangan natin ng pasadong mga marka kung saan siya bumagsak. Samakatuwid, ikaw at ako ay nasa kampo ng pagsasanay ngayon. Tayo ay dinidisiplina, tinutuwid, at pinaparusahan din ng Dios upang tayo ay maging karapat-dapat para sa mga pangakong may kondisyon na binigay Niya sa Kanyang bayan (Heb. 10:36; 12:5-11). Gusto kong bigyan ng diin na ang mga pangako ng Dios ay may kondisyon. Ito ay isang katotohanan na hindi tamang nauunawaan sa Iglesia ngayon.

Sinabi ni Pablo sa iglesia sa Corinto na sila ay tinawag, hindi lamang upang hatulan ang mundo, kundi hatulan din ang mga anghel. Subalit, sinabi rin niya na, "kayo [sa kasalukuyan] ay hindi karapat-dapat na hatulan ang mga maliliit na bagay" (1 Cor. 6:2, 3). Tinawag sila ni Pablo na karnal, mga sanggol, dahil sila ay nagtatalo-talo at dinadala ang isa't-isa sa hukuman. Sila ay pinangaralan ni Pablo na magpakalago, magpalinis mula sa karumihan ng laman at isipan, at

maging sakdal sa kabanalan at sa pagkatakot sa Dios. Dahil kung hindi nila ito gagawin, hindi nila mamanahin ang mga pangako (2 Cor. 7:1). Sila ay binalaan niya na huwag sayangin ang biyaya ng Dios kundi tanggapin nila ito (2 Cor. 6:1).

### Job—Isang Aklat sa Huling Araw

Si Job ay may pangitain ng ikalawang pagparito ni Cristo, ang muling pagkabuhay, at ng panahon ng milenyo. Sa katunayan, nakita niya ang kanyang sarili na muling nabuhay at namamahala kasama ni Cristo sa panahong parating (Job 19:25-27). Ayon sa Pahayag 5:9-10, 20:6, sila na ginawang mga hari at saserdote ang maghaharing kasama ni Cristo sa lupa. Ang mga hari at saserdote ay hindi ipinanganak, sila ay ginawa.

Si Job ay sumisimbolo sa taong hinubog at hinugis sa pamamagitan ng kahirapan upang maging isang hari at saserdote. Minsan siya ay tinutukoy bilang "Banal sa Milenyo." Si Job ay kumakatawan sa mga matuwid na banal na sinubok sa apoy upang maging higit na matuwid at banal, nang sa gayon sila ay magharing kasama ni Cristo. Samakatuwid ang Aklat ng Job, bagamat ito ay may mensahe sa bawat henerasyon, ito ay lalo nang naaangkop sa ating kapanahunan. Tayo ngayon ay nabubuhay sa mga araw ng pagparito ni Cristo, ang muling pagkabuhay, at ang paghahari ni Cristo sa Milenyo dito sa lupa.

Kaya, ang mensahe ng Job ay para sa Iglesia sa huling araw; dahil sa loob ng mga pahina ng Aklat ng Job ay mga susi upang maging handa para sa pagdating ng Anak ng tao, ang unang muling pagkabuhay, at ang panahon ng Milenyo.



### ANG KAHIRAPAN AY DAPAT NATING MAGING LINGKOD

- Itinalaga ng Dios ang *kahirapan* upang maging lingkod natin kung tayo ay tutugon na may karunungan.
- Ang kahirapan, kadalasan ay kaloob ng Dios, isang sagradong kayamanan.
- Ang kahirapan ay kumukuha ng ating atensyon, nagbibigay ng *mga oportunidad* sa atin upang tayo ay mabago.
- Ang kahirapan ay maaaring magtutulak sa mga taong nagtalaga ng kanilang buhay papunta sa taas – sa trono.
- Itinatag ng Dios ang Sumpa (Gen. 3:16-19) upang pakitaan ng kahabagan ang taong bumagsak sa kasalanan.
- Ang mga suliranan ay *napapahaba* hanggang sa ang gawa ng biyaya ay natapos sa ating mga buhay.
- Tandaan, tayo ay isinilang upang subukin (Job 7:16, 18).
- Ang paghihirap ay may paraan upang ihayag kung sino tayo, at kung ano ang tunay nating mga pangangailangan.
- Kadalasan, hindi nauunawaan ng Iglesia ang layunin ng kahirapan
- Ang ibang mga mananampalataya ay naglilingkod lamang sa Dios para sa kung ano ang makukuha nila para sa kanilang sarili.
- Ang pansamantalang mga pagpapala ay kadalasang binibigyan ng diin sa halip na binagong puso.
- Ang karakter ay may kaugnayan sa sakit – upang piliin ang tama, kahit na ito ay masakit.
- Maliban na ipasa natin ang mga pagsubok na binagsak ni Satanas, hindi natin matatanggap kung ano ang nawala sa kanya dahil sa rebelyon.
- Ang tamang tugon sa pinsala ay nagdadala ng espiritwal, mental, at emosyonal na kalusugan.
- Tayo ay ginagawang *mas mabuti* o *mapait* ng kahirapan. Tayo ang gagawa ng pagpili, sa pamamagitan ng biyaya.

- Si Job ay kumakatawaan sa isang matuwid na mananampalataya na sinusubok sa apoy upang maging lalong matuwid at banal. Siya ay ginagawang karapat-dapat na mamahala at maghari kasama ni Cristo. Samakatuwid, si Job ang ating halimbawa.

## MGA TANONG NA SASAGUTIN SA PAG-AARAL NA ITO:

- Bakit pinahintulutan ng Dios ang isang mabuting tao na katulad ni Job para dumanas ng ganung hirap?
- Ano ang layunin ng kahirapan kung dinala na ni Cristo ang ating sakit?
- Paano natin sasagutin ang ilan sa ibang mga "bakit" ni Job?
- Ang mga prinsipyo ba ng Aklat ng Job ay para sa panahon ng Bagong Tipan?
- Paano natin lalapitan ang isang tao na nakakaranas ng matinding hirap?
- Sa huli, sino ang may akda ng pagsubok ni Job?
- Ang pagsubok ba ni Job ay resulta ng ilang kasalanan o negatibong pagpapahayag?
- Nagreklamo ba si Job tungkol kay Satanas sa panahon ng kanyang pagsubok?
- Binigyan ba si Job ng kanyang mga kaibigan ng tamang payo, maling payo, o pareho?
- Ano ang pangunahing tema ng aklat?
- Si Job ba ay talinghaga katulad ng pag-aakala ng iba, o tunay ba itong nangyari?
- Si Elihu (ang pang-apat na lalaki) ba ay nagbigay ng tamang payo?
- Sinuportahan ba ng Dios kung ano ang sinabi ni Elihu?
- Bakit tinanong ng Dios si Job ng walungpung tanong sa Kabanata 38-41?



- Anong partikular na mensahe ang ginagawa ng Dios kay Job sa panahon ng kanyang pagsubok?
- Ano ang ilan sa mga aral ang matututunan natin tungkol kay Satanas sa Aklat ng Job?
- Ang Dios ba ay nagdurusa kapag tayo ay nagdurusa?
- Bakit itinatag ng Dios ang "sumpa" pagkatapos na bumagsak ang tao?
- Paano ginagawa ng Dios ang *sumpa* na maging pagpapala?
- Bakit mali na sabihing, "Hindi patas"?
- Bakit mahalagang maunawaan ang mga layunin sa mga nakakayamot na bagay?
- Ano ang balanse sa pagitan ng "kasaganaan" at pagdurusa kasama ni Cristo?
- Dapat ba nating laging tanggapin ang bawat suliranin o sitwasyon na kalooban ng Dios?
- Ano ang paraan para matanggap ang dobleng pagpapala?


## ANG KASAYSAYAN AT ANG NASA LIKURAN NG AKLAT NG JOB

Ang Job ay hindi lamang ang pinakamatandang aklat sa Bibliya, ito marahil ang pinakamatandang literatura sa mundo. Ito ay higit sa 4,000 taon. Ang Job ay naisulat hindi nalalayo pagkatapos ng baha ni Noe, pero marahil bago kay Abraham. Samakatuwid, ito ay sinulat bago ang 2000 B.C. Binabanggit ng Job 8:8-9 ang dating panahon, ang panahon bago ang baha nang ang tao ay nabuhay ng daang mga taon. Sa panahon ni Job, ang mga taon ng tao ay "parang anino" kung ikukumpara sa panahon bago dumating ang baha. Pagkatapos ng baha, ang taon ng buhay ng mga tao ay mabilis na bumaba at lumalabas na ang panahon bago ang baha ay nangyari bago ang henerasyon ni Job.

NAGSULAT: Walang katiyakan kung sino ang may-akda ng Aklat ng Job pero mataas ang posibilidad na si Elihu, ang pang-apat na kaibigan. Sa isang banda si Elihu ang parang nagkukuwento (32:15, 16). Meron siyang mas higit na kaalaman kaysa sa ibang kapatiran. Gayundin, taglay niya ang makalangit na pananaw ng pagsubok.

Ang Akalat ng Job ay hindi lamang talinghaga. Si Job ay totoong tao, sa katunayan, siya ay isa sa pinakadakilang tao sa lahat ng panahon. Kinumpara siya ng Dios kay Noe at Daniel sa kanyang integridad (cf. Ezek. 14:14-20). Sa Bagong Tipan si Job ay nabanggit para sa halimbawa niya ng pagtitiis habang nagdurusa (Sant. 5:10-11). Gusto ng Dios na tignan natin si Job at bulayin ang katapusan ng isang pagsubok (cf. Deut. 8:16; Heb. 12:5-7, 12:11). Bilang karagdagan sa aral na mapupulot at matututunan natin kay Job, ang aklat ay nagbibigay din ng kapansin-pansin na liwanag sa lawak ng pilosopiya at intelektwal na kultura ng panahon ng mga patriyarka.

## ANG LUGAR NI JOB SA KASAYSAYAN




## ANG BUHAY AT MGA PANAHON NI JOB

Si Job ay nabuhay pagkatapos ng baha, pero marahil bago kay Abraham. Pagkatapos ng baha si Noe ay nabuhay pa ng 350 taon, at maaaring buhay pa ng panahon ni Job. Ang Genesis kapitulo 9, 10, at 11 ang sumasakop sa panahon pagkatapos ng baha hanggang kay Abraham.



Mabilis na ang mundo ay kinalatan muli ng mga tao pagkatapos ng baha at mabilis ding tumalikod sa Dios. Hindi ba ito ang kuwento ng tao mula sa pasimula? Ang tao ay madaling maligaw palayo sa Dios, kahit alam niya kung ano ang tama (basahin ang Genesis kapitulo 11). Sa Babel sila ay nagsimula ng bagong uri ng pagsamba sa pamamagitan ng pagtatayo ng tore. Ang toreng ito ay ginamit para sa pagsamba sa mga planeta, at lalo na sa buwan. Bumaba ang Dios at nilito ang kanilang mga wika, kinalat sila sa mga bansa sa mundo. Kasabay nito, binago ng Dios ang mga lahi at nasyonalidad.

Malaki ang binaba ng inaasahang buhay ng tao pagkatapos ng baha. Bago ang baha, dinugtungan ng Dios ang tao ng mahabang buhay para dumami pa ang kaalaman niya dahil kailangang matutunan ng tao ang lahat ng bagay mula sa unang antas. (Pansinin: Hindi na kailangang madiskubre ng tao ang apoy. Ang pagdiskubre ng apoy ay isa lamang sabi-sabi ng mga ateista o yung mga taong hindi naniniwala sa Dios).

Pagkatapos ng baha hindi na kailangan ng tao na matutunan ang lahat mula sa simula. Sa arko ni Noe, walang duda na napakaraming aklat at kaalaman ng maraming mapanlikhang imbensyon.

Ang tao ay labis na napakatalino, kahit sa panahon ni Job. Ito ay napatotohanan sa marami sa mga pag-uusap nila Job at kanyang mga kaibigan. Naunawaan nila ang kalikasan, siyensiya, ang mga bituin, at meron silang kamangha-manghang kaalaman ng Dios at Kanyang mga pamamaraan. Naunawaan ng unang tao ang musika, paggawa ng metal, pagtatayo ng mga gusali, barko, tore, at mga siyudad na tirahan (Gen. 4:17-22).

Isaias 41:4 – "Tinatawag ang mga henerasyon mula sa pasimula." Ipinahiwatig ni Isaias na ang Dios ay mayroong tiyak na layunin at mensahe para sa bawat henerasyon. Kasama rito ang henerasyon ni Job. Pinerpekto ng Dios ang tiyak na mensahe ni Job, na idineklara ito

hindi lamang sa henerasyon ni Job kundi sa bawat susunod na henerasyon din. Ang mensaheng ito, na dinebelop nung nakaraang apat na libong taon, ang sinasabi ng aklat na ito.

## SI JOB – ANG TAO

### Si Job – Ang Hindi Maintindihang Tao

Ang Job ay isang aklat na lubhang hindi maintindihan. Ang tao mismo ay isang karakter sa Bibliya na lubos na hindi maintindihan. Para maintindihan ang Job (o anumang espiritwal na isyu) dapat nating laging lapitan ito sa espiritu ng kapakumbabaan. Ang Aklat ng Job ay sumasalungat nang malaki sa teolohiya ngayon. Ang atin bang espiritwal na kaliwanagan ay mataas sa ating pag-aakala? Ang Iglesia ba ngayon ay mas nakakakilala sa mga kaparaanan ng Dios kaysa sa mga kapatiran ni Job nung nakaraang apat na libong taon? Idineklara nila nang may pagdidiin na kapag ikaw ay gumawa ng tama at maniwala sa mga pangako ng Dios, lahat ng bagay sa buhay ay magiging panatag; ngunit kung ikaw ay gagawa ng masama lahat ay magiging salungat. Ang konseptong ito ay binaligtad ng Aklat ng Job! Dito tayo ay pinakilala sa isa sa pinakamatuwid na lingkod ng Dios pero lahat ng bagay ay naging mali para sa kanya... kahit na sa ilang sandali.

#### Isang Talatang Mali ang Pakahulugan

Isa sa mga pinakanaabusong talata sa Bibliya ay Job 3:25. Sinabi ni Job: “Ang kinatatakutan ko’y nangyari sa akin.” Karaniwang tinuturo ngayon na dahil si Job ay nagbulay at nagpahayag ng ilang negatibong mga kaisipan at takot, ito ay nagbukas sa pintuan para makapasok si Satanas at magdala ng lahat ng sakuna sa kanya at sa kanyang pamilya. Ngunit ito ay makikitang walang basehan kapag tinignan natin sa Unang Kapitulo kung paano nagsimula ang pagsubok.



Sa Kapitulo Isa ang Dios ang nag-ungkat tungkol kay Job, at hindi si Satanas. Nais ng Dios na subukin ang pambihirang taong ito. Mismong ang Panginoon ang lumikha ng pagkakataon sa pagsubok na ito sa pamamagitan ng pagpuri kay Job, na nag-udyok kay Satanas para magselos. Ito ay nag-udyok sa kaaway na humingi ng pahintulot na alisin kay Job ang lahat ng kanyang pagpapala. Ang pagsubok ni Job, samakatuwid, ay bunga ng pag-uusap sa pagitan ng Dios at ni Satanas, hindi dahil sa negatibong pananalita ni Job. Oo, ang pagsubok ay resulta ng isang “tinanggal na bakod.” Ngunit hindi ang mga takot ni Job ang nagpabagsak ng bakod, kundi ang pahintulot ng Dios para subukin ni Satanas si Job ang nagtanggal ng bakod.

“Ang kinatatakutan ko ang siyang nangyari sa akin.” Habang masusi nating tinitignan ang mga komento ni Job sa 3:25, ang talatang ito ay nagpapahiwatig lamang na una nang nabalaan si Job tungkol sa kanyang parating na pagsubok. Dapat ba nating ikagulat ito? Kung sabagay, malapit na lumalakad si Job kasama ng Panginoon at alam niya ang mga lihim ng Panginoon (29:4). Parang ito ay karaniwan lamang na ihanda ng Panginoon si Job sa pamamagitan ng pagsasalita sa kanya tungkol sa parating na pagsubok. Hindi alam ni Job kung kelan, saan, o paano, at hindi niya naintindihan lahat ng mga detalye. Alam niya ang malaking pagsubok ay darating at sa huli, nang ito ay dumating, siya ay sumigaw – “Ang kinatatakutan ko ang siyang nangyari sa akin.” Ang Dios ay mabait at binibigay Niya sa Kanyang mga lingkod ang kaalaman sa isang sitwasyon bago pa ito mangyari kapag alam Niyang kailangan nila ito. Ipapakita sa atin ng Dios ang hinaharap kapag alam Niya na ito ay makakatulong sa atin (Jn. 14:29). Ang kaalaman ay nagpapatibay sa atin na magbata sa gitna ng presyur ng mga bagyo ng buhay.

### Si Job – Isang Taong May Pangitain

Si Job ay may mga pangitain ng ikalawang pagparito ni Cristo, ng unang muling pagkabuhay, at ng panahon ng milenyo (Job 19:25-27). Si Job ay may mga personal na pangako na siya mismo ay makikiisa sa muling pagkabuhay at literal na makikita ang Panginoon sa milenyo. Dahil sa mga pangakong ito, siya ay nabuhay ng banal na pamumuhay. Siya ay "natakot sa Panginoon at lumayo sa kasamaan" (1:1). Si Job ay sinakop ng kaalaman ng tadhana para sa kanyang buhay at ito ang nag-udyok sa kanya na mabuhay nang maingat.

### Si Job – Isang Matuwid na Tao

Kinakatawan ni Job ang isang matuwid na tao na lalo pang sinasanay at nililinis sa pamamagitan ng paghihirap upang siya ay maging kwalipikado sa mas mabuting muling pagkabuhay at mamahala at magharing kasama ni Cristo. Hindi lahat ng Cristiano ay makakasama dito (Pah. 20:6). Sila lamang na banal ang maghahari kasama Niya. Ang mga taga-Corinto, halimbawa, ay hindi handang magharing kasama ni Cristo nang panahong sinulatan sila ni Pablo. Nilalarawan sila ni Pablo bilang karnal, at mga sanggol, at hindi nalinis sa mga pita ng laman (cf. 1 Cor. 3:1-3). Sila ay pinatawad ngunit hindi malago. Tignan din ang 2 Corinto 7:1.

### Ang Buod sa Buhay ni Job

Habang binabasa mo ang aklat ng Job, obserbahan ang mga bahagi na nakatuon kay Job bago ang kanyang pagsubok. (Pansinin lalo na ang mga kapitulo 1, 29, at 31 para sa background ng pag-aaral ng Job). Paano siya namuhay at anong uri siya ng tao bago ang kanyang pagsubok? Ang mga espiritwal na ugat ni Job ay maaaring malalim. Maaaring siya ay may mga hindi karaniwang pangako mula sa Dios kaya niya napagtiisan ang ganung pagsubok. Ang mga dakilang tao ay



may espesyal na mga susi sa kanilang buhay kaya sila naging katangi-tangi sa kanilang larangan.

A. SI JOB BAGO ANG KANYANG PAGSUBOK — Dito natin makikita ang kanyang kabataan, ang kanyang reputasyon, karakter, at pangitain.

B. SI JOB SA PANAHON NG KANYANG PAGSUBOK — Ginagawa siya ng Dios na mas lalong matuwid at banal.

C. SI JOB PAGKATAPOS NG KANYANG PAGSUBOK — Tinaggap niya ang dobleng bahagi, karangalan, at isang walang hanggang pangalan.

**SI JOB AY SUSUBUKIN SA PITONG PARAAN**

- **SA EKONOMIYA** — Mawawala sa kanya ang lahat (ari-arian, negosyo, mga empleyado). Siya ay mababangkrap.
- **SA PANTAHANAN** — Ang kanyang mga anak ay mamamatay sa malakas na bagyo; pagkatapos ang kanyang asawa ay lalaban sa kanya.
- **SA PISIKAL** — Ang kanyang katawan ay dadapuan ng matinding sakit at mga sugat, at mga gabing walang tulog.
- **SA PANLIPUNAN** — Siya ay huhusgahan nang mali at iiwan ng kanyang mga kamag-anak at malalapit na kaibigan. Siya ay hahamakin ng mga tao sa rehiyon at magsasalita nang laban sa kanya. Ang kanyang marangal na reputasyon ay pansamantalang sisirain.
- **SA PANGKAISIPAN** — Siya ay lubhang maguguluhan.
- **SA EMOSYON** — Siya ay sobrang malulungkot. Ang mga sirkumstansya ay magiging walang pag-asa sa natural.
- **SA ESPIRITWAL** — Ang Dios ay magiging tahimik sa loob ng maraming mahabang buwan.

## ANG PANGANGAILANGAN NG KAUNAWAAN

Ang "espiritu ng kaunawaan" ay isa sa pitong espiritu ng Panginoon na binanggit sa Isaias 11:2-3. Ang ibig sabihin ng kaunawaan: intindihin, kilalanin, lubos na malaman, malinaw na mamalas, magkaroon ng malinaw na kaunawaan sa kahulugan ng isang bagay. Ang kaunawaan ay nagbibigay sa atin ng kakayanan para makita ang nakatagong kamay ng Dios sa mga iritasyon at kawalan ng katarungan,



upang ang ating mga tugon at saloobin ay maging tama kapag dumarating ang hirap.

Kung wala tayong kaunawaan sa mga kaparaanan ng Dios tayo ay tutugon nang mali sa mga kawalan ng katarungan at pagkatapos tayo ay magiging mapait. Tinutulungan tayo ng kaunawaan na makiisa dahil binabasag nito ang paglaban at katigasan sa ating mga puso. Tinutulungan tayo ng kaunawaan na hindi tayo mabigo sa pang-unawa, kundi binibigyan tayo ng kaunawaan kung ano ang pilit na sinasabi ng Dios. Ang ibang mga banal ay hindi natututo ng mga kaparaanan ng Dios. Dahil dito, buong buhay nila, sila ay lumalaban at humihingi ng katarungan at katwiran para sa kanilang mga sarili. Bagamat hindi naunawaan ni Job ang mga detalye ng kanyang pagsubok, naunawaan niya ang malawak na mga prinsipyo ng kaparaanan ng Dios, at iyun ang nagligtas sa kanya.

### Ang mga Tao ay Nagrerebelde Kapag Kulang Sila sa Kaunawaan

Naghimagsik ang mga Israelita laban sa Panginoon dahil wala silang kaunawaan kung ano ang pilit na ginagawa Niya sa kanilang mga buhay sa pamamagitan ng kanilang mga sirkumstansya. Sabi ng Dios, "Lagi silang nagkakamali sa kanilang puso, ngunit hindi nila nakilala ang Aking mga daan" (Heb. 3:8-10). Dahil dito, hindi sila nakapasok sa kapahingahan ng Dios kundi tuloy-tuloy silang lumibot-libot sa ilang. Marami ang nasayang sa kanilang buhay na paikot-ikot (Tignan din ang Awit 78:37-42). Sa kaso ng Israel, hindi sila binigyan ng Dios ng kaunawaan dahil ang kanilang mga puso ay napakatigas laban sa Kanya (Deut. 29:3-4). Samakatuwid, kailangan nating palambutin ang ating mga puso sa harap ng Panginoon upang matanggap ang espiritu ng kaunawaan.

## Ang Kaunawaan ay Tumutulong sa Atin na Makipagtulungan sa Dios

Bakit ang ibang Cristiano ay malakas at matatag samantalang ang iba ay laging taas at baba? Ano ang nakakaapekto sa lakas ng isang mananampalataya? Ano ang bagay na nagdedesisyon? Naniniwala ako na ang sagot ay sa kanilang *pangitain.* Ang kaibahan ay nakasalalay sa pang-unawa nila ng katotohanan, sa kanilang kaunawaan. Ang katotohanan ay higit pa sa pamantayan ng tama at mali. Ang katotohanan ay liwanag! Ito ang kapangyarihan ng liwanag na sumisilay sa madilim na kaluluwa na nagdadala ng matinding panloob na kalakasan at kalayaan (Jn. 8:32). Sa ilang sulat ni Pablo, binabanggit niya ang *mahihinang kapatiran* na may *mahinang konsiyensiya* (1 Cor. 8; Rom. 14). Ano ang dahilan kung bakit ang mga lakaki at babae ay mahina sa espiritwal? Ito ay dahilan sa ang liwanag at kapahayagan ay hindi pa tumatagos sa kanilang kaloob-looban.

Ang pagbabago ay nangyayari sa ating mga kaluluwa kapag binubuksan ng Dios ang ating mga mata at binibigyan tayo ng kaunawaan sa ating mga puso. Ang kaunawaan ay nagbibigay sa atin ng kakayanan para makipagtulungan sa Dios kapag dumarating ang kahirapan sa ating mga buhay upang tayo ay lumago at maging ganap. Kung walang tamang kaunawaan, ang ating tugon sa mga paghihirap ay magiging pangit. Oo, hanggang sa masama. Kailangan nating maunawaan ang konsepto ng paghihirap, dahil kung hindi, hindi natin mahaharap nang may katagumpayan ang mga pagsubok na naglilinis sa atin at magpatuloy sa kasakdalan bilang Cristiano.

Kapag ang isang Cristiano ay nabigyan ng maling tagubilin sa paksa ng paghihirap, siya ay malilito kapag dumating ang kahirapan. Maaaring siya ay panghinaan ng loob sa Cristianismo at tumalikod sa Dios. Kung gayon, kailangan nating hingin sa Dios ang pusong nakakaunawa katulad ni Solomon (1 Hari 3:9-10). Ang kaunawaan ay kaloob ng Dios sa mga nagmamahal sa Kanya, sa mga nakalulugod sa Kanya, at naghahanap sa Kanya nang taimtim.



Gayundin, ito ay binibigay sa may pusong dalisay. “Ang may malinis na puso ay makakakita [kung paano nakikita ng Dios]” (Mat. 5:8). Pinagkait ng Dios ang kaloob ng kaunawaan sa Israel dahil ang puso nila ay napakatigas na inaakusahan ang Dios (Deut. 29:2-4; Kaw. 2:1-5; Dan. 9:13, 12:10; Jn. 7:17).

Kung higit na maka-Dios ang isang tao, mas tatanggapin niya, mauunawaan at kakayanin ang paghihirap. Napansin mo ba ang paraan kung paano tinitignan ng mundo at mga hindi masunurin ang kaguluhan? Ito ay laging may panglaw at kadiliman. Ito ay dahilan sa sila ay nabubuhay lamang para sa kasalukuyang buhay. Sa kabaligtaran, niyakap ni Apostol Pablo ang mga paghihirap dahil alam at naunawaan niya ang walang hanggang benepisyo na dadalhin nito (cf. 2 Cor. 4:17; Rom. 8:18, 8:28).

Bakit ang ibang Cristiano ay laging taas at baba samantalang ang iba ay nagpapatuloy hanggang sa huli? Lahat ng ito ay nakadepende sa kanilang pangitain. Karaniwan sa mga mananampalataya ang magpahinga nang maaga na may mentalidad ng nagreretiro. Ito ang bunga ng walang pangitain. Kung walang pangitain, tayo ay mamumuhay na nagpapabaya, ngunit ang taong may walang hanggang pangitain ay nakakaunawa kung ano ang ginagawa ng Dios at mayroong tiyak na tatamaang marka para siya ay magpatuloy. Gayundin, taglay niya ang banal na takot na hindi ito marating (Kaw. 29:18; Heb. 4:1).

**Pinapalakas Tayo ng Kaunawaan Dahil:**

1. Binibigyan tayo nito ng kakayanan para makita ang mga kawalan ng katarungan sa pananaw ng Dios.
2. Tinutulungan tayo nito na tumugon sa tamang paraan sa mga iritasyon o kawalan ng katarungan.
3. Inaalis nito ang mga buto ng kapaitan sa gitna ng kainitan ng pagsubok.
4. Ito ay nagdadala sa atin na magtiwala at makipagtulungan sa Dios sa ating mga paghihirap.
5. Tinatanggal nito ang pagtutol at katigasan sa ating mga puso.
6. Dinadagdagan nito ang ating pang-unawa kung ano ang gagawin ng Dios sa ating mga buhay sa pamamagitan ng iritasyon o pagsubok.
7. Tinutulungan tayo nito upang makita ang *pagtatapos* ng bagay, at ito ay nagdudulot ng pag-asa.

Bago natin lubusang tignan ang Aklat ng Job, gusto kong alalahanin ninyo ang pitong punto tungkol sa pagsubok ni Job. Pagkatapos ay gusto kong alalahanin ninyo ang pitong pangunahing *dahilan* para sa kanyang pagsubok.



**Pitong Puntong Dapat Alalahanin Tungkol sa Pagsubok ni Job**

**1. Si Job ay hindi nahirapan dahil sa anumang mali Sa kanyang buhay.**

**2. Ang Dios ang May-akda ng kanyang pagsubok; Siya din ang Tagapagtapos nito.**

**3. Ang pagsubok ay totoong pagsubok kapag ito ay higit pa sa ating pagpapaliwanag at pang-unawa.**

**4. Hindi nagreklamo si Job tungkol sa diyablo. Alam niya na mayroong mas mataas na kapangyarihan – ang Dios.**

**5. Hinaharap ng Dios ang isang partikular na bagay sa buhay ni Job sa panahon ng kanyang pagsubok.**

**6. Ang Dios ay tahimik sa loob ng ilang buwan. Hindi maipaliwanag ng Dios ang Kanyang ginagawa sa panahon ng pagsubok ni Job.**

**7. Mayroong mga espesyal na pakikipagtagpo si Job sa Dios bago ang kanyang pagsubok na nagbigay sa kanya ng kakayanan upang mapagdaanan ito.**

**Ang mga ito ay idedebelop sa mga susunod na pahina.**

## MGA PUNTONG DAPAT ALALAHANIN TUNGKOL SA PAGSUBOK NI JOB

**1. Si Job ay hindi nahirapan dahil sa anumang masama sa buhay ni Job—** Ang patotoo ng Dios kay Job ay napakaganda (1:1, 1:8, 2:3). "Wala siyang katulad sa daigdig. Mabuti siyang tao, sumasamba sa Akin, at umiiwas sa masamang gawain." Ang walang hanggang patotoo ni Job ay makikita sa Ezekiel 14:14, 20. Siya ay nakalista kasama ng tatlong pinakamatuwid na lalaki sa Lumang tipan.

**2. Ang Dios ang may-akda ng pagsubok—** ( at ang tagapagtapos nito). Sa Roma 10:19, makikita natin na ginagamit ng Dios ang pagseselos para matupad ang Kanyang mga layunin. Sadyang pinukaw ng Panginoon si Satanas sa pagseselos sa pamamagitan ng pagpuri kay Job: "Napansin mo ba ang lingkod kong si Job, na wala siyang katulad sa daigdig, may takot sa Dios at umiiwas sa masamang gawain?" (1:8, 2:3). Gusto ni Satanas na laging maging dakila, at ngayon siya ay pinupukaw ng Dios sa pagseselos sa pagpansin kay Job. Ang panahon ay dumating na para si Job ay subukin; kaya, inudyukan Niya si Satanas na humingi ng pahintulot na siya ay pahirapan.

Muli tayong pinapaalalahanan ng Job 42:11 na mismong ang Panginoon ang Siyang, sa huli, ay responsable para sa pagsubok na ito. Si Satanas ang tagapagpahirap, pero ang Dios ang responsable sa pagsisimula ng pagsubok. Malinaw na pinapakita sa atin ng Pahayag 2:10 na ang dahilan ng Dios kung bakit andyan pa rin si Satanas ay... "upang kayo ay subukin." Kapag tapos na ang Dios sa paggamit kay Satanas upang tayo ay subukin, ibubulid Niya ito sa walang hanggang pagkawasak (Pah. 20:10).

**3.Ang pagsubok ay totoong pagsubok kapag ito ay hindi natin maipaliwanag —** Hindi sinadya para maunawaan ni Job ang pagsubok kundi ipinahihiwatig na siya ay kumapit at magtiwala sa Dios. Kadalasan



sa isang pagsubok, *hindi* pinapaliwanag ng Dios kung ano ang Kanyang gawin o ano ang Kanyang ginagawa, bagamat gusto Niya. Subalit, maraming pagkakataon na pagkatapos na maganap ang pagsubok, Kanya itong pinapaliwanag. Sa susunod na pahina gusto kong mag-alok ng ilang dahilan kung bakit hindi pinapaliwanag ng Dios kung ano ang ginagawa Niya sa panahon ng ating pagsubok.

Kung binigyan tayo ng Dios ng lubos na kaunaawaan sa panahon ng pagsubok, ito ang mangyayari:

- Ang ating pananampalataya at ibang katangian ay hindi madedebelop.
- Ang ating puso ay hindi mokokondisyon na tanggapin kung ano ang gustong sabihin ng Dios at gawin sa ating espiritwal na buhay.
- Ito ay maaaring makasira sa gawain na ginagawa Niya sa atin.
- Ito ay maaaring magwasak sa atin – ito ay maaaring hindi natin kayanin.

**4. Si Job ay hindi nagreklamo tungkol sa diyablo**—Alam ni Job na merong mas mataas na kapangyarihan at sa huli, ang Dios ang responsable sa kanyang paghihirap. Kaya, ang kanyang pagrereklamo ay sa Dios lamang (1:21). Pagkatapos na mawala ang lahat kay Job, dineklara niya, "Si Yahweh ang nagbigay, si Yahweh rin ang babawi." Hindi niya sinabi, "Kinuha ng diyablo." Totoo, si Satanas ang gumawa ng pagpapahirap, pero alam ni Job na sa kapangyarihan ng Dios, Siya ang nagkontrol sa buong sitwasyon (1:21, 2:10, 42:11).

**5. Ang Dios ay may ginagawang isang partikular na bagay sa buhay ni Job sa panahon ng pagsubok**—bagama't may tinatapos pa

rin ang Panginoon sa *ibang maraming bagay*. Sa panahon ng pagsubok isang masamang bagay ang lumabas kay Job... isang ugaling matalas na pagpuna sa karunungan ng Dios at karakter sa pagpahintulot sa kanya na dumaan sa ganung kakila-kilabot na mga sitwasyon. Bagama't hindi siya nagkasala sa una, sa huli pinaratangan ni Job ang Dios. Sa kabila nito, hindi niya nakita ang mali sa kanyang sarili. Sa ginawa niyang ito, ginawa niyang mas matuwid siya kaysa sa Dios at dito nagpokus ang Panginoon sa puso ni Job.

Kapag kinikwestyon natin ang Dios – binababa natin Siya, at tinataas ang ating sarili sa ibabaw Niya. Ito ang saligan kaya lumabas *ang tema* ng Aklat ng Job, at ito ay dumarating sa isang tanong: "Maaari bang maging matuwid ang isang tao sa paningin ng Dios? Sa harap ng Lumikha, mayroon bang malinis ang loob?" (Job 4:17). Ito ang tema ng aklat.

**Kapag tayo ay nagtatanong, humahamon, o pumupuna sa Dios:**

- **Binababa natin Siya, at**
- **Tinataas nating ang ating sarili sa ibabaw Niya**

Sa saligang ito, lumabas ang tema ng Aklat ni Job.

**Ang Tema**

"Maaari bang maging matuwid ang isang tao sa paningin ng Dios? Sa harap ng Lumikha, mayroon bang malinis ang loob?"
(Job 4:17)



**6. Ang Dios ay tahimik sa loob ng ilang buwan**—Ang pagsubok ay tumagal sa pagitan ng anim na buwan hanggang isang taon. Hindi maaaring ito ay tumagal sa loob ng ilang taon dahil narinig natin si Job na nagsabi na siya ay nagdusa sa loob ng *ilang buwan.* Katulad ng nasabi na, hindi ito sinadya para maintindihan ni Job ang lahat ng mga detalye ng kanyang pagsubok. Hindi niya alam kung paano magtatapos ang lahat, o wala siyang kaalaman sa pag-uusap ng Dios at ni Satanas sa pasimula ng pagsubok. Habang ang Banal na Espiritu ay tahimik, ang mga kaibigan ay Job ay pinag-aaralan, gumagawa ng mga teorya at pilosopiya. Wala silang salita ng Panginoon. Ang Dios ay hindi nagsasalita. Kaya, hinuhusgahan nila si Job gamit ang kanilang natural na mga kaisipan.

Buod ng payo ng mga kaibigan:

- Ang ilang bagay na sinabi nila ay tama.
- Ang ilang bagay na sinabi nila ay mali. (Ang ilan ay sobrang mali).
- Ang ilang bagay ay totoo ngunit hindi angkop sa sitwasyon ni Job.

Ang kailangan ni Job ay mahusay na makikinig. Kakaunti lamang ang mga magaling makinig. Kapag ang isang tao ay nahihirapan, hanggat posible ay magsalita ng kaunti. Manalangin nang mahina at huwag akalain na meron kang mga sagot o hindi ka nagkakamali sa iyong payo.

Ang *tatlong kaibigan ni Job* ay mabubuting tao. Sila ay mga kasama. Hinuhusgahan natin ang isang tao sa mga kaibigan niya, dahil ang tao ay nakikisama sa mga ka-lebel niya. Mahal nila ang Panginoon at totoong nag-alala sila sa kapakanan ng kanilang kaibigan. Ang problema ay wala silang sapat at malalim na karanasan, dahil dito, wala silang tamang liwanag para maintindihan ang sitwasyon ni Job. Hindi pa nila nakita o narinig ang katulad nito. Ayon sa kanilang mga sariling

obserbasyon sa buhay, ang kalamidad ay *laging* tanda ng paghatol ng Dios, kaya napilitan silang pangaralan siya na magsisi. At mahusay nila itong ginawa. (Ang Aklat ng Job ay sinulat na parang tula, maliban sa kapitulo 1-2, at ang huling mga talata ng kapitulo 42.).

Masakit ang hindi maunawaan ng malalapit na kaibigan. Ito ay isa sa mga mahirap na aspeto ng pagsubok ni Job. Lahat tayo ay naging biktima ng *sinusukat* ng mga kaibigang maganda ang intensyon, ngunit nagagawa rin natin ang ganito sa iba. Kaya kailangan nating maging mapagpatawad sa iba na mali ang paghuhusga sa natin, lalo na sa mga taong sa palagay natin ay mas nakakaalam.

Sa ikalawang pagbabalik ni Cristo, Siya ay tatanungin, "Ano ang mga sugat sa iyong mga kamay? [Siya ay sasagot]: Iyan ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan" (Zec. 13:6). Kung gusto nating makilala nang malapit si Jesus, mararanasan natin ang masugatan ng ating mga kaibigan.

**7. Si Job ay may mga espesyal na pakikipagtagpo sa Dios bago ang kanyang pagsubok**—walang sinumang tao ang makakabata ng ganung pagsubok kung hindi siya nakatanggap ng mga hindi karaniwang pangako at ekstraordinaryong mala-bundok na mga karanasan mula sa Panginoon. Gayundin, dapat nating hanapin ang Dios para sa ating personal na mga pangako. Kailangan natin ang mga espesyal na pakikipagtagpo sa Dios upang tayo ay mapalakas na harapin ang mga ating mga pagsubok. Pagkatapos nating batahin ang mainit na hurno at maipasa ang lahat ng ating mga pagsubok, ang dobleng bahagi ay naghihintay sa atin.

Sinabi ni Job, "Ang sikreto ng Panginoon ay nasa aking tolda" (29:1-4). Malinaw na may kaalaman si Job ng mga *misteryo* ng Dios at nakatanggap ng espesyal na mga pangako mula sa Dios *bago* siya nagkaroon ng pagsubok.



Naunawaan ni Job sa pamamagitan ng mga kapahayagan mula sa Dios na siya ay mabibilang sa unang pagkabuhay na muli at makikita ang Panginoon sa parating na panahon ng Milenyo (Job 19:25-27; cf. Pah. 20:5, 6). Itong mga mala-bundok na mga karanasan kasama ng Dios ang nagpalakas at nagpatibay sa kanya sa mga panahon ng kadiliman. Sa espiritwal, si Job ay kumain ng "nakatagong mana" o nakatagong mga katotohanan ng Salita ng Dios (Pah. 2:17). Ang mga kapahayagang ito ay nagbigay sa kanya ng higit na karaniwang panloob na lakas kung paanong si Elias ay napalakas nang siya ay pakainin ng anghel (1 Hari 19:5-8).

Ngayon gusto kong magbigay ng pitong partikular na dahilan sa pagsubok ni Job, bagama't lahat ng mga dahilang nakalista sa pahina 11 ay puwedeng gamitin.

**Mga Dahilan sa Pagsubok ni Job**

1. Ito ay pagsubok upang makita kung anong uri ng tao si Job.
2. Nais ng Dios na may masabi kay Satanas, ang umaakusa.
3. Ito ay para gawin ang isang matuwid na tao na mas matuwid pa
4. Ito ay para magdala ng mas dakilang kapahayagan ng Panginoon kay Job.
5. Ito ay upang pagpalain ang huling buhay ni Job, upang siya ay itaas, at bigyan siya ng walang-hanggang pangalan.
6. Ito rin ay pagsubok sa lahat ng nakapaligid kay Job. Ang totoo, lahat ay nasa pagsubok.
7. Ang kanyang pagsubok ay para rin sa ating kapakanan. Nag-iwan si Job ng mensahe sa atin para isapuso.

*Ngayon, idedebelop natin ang mga ito sa mga susunod na pahina.*

## MGA DAHILAN SA PAGSUBOK NI JOB

**1. Ito ay pagsubok upang makita kung anong uri ng tao si Job**—(Job 23:10, 7:18; Awit 11:4-5; 1 Cor. 3:13). Bawat tao ay *susubukin* ng Dios. Gayundin, ang kanyang mga gawa ay susubukin. Sinubok ng Dios si Abraham upang makita kung ano ang kanyang mga prayoridad at para makita ang kanyang mga motibo (Gen. 22:1). Inihayag ni Satanas na si Job ay naglilingkod lamang sa Dios dahil sa mga pagpapala, kaya pinayagan ng Dios si Satanas para pansamantalang alisin kay Job ang lahat ng kanyang pagpapala. Alam ng Panginoon kung ano ang nilagay Niya kay Job at hanggang saan Niya ito masusubok. (Anumang bagay na makatagal sa apoy ay siya lamang hayaan natin na ilagay ng Dios sa atin.) Ginugol ni Job ang kanyang buhay na nagsasabi ng *oo* sa Dios at ito ang nagbigay sa Dios ng kakayanan upang ilagay sa kaloob-looban ni Job ang malaking bagay upang makayanan niya ang apoy. Hindi lahat ay maaaring maging kwalipikado para sa isang pagsubok ng katulad kay Job. Kinailangang ipasa ni Job ang maraming pagsubok bago siya makarating sa pagsubok na ito.

**2. Nais ng Dios na may masabi kay Satanas na siyang nag-aakusa**—Ang paratang ni Satanas, "Si Job ay naglilingkod lamang para sa mga pagpapala; alisin mo lahat ng meron siya at ikaw ay susumpain niya sa iyong mukha." Nais ng Dios na "magbigay ng sagot sa kanya na kumukutya sa Kanya" (Kaw .27:11; Awit 119:42).

Nagtitiwala ang Dios na maipapasa ni Job ang mahirap na pagsubok na ito, at sa gayon, ang Dios ang naluwalhati. Maaaring sabihin ng Dios kay Satanas: "Narito ang taong nananatiling tapat sa Akin sa kabila ng lahat ng maling nangyari!" Ang tamang tugon ni Job ay suntok kay Satanas. Nang mawala kay Job ang lahat, nanatiling tama ang ginawa ni Job at nag-alay ng *sakripisyo ng pagpapasalamat*, na sinasabi: "Ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang bumawi, pagpalain ang pangalan ng Panginoon." Gayunman, nagsalita si Job ng ilang mga salitang hindi



espiritwal sa huli ng kanyang pagsubok habang ang mga buwan ay lumipas, ngunit hindi niya sinumpa ang Dios o tinalikuran ang kanyang pananampalataya.

**3. Upang gawin ang isang matuwid na tao na mas matuwid at banal**— Mayroong tatlong pangunahing dahilan para sa mga mahihirap na panahon at pagsubok sa ilang, ayon sa Deuteronomio 8:2:

- Upang tayo ay pagkumbabain.
- Upang tayo ay subukin.
- Upang ipakita sa atin kung ano ang nasa puso natin.

Ayon sa Jeremias 17:7-10, hindi natin alam kung ano ang nasa puso natin. Si Job ay matuwid na tao na nilagay sa mainit na hurno para sa layunin na maging mas matuwid at banal. Ang mas malalim na paglilinis na ito at mas malaking pagkaalam sa sarili ay nagresulta sa mas dakilang kapahayagan ng Panginoon. Ayon sa Pahayag 22:11, ang pagiging matuwid ay *progresibo*. "Siya na matuwid, patuloy siyang maging mas matuwid. At siya na banal, patuloy siyang maging mas banal."

**4. Upang magdala ng mas dakilang kapahayagan ng Panginoon** —(42:5) Sa katapusan ng pagsubok ni Job nadeklara niya, "Noo'y nakilala ko kayo dahil sa sinabi ng iba, subalit ngayo'y nakita ko kayo ng sarili kong mga mata." Tunay, ikaw at ako ay makikita nang mas malinaw ang Panginoon kapag ang tabing ng ating laman ay naputol. Ang pagsubok ni Job ay tinawag na pagkabihag (42:10). Ang *pagkabihag* sa Kasulatan ay nangungusap sa mga pagsubok at mahirap na pagkagapos, ngunit, kailangan nating tandaan na tayo ay mga bihag ng Panginoon. Ang layunin ng pagkabihag ay upang bigyan tayo ng Dios ng puso para makilala Siya (Jer. 24:5-6). Ito ay para sa ating ikabubuti. Kapag tayo ay nilinis sa espiritu ng pagsamba sa dios-diosan, kapalaluan, at iba pang

walang kabuluhan, oh, gaano nagiging kalinaw ang ating pangitain. (Mat. 5:8 "Ang malinis ang puso ay makakakita.")

**5. Upang pagpalain ang buhay ni Job sa huli**— (Upang itaas siya at bigyan siya ng walang-hanggang pangalan). Ang mahalagang katotohanan na alalahanin sa buhay ay hindi kung saan tayo nanggaling kundi saan tayo patungo. Ang ating pagtatapos ang mahalaga (Deut. 8:16; Job 42:12; Sant. 5:11). Sa Awit 45:17, mayroong pangako: "Aking ipaaalaala ang iyong pangalan sa lahat ng sali't saling lahi." Namana ni Job ang pagpapalang ito. Mula sa Ezekiel 14:14, makikita natin na pinangaralan ng Dios si Job pagkalipas ng 1500 taon, at hanggang sa ngayon. Sa katotohanan, patuloy Niya itong gagawin sa walang hanggan. "Ang alaala ng matuwid, mananatili kailanman" (Kaw. 10:7). Ang buong layunin sa mga nakakahiyang karanasan ay upang *itaas tayo* ng Dios sa tamang panahon (1 Ped. 5:6).

**6. Ito ay para sa layunin na subukin lahat- lahat ay nasa pagsubok.** Laging ang pokus ay kay Job at ang katotohanang siya ay sinusubok ng Dios. Gayunman, ang puso ng bawat isa ay sinusubok din. Lahat ng mga kapatiran ni Job ay nasa pagsubok. Ang mga kamag-anak ni Job ay nasa pagsubok at gayundin ang mga tao sa bayan. Ang totoo, ang buong rehiyon ay nasa pagsubok sa harap ng Panginoon. Kapag ang isang *lider* ay dumadaan sa pagsubok, maingat na tinitignan ng Dios ang puso ng bawat isa sa buong samahan o organisasyon upang tignan kung ano ang sinasabi nila at iniisip. Gagamitin ng Dios ang parehong tungkod ng pamantayan sa atin na ginagamit natin sa iba, kaya mag-isip tayo at gumawa nang may kahabagan (tignan ang Mat. 7:1-5).

**7. Ang kanyang pagsubok ay para rin sa ating kapakanan**—Si Job ay nag-iwan sa atin ng mahalagang mensahe, hindi lamang sa kanyang henerasyon, kundi sa lahat ng mga sumunod na henerasyon din. Sinulat ng Dios ang pagsubok na ito sa Kanyang walang hanggang Salita upang turuan ang bawat henerasyon sa hinaharap. Ang mahalagang aralin na



natutunan ni Job sa kanyang pagsubok ay yung ang Dios ay naghahanap na turuan ang sangkatauhan sa simula ng panahon.

***ANG ARALIN NA NATUTUNAN AY ITO:***

- Sa kabila ng anumang trahedya, kalungkutan o pagkabigo na maaaring dumating sa ating buhay, ang Dios ay walang hanggang *matuwid*. Hindi natin puwedeng ituro ang ating daliri sa Kanya o akusahan Siya na hindi Siya responsable. O hindi natin dapat kwestiyunin ang Kanyang pag-ibig para sa atin.

  Ang karakter ng Dios, karunungan at mabuting paghatol ay hindi dapat punahin. (Sa mga panahon ng kasakitan o kawalan ang tao ay kadalasang tumutugon nang negatibo. Kadalasan ang Dios ay inaakusahan ng kalupitan, pagiging insensitibo, at pagiging hindi patas).

  Mayroong nakalaang biyaya (kakayanan mula sa Dios) para sa bawat pagsubok. Gayundin, sa huli, ireresolba ng Dios ang bawat kahirapan kung pananatilihin nating tama ang ating puso at hindi natin hahayaan ang ating sarili na maging mapait.

  Kung hindi pinili ng Dios na magbigay ng paliwanag kung ano ang Kanyang ginagawa, kailangan pa rin nating *magtiwala* sa Kanya. Dito tayo dinadala sa tema ng Job minsan pa.

**BUOD NG TEMA**
**Job 4:17**

**"Maaari bang maging matuwid ang isang tao sa paningin ng Dios? Sa harap ng Lumikha, mayroon bang malinis ang loob? "**Kapag ang trahedya o pagdadalamhati ay dumarating, ang unang reaksyon ng tao ay: "Dios, hindi ito patas; Hindi *Ka* patas!" Mabilis ang tao na magsalita ng mali laban sa Panginoon(Isa. 32:6). Sa pagpuna sa karunungan ng Dios at karakter, tayo ay nagkakasala. (Tandaan; Marami sa mga kasalanang nagagawa natin ay sa ating mga bibig). Dahil dito, binababa natin ang Panginoon, at tinataas natin ang ating mga sarili sa ibabaw ng Dios. Si Job ay nagkasala nito sa huli ng kanyang pagsubok, bagamat hindi sa simula. Pinaratangan niya ang Dios pero hindi niya nakita ang mali sa kanyang sarili, at ginawa niyang mas matuwid ang sarili kaysa sa Dios (35:2, 40:8). Gustong turuan ng Dios si Job at bawat isa sa atin ng ganitong aralin – *"Maaari bang maging matuwid ang isang tao sa paningin ng Dios? Sa harap ng Lumikha, mayroon bang malinis ang loob*?" Ito ang tema ng Aklat ng Job.



**ANG PAGIGING MATUWID AY PROGRESIBO**

Si Job ay dineklarang "sakdal at matuwid" sa 1:1, 1:8, at 2:3. Gayunman, mayroon pang higit na liwanag na nais Niyang ibigay kay Job. Sa mas higit pang liwanag makikita niya ang higit na pangangailangan sa kanyang puso. Si Job ay namumuhay sa lahat ng liwanag na binigay sa kanya ng Dios sa panahong iyon. Samakatuwid, madedeklara ng Dios na siya ay sakdal at matuwid. Siya ay taos-puso at malago sa tunay na kahulugan ng salita, ngunit *bulag* siya sa ilang bagay tulad natin. Sa kanyang pagsubok ang mga bagay na hindi pa siya malayaa ay lumabas, mga bagay na hindi niya pa niya nakita. Nang ito ay dumating sa kanyang kaalaman, pagkatapos ng kanyang pag-amin, naranasan niya ang bagong paglilinis.

Sa gayon, si Job ay kumakatawan sa isang matuwid na tao na pinapakitunguhan ng Dios upang siya ay lalo pang maging matuwid at banal (Pah. 22:11).

*Ang buhay ay gumagalaw!* Ang Cristianismo ay progresibo. Ito ay mula sa isang yugto patungo sa panibagong yugto, mula sa *kaluwalhatian* patungo sa *kaluwalhatian*, mula sa isang antas ng pananampalataya patungo sa susunod. Kailangan nating patuloy na lumago at kumilos sa ating karanasan bilang Cristiano. Ang tunay na Cristianismo ay pumupuwersa sa atin na harapin ang mga isyu sa ating buhay at magkaroon ng pakikipagtagpo sa Dios sa bawat isang larangan nito. Narito ang ilang Mga Talata na nagpapahiwatig ng pagkilos at paglago:

**Mga Talata Patungkol sa Pagkilos at Paglago**

- **1 Juan 2:3** *"Nakakatiyak tayong nakikilala natin ang Dios kung sinusunod natin ang kanyang mga utos."* Makikilala lamang natin ang Dios kung tayo ay tumutugon sa sinasabi Niya sa atin (basahin ang 1 Pedro 1:22). Ang ating pag-ibig sa Dios ay napapatunayan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos (Jn. 14:15, 15:14; 1

Jn. 2:5, 5:2-3). Ang pag-ibig sa Dios ay laging nauunahan ng kaliwanagan o katotohanan. Ang liwanag ay *humahantong* sa pag-ibig. Makakarating *lamang* tayo sa pag-ibig sa kapatiran at tunay na pagkakaisa kung sinusunod natin ang sinasabi ng Dios sa atin (1 Jn. 1:7).

- **Hosea 6:3** *"Tayo'y magpatuloy upang makilala ang Panginoon."* Maraming mga isyu na hindi natin malalaman o maunawaan maliban na patuloy tayong lumalago sa ating paglakad kasama ng Dios.
- **2 Corinto 5:17** *"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan [napapalitan] na ng bago."* Bagama't mabilis tayong nalipat mula sa kaharian ng kadiliman patungo sa kaharian ng mahal ng Anak ng Dios, lahat ng bagay ay hindi *mabilis* na naging bago, tulad ng mga lumang ideya o gawi. Kailangan ng *panahon* para sa lahat na maging bago sa ating mga buhay. Halimbawa, maaaring kailanganin nating putulin ang lumang pakikipag-kaibigan na nagpasama sa atin, o maaaring kailanganin nating tumigil sa pakikinig sa musika ng sanlibutan.
- **Roma 6:17** *"Mula katuwiran patungong kabanalan"* – ito ay nagpapahiwatig na ang isa ay pupunta sa susunod. Kailangan nito ng panahon at paglago.
- **Pahayag 22:11** *"Ang matuwid, ay magpakatuwid pa (patuloy na maging matuwid); at ang banal, ay magpakabanal pa (patuloy na maging banal)."* Kaya, makikita natin na ang paglakad sa katuwiran ay hahantong sa kabanalan.
- **2 Corinto 7:1** *"Alisin natin sa ating sarili ang lahat ng nakapagpaparumi sa ating katawan at sa ating espiritu. Sikapin nating mamuhay nang may ganap na kabanalan at paggalang sa Dios."* Ang *ganap* na kabanalan ay nagmumungkahi na hindi ito mabilis na nangyayari.



- **Hebreo 6:1** *"Kaya't tayo'y tumigil na ng pagsasalita ng mga unang simulain ng aral ni Cristo, at tayo'y mangagpatuloy sa kasakdalan."*
- **Efeso 2:10** *"Sapagkat tayo'y kaniyang gawa, na nilalang kay Cristo Jesus."* Ito ay nasa pangkasalukuyan. Ang Dios ay kumikilos sa atin.

## TINURING / BINIGAY NA KATUWIRAN

**1. Tinuring (Imputed) na Katuwiran** (Roma 4:1-8). Sa bagong kapanganakan tayo ay *binilang* na matuwid, bagamat mayroong mga larangan sa ating buhay kung saan tayo ay *hindi* pa matuwid. Binibilang tayong matuwid ng Dios dahil tayo ay nagtitiwala sa Kanyang Anak, ang Siyang namatay para sa atin at nagbayad ng ating utang, ang Siyang nagpapatawad sa atin kapag lumalapit tayo sa Kanya. Tayo ay binilang (o tinuring) na matuwid dahil kay Jesus, at tayo ay nasa ilalim ng Kanyang talukbong. Sa kabuuan, ang ibig sabihin ng tinuring na katuwiran ay binilang tayo ng Dios na matuwid, bagamat *hindi* tayo matuwid at marami pa tayong problema na kailangang harapin at itama sa ating mga buhay. Ang charismatic movement ng nakaraang mga dekada ay nangailangang *magpatuloy* higit pa sa tinuring na katuwiran patungo sa binigay (imparted) na katuwiran... mula sa pagiging *binilang* na matuwid sa pagiging *ginagawang* matuwid. Ito ay mas malalim at ito ay nadebelop sa pamamagitan ng maraming gawa ng pagsunod.

**2. Binigay (Imparted) na Katuwiran** (Pah.19:7, 8; Mat. 5:6; Awit 24:5). Bawat isa ay *binilang* na matuwid kapag tinanggap nila si Jesus bilang Tagapagligtas. Ngunit tanging yung mga nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran ang nagiging *puno* ng katuwiran. Sa Pahayag 19:8, ang salitang Griego ay nangangahulugang isang bagay na mas malalim kaysa sa *tinuring* na katuwiran. Ang ibig sabihin nito ay "makatuwirang mga gawa o aksyon." Ito ay katuwiran na naranasan at isinagawa. Samakatuwid, madali itong makilala sa tinuring na katuwiran. Ang

*tinuring* (imputed) na katuwiran ay hindi nakapaloob ng ating mga gawa kundi tanging ang ating *katayuan* sa Dios. Nang una tayong naniwala kay Jesus tayo ay binilang na matuwid (bagamat hindi tayo matuwid), pero dito sa Pahayag 19:8 ay ilan na *ginawang* matuwid. Ang Dios ay ay pinahintulutan na gumawa sa kanilang mga puso upang gawin silang tunay na matuwid.

Obserbahan na ang mga banal sa Pahayag 19:8 ay nanggaling sa malaking pagdurusa. Sila ay nanggaling sa apoy. Sila ay nilinis ng Dios sa kanilang mga hindi makatuwirang gawa at ngayon ay handa na sila na mamahala at maghari kasama ni Cristo. Ang *ginawang* katuwiran ay kailangan upang maghari kasama ni Cristo (Roma 5:17). Ang pagdurusa o kapighatian ay gumagawa ng maraming ibang katangian. Dineklara ni Pablo, "Ang kapighatian ay gumagawa ng *pagtitiis*." Si Job ay kilala sa pagtitiis (Sant. 5:11). Tumanggap siya ng pagtitiis ng espiritu sa kapighatian. Ang salitang "kapighatian" o pagdurusa ay literal na nangangahulungang *presyur*. Tunay na si Job ay dumaan sa kanyang sariling "malaking kapighatian." (Tignan ang Pah. 7:14).

**3. Kabanalan**—ay mas malalim. Nakapaloob dito, hindi lang ang ating mga gawa ng pagiging tama, kundi lahat ng ating kaloob-loobang buhay na nakasuko sa Dios. Ang ibig sabihin nito, lahat ng ating mga motibo, pagmamahal, kagustuhan, at kaisipan ay dapat na buo para sa Panginoon. Maaari tayong maging matuwid ngunit hindi pa banal. Maaari pa rin tayong maging matigas, mapagpuna, at maraming mga motibo, pagmamahal, at mga kaisipang hindi pa nakasuko. Nais tayong patuloy na dalhin ng Dios sa tunay na kabanalan (Efe. 4:24).



**SA KABUUAN**

- **Tinuring na Katuwiran**— *mapabilang* na matuwid, bagamat hindi tayo matuwid. Ito ay simpleng posisyon at katayuan natin sa Dios dahil Mayroong Iba na nagbayad ng ating utang at pinawalang sala tayo nang libre sa lahat ng pagsalangsang na ating nagawa (Rom1 4:1-8).
- **Binigay na Katuwiran** —*ginawang* matuwid. Ito ang katuwiran na ginawa sa puso pagkatapos na ang Dios ay kumilos sa atin, upang *isagawa* natin ang mga makatuwirang gawa. Ang katuwirang ito ay binibigay lamang sa mga nagugutom at nauuhaw para rito (Mat. 5:6). Ito ang uri ng katuwiran na kailangan upang maghari kasama ni Cristo (Roma 5:17; Pah. 19:7-8; Awit 24:5)
- **Kabanalan -** ay upang bawat bahagi ng buhay natin ay mapabilang sa Dios (mga kaisipan, kagustuhan, motibo, at lahat ng bagay na sinasamba natin). Ang katuwiran ay magdadala sa atin sa kabanalan (Roma 6:19; Pah. 22:11).

Ang matuwid, ay magpakatuwid pa: at ang banal, ay magpakabanal pa" (Pah. 22:11). Ang katuwiran ay *patungo* sa kabanalan. Narito ang pagkakasunud-sunod: **1.** Mula sa Tinuring na Katuwiran **2.** Patungo sa Binigay na Katuwiran, **3.** Patungo sa Kabanalan (Roma 6:19). Si Job ay nasa proseso ng pagiging mas matuwid at banal.

**ANG KATUWIRAN AT KABANALAN KINUMPARA**

Ang katuwiran ay paggawa ng mga tamang kilos at gawa. Ito ay pakikitungo nang patas, tapat at tama sa iba. Ang kabanalan ay mas malalim. Tayo ay puwedeng maging matuwid ngunit hindi banal. Maraming tao sa Kasulatan ang matuwid ngunit hindi banal, at ito ang kondisyon na kinalalagyan ng maraming Cristiano ngayon. Si Lot,

pamangkin ni Abraham, ay isang pangunahing halimbawa. Si Lot ay may kaalaman ng katarungan, ngunit siya ay taong minahal din ang sanlibutan (2 Ped. 7:8). Mayroong mga hari sa Lumang Tipan katulad ni Asa at Jehoshaphat na dineklara ng Panginoon na matuwid, pero *hindi nila inalis* ang *matataas na lugar*. Ang mga lalaking ito ay nangasiwa ng maraming magagandang kilos at gawa ng katuwiran habang nirereserba sa kanilang puso ang debosyon at pagmamahal sa ibang bagay na hindi banal. Kaya, nais ng Dios na kumilos sa kaloob-looban ng ating puso at dalhin tayo sa tunay na kabanalan.

*"Katuwiran patungo sa kabanalan"* (Roma 6:19). Ang pagsasagawa ng mga matuwid na gawa at pagtugon sa bagay na tinuturo ng daliri ng Dios sa ating buhay ay maghahatid sa kabanalan (1 Ped. 1:22). Ang pagsunod at pagtugon sa katotohanan ay magdadala sa atin sa *"wagas na pag-ibig sa kapatiran"* (na siyang pagkakaisa), at sa kabanalan.

Datapuwa't ang sinomang tumutupad ng kaniyang salita, tunay na sa kaniya ay naging sakdal ang pagibig ng Dios" (1 Juan 2:5).



**TATLONG ANTAS NG PAGIGING SAKDAL**

*1 Juan 2:12-14*

| | | |
|---|---|---|
| Tinuring na Katuwiran | Maliliit na Bata | Labas na Dako |
| Binigay na Katuwiran | Mga Binata | Banal na Dako |
| Tunay na Kabanalan | Pagiging Ama | Kabanal-banalang Dako |

Alalahanin, ang susi sa paglago ay *patuloy na pagtugon sa Liwanag*. Ang liwanag ay nagdadala sa atin sa pag-ibig. Hindi maaaring magkaroon ng tunay na pag-ibig o pagkakaisa maliban na tayo ay tumugon sa katotohanan (1 Juan 1:7; 1 Ped. 1:22). Ang pagtugon sa katotohanan ay nagbibigay-lunas sa ating puso sa mga bagay na nagdudulot ng hindi pagkakaisa.

# BALANGKAS
# NG AKLAT NG JOB

## Unang Bahagi
**Kapitulo 1 - 2**
### Ang Trahedya ay Tumama kay Job
**(Ginagamit ng Dios si Satanas upang subukin ang isang matuwid na tao)**

## Ikalawang Bahagi
**Kapitulo 3 – 31**
### Paglilitis sa pamamagitan ng Tatlong Kaibigan
**(Hindi nila maintindihan si Job at ang kanyang pagsubok)**

## Ikatlong Bahagi
**Kapitulo 32 – 37**
### Ang Payo ni Elihu kay Job
**(Ang pag-apat na kaibigan na may panglangit na pananaw)**

## Ikaapat na Bahagi
**Kapitulo 38 – 42**
### Si Job sa Harap ng Panginoon
**(Nang makita niya ang kanyang sarili sa liwanag ng Dios, siya ay nalinis at gumaling)**



# ANG TRAHEDYA AY TUMAMA KAY JOB
**Unang Bahagi — Kapitulo 1 - 2**

**Ang Kadakilaan ng Karakter ni Job 1:1-12**

Basahin ang Unang Kapitulo. Ang unang labingdalawang talata ng kapitulong ito ay patotoo ng langit sa kadakilaan ng karakter ni Job. Si Job ay “sakdal at matuwid.” Kahit ang Dios ay dineklara ito sa kaaway, si Satanas. Siya ay taong “natakot sa Dios at umiwas sa kasamaan.” Ito ang palatandaan ng karunungan, dahil ang pagkatakot sa Panginoon ang simula ng karunungan. Bagamat si Job ay napakayaman, siya rin ay lubos na mapagkumbaba. Ang katotohanan, ang salapi ay walang kinalaman sa kapalaluan o kapakumbabaan. Minsan ang mga taong mahirap ay masyadong palalo, at minsan ang mga taong mayaman ay sobrang nakadepende sa Dios.

Si Job din ay mabuting ama. Gusto niyang laging malaman kung nasaan ang kanyang mga anak at kung ano ang kanilang ginagawa. Siya ay gumising nang maaga bawat araw upang sila ay ipanalangin, and nag-alay ng mga mahal na sakripisyo para sa bawat isa sa kanila. Si Job ay nag-alala din sa kanilang mga ugali at tendensiya na baka maligaw sila ng landas, kaya sinabi niya, “Marahil ang aking mga anak....ay itinakuwil ang Dios sa kanilang puso” (tal. 5). Kaya, patuloy siyang nanalangin para sa kanila.

Sa mga talatang 6-12, ang kuwento ay nagbabago mula sa eksena sa lupa patungo sa langit. Narito ang pag-uusap sa pagitan ng Panginoon at ni Satanas, at ang kanilang paksa ay si Job. Ang Dios ang unang nagsimula ng pag-uusap, at Siya ang May-akda ng parating na pagsubok. Dumating na ang panahon para si Job ay subukin. Dahil laging gusto ni Satanas na maging una, pinukaw ng Panginoon si Satanas sa pagseselos sa pamamagitan ng pagpuri kay Job. Inudyukan Niya ang kaaway na humingi ng pahintulot upang alisin ang mga pagpapala ni Job, na siyang binigay ng Dios.

**Ang Pagsubok ni Job – Sa Tatlong Pangunahing Yugto**

1. Sa unang pagsalakay, nawala ang lahat ng ari-arian ni Job. Si Satanas ay pinahintulutan para kunin ang lahat ng kanyang pag-aari. Daan-daang empleyado (mga alipin) ay namatay, at sa parehong araw, lahat ng kanyang mga anak ay namatay sa mabagsik na bagyo. Sa kabila nito hindi pinayagan ng Dios na hipuin si Job (1:12).

2. Pagkatapos na maipasa ni Job ang unang pagsubok, si Satanas ay binigyan ng pahintulot para saktan ang kanyang katawan (2:4-6), *ngunit* hindi siya pinayagan na kunin ang kanyang buhay. Si Satanas ay maaari lamang makakilos sa sinasabi ng Panginoon, at hindi na hihigit pa roon!

3. Pagkatapos ang kanyang asawa, mga kamag-anak at ang mga tao sa rehiyong iyon ay tumalikod laban sa kanya, at ang kanyang malalapit na kaibigan ay hindi siya naintindihan at siya ay hinusgahan. Hindi lang iyon, kundi ang Panginoon ay nanatiling tahimik. Ito ay isang kakila-kilabot na pagsubok. Sinuman na pumuna kay Job ay hindi nagdusa.

**Ang Kapansin-pansing Tugon ni Job**

Ang reaksyon ni Job sa lahat ng ito ay kapansin-pansin! Sinabi ni Satanas, "Subukan ninyong alisin ang lahat-lahat sa buhay niya at harap-harapan niya kayong susumpain" (1:11).Samakatuwid, pinahintulutan ng Dios si Satanas na hubaran siya ng lahat. Paano tumugon si Job sa lahat ng ito (1:20-22)? Pinagpala niya ang Panginoon, nagpatirapa sa harap Niya sa pagsamba. Ito ay hampas kay Satanas! Kailangan natin ng mga tamang saloobin at tugon upang matalo si Satanas! Napagtatagumpayan lamang natin si Satanas kapag tinatanggihan nating tumugon katulad niya. Dineklara ni Job, "Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nagalis; purihin ang pangalan ng Panginoon." Hindi lamang ito suntok ng kamatayan kay Satanas. Ito rin ay pagpapakita ng pinakamataas na uri ng posibleng pagsamba. Si Job ngayon ay nag-



aalay ng *sakripisyo ng pagpapasalamat* pagkatapos na mawala sa kanya ang lahat!

**Ang Tamang Tugon sa Pinsala ay Magliligtas sa Atin sa Hukay ng Kawalan ng Pag-asa**

Hindi lamang ang *tamang* tugon ni Job sa pinsala ay hampas kay Satanas. Ito rin ay nagligtas kay Job na bumagsak sa malalim na hukay. Karamihan ng emosyonal na problema, depresyon, at pagpapakamatay ay nagsisimula sa pinsala. Kapag ang isang lalaki o babae ay tumatanggi na tanggapin ang biyaya mula sa Dios, ang puso ay nagiging mapait. Kapag mayroong pinsala, nagaalok sa atin ang Dios ng biyaya. Ang biyaya, sa katotohanan, ay isang *bagay*. Dinideposito ng Dios sa atin ang bagay na ito na tinatawag na biyaya kapag tayo ay may pangangailangan (Heb. 4:16). Kung pinatitigas ng tao ang kanyang puso, tinatanggihan ang biyaya, at pinipili na mahalin ang sugat o pagkatisod, siya ay magiging mapait (Heb. 12:15). Kapag nagpatuloy ang tao na patigasin ang kanyang puso, ibabaon niya ang kanyang sarili sa napakalalim na kakila-kilabot na hukay. Sa huli ang biktima ay hindi na makayanan ang buhay at maaaring wakasan ang buhay. Nakita natin ito na nangyayari sa ilang mga Kristiyanong kapatiran.

**Sinisira ng mga Tao ang Kanilang Sarili – Hindi Ang Kanilang Sirkumstansya**

Ang tunay na pinsala sa buhay ay nanggagaling sa *kung ano ang ginagawa ng mga tao sa kanilang sarili.* Sinigawan ni Apostol Pablo ang taong nagtangkang magpakamatay – "Huwag mong saktan ang iyong sarili" (Gawa 16:28). Ang mga lalaki at babae ay gumagawa ng mali sa kanilang mga sarili at sinisira ang kanilang buhay sa pamamagitan ng kanilang mga kasalanan at maling tugon sa mga kahirapan ng buhay. Kung hindi natin sasaktan ang ating mga sarili, sa gayon, walang sinuman at walang anumang maaaring makasakit sa atin.

Kung tayo ay mamumuhay nang tama, lahat ng bagay na pinlano laban sa atin, sa huli, ay gagawa para sa ating ikabubuti. Kapag pinapatigas natin ang ating puso, sinisira natin ating mga sarili, at tayo ay nagkakasala ng espiritwal na pagpapakamatay. Walang sinuman na gumagawa nito sa atin (bagamat maaari nating sabihin na ganun nga). Sa katotohanan, ginagawa natin ito para sa ating mga sarili. Ang sampung pagsubok na hinarap ng Israel sa ilang ay hindi sumira sa kanila! Ang kanilang *tugon* sa mga pagsubok ang siyang nakasakit sa kanila. Ang sampung pagsubok ay itinakda ng Dios upang sila ay pagpalain at ihanda para sa Canaan, ang lupa ng pangako.

Matutukoy natin ang ating tadhana. Hindi ito ginagawa ng iba para sa atin. Tanging tayo lamang ang talagang makakapinsala sa ating mga sarili. Hindi ang diyablo, mga nakakatisod na tao, o anuman. Sa huli, tayo ang makakasira sa ating sarili sa pamamagitan ng mga maling tugon sa kahirapan ng buhay. Walang pagtuturo ng daliri sa Araw ng Paghuhukom. Si Abigail ay kinasal sa isang mangmang, ngunit meron siyang magandang mukha at nagtaglay ng mabuting pang-unawa (1 Sam. 25:2-3). Hindi sinabi ni Abigail, “Ang buhay ko ay nasira dahil sa aking asawa.” Hindi niya ginamit ang kanyang asawa para humanap ng dahilan para gawin ang sariling gusto, katulad ng ginagawa ng ibang mga asawa. Isaalang-alang ang *ginagawa* ng mga tao sa kanilang mga sarili:

- Sinasalungat ang sarili (Gawa 18:6)
- Pinapatigas ang sarili (Heb. 3:8, 15)
- Dinudumihan ang sarili (Lev. 18:20)
- Pinapasama ang sarili (Exo. 32:5)
- Ginagawang kasuklam-suklam ang sarili (1 Sam. 3:13)
- Dinudungisan ang sarili (Ezek. 20:31)
- Sinasaktan ang sarili (1 Hari 18:28)
- Inaalisan ng puri ang sarili (Rom.1:24)
- Hinihiwalay ang sarili sa Dios sa pamamagitan ng kanilang kalikuan (Isa. 59:1-2)



- Tinatago ang sarili mula sa presensya ng Panginoon (Gen. 3:8)
- Binebenta ang sarili para guawa ng kasamaan (1 Hari 21:20)
- Winawasak ang sarili (Hos.13:9)
- Hinahatulan ang sarili na hindi karapat-dapat sa walang hanggang buhay (Gawa 13:46)
  *Kaibigan, nakikiusap ako —"Huwag mong saktan ang iyong sarili." Gawa 16:28*

*Ang tamang tugon ni Job sa pinsala ang nagligtas sa kanya. Gayundin, ang tama niyang pagpapahayag ang nagbigay sa kanya ng katagumpayan laban kay Satanas. Napapagtagumpayan natin ang Kaaway sa pamamagitan ng salita nga ating patotoo (tignan ang Pah. 12:10-11). Kung ano ang sinasabi natin kapag tayo ay nasasaktan ay lubhang mahalaga!*

## PAGKILALA SA ATING KALABAN
## (2 Corinto 2:11)

Dahil ang Aklat ng Job ay may dayalogo sa pagitan ng Dios at ng kalaban sa unang dalawang kapitulo, gusto kong gugulin ang konting panahon sa paksa ng pagkilala sa ating kaaway. Bawat mananampalataya ay dapat maunawaan na ang *pagseselos* ang motibasyon sa likod ng bawat ginagawa ni Satanas. Ang pagseselos ay laging kaakibat ng kagustuhang maging una. Nang tangkain ni Satanas na kunin ang trono mula sa Dios, siya ay binagsak. Mula sa kanyang rebelyon at demosyon, si Satanas ay tinangay at pinahirapan ng pagseselos. Pinag-iimbutan at ninanasa niya bawat posisyon ng kapangyarihn. Ayaw niya ang sinuman na magkaroon ng mga pagpapalang nawala sa kanya. Higit sa lahat, si Satanas ay may natatanging pagkamuhi sa sinuman na papalit sa kanya – mga lalaki at babae na tulad ni Job.

(1:10) *"Inaalagaan ninyo siya, ang kanyang pamilya at lahat ng ari-arian niya. Pinagpapala ninyo ang lahat ng kanyang gawain, at halos punuin ninyo ng kanyang kayamanan ang buong lupain."* Malinaw na inoobserbahan ni Satanas si Job at lahat ng ari-arian nito nang ilang panahon na. Gusto niyang sirain si Job ngunit hindi niya magawa dahil naglagay ng bakod ng proteksyon ang Dios sa paligid ng lahat ng meron si Job. Ang "bakod" na ito ang nagprotekta kay Job, sa kanyang tahanan, pamilya, negosyo, at lahat ng meron siya. Tayo ay binalaan ni Pedro na maging mapagbantay dahil si Satanas, na parang leong umuungal, ay naglalakad at naghahanap ng masisila (1 Ped. 5:8). Sisikapin ni Satanas na tayo ay sirain ang ating pamilya kung kaya niya! Kaya, kailangan nating lumakad sa karunungan.

(1:11, 2:5). "Subukan ninyong alisin ang lahat-lahat sa buhay niya at harap-harapan niya kayong susumpain." Obserbahan ang pangungutya ni Satanas. Patuloy na kinuwestyon niya ang mabubuting motibo ng iba. Tinatawag siyang nagaakusa ng mga kapatiran sa Pahayag 12:10. Parang sinasabi niya sa Panginoon – "Walang talagang nagmamahal sa iyo! Ang tanging dahilan na naglilingkod si Job sa iyo ay dahil sa lahat ng mga benepisyo. Alisin mo lahat ng mga pagpapala at susumpain ka niya nang harap-harapan." Si Satanas ay seloso at pinahihirapang nilalang. Ang mga katangiang ito ay *nakaugat* sa kapalaluan, at si Satanas ay puno ng kapalaluan. *Hindi* pinahihintulutan ng kapalaluan ang sinuman na magkaroon ng kapahingahan. Pansinin din sa 1:7 at 2:2, na siya ay "nagpapabalik-balik sa lahat ng sulok ng daigdig. Ito ay nagpapahiwatig ng matinding kawalan ng kapahingahan.

(2:4). *"Kahit anong bagay ay ibibigay ng tao, huwag lamang siyang mamatay."* Alam ni Satanas kung saan mahina ang tao. Kaya, ginagamit niya ang terorismo at takot para siya ay manipulahin. Ngayon nakikita natin ang kanyang mga taktika ng blackmail o pangunguwalta sa pamamagitan ng takot, pangho-hostage, at paghingi



ng ransom o pantubos, dahil alam niya na *gagawin ng tao ang lahat para sa kanyang buhay*. Sinasabi ni Satanas, "Hayaan mong galawin ko ang kanyang laman [kanyang katawan, kalusugan, isip] at sigurado na siya ay tatalikod sa iyo."

Binigyan ng Dios ng pahintulot si Satanas para pahirapan si Job, pero may mga limitasyon. Hindi niya maaaring kunin ang buhay nito. Umalis kaagad si Satanas at inatake si Job, at siya ay sinaktan ng pigsa at sugat mula ulo hanggang paa. Sa 2:10, kinilala ni Job ang Dios bilang Panginoon ng sitwasyon, dahil "sa kabila ng kanyang paghihirap, hindi nagsalita si Job ng laban sa Dios." Minsan pa, si Satanas ay hinampas ng matinding hampas! Muling pinatunayan ni Job na mali si Satanas! Hindi sinumpa ni Job ang Dios. Ang kanyang mga espiritwal na ugat ay malalim, na nakita sa kanyang reaksyon. Si Job ay malalim na mananamba ni Yahweh. Sanay siya na magbigay ng pasasalamat sa Dios sa mga panahon na maganda at gayundin sa mga hindi magandang panahon.

"Ibibigay ko ang mga bansa para lang maligtas ka, sapagkat mahalaga ka sa akin" (Isa. 43:4). Naiisip ba ninyo kung ano ang laang isakripisyo ng Dios para makapasok sa puso ng isang malaking tao! Para makagawa ng dakilang gawa kay Job at mag-iwan ng mensahe sa lahat ng susunod na mga henerasyon, laan ang Dios na isakripisyo ang pamilya ni job, negosyo, kalusugan, reputasyon, at maraming lingkod. Pero tandaan natin, ang siyang nagsakripisyo at naghirap nang higit ay ang Panginoon Mismo! Tiyak na gagantimpalaan ng Panginoon si Job ng doble sa huli, at siya ay bibigyan ng walang hanggan at marangal na pangalan. (Tignan ang Eccl. 3:11).

## MGA PUNTONG DAPAT TANDAAN TUNGKOL KAY SATANAS

- **Limitado ang kanyang kapangyarihan.** Wala siyang magagawa maliban na ito ay pahintulutan ng Dios. Lahat ng kapangyarihan ay nauukol sa Dios (tignan ang Job 1:12; 2:6). Ang mga galit na alon ng dagat ay kumakatawan sa mga pagsalakay ng diyablo, kung saan sinasabi ng Dios, “Sinabi kong sila'y hanggang doon na lang,at huwag lalampas ang alon na naglalakihan” (38:11). Naglalagay ng hangganan ang Dios at sinasabi, “Hanggang diyan ka lang.”
- **Meron pa ring dakilang karunungan si Satanas,** bagamat ito ay kanyang pinasama. “Narito, ikaw ay lalong marunong kay Daniel; walang lihim na malilihim sa iyo” (Ezek. 28:3). Hindi dapat balewalain o gawing katatawanan si Satanas. Wala tayong katagumpayan laban sa kanya maliban na tayo ay lumalakad sa kapakumbabaan, kinasihan, at merong kaisipan ng Panginoon sa bawat sitwasyon na kinokontrol niya. Kaya, hindi natin siya dapat alipustahin o kutyain (Judas 1:9). Siya ay narito na nang matagal kaysa sa atin.
- **Siya ay pinahirapan at tinangay.** Ang mga panloob na kaguluhang ito ay nagsasanga sa matinding kapalaluan sa kanyang puso. Sinuman na may malaking kapalalauan ay magdadanas ng mental at emosyal na kaguluhan. Ang mapahiya ay tiyak na pahirap sa palalo, ngunit ang mapagkumbabang tao ay hindi napapahiya! Obserbahan na si Satanas ay walang kapayapaan, dahil siya ay “nagpapabalik-balik at naglilibot ako sa buong daigdig” (Job 1:7, 2:2). Dinedeklara ng Kawikaan 13:10: “Ang kapalaluan ay nagbubunga ng kaguluhan.” Ang mga argumento, debate, kontrobersiya, at intelektwalismo ay nakaugat sa *kapalaluan*. At si Satanas, na puno ng kapalaluan, ang may akda nglahat ng ito.
- **Ang kanyang malaking sandata ay ang kanyang bibig.** Ang kapangyarihan ng ahas ay laging ang kanyang bibig. Si Satanas ay sinungaling, at ama ng kasinungalingan (Juan 8:44). Pumasok ang kasalanan sa tao sa pamamagitan ng kanyang rasyonalisasyon (2 Cor. 11:3). Ang mga bansa sa mundo ay nadaya dahil sa kanyang bibig (Pah. 12:9). Ang mga Cristiano rin ay patuloy na nagkakaroon ng problema sa kanilang buhay dahil sa paniniwala sa kanyang mga kasinungalingan – “Wala kang mararating; walang pag-asa; hindi bubuti ang mga bagay.” Sa Mateo 4:3, tinatawag din si Satanas na “Ang Manunukso.”



- **Ang tamang mga saloobin at tugon sa pinsala ay nakakasakit kay Satanas**. Sa oras na tumanggi tayo na kumilos katulad ni Satanas, napapagtagumpayan natin siya. Si Satanas ay nilikha na perpekto; mayroon siyang magandang pasimula ngunit kalaunan siya ay naging mapait dahil pinili niya iyon. Sa *pinsala o pagsubok*, tayo ay maaaring maging mapait o mas mabuti. Sa tuksong naranasan ni Cristo (Mat. 3:1-11), pinilit ni Satanas sa kanyang kapangyarihan na gawin ang Panginoong Jesus na katulad niya! Gusto ni Satanas na gamitin ni Jesus ang Kanyang kapangyarihan nang walang karunungan para masabi niya sa Kanya, “Pareho lang tayo; wala Kang kapangyarihan sa akin.” Si Jesus (*bilang* isang tao at *para* sa tao) ay tumanggi na maging katulad ni Satanas at dahil dito, nakamit Niya ang kapamahalaan sa kanya.
- **Napapagtagumpayan natin si Satanas sa salita ng ating patotoo.** (Pah. 12:11). “At siya’y kanilang dinaig dahil sa dugo ng Cordero, AT dahil sa salita ng kanilang patotoo.” Ang patotoo ng pasasalamat sa Panginoon ni Job pagkatapos ng masakit na pagkawala ng lahat ay nakamamatay na suntok kay Satanas (basahin ang Job 1:20-22). Sinabi ni Satanas, “Kung aalisin mo ang lahat ng kanyang mga pagpapala, susumpasin ka niya sa iyong mukha.” Siya ay mali!
- **Si Satanas ay kailangan para tayo ay pinuhin.** Ang pangunahing dahilan kung bakit tinulot ng Dios na andito pa si Satanas ay upang subukin ang mga mananampalataya. “Ipabibilanggo ng diyablo ang ilan sa inyo *bilang pagsubok”* (Pah. 2:10).
- **Si Satanas ay mawawasak magpasawalang hanggan kapag natapos na ang Dios para gamitin siya upang tayo ay pinuhin at subukin.** (Pah. 20:10). “At ang diyablong nandaya sa kanila ay itinapon sa dagat na apoy at asupre ... magkakasama silang pahihirapan,

araw at gabi, magpakailanman." Ang kanyang kaparusahan ay tiyak at alam niya iyon (Matt. 25:41). Ginawa ng Dios ang impiyerno para kay Satanas at sa mga anghel nito, at lahat ng mga rebelde na sumunod sa kanya. Sinuman na pumupunta sa impiyerno ay naroon dahil iyon ang kanyang pinili (Gawa 13:46). Hindi nais ng Dios na sinuman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsisi (2 Pet. 3:9). Mismong ang Dios ang dumugo at namatay para sa ating kapatawaran. Kapag tinatanggihan ng tao ang mensahe ng pag-ibig at pagpapatawad, pinuputol niya ang kanyang sarili mula sa Dios at pinipili ang pumunta sa impiyerno. Ang kaparusahan ay walang hanggan (2 Tes. 1:8-9).

- **Nilikha ng Dios na perpekto si Satanas; kalaunan siya ay naging masama dahil iyon ang kanyang pinili.** (Ezek. 28:15; Isa. 14:12-14). "Wala kang kapintasan mula pa nang isilang hanggang sa maisipan mong mamuhay sa kasamaan." "Bumagsak ka rin sa lupa, at nahulog mula sa langit." Hindi sila nilikhang rebelde (2 Ped. 2:4; Judas 1:6). Ito ay isang pagpili.

- **Si Satanas ay bumagsak dahil sa hindi pagpapasalamat at kapalaluan.** (Isa. 14:12-14). Binigyan siya ng Dios na ekstraordinaryong kagandahan, karunungan, awtoridad, at karisma, subalit ang lahat ng ito ay hindi sapat – gusto pa niya ang higit pa! Si Lucifer ay naging sobrang hindi mapagpasalamat at palalo, pagkatapos siya ay naging palaban. Gusto niyang maging Dios. Ang hindi pagpapasalamat ang unang hakbang sa pagtalikod (Rom. 1:21).

- **Gusto ni Satanas ng pantay na karapatan**! *"Papantayan ko ang Kataas-taasan!"* (Isa. 14:12-14). Iginiit niya ang pantay na boses katulad ng Dios. Si Satanas ang *ama* ng Kilusan ng Pantay na Karapatan. Sinira niya ang pamumuno at awtoridad sa bawat antas dahil sa kanyang pagseselos na maging kontrolado at nasa itaas. Ang pagseselos ay laging resulta ng mga pansariling motibo – ang sobrang kagustuhan na maging una.



Iginiit ni Satanas ang *pantay na boses* sa Dios. Dahil ang kanyang mangmang na kagustuhan ay tinanggihan, napoot siya sa Dios simula nun at bawat isa na nasa langit at lupa ay pinilit niyang tumalikod sa Kanya. Ikatlong bahagi ng mga anghel ay nagawa niyang lumaban sa Dios (Pah. 12:4, 7-9). Pansinin sa Pahayag 12:14 na ang kanyang buntot ang *nagpatalikod* sa mga anghel na ito. Sa madaling salita siya ang kanilang lider. Sa Pahayag kapitulo 12, si Satanas ay ipinakita bilang isang *dragon*, bagamat siya ay isang *arkanghel.*

- **Ang pagpalit ng pangalan ay nagpapahiwatig ng pagpalit ng karakter.** Ang katotohanan na ang kanyang pangalan ay nabago mula Lucifer (tagadala ng liwanag) sa Satanas (kalaban, maninirang-puri) ay nagpapahiwatig ng pagbabago ng karakter – mula mabuti patungo sa masama. *Hindi* siya nilikha ng Dios na masama. Lahat ng ginawa ng Dios ay mabuti. Ang Dios ay mabuti! Ang mga salita sa Isaias 45:7 "Gagawa ako ng kapayapaan at lilikha ng masama" ay hindi nagmumungkahi na ang Dios ang may-akda ng kasalanan katulad ng ginigiit ng iba. Ang gamit ng salitang "masama" sa Isaias 45:7 ay maaaring isalin na *kalungkutan, kahirapan, pagdurusa, at kalamidad*. Nilalarawan ng Banal na Kasulatan ang pagsubok ni Job bilang kasamaan na pinadala ng Dios (Job. 42:11).

- **Hindi inalok ng Dios si Satanas ng kaloob ng pagsisisi.** Dahil sa liwanag na tinaglay ni Lucifer, ang kanyang rebelyon ay maituturing na walang kapatawaran. Ang kanyang pag-aalsa ay kanyang ginawa sa harap ng mukha ng Dios. Dahil dito, ang kapatawaran ay hindi rin inalok sa bumagsak na mga anghel (2 Ped. 2:4; Judas 1:6). Ang tao ay natabingan mula sa liwanag at mayroon pang pagkakataon na magsisi. Si Pablo ay pinakitaan ng kahabagan dahil ang kanyang pagsuway ay nagawa niya "sa kawalan ng kaalaman at hindi pananampalataya" katulad ng sinabi niya (Tignan ang 1 Tim. 1:13; cf Luc. 23:34).

- **Alam ni Satanas na ang kanyang kaparusahan ay sigurado, at**

**gayundin ang mga demonyo.** Ang mga demonyo sa Mateo 8:29 ay kinilabutan nang makita nila ang Panginoon at sumigaw, "Dumating ka ba upang kami ay pahirapan na?" Batid ng mga demonyo ang parating na hatol sa kanila, at sila ay natakot sa kaisipang ito. Ang mga diyablo ay *"naniniwala at nanginginig"* ayon sa Santiago 2:19. Alam ni Satanas na ang oras niya ay maikli; kaya, ginagawa niya ang lahat sa kanyang kapangyarihan na saktan ang Dios sa pamamagitan ng ginagawa niya upang tumalikod ang iba laban sa Kanya. Ang layunin niya ay makapagdala ng malaking pinsala hanggat kaya niya, at gusto niyang magdala ng marami kasama niya sa kahatulan. Lahat ng ito ay pagtatangka na lumaban sa Dios. Kailangan nating maunawaan kung ano ang nag-uudyok kay Satanas. Sabi ni Pablo: "Hindi lingid sa atin ang kanyang mga panlilinlang" (2 Cor. 2:11).

- **Hindi natin dapat laging iniisip ang diyablo.** (Pah. 2:24). *"Na hindi nakakaalam ng mga malalim na bagay kay Satanas."* Hindi isang karunungan na punuin natin ang ating isipan ng mga bagay ng kadiliman. Hindi natin dapat hanapin ang demonyo sa bawat sulok o sobrang pag-aralan ang mga relihiyon ng mga hindi mananampalataya (Jer. 10:2). Hindi natin dapat matutunan ang *daan ng mga pagano*. Sa halip, tayo ay manahan sa Liwanag, sa Panginoong Jesu-Cristo!

- **Pinaratangan ni Satanas ang Dios na walang pag-ibig.** Ang bumagsak na kalikasan sa tao ay gayon din. Ang pagdating ng Anak ng Dios sa lupa para mamatay para sa tao ay ang Kanyang walang hanggang patunay sa sansinukob na Siya ay tunay na nagmamalasakit. "Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).

- **Binibigyan tayo ni Cristo ng kapangyarihan laban kay Satanas.** Bilang Tao, tinalo ni Jesus si Satanas sa bawat aspeto. Binibigyan tayo ni Cristo ng kapamahalaan kay Satanas habang tayo ay lumalakad nang may pagpapakumbaba sa Dios. Ang katotohanan, meron lamang tayong kapamahalaan kay Satanas kapag tayo ay kumikilos sa Espiritu at mayroong kaisipan ng Panginoon sa bawat sitwasyon. Minsan mayroong *tinakdang panahon* ang Dios para sa kagalingan o kalayaan; samakatuwid, hindi tayo basta nagkakaroon ng kapamahalaan sa diyablo. Kailangang tayo ay kumikilos sa Espiritu at sa kalooban ng Dios.

- **Pinaratangan ni Satanas si Job kung saan siya higit na nagkasala.** Sinabi ni Satanas tungkol kay Job, "Siya ay naglilingkod lamang sa iyo para sa mga pagpalala. Alisin mo lahat ng mga pagpapapala at ikaw ay kanyang susumpain sa iyong mukha" (Job 1:9-11). Sinasabi ni Satanas – "Siya ay naglilingkod sa iyo para sa pansariling mga benepisyo." Sa kasamaang palad, kung ano ang ipinaparatang ni Satanas kay Job ay totoo sa ibang mananampalataya. Maraming sumusunod kay Jesus dahil tinatagpo Niya and kanilang mga pangangailangan (Juan 6:26-27). Ang totoo, *iniibig* ng Dios na tayo ay pagpalain at tagpuin ang bawat nating pangangailangan. Ngunit naghahanap din ang Dios ng asawang babae na mahal Siya, hindi lamang dahil sa mga pagpapalang binibigay Niya, kundi dahil mahal siya nito. Dahil kung hindi, siya ay magiging anak na hindi malago, makasarili, at nakasentro sa sarili.

Ito ang pangunahing dahilan kung bakit naglingkod sa Panginoon si Lucifer – ito ay benepisyo lamang para sa *kanya*. Susubukin ng Dios ang lahat ng ating puso upang makita kung bakit tayo naglilingkod sa Kanya. Si Lucifer ay lumayo papunta sa hindi kapani-paniwalang kapalaluan. Ginamit niya ang mga talento na binigay sa kanya ng Dios para kunin ang atensyon at pagsamba para sa sarili. Siya ay namangha sa sarili niyang kagandahan, karisma, karunungan, at mga abilidad sa musika. Nagpasalamat ba siya sa

Dios para sa lahat ng mga hindi pangkaraniwang pagpapalang meron siya? Hindi! Ang tanging gusto niya ay higit pa – higit pa – higit pa para sa sarili. Kailangan siyang ibaba ng Dios dahil sa kanyang kamangmangan at kapalaluan. Si Lucifer ba ay humingi ng paumanhin sa kanyang kapalaluan, paglaban, at sa mga kaguluhan at pagkasira na nilikha niya sa langit? Hindi! Siya ay nalungkot lamang dahil *ibinaba* siya ng Dios. Samakatuwid, malinaw na siya ay naglilingkod lamang sa Dios para sa mga pagpapala. Ang bagay kung saan siya nagkasala ay ginamit niya bilang paratang laban kay Job.

Sinubok ng Dios si Abraham para makita kung ang Dios ang *una* sa kanyang buhay, o kung ang mga pangako at pagpapala ang una. Nang buong pusong inialay ni Abraham si Isaac pabalik sa Dios, hindi lamang ito patotoo sa Dios kundi kay Satanas din (1 Cor. 4:9). Alam ng mundo ng espiritu kung tayo ay naglilingkod sa Dios dahil sa pag-ibig natin sa Kanya o dahil gusto natin ng isang bagay para sa ating sarili. Gusto ng Dios na merong masabi sa nagpaparatang sa Kanya! Nasasabik Siya na masabi kay Satanas, "Eto ang taong hindi mo katulad, Satanas. Siya ay nagmamahal sa Akin, ibigay Ko man o *alisin* ang mga pagpapala. Natalo ka nila, Satanas!" (Kaw. 27:11).

- **Papalitan natin si Satanas at ang kanyang mga anghel.** Malaki ang pagkamuhi ni Satanas sa sangkatauhan, lalo na sa mga Mananampalataya. Alam niya na *papalitan* siya ng mga tinubos. Ngayon na ikatlong bahagi ng mga anghel ay binagsak mula sa langit, walang duda, mayroong mga bakanteng lugar para sa mga tinubos. Ang mga mananagumpay sa partikular ay binigyan ng pribilehiyo na "hatulan ang mga anghel" at patakbuhin ang mga gawain ng kaharian ng Dios (1 Cor. 6:2-3; Pah. 2:26-27; Awit 149:6-9). Sila na papalit kay Satanas ay kailangan munang *ipasa ang mga pagsubok* na ibinagsak niya. Marahil ang huling pagsubok ay sa isyu ng mga



motibo at minamahal. Pinatunayan ng mga taong tulad nina Job at Abraham na ang Dios at ang kalooban ng Dios ay higit na mahalaga kahit pa sa mga pagpapala, mga pangako, prestihiyo, at ang kaluwalhatian. Ikaw at ako ay kailangang malaman ang isang bagay: Saan natin sinisentro ang ating mga malalim na kagustuhan? Paglilingkuran lang ba natin ang Dios kung tinatagpo Niya ang ilang "mga kondisyon"? Tayo ba ay nagbigay ng hangganan sa Dios o ultimatum sa Kanya? Kung naglilingkod lamang tayo sa Dios kung tatagpuin Niya ang ating mga kondisyon, hindi natin matatalo si Satanas. Ang buo nating hangad ay ito dapat: "Ako ay pumarito *upang gawin ang Iyong kalooban,* o Dios."

**BUOD NG KAPITULO 1-2**

- Si Job ay "sakdal at matuwid." Siya ay namumuhay ayon sa liwanag na binigay sa kanya ng Dios.
- Natakot siya sa Panginoon. Ang banal na takot ang simula ng karunungan. Si Job ay isang marunong na tao.
- Meron siyang sampung anak – pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae.
- Idinalangin niya ang kanyang mga anak araw-araw. Siya ay nagmamalasakit kahit sa kanilang panloob na mga saloobin at motibo.
- Napakayaman niya; ngunit siya rin ay masyadong mapagkumbaba.
- Si Job ang pinakadakilang tao sa kanyang buong rehiyon. Mayroon siyang natatanging reputasyon.
- Maaari pa ring pumasok si Satanas sa langit, na nagpapakita kasama ang mga "anak ng Dios" sa isang tiyak na araw sa langit.
- Binuyo ng Dios si Satanas sa pagseselos nang inungkat niya ang tungkol sa kadakilaan ni Job.
- Ang Dios ang nagpasimula sa parating na pagsubok ni Job.

- Nagparatang si Satanas na si Job ay naglingkod lamang sa Dios para sa mga benepisyo.
- Tinangkang salakayin ni Satanas si Job sa naunang mga okasyon, ngunit siya ay nahadlangan dahil sa "bakod" ng proteksyon.
- Nagparatang ang Kalaban na kung aalisin ang mga pagpapala ni Job, susumpain ni Job ang Dios sa kanyang mukha.
- Binigyan ng Dios si Satanas ng lisensiya na alisin ang lahat ng pag-aari at pamilya ni Job, pero hindi niya puwedeng hipuin si Job.
- Ang bakod ay tinanggal ng Dios, hindi dahil sa negatibong pagpapahayag ni Job.
- Sa isang araw, sinira ni Satanas ang lahat ng pag-aari ni Job.
- Si Job ang pinakamatuwid na tao sa kanyang henerasyon, ngunit naranasan niya ang trahedya.
- Sinubukan ni Satanas na buyuin sa galit si Job sa pamamagitan ng sunod-sunod na pag-atake sa kanya sa lahat ng meron siya.
- Si Job ay may malaking kapayapaan. Siya ay nag-ahit at nagpatirapa sa lupa at sumamba sa Dios.
- Ang tugon ni Job ng pagsamba ay naging hampas sa paratang ni Satanas na susumpain niya ang Dios.
- Si Job ay hindi nagkasala sa kanyang bibig. (Karamihan ng kasalanan na ating nagagawa ay sa dila).
- Ang tamang tugon sa pinsala at kawalan ang nagligtas sa mental, emosyonal, at espiritwal na kalusugan ni Job.
- Pagkatapos na maipasa ni Job ang unang pagsubok, siya ay naging kwalipikado sa pangalawang yugto.
- Ngayon, gusto ni Satanas na tamaan ang kanyang katawan. Alam ni Satanas kung gaano kahalaga ang kalusugan ng tao.
- Napanatili ni Job ang kanyang integridad, bagamat siya ay tinamaan ng mga bukol at pigsa mula ulo hanggang paa.



- Hindi kaya ng asawa ni Job ang pagsubok. Sa kanyang pagpapanik, sinabi niya kay Job na sumpain ang Dios at mamatay. Sumagot si Job sa kanyang asawa na huminahon, at asahan ang mga mahihirap na sitwasyon, at gayundin ang magagandang panahon mula sa kamay ng Dios.
- Hindi pa rin nagkasala si Job sa kanyang bibig. Ang kanyang tugon ay lubos na pambihira.
- Ngayon, si Job ay binisita ng tatlong malalapit na kaibigan na talagang natulala sa kanyang pagsubok.

*Maliban sa kapitulo 1-2 at sa huli ng kapitulo 42, ang Aklat ni Job ay sinulat sa patulang estilo. Mula dito, [simula sa kapitulo 3]ang estilo ay naging patula hanggang sa katapusan ng aklat.*

# ANG PAGLILITIS NG KANYANG TATLONG KAIBIGAN

## Unang Bahagi — Kapitulo 3 - 31

### Dumating ang Tatlo Niyang Kaibigan Upang Siya ay Aliwin

Ang kanilang motibo sa pagpunta ay maganda. Meron silang taos-pusong pag-ibig at malasakit para kay Job (2:11-13). Ang hitsura ni Job ay grabe at mahirap siyang makilala (2:12). Si Job ay katulad ng napinsalang Lalaki ng Kapanglawan sa propesiya ni Isaias (Isa. 52:14). Ang kanyang mga kaibigay ay may disiplina na hindi nagsalita ng anuman sa loob ng pitong araw, ngunit nawala nila ito (4:2). Kailangan nating magsalita ng kaunti hangga't posible sa mga taong nakakaranas ng matinding sakit. Hindi tayo dapat magtanong ng maraming tanong (2:12), kundi manalangin nang mahina!

### ANG UNANG SALITA NI JOB
### Kapitulo 3

Sobrang nalungkot si Job at hiniling na sana hindi na lang siya ipinanganak. "Pagkatapos nito... binuksan ni Job ang kanyang bibig" (3:1). Ngayon, pagkatapos ng mahabang pagpipigil, nagsimulang magsalita si Job – Bakit? Bakit? Bakit? (3:11, 3:12, 3:20). Si Job ay nagtatanong, "Bakit Panginoon? "Bakit ang liwanag at buhay ay binibigay sa miserable at mapait ang kaluluwa? (3:20). Ang totoo, walang paraan na magkaroon ng buhay at liwanag kundi una, ang bumulusok sa kalaliman ng mapait at miserableng mga karanasan. Ang katotohanan ay nagiging buhay at maliwanag pagkatapos ang uminom nang malalim sa tasa ng pagdurusa. Dahil sa pangangailangan, hindi magkakaroon ng katotohanan sa mga kaloob-loobang bahagi, katulald ng sinasabi ni David sa Awit 51:6, kung wala ang gawa ng masasakit na karanasan. Ang tunay na ministeryo, kapangyarihan, at awtoridad ay dumarating matapos maranasan ang Job 3:20-24. Ito ang daan upang masukat kung gaanong buhay at liwanag meron tayo!
(3:25) "Ang kinatatakutan ko ang siyang nangyari sa akin..." Alam ni Job sa simula pa lang na ang matinding pagsubok ay darating, bagamat



hindi binigay sa kanya ng Dios ang mga detalye (kailan, paano, bakit, o gaano katagal). Alam ng Dios na kailangan niyang maihanda si Job sa kung ano ang darating. Bibigyan tayo ng Dios ng paunang kaalaman kung alam Niyang kailangan natin ito, o kung ito ay makakatulong sa atin sa panahon ng pagsubok. Sa kasong ito, kailangang malaman ni Job, bagamat hindi binigay sa kanya ng Dios ang mga detalye. May mga panahon na kailangan nating malaman bago pa man, dahil kung hindi, tayo ay magkakaroon ng kalituhan at kawalan ng pag-asa (cf Jn. 14:29).

### ANG UNANG TUGON NI ELIFAZ
### Kapitulo 4-5

Pagkatapos ng pananatiling tahimik sa loob ng pitong araw, ang tatlong kaibigan ay nawalan ng kontrol at nagsimulang magsalita. "Sinabi ni Elifaz na Temaneo, "Huwag mo sanang ikasama ng loob ang aking sasabihin, di ko na kayang manahimik, din a ako makapagpigil" (4:1-2).

Si Elifaz (isa sa mga mabuting kaibigan ni Job) ay iniisip na si Job ay hinahatulan dahil sa kasalanan Si Elifaz ay lalaking ng "mga prinsipyo," ngunit ang mga prinsipyong ng Biblia ay gumagawa lamang kapag sila ay nagagamit nang tama. "Inaani mo kung ano ang iyong tinatanim" ang kanyang pangangatwiran (4:8). Sa kaso ni Job, ito ay maling aplikasyon ng katotohanan at ito ay nakasakit sa kanya nang malalim.

"Isipin mong mabuti – mayroon bang walang sala na na napahamak ng buhay, mayroon bang mabuting tao na dumanas nnnnng kasawian?" (4:7) Ang kaalaman ni Elifaz ay mahina! Ang kasaysayan ay puno ng mga halimbawa ng mga inosente at matuwid na tao na nakaranas ng pagdurusa at pagkamartir. Sa 5:3-4, ipinahiwatig niya na ang ang mga anak ni Job ay namatay bilang resulta ng hatol ng Dios sa kanyang kasalanan, at kung siya lamang ay magsisisi at magpapakumbaba, siya ay kahahabagan ng Panginoon at ipananauli ang pagpapala (5:8-27). Sa 5:5, minungkahi ni Elifaz na kinuha ng mga magnanakaw ang lahat ng kanyang ari-arian bilang hatol ng Dios "sa taong mangmang." Lahat ng mga ilustrasyong ito ay ginamit niya kay Job.

Marami sa mga talata sa kapitulo 5 (at ang ibang sinabi ng tatlong kaibigan) ay tunay na mga pangungusap. Maaaring gawing buhay ng Dios ito sa iyo, at bigyan ka ng mga pangako mula dito. Ang problema ay marami sa mga talatang binigkas ni Elifaz at kanyang mga kaibigan kay Job ay hindi angkop sa sitwasyon ni Job. Sila ay mga pangako, pagpapalakas ng loob, at mga espiritwal na katotohanan na sinalita kay Job pero hindi sa tamang kapanahunan. Ang Isaias 50:4 ay kailangang maging katotohanan sa atin! Matuto nawa tayo na magsalita ng salita sa kapanahunan sa mga napapagod.

**Maling Aplikasyon ng Katotohanan**

Sa 5:19-25, pinangaralan ni Elifaz si Job tungkol sa abilidad ng Dios na ingatan ang matuwid sa panahon ng digmaan at taggutom. "Sa tuwi-tuwina, paningin niya'y nasa iyo, upang ikaw ay ingatan, laging handang sumaklolo. Sa panahon ng taggutom, di ka niya pababayaan, at kung sa sa digmaan ay hindi ka niya iiwan. Ililigtas ka niya sa dilang mapanira, at di ka matatakot sa kapahaman" (19-22). Ang mga ito ay kamangha-manghang pangako. Kaya ng Dios na proteksyunan an gating mga anak kahit sa mga panahon ng parating na kapighatian at kaguluhan (v25). Subalit ang mga katotohanang ito ay hindi angkop para sa sitwasyon ni Job. Kamamatay lang ng mga anak ni Job at mayroong pagkawasak sa kanyang paligid.

"Inaani mo ang iyong itinanim" ang paliwanag ni Elifaz (4:8). Ito ay totoong pangungusap, at ito ay inulit ni Apostol Pablo sa Galatia 6:7. Ngunit si Elifaz ay gumagawa ng maling aplikasyon ng katotohanan dito. Ipinagpalagay niya na si Job ay nagtatanim ng kasamaan at ngayon dumating siya sa panahon ng pag-ani. Pero meron siyang nakaligtaan. Ang katapusan ng kuwento ay hindi pa nasasabi.



Pagkatapos ng isang taon, mag-aani si Job ng dobleng bahagi ng pagpapala ng Dios. Ano ang itinanim ni Job sa lahat ng mga taon? Siya ay nagpakita ng kahabagan sa mahirap at nagdurusa, at siya ay naging tapat at matuwid sa lahat ng kanyang pakikitungo sa iba. Si Job ay mayroong marangal na reputasyon, kahit sa mga hindi tinubos, siya ay naging mabuting ama. Si Elifaz ay gumawa ng marahas at hindi napapanahong paghatol kay Job.

Si Elifaz ay lalaki ng "mga prinsipyo." Nilagay niya lahat sa mga kategorya, at pinilit niyang ipasok si Job sa isa sa kanyang mga kategorya. Subalit, hindi naging angkop si Job sa mga ito. Kapag kumikilos ang Dios sa buhay ng Kanyang mga banal, walang aklat ng pamantayan. Bawat sitwasyon ay natatangi. Ang pagsubok ni Job ay hindi tulad ng sino man. Hindi ginusto ng Dios na magsalita muna; hindi pa panahon para maintindihan ni Job ang kanyang pagsubok. Minsan ang Dios ay tahimik. Kung pinaliwanag ng Dios ang lahat kay Job at ipinakita sa kanya ang kalalabasan ng kanyang pagsubok, maaari itong wasakin kung ano ang ginagawa ng Dios sa kanyang buhay. Sa ibang mga sitwasyon, hindi nais ng Dios na bigyan tayo ng liwanag (Isa. 50:10) at kailangan nating magtiwala sa Kanyang karakter. Kapag tayo ay nasa apoy, maaari nating iaplay ang bawat teoriya at prinsipyo sa aklat; ngunit, sa huling pagsusuri, hindi sila gumagana. Ang tanging bagay na maaari nating gawin ay tumawag sa Dios para sa Kanyang biyaya na nagbibigay ng buhay, at iyon ang eksaktong nais ng Dios na gawin natin.

**Anong Maaari Kong Nagawa na Kakaiba?**

Ang pagsubok ni Job ay maaaring sumalungat at humamon sa teolohiya ng anumang kapanahunan. Maging ang mabuting kapatiran ay tumingin kay Job at nagsabi – "Kapatid, ang iyong asawa ay wala sa kaayusan, ang iyong mg anak ay namatay ng marahas na kamatayan, ang iyong salapi ay nawasak, at bawat isa ay nagsasalita laban sa iyo."

Umiyak si Job, "Pero ano ang dapat kong ginawang kakaiba?" Ang simpleng sagot doon ay ito – WALA. Minsan walang lubos na maaari nating nagawa upang maiwasan ang ating mga sirkumstanya. Maaaring inakit lamang tayo ng Dios sa kanyang lambat para tayo ay pinuhin, upang magdala sa atin ng bagong mga pagpapala (Awit 66:10-12; Lam 1:13, 3:7; Jer. 20:7). Nang dalhin ni Jacob si Jose para tignan ang kanyang mga kapatid, siya ay inakit sa lambat ng Dios (Gen. 37:13-18).

## ANG UNANG SAGOT NI JOB
## Kapitulo 6-7

Sa 6:1-3 si Job ay nagrereklamo na kung ang kanyang kapanglawan ay titimbangin sa timbangan, ito ay magiging mabigat kaysa sa lahat ng buhangin sa dagat. Nagmakaawa si Job mula sa kanyang mga kaibigan (6:14). Pakiramdam niya siya ay pinagtaksilan at iniwan ng mga ito. Para bang sinasabi niya, "Kayo ay tulad sa nagyeyelong batis. Kapag ang mga bagay ay umiinit, kayo ay natutunaw at lumalayo" (6:15-17). Pagkatapos siya ay nagmakaawa sa kanyang kapatiran na ipakita sa kanya kung anong mali ang nagawa niya, na sinasabi, "Pagkakami ko'y sabihin at ako'y turuan" (6:24).

"Mga salitang tapat, kay gandang pakinggan, ngunit mga sinabi ninyo'y walang katuturan." (6:25). Ang tamang mga salita ay napaka-makapangyarihan. Ang argumento ay walang katuturan! Tinatamaan ng tamang mga salita ang sentro ng target, ngunit ang argumento ay "tumatama at hindi." Sinabi ni Job sa mga kapatiran na hindi sila nag-alok ng kasagutan sa kanyang mahirap na kalagayan at lahat ng kanilang pagpupunyagi at pagpipilit na siya ay itama ay walang kinahinatnan.

Maaaring si Job ay medyo madrama habang pinagtanggol ang sarili sa kanila. "Kung ang sinasabi ko ay walang kabuluhan, bakit ninyo



sinasagot itong aking karaingan" (6:26). Si Job ay nasa ganap na paghihirap. Ang kanyang salita ay maaaring mabangis at malupit. Dapat tayong maging mahinahon sa mga taong nasa sobrang kalungkutan. Paano tayo tutugon kung tayo ang nasa sitwasyon ni Job? Ngunit ang mga kapatiran, sa halip na maging sensitibo sa pagkadesperado ni Job, are nainsulto, at ang buong pag-uusap ay nagsimulang mawala sa kontrol. Umiral sa parehong panig ang mga emosyon at espiritwal na kapalaluan (cf. Kaw. 13:10).

### "Mga Buwan ng Walang Saysay na Pagdurusa"

(7:3) "Buhay ko'y wala nang kahulugan sa paglipas ng mga buwan, at tuwing sasapit ang gabi ako ay nagdadalamhati." Ang pagsubok ay tumagal na ng ilang buwan. Hindi makatulog si Job, ang kanyang katawan at mga buto ay masakit. Ang kanyang mga sugat at pigsa ay nagka-impeksyon (7:5). Kakila-kilabot ang kanyang hitsura, ngunit ang malalim na kapakumbabaan ay gumagawa sa kanyang kalooban. (Sa mga ospital nawawala ang lahat ng iyong dignidad). Kaya ba nating magkaroon ng kahabagan sa mga lugmok sa kapighatian? Kaya ni Jesus! Nakayanan ni Job na magkaroon ng pakiramdam para sa iba pagkatapos na siya mismo ay nalugmok sa kapighatian! Gaanong pakikiramay mayroon tayo sa iba? Gaano tayo naging lugmok sa kapighatian?

### "Hindi na Ako Muling Makakakita ng Kabutihan"

(7:7) "Hindi na ako muling makakakita ng kabutihan." Lahat ng bagay ay mukhang nakakapanlumo! Sobra ang kalungkutan ni Job na inisip niya na hindi na siya magiging masaya o magiging masaganang muli. Siya ay mali, maling mali! Mayroong kamangha-manghang kinabukasan na naghihintay sa kanya sa katapusan ng kanyang pagsubok. Alalahanin natin – ang panghihina ng loob ay may pinanggagalingan.

Ang panghihina ng loob ay resulta ng bagay na ating iniisip. Ito ay paniniwala sa isang bagay na hindi sinasabi ng Dios tungkol sa atin o sa ating sitwasyon. Samakatuwid, mapapagtagumpayan natin ang maitim na ulap ng depresyon sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasalita ng mga pangako na ibinigay ng Dios sa atin. Kailangan nating makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka ng pananampalataya kapag tayo ay nasa pagsubok (1 Tim. 6:12). Ang mga talatang 11-21 ay nakatuon sa Panginoon. Sobra ang takot ni Job sa mga bangungot na mas gusto niya ang kamatayan kaysa sa buhay (7:14-15).

"Ano ba ang tao... tuwing umaga siya'y iyong sinusuri, sinusubok mo siya sa bawat sandali." Tinutuon ng Dios ang kanyang paningin sa tao at sinusubok sa bawat sandali (Job 7:17-18; cf Awit 11:4). Tayo ay laging inoobserbahan ng Dios! Ang karakter ay napapatunayan sa pamamagitan ng mga tamang pagtugon sa mga panahon ng presyur at pagdurusa. Ang karakter ay laging may kaugnayan sa sakit na nararamdaman! Sinuman ay maaaring magpuri sa Panginoon kapag ang buhay ay panatag pero ano ang ginagawa natin kapag andun na ang pagsubok? Ito ay nagpapakita kung tayo ay taong may karakter o wala! Titingin ba tayo sa Dios para sa biyaya sa panahon ng pangangailangan, o tayo ay magiging mapait? Ang Dios ay taimtim na naghahanap ng lalaki o babae na ang puso ay sakdal para sa Kanya (2 Cron. 16:9).

### "Patitigasin Ko ang Aking Sarili sa Kapighatian"

Bago natin iwanan ang unang pagtanggi ni Job, gusto kong magpokus sa isa pang bagay na sinabi ni Job, dahil ang partikular na pananalitang ito ay nagpapakita na ang kanyang patotoo ay nagsisimula nang lumala. Si Job ay nakakasumpong ng aliw sa kanyang paghihirap sa pagpapatigas ng kanyang puso. Ito ang isa sa tendensiya ng tao pero ito ay maaaring masama kung hindi maitatama. Kapag tayo ay nasasaktan, pinipilit nating pinapatay ang sakit sa pamamagitan ng pagpapatigas ng ating sarili, ngunit ito ay humahantong sa hukay ng kawalan ng pag-asa. Maganda ang pakiramdam sa una ngunit ito ay maling kaginhawaan, at mauuwi sa pagkawasak.



### Katigasan ng Puso – Maling Kaginhawaan

Sa 6:10, sinabi ni Job: "Kapag nangyari ito, ako'y liligaya, sa gitna ng pagdurusa, lulundag sa saya." Ang pagpapatigas ng puso ay maling mekanismo ng pagdepensa sa pagtatangkang protektahan ang sarili mula sa sakit, at paginhawahin ang sarili sa kanyang kalungkutan. Ang parehong kaisipang ito ay makikita sa Genesis 27:42 kung saan si Esau ay "pinaginhawa ang sarili" mula sa sakit nang mawala sa kanya ang pagpapala ng pagiging panganay na anak, kaya nilayon niya sa kanyang puso na patayin ang kanyang kapatid ni si Jacob. Sinabi ng isang babae: "Masarap ang pakiramdam na kamuhian ang aking asawa pagkatapos ng lahat ng kanyang ginawa." Ang patigasin ang ating mga puso kapag tayo ay nasasaktan ay isang natural na tendensiya ng tao, ngunit ito ay hindi espiritwal na tendensiya.

### Ang Pinatigas na Puso ay Wawasak sa Tao

Kapag ang puso ay naging matigas, ito ay nagiging hindi sensitibo sa iba at sa Dios. Ang kapaitan ay nagnanaknak na parang sugat at lumalago, pagkatapos ang rebelyon ay pumapasok. Ang mga tao ay nagiging walang ingat at pabaya, at kung ang puso ay patuloy na pinapatigas ang kanyang sarili, ito ay maaaring humantong sa pagpapakamatay sa sarili. Si Job ay nagsisimulang maging mapait, at mula sa puntong ito sisimulan niyang ituro ang daliri sa Dios at akusahan Siya ng pagiging iresponsable. Kalaunan, siya ay sasawayin ng Dios dahil dito. Ang hindi pagtatama sa Dios ang pangunahing tema ng aklat.

## ANG UNANG MGA SALITA NI BILDAD
## Kapitulo 8

Sa 8:3, si Bildad ay nagsalita nang tama tungkol sa Dios ngunit minumungkahi sa talatang 4 na ang mga anak ni Job ay namatay dahil sa kanilang mga kasalanan. "Job, KUNG ikaw ay talagang tapat , at malinis ang iyong kalooban, tutulungan ka ng Dios!" (8.6). Sa talatang 13, tinawag niyang mapagkunwari si Job. Bumanggit si Bildad ng maraming kawikaan at mga katotohanan kay Job, ngunit wala itong aplikasyon sa kanyang sitwasyon, at pinalala lamang nito ang mga bagay.

Marami sa mga komento ni Bildad kay Job ay tunay na mga kasabihan, tulad ng pangungusap na matatagpuan sa 8:7. "Maliit na bagay ang mga nawala mong kayamanan, kung ihahambing ang sa iyo'y ibibigay." Pagkatapos sa talatang 20 sinabi niya: "Hindi pababayaan ng Dios ang mabuting tao." It at marami pang ibang deklarasyon ng kanyang tatlong kaibigan ay totoo pero hindi angkop sa sitwasyon ni Job. Gayunman, maaaring buhayin ng Dios ang anuman sa mga talatang ito at ibigay sa atin para sa direksyon, pagsaway, o pangako.

ISANG PAALALA: Lahat ng sinasabi ng mga kaibigan ni Job ay babagsak sa anuman sa tatlong kategorya. Subukang unawain, sa biyaya ng Dios, kung saang kategorya ang bawat salita ay aangkop.

- Ang ibang bagay na sinasabi nila ay tama.
- Ang ibang bagay na sinasabi nila ay mali. [Ang iba ay maling-mali].
- Ang ibang bagay na sinasabi nila ay hindi angkop sa sitwasyon ni Job, bagamat ang mga ito ay totoong pananalita.



## ANG IKALAWANG SAGOT NI JOB
## Kapitulo 9-10

Sa kanyang pangalawang sagot si Job ay simula nang umalis sa pagpapahid sa kanyang pag-atake sa karakter ng Dios. Lumipas na ang mga buwan sa pasimula ng pagsubok at nagawa niyang kontrolin ang kanyang espiritu.

Ngayon ang panghihina ng loob at katigasan ay pumasok at simula na niyang akusahan ang Panginoon ng pagiging iresponsable:

*"Malakas na bagyo at mga sugat ang sa aki'y ibinigay, kahit wala naman siyang sapat na dahilan" (9:17).*
*"Kapwa wawasakin ng Diyos ang masama at ang mabuti" (9:22).*
*"Kung ang taong matuwid ay biglang namatay, tinatawanan ng Diyos ang sinapit ng kawawa" (9:23).*

Hinahayaan ni Job na ilabas ang lahat ng kanyang nararamdaman! Malinaw sa mga kaibigan ni Job na ang sinasabi ngayon ni Job tungkol sa Dios ay maling-mali. Ngunit wala silang solusyon sa kanyang sitwasyon. Ang kanilang pagsusuri at kalooban ay hindi tama, at hinusgahan nila si Job sa kanyang mga sirkumstansiya. Sinara nila ang puso ni Job sa punto na tinignan niya ang kanyang mga kaibigan bilang mga kaaway. Ngayon hindi na niya kayang tumanggap ng anumang payo mula sa kanila.

### Ang Sagot ay Malapit sa Atin – Ito ay Nasa Sarili Nating mga Bibig

Sa 9:4, sinabi ni Job: "Ang Diyos ay matalino at makapangyarihan, sinong lumaban na sa kanya at nagtagumpay?" Hindi inakala ni Job na ang kanyang sinabi ay babala para sa kanyang sarili. Hindi nakita ni Job na pinapatigas niya ang kanyang puso sa Dios at pinipilit ng

Banal na Espiritu na siya ay bigyan ng babala. Karaniwan ang mga Kasulatan na pinakamamahal natin ay mga babala sa atin. Kailangan nating bigyan ng natatanging atensyon kung ano ang lumalabas sa ating sariling bibig kapag tayo ay nangangaral, nananalangin, o nagpopropesiya. May sinasabi ang Banal na Espiritu sa atin tungkol sa ating sarili.

Sa 9:20, minsan pa makikita natin na ang sagot sa pangangailangan ni Job ay nasa kanyang sariling bibig, pero hindi niya ito makita. "Ako'y walang kasalanan at tapat na namumuhay, ngunit bawat sabihin ko ay laban sa aking katauhan." Ang problema ni Job sa panahon ng kanyang pagsubok ay hindi niya nakita ang kakulangan sa kanyang sarili. Dahil dito, ginawa niya na siya ay maging mas matuwid kaysa sa Dios. Sa huli, pinawalang sala niya ang sarili, at hinatulan ang Dios (Job 32:2, 35:2). Samakatuwid, makikita natin ang problema ng pagkabulag, kahit sa mga piling mga banal.

### Si Job ay Nagreklamo – Ang Dios ay Hindi Tao at Hindi Nakakaunawa

Nagreklamo si Job na ang Dios ay hindi tao na katulad niya, at humiling ng "hukom" (9:32-33). Ang hukom ay isang reperi o tagapamagitan. Gusto ni Job ng isang tagapamagitan sa pagitan niya at ng Dios, isang tao na ginawa sa parehong putik. Sinasabi ni Job, "Ang Dios ay hindi tao na katulad ko at hindi Niya naiintindihan kung ano ang aking nararamdaman." Siyempre, ito ay karaniwang reklamo ng sangkatauhan sa pangkalahatan. Samakatuwid, kalaunan ay binigay ng Dios ang kanyang hiling nang Kanyang kasihan si Elihu, ang pang-apat na lalaki, na mangusap sa kanya. (Si Elihu ay naroon kasama ng tatlong kaibigan ni Job, ngunit pinili niya na maging tahimik. Hinihintay niya ang tamang panahon mula sa Dios). Kalaunan siya ay nagsalita sa kapitulo 32-37. Sa 33:6, nagsalita si Elihu at sinabi kay Job, "Ako ang tagapamagitan na iyong hiniling!



Ako rin ay nilikha mula sa parehong bagay katulad mo. At ngayon ako ay magsasalita para sa Panginoon."

Kalaunan sa kasaysayan, naging tao ang Dios! "Ang Salita ay naging tao at nanahan kasama natin." Naranasan ni Cristo ang tukso sa bawat kaparaanan katulad ng tao. Hindi maaaring sabihin na hindi naiintindihan ng Dios ang tao. Ang pagkakatawang-tao ng Dios ay naging daan upang ang Dios ay nilikha na taglay ang mga sangkap katulad natin. Kung gayon, ang Dios ay naging isang binatilyo. Siya ay pinaglihi sa labas ng kasal, dahil si Jose at Maria ay hindi pa kasal nang panahong iyon. Hindi puwedeng sabihin ng tao na hindi nakakaunawa ang Dios! Ang Dios ay naging katulad natin sa bawat larangan! Ngayon Siya ay nananatiling tao, at Siya ay mananatiling tao sa walang hanggan (1 Tim. 2:5; 3:16).

### Hindi Maipaliwanag ng Dios Ngayon

Sa 10:2, tinatanong ni Job sa Dios, "Bakit ka nakikipagtalo sa akin?" [Panginoon, ano ang maling nagawa ko; ano ang gusto mong gawin ko?]. Ngunit nanatiling tahimik ang Dios. Gustong gusto ng Dios na magsalita. Pero dahil kailangan, alam Niya na kailangan Niyang maghintay. Minsan kapag ipinaliwanag ng Dios kung ano ang Kanyang ginagawa at kung ano ang gusto Niyang mangyari, ito ay makakasakit sa atin at makakaabala sa ginagawa Niya sa ating mga buhay. Kailangan ng malaking karakter at pagpigil sa bahagi ng Dios na hindi magsalita. Mayroong tiyak na panahon para magsalita ang Dios sa atin (Ecc. 3:7). Mayroon ding panahon na hindi dapat magsalita! Ang karunungan ng Dios ang nagpoprotekta sa atin sa pugon para sa eksaktong tamang oras at panahon (Mal. 3:3). Kinokontrol Niya ang apoy ng pagdadalisay. Ang ating pananampalataya ay dinadalisay bilang pilak at ginto (cf. 1 Ped. 1:7; Sant. 1:3).

**Ang Dios ang Higit na Nagdurusa**

"Sa lahat nilang kadalamhatian ay nagdadalahamti siya" (Isa. 63:9). Kapag tayo ay nagdurusa, ang Dios ay nagdurusa rin. Ang katotohanang ito ay madalas na nakakaligtaan. Sa panahon ng pagsubok ang Dios ay nagdurusa rin. Masakit para sa Dios na tahimik lamang habang ang isa sa pinakamahusay na lingkod ay nagbabata sa pugon ng pagdurusa. Bagamat ang Dios din ay nagdurusa, sa Kanyang karunungan, inantala Niya ang Kanyang kasagutan. Kailangan ng Dios na gumawa ng mahalagang walang hanggang gawa ng katubusan sa puso ni Job. Samakatuwid, Siya ay naghintay sa pag-ibig (Isa. 30:18).

TAYO AY HIGIT NA NAGDURUSA SA PAGSUBOK KAPAG:

- Ang Dios ay tahimik.
- Hindi tayo maintindihan ng mga kaibigan.
- Tayo ay may presyur ng walang katiyakang kahihinatnan
- Pisikal at mental na istres ay nakakapagod.

**ANG UNANG PANANALITA NI SOPHAR**
**Kapitulo 11**

Ngayon nagsasalita si Zophar at masyadong masakit ang mga ito. "Palalampasin na lang ba ang napakarami mong sinabi? Tama ba ang isang tao kapag ito ay maraming salita? Akala mo ba'y di masasagot ang mga sinabi mo, at sa iyong pangungutya, kami'y di na makapagsasalita?" Lahat tayo ay nakasakit sa iba lalo na kapag hindi natin maintindihan kung ano ang kanilang nararamdaman. Kung makikita natin ang mga masamang kapangyarihan na lumalaban sa mga tao, mas magiging mas mahabagin tayo. Tiyak na si Job ay may kamangmangang nagkakasala sa kanyang bibig, ngunit hindi siya



sinagot ng kanyang mga kaibigan nang maingat, at wala rin silang mga sagot na kailangan ni Job! Sa kabila ng mga pagkakamali ng mga kaibigan ni Job, ginagamit ng Dios ang kanilang kamangmangan at mga paratang para mapukaw ang problema kay Job, at ito ay palabasin. Kung gayon ay mahaharap ng Dios ang problema ni Job.

(11:6) "Upang masabi sa iyo ang mga lihim ng karunungan, sapagkat napakalalim ng kanyang kaalaman, parusa nga niya sa iyo'y mas maliit kaysa iyong kasalanan." (Job, karapat-dapat kang tumanggap ng mas malaking hatol kaysa dito. Ang iyong kaparusahan ay maluwag.) Ito ay seryosong paratang na ginawa ni Sophar laban kay Job. Ipinagpalagay ni Sophar na siya ay kinatawan ng Dios at siya ay nagsalita ng mali para sa Dios.

Sinabi ng Dios, "Si Job ay walang katulad sa daigdig. Mabuti siyang tao, sumasamba sa akin, at umiiwas sa masamang gawain." Sa 11:13-20, inulit ni Sophar ang parehong mga pananaw katulad ng dalawang kaibigan – na kung si Job ay magsisisi, ang Dios ay mahahabag at ipapanauli siya sa pagpapala. Ang tatlong kaibigan ay bumaba mula sa pagiging tagasaway sa pagiging manlalait. Sinasabi ng Kasulatan na "himukin mo at pagsabihan ang mga tao, at palakasin ang kanilang loob sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo" (2 Tim. 4:2). Ngunit ang mga kaibigan ay nawalan ng kontrol at ngayon sila ay nanlalait. Napakadali na mapunta sa ganitong kalalagayan. Unawain natin ang pagkakaiba.

**ANG PAGKAKAIBA NG PAGSAWAY SA PANLALAIT**

| PAGSAWAY | PANLALAIT |
|---|---|
| MAGSAWAY— sabihin sa isang tao ang kanyang kasalanan. Paalalahanan, kumbinsihin ang tao sa kanyang pagkakamali, magbigay ng ebidensiya, magkonbik. | MANLAIT— manisi, tuligsain, insultuhin, tuyain, pagalitan. Magsalita ng masama, siraan, maging abusado. |
| MANGHIMOK— Makiusap, himukin, hikayatin, humiling, manghingi, magapila, aliwin, pasayahin, tawagin na pumanig sa kanya at | LUMAIT— Siraan, magsalita nang walang galang, manirang puri, magsalita ng masama. |

**Galing sa Basic Youth Conflicts*

(11:6) Ang mga pananalita ni Sophar ay masyadong masakit. Sinabi niya na si Job ay tumanggap ng maliit na sentensya para sa lahat ng kanyang mga kasalanan. Ito ay malupit at wala sa lugar, at tinutuya niya si Job. Sa halip na kumbinsihin si Job, hinatulan niya ito. Dito natin makikita ang pagkakaiba ng paging tagasaway at panlalait. Kalaunan, ang tatlong kaibigan ay sinaway ng pang-apat na lalaki, si Elihu (cf. Job 32:3, 12).

Minsan ang mga Cristiano ay walang karunungan sa pamamaraan kung paano sila tatayo laban sa kasamaan. Naniniwala ako na ito ay pagkakamali para sa Iglesia na gayahin ang mga pamamaraan ng sanlibutan kapag ito ay nagsasalita laban sa mga kasamaan ng kapanahunan. Ang mga protesta, martsa, at pagsuway ng masa ay



hindi pamamaraan ng Dios. Hindi ipinakita ni Jesus ang paglaban sa mga lansangan (Isa. 42:2). Tinawag ng Dios ang Iglesia upang maging ulo, at hindi buntot (Deut. 28:13). Ang Iglesia ang dapat na maging lider, at hindi tagasunod.

Bukod sa paggaya sa mga taktika ng sanlibutan, ang Iglesia rin ay nasa panig ng kaaway kapag dinadala ito sa mga lansangan. Hindi sinabi ng Dios sa Iglesia na itama ang sanlibutan. Ang paghatol ay kailangang una munang magsimula sa bahay ng Dios. Haharapin ng Dios ang sanlibutan kapag ang Iglesia ay nasa maayos na kalagayan (2 Cor. 10:6; 1 Cor. 5:12, 13). Kapag naging maayos na ang Iglesia, siya ay gagawin ng Dios na ulo at hindi buntot.

## ANG PANGATLONG SAGOT NI JOB
## Kapitulo 12-14

Sa 12:2, si Job ay naging mapanuya – "Walang duda na ikaw ang tinig ng bayan; kapag ika'y namatay, karunungan ay kasama mong papanaw." Siya rin ay binagabag ng pagdududa – "Hindi mo masasabing higit ka kaysa akin" (12:3). Si Job ay nagiging mas mapagtanggol sa sarili. Lahat ng natitirang pagmamalaki at sariling buhay ay kinakain sa pugon ng pagdurusa.

Ang pagsubok ni Job ay tinatawag na pagkabihag (42:10). Sinabi ni Job; "Walang makakapagtayo muli ng kanyang giniba, sinumang ikulong niya'y walang makakapagpalaya (12:14). Kapag sinarahan ng Dios ang isang tao sa pagsubok, walang sinumang makakapagpalabas sa kanya hanggang sa itinakdang oras ng Dios na paglaya. Gusto kong ulitin ito – may mga panahon na kung saan ang ministro o ebanghelista ay hindi mapawalan ang isang tao sa pagkagapos o sitwasyon dahil mayroong takdang panahon para sa paglaya.

**Si Jeremias ay may "Karanasan ni Job"**
(Panaghoy Kapitulo 3)

Pinapangunahan ng Dios ang Kanyang bayan sa mga madidilim na karanasan sa pana-panahon upang gumawa ng mga espesyal na bagay sa kanilang mga puso. Pagkatapos, pinapangunahan Niya sila palabas muli sa kaliwanagan (Mic. 7:8). Pinatototohanan ito ni Jeremias:

*"Isinadlak niya ako sa kadiliman" (Panaghoy.3:6; cf. Isa.50:10).*
*"Ginapos niya ako para hindi makatakas";*
*"Pinalibutan niya ako ng pader na mataas" (Panaghoy .3:7).*
*"Nanambitan man ako at humingi ng tulong, hindi niya dininig ang aking dalangin" (Panaghoy 3:8).*

Ang madidilim na karanasan ay hindi naman laging dahil may ginawa tayong mali. Ang mga ito ay itinakda ng Dios (Isa. 42:16; Job 23:14) at ang layunin nito ay dalhin tayo sa bagong mga pagpapala (Awit 66:10-12). Tiyak na dadalhin tayo ng Dios sa bagong araw (Awit 30:5, 11).

**Mapapanghawakan ba Natin ang Lubos na Kalayaan Ngayon?**

Hindi tayo kaagad pinapalaya ng Dios sa lahat ng ating mga problema. Ito ay para sa ating kaligtasan. Sinasadya Niyang iwan ang ilang problema sa ating mga buhay pansamantala upang magkontrol sa atin hanggang kaya na nating gamitin ang kalayaan sa tamang paraan. Ang kalayaan ay mapanganib kung hindi tayo handa para rito. Madali tayong mawawasak ng kalayaan. Inaalis ng Dios ang ating mga problema at paghihirap (isa-isa) habang nakakayanan nating gamitin ang kalayaan sa isang paraan na tayo ay lumago na rito (Gal. 5:13). Ang kalayaan ay magagamit sa laman kung hindi tayo malalim na nakatalaga sa Dios. Ngayon, ang America ay inabuso ang kalayaan, at ginagamit ito para sa laman.



Dahil sa kahabagan ng Dios, hindi Niya tayo kaagad pinapalaya sa bawat problema. Pinahintulutan ng Dios na tugisin ni Saul si David sa loob ng ilang taon. Si David ay nasa ilalim ng presyur sa matagal na panahon kaya nasabi niya: "Balang araw ay mahuhuli rin ako ni Saul" (1 Sam. 27:1). Sobrang nalulula na si David. Natukso siya na isiping anumang oras tiyak na bibigay siya sa mga presyur na kanyang nararamdaman. Ginamit ng Dios ang isang problema, presyur, tinik, para gumawa ng isang bagay na pangwalang-hanggan sa puso ni David. Nang ang gawaing iyon ay naisakatuparan sa kanyang buhay (pagpapakumbaba, pagiging bagbag, pagiging depende sa Dios), tinanggal ng Dios ang problema (Saul). Haharapin din ng Dios ang ating "kaaway" pagkatapos na merong nabago sa ating puso (Kaw. 16:7).

Kung binigyan ka ng Dios ng hinahangad mong himala ngayon, ito ba ay makakapaglapit sa Kanya, o ito ay makakapaglayo sa Kanya? Ano ang iyong gagawin kung bigla kang pinalaya ng Dios sa bawat paulit-ulit na problema mo sa buhay ngayon? Paano kung tinanggal ng Dios ang bawat paghihigpit sa buhay mo ngayon?

Halimbawang mayroon kang lahat ng salapi na gusto mo at lahat ng kontrol na nais mo, na walang sinuman na ikaw ay mananagot at walang magtatanong sa iyo? Halimbawang wala kang mga suliranin sa iyong kalusugan? Patuloy ka pa bang magdedepende sa Dios at lalakad nang may kapakumbabaan sa Dios? Mananatili ka ba sa tamang daan at patuloy na hahanapin ang Dios nang taimtim? Hindi! Baka walang gagawa nun sa atin! Sa unang banda, ano ang nagdala sa atin sa Dios? Karaniwan ito ay problema – kasakitan, kalungkutan, pagiging hungkag, problema sa pag-aasawa, o malalim na pagkakasala. Dahil alam natin ang mga ito, kailangan nating ipagkatiwala ang ating mga buhay sa kamay ng tapat na Dios at maniwala na palalayain Niya tayo sa lahat ng mga paghihirap sa Kanyang tamang panahon at sa Kanyang pamamaraan. Pinangako ng

Dios na palalayasin Niya ang lahat ng ating mga kaaway "paunti-unti" (Exo. 23:30).

### "Walang Halaga ang mga Manggagamot"

(13:4) "Manggagamot na walang kayang pagaligin." Sinasabi ni Job, "Walang kayong lunas sa aking mga hirap." Maraming pagtawag sa pangalan sa pagpapalitan ng lahat ng mga partido. Sa talatang 4, sinabi ni Job sa kanyang mga kaibigan: "Kayo'y mga sinungaling." Pagkatapos sinabi ni Job sa kanyang mga kaibigan na ang karunungan para sa kanila ay huwag nang magsalita ng anupaman (13:5).

(13:7). "Bakit ba kayo'y nagsasalita ng di katotohanan? Makatutulong ba sa Dios ang inyong kasinungalingan?" Karamihan sa mga pangangaral at payo ng tatlong kaibigan na binigay kay Job ay *hindi* inudyukan ng Espiritu ng Panginoon, at ang Dios ay hindi nalugod. Hindi sila otorisado ng Dios na magsalita ng mga bagay na ito. Sila ay nagsalita nang mapangahas sa pangalan ng Dios at hindi nila kinatawan ang Dios nang tama. Pinili ng Dios na maging tahimik sa panahon ng pagsubok ni Job, at kapag ang Dios ay tahimik, ang tao ay dapat na tumahimik. Kalaunan, sinaway sila ni Elihu, at gayundin ng Panginoon (tignan ang 32:3; 42:7-8).

*Bigyan ng pansin na lahat ng mga kasalanan na ginawa sa Aklat ni Job ay mga kasalanan ng bibig. Ang mga kasalanan ng bibig ay seryosong mga kasalanan na tulad ng isang aksyon o gawa, ngunit karamihan sa mga tao ay hindi kumbinsido sa katotohanang ito. Ang Aklat ni Job ay aklat na nagbibigay diin sa kaseryosohan ng ating sinasabi (Mat. 12:37; Kaw. 28:21).*



### Si Job ay Nagpapakita ng Ilang Paglaban

(13:15). "Hindi ako natatakot kung ako man ay patayin, maiharap lamang sa kanya itong aking usapin." Sa talatang ito, si Job ay nagiging masyadong matapang at sa katotohanan ay pinaglalaban niya ang kaniyang sarili sa mukha ng Dios. Parang sinasabi ni Job, "Wala akong ginawang mali! Hindi naging patas ang Dios sa pakikitungo Niya sa akin, at ipaglalaban ko ang aking mga daan sa mukha Niya." Dito, sa buod, ay ang problema – Hindi gumagawa ng kasamaan si Job sa kanyang buhay para maranasan ang kasawian tulad ng minumungkahi ng kanyang mga kaibigan. Ngunit, sa kanyang pagsubok, sinimulan niyang atakihin ang integridad ng Panginoon. Nakitaan niya ng pagkakamali ang Dios, samantalang hindi niya nakita ang pagkakamali sa kanyang sarili. Sa gayon, ginawa niya ang kanyang sarili na mas matuwid kaysa sa Dios, at dito siya nagkasala! Ito ay idedebelop pa habang tinitignan pa natin ang kuwento.

### Ang mga Paratang Pa Laban sa Dios

(13:24-27). Ang mga reklamong ito ay mga paratang laban sa Dios. Naroon si Elihu at narinig niya ang mga ito. Kalaunan, binanggit ni Elihu ang mapapait na mga salitang ito at sinabi kay Job: "Ngunit ang sagot ko nama'y, nagkakamali ka Job, sapagkat sa sinumang tao ay mas dakila ang Dios" (33:8-12).

### Ang Kaluwalhatian ng Tao ay Kumukupas Tulad ng Isang Bulaklak

Sa pagtingin niya sa kanyang nakakalungkot na kondisyon, dineklara ni Job: "Ang tao ay tulad ng isang bulaklak na nalalanta." Totoo na ito ang kanyang naging karanasan (Isa. 40:6-8). Hinubaran si Job ng lahat ng kaluwalhatian at reputasyon. Tulad ng isang bulaklak, siya

ay nalanta. Ang matitinding mga pagsubok ay para sa layuning mag-iwan sa atin ng marka ng kapakumbabaan (Awit 39:11). Ang kapakumbabaang ito ay magdadala sa atin sa kadakilaan (1 Ped. 5:6). Ito ay nagbibigay sa atin ng dahilan upang magalak sa mga panahon ng ligalig (Sant. 1:2-4).

## ANG PANGALAWANG PANANALITA NI ELIPHAZ
## Kapitulo 15

(15:5). "Kasamaan mo'y nahahalata sa iyong mga salita, nais mo pang magtago sa mga salitang may daya." Dito meron na naman tayong palitan ng akusasyon at pagtatawag ng pangalan. Nainsulto si Eliphaz. Kaya, binalikan niya si Job. Ang kanyang kapalaluan ay nasaktan dahil hindi tinanggap ni Job ang kanyang pilosopiya at payo. Sa panahong ito matagal nang nalimutan ng tatlong kaibigan ang orihinal na layunin sa pagbisita nila kay Job, at iyon ay tulungan at aliwin si Job. Ngayon sila ay nagkakampi-kampi. Dito ang kapalaluan nila ay nasaktan, "Naroon ka ba nang sabihin ng Dios ang Kanyang plano, o sa palagay mo'y ikaw lang ang may talino? Ano ba ang alam mo na di namin nalalaman? Lahat ng naiintindihan mo'y amin ding nalalaman" (15:8-9). Hindi lamang ang kapalaluan ng bawat isa ang nasaktan, uminit din ang kanilang ulo!

### Kapalaluan—Ang Dahilan ng Argumento at Debate

Ang Aklat ni Job ay tungkol sa mga argumento at mga kasalanan na ginawa ng bibig ng mga tinubos. Ang argumento ay nakaugat sa kapalaluan. *"Ang kapalaluan ay nagbubunga ng kaguluhan"* (Kaw. 13:10). Sa Roma 12:3, tayo ay sinasabihan na "huwag ninyong pahalagahan ang inyong sarili ng higit sa nararapat." Ito ang dahilan sa lahat ng mga argumento - may sobrang mataas na opinyon ang mga tao sa kanilang mga sarili. Kaya kapag sila ay nag-aalok ng payo at hindi ito tinanggap, sila ay naiinsulto at gumaganti. "Ano ba ang alam mo na di naming nalalaman? Lahat ng naiintindihan mo'y amin ding nauunawaan" (15:9).



Ang tatlong kaibigan ay may masaganang intelektwal at espiritwal na pagmamataas; kaya, sila ay sobrang natisod nang ang kanilang payo ay hindi tinanggap. Ito ay matagal ng problema ng tao – ang pangangailangan ng tunay na kapakumbabaan! Ang mga lalaki at babae na nagtataglay ng tunay na kapakumbabaan ng isip at puso ay hindi naiinsulto at nasasaktan kapag ang kanilang payo ay hindi pinapasalamatan at tinatanggap.

### Ang Katandaan – Ay Hindi Nangangahulugan ng Tanda ng Karunungan

(15:10). "Ang mga may uban sa buhok ay aming kasama, mga taong matatanda pa sa iyong ama." Ang mga taong ito ay higit na matanda kaysa kay Job, mas matanda pa sa ama ni Job. Inaangkin ni Eliphaz na dahil sa kanilang katandaan at karanasan, mayroong silang mga sagot at kailangang makinig ni Job sa kanilang payo. Ngunit ang katandaan ay hindi gumagarantiya sa kaninuman ng karunungan (32:5-9). Minsan ang mas matandang mga tao ay hindi natuto sa mga aral ng buhay. Maaaring sanayin ng Dios ang sinuman anuman ang kanilang edad, at bigyan sila ng tunay na ministeryo.

Ngayon si Eliphaz ay nagsalita at ang kanyang sinabi ay tama. Pinangaralan niya si Job na huwag siyang tumalikod. Nagbabala siya: "Bakit ba ang galit mo'y sa Diyos ibinubunton *at sa kanya iniuukol ang salitang walang hinahon?"* (5:12-13). Si Job ay nagiging mabangis at nilalabas niya ang lahat ng kanyang nararamdaman. Pinapalabas ng mga mahihirap na pagsubok ang pinakamasama sa atin. Gayunman, ang mga pagsubok ay kailangan dahil pinapalitaw nito ang mga bagay sa ibabaw para makita natin, at para harapin din natin. Ngunit kahit na malinaw na

hinaharap ng Dios ang mga tao, kadalasan, tinatanggihan nila na harapin ang mga isyu nang may katapatan.

## ANG PANG-APAT NA SAGOT NI JOB
## Kapitulo 16-17

### Ang Kapangyarihan ng Bibig

(16:1-2). Si Job ay nanuya – "Kayong lahat ay mang-aaliw na walang silbi." [Kung kung ako ang nasa inyong lugar at kayo sa akin] *"Matatambakan ko rin kayo ng salita at payo"* (16:4-5). Mayroong matinding kapangyarihan sa bibig. Ang bibig ang pinakamakapangyarihang miyembro ng ating katawan dahil ang mga espiritwal na puwersa ay pinapakawalan mula sa bibig (cf. Sant. 3:1-12).

### Patuloy na Nagkakasala si Job sa Pamamagitan ng Kanyang Bibig

(16:9). *"Dahil sa matinding poot niya sa akin halos ako'y kanyang paputul-putulin; mga mata'y nanlilisik, may poot kung tumingin."* Si Job ay nagagalit na sa Panginoon. Ito lamang ang tanging bahid sa buhay ni Job. Pinaparatangan niya ang Dios na siya ay Kanyang kinamumuhian at siya ay kaaway ng Dios. Pinaparatangan niya ang Dios ng pagkakaroon ng pagkamuhi sa Kanyang puso, at pagiging malupit at mabagsik. Kailangan nating mag-ingat na huwag natin itong gawin kapag tayo ay nasa presyur, dahil may mga panahon na matutukso tayo na magsalita nang walang karunungan ng lahat ng ating *nararamdaman*. Tandaan – ang Dios ay nagdurusa kasama natin. Sa pasimula ng kanyang pagsubok, hindi nagkasala si Job sa pamamagitan ng kanyang bibig o inakusahan ang Dios nang may kamangmangan. Ngayon, siya ay nagkakasala sa pamamagitan ng kanyang bibig.



### Si Job ay Hindi Tumalikod

Ang patotoo ni Job ay bumagsak sa isang banda habang ang pagsubok ay tumagal sa mahabang mga buwan. Sa una si Job ay hindi nagkasala sa kanyang bibig o inakusahan nang may kamangmangan ang Dios (1:22, 2:10), pero ngayon ay simula na siyang magkasala sa pamamagitan ng kanyang bibig at pinaparatangan niya ang Dios nang may kamangmangan. Gayunpaman, hindi niya sinusumpa ang Dios o tinatalikuran ang kanyang pananampalataya katulad ng sinabi ni Satanas na gagawin niya. Si Job ay sobrang bagsak sa kalumbayan. Ang iba sa kanyang mga salita ay hindi lubhang espiritwal, ngunit hindi niya sinusumpa ang Dios. Huwag nating tatakan si Job na "isang bakslayder." Ang iba na kailangang magdusa sa pagsubok ay tinatakan ng iba na "tumalikod" ngayon pero ito ay sumasalamin sa pagiging mababaw sa espiritwal. Isang pastor ang nagturo na kung ikaw ay mag sakit, ikaw ay hindi espiritwal at walang pananampalataya.... hanggang siya ay nagkasakit at kailangang magpatingin sa duktor.

(17:6). Nararamdaman ni Job na ginawa siya ay ginawa ng Dios na usap-usapan ng iba. Naniniwala ako nang buong puso ko na laan ang Panginoon na isakripisyo ang ating reputasyon at lahat ng meron tayo para Siya ay makagawa ng walang hanggang pagtubos sa ating mga puso. Pagkatapos tayo ay ginagantimpalaan Niya sa huli nang labis-labis, katulad ng sinabi Niya sa pamamagitan ni propetang Joel: "Ibabalik ko ang lahat ng nawala sa inyo noong mga panahon" na kinain ng mga mananakmal (Joel 2:25).

(17:11). "Malapit nang matapos ang mga araw ko. Bigo ang mga plano ko't hinahangad." Hindi na inaasahan ni Job na makita muli ang mabuti. Naniwala siya na maaga siyang mamamatay (17:11-16). Ang maiitim na mga ulap ng depresyon ay katulad nito! Lahat ng bagay ay walang pag-asa. Ngunit kapag nagliwanag ang Dios sa

kadiliman ng mga ulap sa pamamagitan ng mga sinag ng Kanyang kaluwalhatian, oh, ang ating pananaw ay mababago! Nang binaligtad ng Dios ang pagkabihag ni Job, para bang isang bangungot ay naglaho. Pagkatapos nito, siya ay nabuhay nang karagdagang 140 na taon – sa kapayapaan, kasaganaan, at karangalan.

## ANG IKALAWANG PANANALITA NI BILDAD
## Kapitulo 18

(18:3). Si Bildad ay mapaghiganti. Siya ay nainsulto at nasaktan, at pinaalam niya iyon: "Kami ba'y ano sa iyong palagay? Mga bakang hangal at walang nalalaman?" At sa natitira niyang pananalita, sinalita niya ang mga paghatol na darating sa mga masama; at, siyempre ito ay pinatungkol niya kay Job.

(18:4). "Sarili mo lang ang iyong sinasaktan, dahil sa galit na iyong tinataglay." Wala ng pag-asa at nanlulumo dahil sa kanyang sitwasyon at sa pagiging insensitibo ng kanyang kapatiran, para bang halos naging marahas si Job at nagmamagaling habang sinasalita niya ang kanyang kaso. Alalahanin ang 6:26. Pilitin na maging mahusay na tagapakinig. Tulungan ang nasa paghihirap na maging kalmado. Kailangang mapagtagumpayan ang kawalan ng kontrol sa emosyon bago magkaroon ang isang tao ng pananampalataya. Lahat ay kailangang matuto na kontrolin ang kanyang espiritu (Kaw. 16:32).

## ANG IKALIMANG SAGOT NI JOB
## Kapitulo 19

(19:1-2). "Hanggang kailan ninyo ako pahihirapan sa mga salitang inyong binibitawan?" Ang mga salita y makapangyarihan! Ang mga salita ay espiritu (hindi lamang mga tunog na pinapakinggan) at ang mga ito ay nakakaapekto sa ating espiritu. Marami sa mga problema



na ating nilalabanan ay bumabalik sa mga maling salita na natanim sa ating isipan maraming taon na ang nakalipas.

(19:3)."Maraming ulit na inyo akong nilait." Sa sampung maghiwalay na okasyon, hinatulan nang mali si Job ng kanyang mga kaibigan. Sampu ang bilang ng pagsubok. Ginagamit ng Dios ang mga pagkakamali at kawalan ng kakayahan ng mga kapatirang ito upang palabasin ang isang bagay kay Job. Tahimik ang Dios. Ang katahimikan ng Dios ang pinakamasakit na aspeto ng anumang pagsubok (19:7).

(19:8-12). Inalala ni Job ang lahat ng ginawa ng Dios para sa kanya. Ang kanyang pamilya at mga kaibigan ay lumaban sa kanya (19:13-19). Nagmakaawa siya ng kahabagan mula sa mga kapatiran at gusto niyang siya ay maunawaan ng mga ito, ngunit hindi (19:21).

### Bagamat Tahimik, ang Dios ay Naroon

(19:23-24) Ninais ni Job na ang kanyang mga salita ay naka-rekord at nakasulat sa isang aklat! (Binigay ng Dios ang kanyang hiling; mayroon tayong aklat ng Job). Bagamat ang Dios ay tahimik, Siya ay laging naroon kasama ni Job sa pugon ng paghihirap, at nakikinig nang mabuti sa bawat salita. Kalaunan, sinaway ng Dios si Job at ang tatlong magkakaibgan dahil sa kanilang maaanghang na mga salita. Isang kaaliwan na malaman na naroon ang Panginoon at kasama natin sa panahon ng ating mga pagsubok, bagamat pinipili Niyang maging tahimik.

### Pangitain ng Ikalawang Pagdating, Pagkabuhay na Muli, Milenyo

(19:25-27). *"Pero alam kong buhay ang aking Tagapagligtas at sa bandang huli ay darating siya rito sa lupa para ipagtanggol ako. Pagkaalis ko sa katawang ito at mabulok ang mga laman ko, makikita ko*

*na ang Dios. Makikita ko siya nang harapan at hindi na siya iba sa akin. Labis na akong nananabik na makita siya."*

### Si Job – Larawan ng Iglesia sa Kapighatian

Si Job ay larawan ng Iglesia sa huling araw. Ang Iglesia sa huling araw ay kailangang dumaan sa dakilang kapighatian upang mahugasan ang kanyang mga damit at gawing maputi ng dugo ng Kordero (cf. Pah. 7:14). Sa kapighatian ang pagtitiis ay magagawang perpekto (Pah. 13:10, 14:12; Sant. 1:2-4, 5:11; Roma 5:3). Ang Iglesia na "naghanda ng kanyang sarili at "sinuotan ng pinong lino" ay ang Iglesia na lumabas sa dakilang kapighatian (Pah. 19:7-8, 7:14).

Hindi lahat ng Cristiano ay makakabahagi sa unang pagkabuhay na muli, at hindi lahat ng mananampalataya ay mamumuno at maghahari kasama ni Cristo sa Milenyo. Hindi ibibigay ng Dios ang trono ng pamumuno sa mga espiritwal na sanggol o doon sa mga hindi nagpasakop sa Kanyang apoy ng pagdadalisay (Heb. 12:5-8). Ang trono ay para lamang sa mga lalaki at babae na nakapanagumpay. "Kung tayo'y nagtiis ng hirap sa mundong ito, maghahari din tayong kapiling Niya (2 Tim. 2:12). Lahat ng mga pangako ng Dios ay may mga kondisyon (Heb. 10:36; Pah. 21:7) at kadalasan, hindi ito nauunawaan.

### Ang Kahalagahan ng Pangitain

Napakahalagang maunawaan kung bakit tayo nagtutumulin at nilalagak ang paningin para matamaan ang markang iyon. Ano ang layunin at ano ang gantimpala ng mataas na pagkatawag ng Dios? Ito ay upang magkaroon ng higit na pagkabuhay na muli at makasama sa Milenyo (Fil. 3:10-14; Pah. 20:6; Heb. 11:35). Ang mga taong kulang sa tunay na pangitain ay walang pagtingin sa tadhana at sila ay hindi nag-iingat sa pamumuhay (Kaw. 29:18). Kailangan nating tanungin ang Dios para sa pangitain ng gantimpala na nakalaan para sa atin. Kapag nakikita natin ang *gantimpala*, ang *halaga* ay parang maliit na lamang!



### ANG IKAWALANG PANANALITA NI SOPHAR
### Kapitulo 20

(20:3) Pakiramdam ni Sophar siya ay nainsulto at siya ay mapaghiganti. "Ang iyong mga sinabi ay puro panlalait." "Kaya't tugon ko ngayo'y aking ipababatid." Eksaktong ganun sila nag-usap – na may espiritu ng kanilang sariling pang-unawa. Pinaratangan niya si Job na isang mapagkunwari: "Ang pagmamataas ng masama ay di nagtatagal" (20:5). Sa ibabaw ng lahat, iginiit niya na ang kalamidad na nangyari kay Job ay "ganito ang sasapitin ng lahat ng masasama, kapasyahan ng Dios, sa kanila'y itinakda" (20:27-29).

### ANG IKA-ANIM NA SAGOT NI JOB
### Kapitulo 21

Nakipagtalo si Job na minsan ang masama ay sumasagana sa maikling buhay sa lupa. Ang kanyang obserbasyon ay tama. Marami sa mga talata sa 21:17-25 ay sumasalungat sa teolohiya ngayon. May mga panahon na ang matuwid ay lubhang nahihirapan, at may mga panahon na ang masama ay sumasagana sa buhay na ito. Isipin ang mga paghihirap na binata ng mga debotong Cristiano sa Siberia at China. Isaalang-alang ang iba sa concentration camps at bilangguan sa ibang bahagi ng mundo kung saan ang Cristianismo ay kinamumuhian. Kung ang ating teolohiya ay tama, ito ay magiging totoo saan man sa mundo. Ang ilan sa pinakapinong "ginto" sa mundo ay nanggagaling sa mga lugar ng pag-uusig at kapighatian – (hal. Corrie Ten Boom, Watchman Nee).

### Ang Kasaganaan ay Maaaring Maging Isang Sumpa

May mga panahon na ang kasagaan ay maaaring maging sumpa.

Maaaring malimutan ng mga tao ang Dios kapag masagana (Deut. 6:10-12; 8:7-14). "Sinasabi nila sa Dios, 'Huwag mo kaming pakialaman, ayaw naming malaman ang Iyong kalooban.' Sino ba ang Makapangyarihang Dios upang sambahin namin? At ano bang mapapala kung sa Kanya'y mananalangin?" (Job 21:14-15). Binigyan ito ni Job ng magandang buod sa 21:23-25 na nagsasabing, *"May taong namamatay sa gitna ng kasaganaan, panatag ang katayuan, maginhawa ang kabuhayan... Mayroon namang namamatay sa kahirapan, ni hindi nakalasap, kahit kaunting kaligayahan."* Isang masamang tao ang may malaking kasaganaan, ngunit isa pang masamang tao ang may sunod-sunod na kapighatian. Ang ibang masama ay masaya at para bang nakakatakas kahit nakapatay.

Ang pagiging espiritwal ng tao ay hindi masusukat sa *materyal na kasaganaan.* Alalahanin ang kuwento ng mayamang lalaki at ni Lazarus (Luc. 16:19-31). Si Lazarus ay may miserableng buhay sa lupa. Siya ay mahirap, may sakit, kulang sa nutrisyon, at itinakwil ng lipunan. Sa kabila nito ginawa niya ang Panginoon bilang kanyang kanlungan at ngayon tinatamasa niya ang buhay na walang hanggan. Ang mayamang lalaki ay sagana sa lahat ng bagay na gusto ng isang mortal na tao sa buhay, pero hindi hindi niya nakita ang pangangailangan sa Dios. Namatay siya sa kanyang mga kasalanan at ngayon ay nagdudusa sa paghihiganti ng walang hanggang apoy.

### Kapag "Sumuko" Na Ang Dios Sa Tao, Tumitigil Na Siyang Itama Sila

Hindi pagpapala kapag *lahat ng bagay* ay nangyayari ayon sa gusto natin. Dapat magpasalamat tayo sa Dios kapag sinasara Niya ang pinto o hindi Niya pinapahintulot na mangyari ang ating mga plano! Isang tao ang nagsabi, "Bawat pinto na sinasara ng Dios para sa akin ay isang pinto ng bilangguan lang naman!" Sa madaling salita, kung siya ay nagtagumpay na makuha ang gusto niya, maaaring siya ay magsisi na masarahan ito kahit gusto na niyang makatakas. Tanging ang Dios lamang ang nakakaalam ng makakapagpasaya sa atin; hindi natin ito alam! Huwag kang maging mapait laban sa Dios kung hindi Niya pinapahintulot na tahakin mo ang isang daan. Siya na mahal ng Panginoon ay Kanyang pinipigilan, tinatama, at dinidisiplina (tignan ang Job 5:17; Kaw. 3:11-12; Heb. 12:5-7; Pah. 3:19). Kapag tumitigil na na itama ng Dios ang isang tao, ibig sabihin sumuko na Siya sa taong iyon. Kapag patuloy Niya tayong sinasaway, ito ay tanda na kinakalinga pa rin Niya tayo. Ang pamalo ng Dios ay hindi para doon sa hindi minamahal ng Dios (Job 21:9). Pinapahintulutan ng Panginoon ang ibang tao na gawin ang gusto nila at hindi sila tinatama.



Para mabago tayo sa ating pagkatao, kailangan ng mga bago at hindi pamilyar na mga sitwasyon. Ang pagbabago, kadalasan, ay may kasamang sakit. Ito ang dahilan kung bakit ang mga tao ay lumalaban sa pagbabago. Mas gusto nating maging komportable at may seguridad. Sa natural nating mga sarili, ayaw nating mabuhay sa pananampalataya. Gusto nating malaman muna kung paano mangyayari ang isang bagay. Gusto natin na lahat ay maipaliwanag muna sa atin. Gusto natin na ang isang bagay ay nakikita at nasasalat, pero ang pananampalataya ay nangangailangan ng hakbang patungo sa hindi kilala o alam. Sa katotohanan, ang buhay ng pananampalataya ang pinakamaingat na paraan para mabuhay dahil kapag ikaw ay sumunod sa Panginoon, aalagaan ka Niya!

## ANG IKATLONG PANANALITA NI ELIFAZ
### Kapitulo 22

(22:3). Si Elifaz ay nagsasalita nang mali para sa Dios – "May pakinabang ba ang Dios kung ikaw ay matuwid, may mapapala ba Siya kung ikaw man ay malinis?" Malinaw na nalulugod ang Dios sa

mga taong matuwid (Awit 11:7). Pagkatapos sumusobra na siya sa 22:5-10, na sinisiraan niya ang karakter ni Job.

(22:5). "Ito'y dahil sa napakalaki ng iyong kasalanan, at sa mga ginagawa mong kasamaan!" Sinasabi niya: [Job, napakarami ng iyong mga kasalanan na hindi na sila mabilang]. Minsan pa, sinisiraan ni Elifaz si Job sa halip na sawayin siya. Sinabi na ng Dios nung una na wala sa lupa ang mas matuwid kaysa kay Job. Ang panahon ng pagpapayo ay naging larangan ng digmaan, at ang mga kalahok ay nagtatalo-talo sa pamamagitan ng mga salita.

(22:22-30). Muli si Job ay hinimok na manumbalik sa Dios. Tinitiyak ng kanyang mga kaibigan na kung siya ay magsisisi, ipananauli ng Dios ang habag at pagpapala. Subalit, nabigo silang bigyan ng diin ang tunay na isyu.

## ANG IKAPITONG SAGOT NI JOB
## Kapitulo 23 - 24

### Sinabi ni Job – "Papanig sa Akin ang Dios"

(23:3-7). "O kung alam ko lamang kung saan ko siya matatagpuan, upang ako'y makalapit maging sa kanyang upuan! Ilalagay ko ang aking usapin sa kanyang harapan, at pupunuin ko ang aking bibig ng mga pangangatuwiran. Malalaman ko kung ano ang kanyang isasagot sa akin, at mauunawaan ko kung ano ang kanyang sasabihin sa akin. Makikipagtalo ba siya sa akin sa laki ng kanyang kapangyarihan? Hindi; kundi ako'y kanyang papakinggan. Makakapangatuwiran sa kanya ang matuwid doon; at ako'y pawawalang-sala magpakailanman ng aking hukom."

Si Job ay nasabik para sa isang patas na pagdinig sa harap ng Dios. Nais niyang dalhin ang kanyang kaso sa Dios, at siya ay naniwala na papanigan siya ng Dios. Naniwala si Job na alam niya kung paano tutugon ang Dios sa kanya, pero si Job ay nabigla. Nang sa huli ay dumating ang Dios sa eksena sa kapitulo 38-42, hindi iyon ang kanyang inasahan. Dumating ang Dios na may mahigpit na pagsaway. Ito ang buong suliranin ng sangkatauhan – iniisip ng tao na alam niya kung ano ang kailangan niya, pero siya ay maling-mali.



### Hindi Natin Alam Kung Ano ang Ating Kailangan

Kung ano ang kailangan nating marinig, at kung ano ang iniisip natin na kailangan nating marinig ay dalawang magkaibang bagay. Alam ni Job na hindi siya nakagawa ng mga kasalanan para makaranas ng ganitong sakuna. Alam niya na mali ang paghatol sa kanya ng kanyang mga kaibigan, at naghahanap siya ng pagpapawalang-sala mula sa Dios, pero hindi pa rin niya nakikita ang buong larawan. Binabatikos niya ang Pinakamataas na Dios! Hinatulan niya ang Dios at sinabi na binaluktot Niya ang katarungan. Pero hindi nakita ni Job ang pagkakamali sa kanyang sarili. Ito ang kanyang pagkukulang. Bulag si Job sa kanyang problema. Kaya, pinatagal ng Dios ang kanyang pagsubok para patuloy na dumating ang kanyang problema mula sa kanyang bibig hanggang makita niya ito.

Nang ako ay kabataan nagdusa ako sa herniated disc sa aking mababang gulugod. Ang pinsalang ito ay nagdulot ng matinding sakit na bumaba sa kanang binti ko, dahil ang nakaumbok na disc ay tumutulak laban sa mga ugat pababa sa mga binti. Kamangha-mangha dahil maliit lang ang sakit sa gulugod. Iisipin mo ang pagkabigla ko nang ako ay sinabihan na ang sakit sa aking paa ay nanggaling sa mababang likod ko.

Ang aral na natutunan ko bilang isang labing pitong kabataan ay nanatili sa akin hanggang sa araw na ito. Ito ay nagdala ng malalim na mensahe. Alam natin kung saan tayo nasasaktan, pero kadalasan

hindi natin alam ang pinanggagalingan ng problema. Ang pagsusuri ay mahirap. Nang ako ay sinabihan na ang problem ay nag-ugat mula sa isang bagay, sumama ang loob ko. Inasahan ni Job na magsasalita ang Dios ng isang bagay, pero sa halip ang Panginoon ay nanggaling sa ganap na kakaibang direksyon at si Job ay natulala. Iniisip natin na alam natin kung ano ang ating kailangan, at inaakala natin na alam natin kung ano ang sasabihin ng Dios ngunit tinitignan ng Dios ang ating sitwasyon na ibang-iba (Isa. 55:8,9).

### Isa Pang Deklarasyon ng Pananampalataya – “Ako ay Lalabas na Ginto”

Ang 23:10 ay klasikong talata: “Ngunit alam niya ang ginagawa ko. Pagkatapos na masubukan niya ako, makikita niyang malinis ako tulad ng lantay na ginto.” Ang pananampalataya ay nagniningas sa puso ni Job. Si Job ay punong-puno ng mga pigsa. Siya ay sinipa ng mga kabataan; pinagtawanan ng iba at siya ay kinutya. Si Job ay walang awang hinamak ng sangkatauhan. Sa kabila nito at sa gitna nito, meron siyang deklarasyon ng pananampalataya – “Ako ay palalabasin ng Dios na dalisay na ginto.” Naunawaan niya na siya ay nililinis sa anumang natitirang mikstyur sa kanyang mabigat na pagsubok. Hinahanda ng Dios si Job na maghari kasama Niya sa walang hanggan (19:25-27).

(23:12). “ Sinusunod ko ang kanyang mga utos, at iniingatan ko ito sa aking puso. Pinahahalagahan ko ang mga salita niya ng higit pa sa pangaraw-araw na pagkain ko.” Minahal ni Job ang Salita ng Dios at ang tinig ng Dios (cf. Jer. 15:16). Ito ay mas mahalaga sa kanya higit pa sa natural na pagkain. Ang kanyang pagkagutom at pagkauhaw ay para sa katuwiran higit pa sa pagkain (Mat. 5:6). Siya ay umiwas sa makamundong mga pagnanasa at mga pita ng laman upang ang kanyang espiritwal na pagnanasa ay maging matalas para sa Salita ng



Dios. Si Job ay lalaki ng panalangin at pag-aayuno. Ginugol niya ang karamihan ng kanyang oras at buhay na nagsasaliksik sa Dios.

(23:13-14, cf. 3:25). “Isasakatuparan niya ang plano niya sa akin.” Ito ay karagdagang ebidensya na alam ni Job noon pa man na ang pagsubok ay darating. Naunawaan ni Job na itinakda ng Dios ang pagsubok na ito at ito ang daan na kailangan niyang lakaran.

(23:16). “Pinanghihina ng Dios ang aking kalooban.” Ang mga pagsubok ay para sa layunin na palambutin ang mga lalaki at babae. Ang paghihirap ay nag-aalis ng kalupitan. Kapag hindi tayo lubos na nagdusa, ang ating kakayanan na umunawa ay mababaw, at tayo ay hindi sensitibo sa paghihirap ng iba.

Sa kapitulo 24, si Job ay nagsasalita sa mga daan ng masama. Sinasabi niya na parang nakakalagpas ang masama sa lahat ng bagay, ngunit sa huli sila ay mawawala at hahatulan (24:23-24). Ang kanyang pagsusuri ay tama!

### ANG IKATLONG SAGOT NI BILDAD
### Kapitulo 25

Si Bildad ay nagsasalita nang pangkalahatan. Ang kanyang mga sinabi ay ilan lamang sa mga salitang walang kabuluhan. Ang mga ito ay totoo, ngunit walang kaugnayan sa pangangailangan ni Job. Diniin niya ang kabanalan ng Dios at ang maruming kalagayan ng tao, ngunit hindi pa rin tinuturo ang problema ni Job.

## ANG IKAWALONG SAGOT NI JOB
## Kapitulo 26-31

(26:1-4). Sa mga talatang ito sinasabi ni Job kay Bildad na walang kinahinatnan ang kanyang payo. Ang mga talatang 5-14 ay nagpapahiwatig ng kanilang kaalaman at kaunawaan sa paglikha. Mayroong silang pambihirang kaalaman.

(26:14). "Maliit na bahagi lang ito ng kanyang kapangyarihan, na hindi pa rin natin lubos na maunawaan." Sinasabi ni Job na ang ating pang-unawa sa mga kaparanaan ng Dios ay limitado. Subalit, pinupuna rin niya ang karunungan ng Dios. Dahil dito, ginagawa niyang mas marunong kaysa sa Dios. Ang maghanap ng kamalian sa Dios ay pagsasabi na mas maalam tayo kaysa sa Dios, at kaya nating pamahalaan nang mas maayos ang mga bagay. Nakakamangha kapag ang tao ay nakakabanggit ng mga talata sa Biblia at wala pa rin siyang ideya na ang mga talatang iyon ay nagagamit sa kanyang sariling pangangailangan higit pa sa kaninuman. Ang sagot ni Job ay nasa sarili niyang bibig, pero hindi niya marinig o maramdaman.

### Pagsasara sa Problema ni Job

(27:1-4). "Muling tumugon si Job, "Isinusumpa ko sa Diyos na sa aki'y nagkait ng katarungan, sa Makapangyarihang Diyos na nagdulot sa akin ng kapaitan. Habang mayroon akong hininga na Diyos ang nagbibigay, ang labi ko'y walang bibigkasing kasinungalingan, ang aking sasabihin ay pawing katotohanan." Ngayon tayo ay nagsasara sa ugat ng problema ni Job. Nakikita niya ang kamalian sa Dios pero hindi sa kanyang sarili. Hinahatulan niya ang Dios ngunit pinagtatanggol ang sarili, na nilalagay niya ang sarili niyang katuwiran at karunungan sa ibabaw ng Dios. Sinalungat ni Job ang kanyang sarili. Sa isang hininga hinahatulan niya ang Panginoon at



sa susunod na hininga sinasabi niyang hindi siya nagkakasala sa kanyang bibig.

* Ibinababa ang Dios – 27:2 *"Isinusumpa ko sa Diyos na sa aki'y nagkait ng katarungan, sa Makapangyarihang Diyos na nagdulot sa akin ng kapaitan."*
* Itinataas ang sarili – 27:3, 4 *"Habang mayroon akong hininga na Diyos ang nagbibigay, ang labi ko'y walang bibigkasing kasinungalingan, ang aking sasabihin ay pawang katotohanan."*

(27:5-6). "Hindi ko matatanggap na kayo ang may katuwiran, igigiit hanggang kamatayan na ako'y walang kasalanan. Hindi ko isusuko ang aking katuwiran, budhi ko'y malinis, di ako sinusumbatan." Hndi nakikita ni Job ang kamalian sa kanyang sarili, ngunit nakikita ang kamalian sa Dios. Handa siyang ipagtanggol ang kanyang posisyon, hanggang sa kamatayan. Si Job a nagiging matigas ang ulo. Sa mga taon na pakikitungo ko sa mga tao, nagulat ako na makita ang mga tao na nasira sa kalusugan, nasira sa pananalapi, nasira sa pag-aasawa, at nasira ang reputasyon, ngunit hindi naging bagbag sa espiritu.

Si Elihu, (ang tahimik na tagapakinig at manonood) ay nagpatotoo habang si Job at ang mga kaibigan nito ay nagtalo, bawat isa na nagpapaliwanag ng mga kaparaanan ng Dios mula sa "mataas na kaalaman." Inihahanda ng Dios si Elihu na magsalita. Sa natira ng kapitulo 27, patuloy na pinagtatanggol ni Job ang sarili.

### Sariling-Katuwiran – Isang Idolo

Ginawa ni Job na idolo ang kanyang sariling katuwiran. Siya ba ay matuwid? Oo! Kahit ang Dios, sinabi na siya ay matuwid. Ngunit nang nakita niya ang pagkakamali sa Dios at wala sa kanyang sarili, siya ay naging matuwid sa sarili. Ang pagiging matuwid sa sarili ay hindi pagiging matuwid. Obserbahan kung ilang beses na sinabi ni Job

"ang aking katuwiran," hindi ng Dios! Alalahanin, kung ang tao ay nagtataglay ng anumang kabutihan, ito ay dahil binigay ito ng Dios sa kanya. Ang katuwiran ay hindi nagmula sa tao. Tanging ang Dios ang nagwasak ng pagkabihag ng ating mga kasalanan. Ang saloobin ni Job ay dapat naging katulad nito: "Panginoon, anumang katuwiran na mayroon ako ay galing sa iyo! Pinilit ko (sa iyong biyaya) na maging matuwid at banal, pero ipakita mo sa akin kung saan pa rin ako bulag at kung ano ang kulang sa akin." Isaulo natin ang mga talatang ito: (Isa. 54:17; 64:6; Pah. 15:4; Dan. 9:7; Fil. 3:9). "Panginoon, ang katuwiran ay nabibilang sa Iyo."

## Ang Talumpati ni Job sa Karunungan
## Kapitulo 28

Ang kapitulong ito ay nagsusulat tungkol sa malaking talumpati ni Job sa karunungan. Si Job ay nakatanggap ng karunungan sa pamamagitan ng pamumuhay sa presensiya ng Dios. Hindi matatatagpuan ng tao ang tunay na karunungan dahil ito ay nakatago (1 Cor. 2:7-8). Lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman ay nakatago kay Cristo. Naghahanap ang tao kahit saan mang dako para sa karunungan at ang tunay na kahulugan ng buhay, ngunit hindi niya ito makita maliban na unahin niya parangalan Siya na pinanggagalingan ng lahat ng karunungan. Mismong si Cristo ay karunungan (1 Cor. 1:30; Col. 2:3). Kung lubos nating kilala si Cristo, mauunawaan natin ang buhay dahil Siya ang naglikha ng buhay. (Talatang 12, 20, at 28 ang susing mga talata para sa kapitulo).

(28:12). "Ngunit saan kaya matatagpuan itong karunungan?" Binibigay ng talatang 28 ang sagot: "Ang pagsunod at paggalang sa Panginoon ay karunungan; at ang paglayo sa kasamaan ay siyang tunay na kaalaman." Ang paggalang sa Dios at pagsunod sa Kanyang kautusan ang susi sa pagkakaroon ng karunungan. Ang pagsuway at pagtanggi sa katotohanan ay pumapatay ng liwanag sa tao. Sinasabi ni



Pablo, "nagdilim ang hangal nilang pag-iisip" (Rom. 1:21-22; cf. Mat. 6:23). Ang karunungan at kaunawaan ay mga kaloob ng Dios sa matuwid, ngunit pinagkaitan ng kaunawaan ang masama (tignan ang Deut. 4:1-6; Dan. 12:10). Ang tunay na karunungan ay tumutugon sa lahat ng dilemma ng puso.

Ang paningin ng buwitre ay napakatalas ngunit hindi niya makita ang daan ng karunungan (28:7). Ang karunungan ay nakatago sa bawat nabubuhay na nilalang (28:13-14). Ang pagkawasak at kamatayan ay masamang mga espiritu. Alam nila ang kasikatan ng karunungan, at sila ay natatakot sa karunungan (28:22). Napapalaya ng tao ang karunungan mula sa kamatayan at pagkawasak. Si Job, sa lahat ng kanyang kabatiran sa karunungan, ay mayroon pa rin siyang mga aspeto sa kanyang buhay na hindi naghahari ang karunungan.

## Inalala ni Job ang Nakaraan Niyang Kaluwalhatian
## Kapitulo 29

(29:2). "Kung maibabalik ko lang ang mga unang araw noong ang Diyos sa akin ay palagi pang nagbabantay." Inalala ni Job ang nakaraan niyang buhay, ang matuwid niyang mga gawa, at ang karangalan na mayroon siya bago ang pagsubok. Gusto sana niyang bumalik sa dati at manatili doon. Sinasabi niya, Tignan mo kung ano ako dati, pero tignan mo ngayon kung saan ako bumagsak." Kapag tayo ay nasa madilim na pagsubok ang mga isipan natin ay kadalasang bumabalik sa masasayang panahon. Sinasabi ni Solomon sa atin na huwag mabuhay sa nakaraan (Ecc. 7:10).

(29:3) - Kasama ko ang Dios noon, ang Kanyang kaluwalhatian ay nasa akin. Alam ko ang Kanyang mga sikreto (29:4). Ang mga anak ko ay nagtipon sa paligid ko at kami ay masaya (v5). Ang mga matataas na tao ay ginalang ako (29:6-11). Ako ay mapagbigay sa mga mahirap; Pinagtanggol ko ang mga walang kakayanan (29:12-17). Ang

presensiya ko ay ginalang ng lahat. Ang aking mga opinion at payo ay hinanap (29:18-25). Si Job ay naging dakilang tao.

**Kinukumpara ni Job ang Nakaraan Niyang Kaluwalhatian sa Kasalukuyan Niyang Kalagayan**
**Kapitulo 30**

(30:1). "Ngayon ako'y kinukutya na ng mga kabataan." Kinukumpara ni Job ang kasalukuyan niyang nakakalungkot na kalagayan sa nakaraan niyang kaluwalhatian. "Kinukutya nila ako at kanilang iniiwasan, at di nag-aatubiling ako'y kanilang duraan" (30:10). Hindi lamang si Job ang nasa pagsubok, bawat isa ay nasa pagsubok! Ang mga tao sa kabayanan ay namuhi sa kanya at nagsalita laban sa kanya. Ang kanyang mga buto ay masakit at hindi siya makatulog (30:17). Ang kanyang mga sugat ay nagnanana kaya ang kanyang mga damit ay dumidikit sa kanyang balat (30:18). Umiyak si Job, "Di mo pinakinggan, O Diyos, ang aking pagdaing. Bakit ako'y iyong pinagmamalupitan?" (30:20-21). Tumangis si Job para sa iba nang sila ay nahihirapan, at nagpakita ng awa sa mahirap. Pero inisip niya, "Ano ang ginawa nito sa akin? Tignan mo ang aking gantimpala!" "Tuwa at liwanag ang aking inaasahan, subalit ang dumating ay hirap at kadiliman" (30:25-26). Siya ay lubos na nalungkot – "Ang tinig ko'y walang sigla at namamalat, parang boses ng uwak at ng asong gubat" (30:28-29).

**Mayroong Mga Tinakdang Panahon sa ating Mga Buhay**

Basahin ang Ecclesiastes 3:1-8:

- Ang Dios ay nagtakda ng espesyal na panahon ng pagpapala sa ating mga buhay (mga karanasan sa tuktok ng bundok).
- Ang Dios din ay nagtadhana ng mga espesyal na panahon ng *kahirapan* upang gumawa ng isang bagay sa ating mga puso.



Mayroong *"panahon ng paggiba at panahon ng pagtatayo*" (Ecc. 3:3). Ginigiba ng Dios si Job at muli siyang itatayo na isang mas mabuting tao. Sa panahon ng mga pagsubok binabago ng Dios at muling isinasaayos ang ating kaluluwa at pag-iisip. Ito ay napakasakit ngunit kinakailangang gawin ng Dios. Lahat ng bagay ay para bang mali sa panahong ito. Bukod pa dito, ang pagsubok ay *tumagal* nang mas matagal na hindi natin inaasahan.

ANG PRINSIPYO NG MAPAIT AT MATAMIS

Mayroong prinsipyo mula sa Ester 2:12 na kailangan nating tandaan. Si Ester ay dumaan sa mga proseso ng paglilinis bago siya humarap sa hari. Kasama sa mga proseso ng paglilinis na ito (siguro ay sa balat) ay anim na buwan na pagpapahid ng langis ng mira, at anim na buwan ng matatamis na pampalasa at pabango. Mayroong espiritwal na katotohanan dito na kailangan nating obserbahan. Ang mira ay nangungusap ng mapapait na karanasan, at ang matatamis na pampalasa ay nagsasalita ng magagandang karanasan. Parehong kailangan ng mga ito sa paglilinis. Ang magagandang panahon ay kasing halaga sa paglilinis tulad ng mahihirap na pahahon. Ang mga panahon ng pagpapala at kagalakan ay naglilinis n gating mga puso mula sa mga sakit at katigasan. Huwag mong asahan ang iyong buhay Cristiano na daan ng paghihirap at mga pagsubok. Marami ring mga pagpapala. Sa katunayan, ang magagandang mga panahon ay higit kaysa sa mahirap na mga panahon.

**Binilang ni Job ang Kanyang Matuwid na mga Kilos at Gawa**
**Kapitulo 31**

Si Job ay napakamatuwid at mahabaging tao. Kahit ang Dios ay nagpatotoo dito! Ngunit nang si Job ay nasa apoy, isang aha sang lumabas at nagpakita ng kanyang pangit na ulo (cf. Gawa 28:3). Isang bagay ang nakita sa kanya na hindi kalugod-lugod sa Panginoon.

Tinuro ni Job ang kanyang daliri sa Dios at pinaratangan Siya ng pagiging iresponsable, ngunit hindi nakita ang kamalian sa kanyang sarili. Dito siya sumobra.

Moral na Kadalisayan

(31:1-12). Si Job ay may moral na kadalisayan. Mayroon siyang malalim na konbiksyon tungkol sa sekswal na kalinisan. “Ako’y taimtim na nangako sa aking sarili, na di titingin nang may pagnanasa sa ibang babae.” Nagkaroon ng kasunduan si Job sa kanyang sarili. Sinanay niya ang kanyang mga mata na tumingin lamang sa kung ano ang tama. Maraming kasalanan ay nagsisimula sa mga mata. Ang kasalanan ay pumapasok sa puso sa pagtitig sa iba bukod sa iyong asawa. Kung ano ang iyong tinititigan ay siya mong madalas na pagbubulayan. Hindi laging tumitingin si Job sa ibang babae. Ang kanyang mga mata at emosyon ay nakatalaga sa Dios. Siya ay lumakad sa Espiritu, hindi sa paningin ng kanyang mga mata, at hindi niya ginawa ang mga pita ng laman. Ang pornogropiya ay sinasabing isang adiksyon tulad ng heroin. Kung hindi mo papatayin ang pornogropiya sa internet ngayon, sisirain nito ang iyong kasal, ang iyong karera, at ang iyong kaluluwa.

- Lumayo sa pornograpiya sa internet. Tigilan mo ito ngayon.
- Huwag paglaruan ang iyong mga emosyon o ang emosyon ng iba. Isang kasamaan na pukawin ang emosyon sa iba na hindi nararapat. Maging maingat sa pambobola. Laging gusto ng pambobola na tumanggap ng kapalit.
- Ingatan ang iyong puso (Kaw. 4:23) at sanayin ang iyong mga mata na tumingin sa tama.
- Hayaang linisin ng Dios ang iyong puso sa mga masamang nasain. (Ang kapangyarihan ng nakagawian ay ang pag-ibig para dito.)



- Lumakad sa daan ng karunungan. Ikaw ay iingatan ng karunungan. Lumayo sa tukso katulad ng ginawa ni Jose (Gen. 39:10-12).
- Huwag mabuhay ng “pribadong” buhay. Lumantad sa liwanag; magsulit sa iba sa mga larangan kung saan ikaw ay mahina.

**Pangangalunya – Dahil sa Pandaraya**

(31:9). “Kung ako ay naakit sa asawa ng iba, sa pintuan ng kanyang bahay ay inabangan ko siya.” Ang pangangalunya ay nakaugat sa pandaraya; ito ay nauugnay sa kadiliman (cf. Job 24:15-17; Kaw. 7:9-10, 5:3). Ang pangangalunya ay nagreresulta mula sa pagkahibang. Sa pangangalunya, binabalot ng pagkatulala ang tao. Kapag bumabagsak ang mga tao sa ganitong kasalanan, sila ay natalo ng masamang espiritu, at habang nagpapatuloy sila sa ganitong kasalanan, mas lalo silang nababaon sa pandaraya. Kapag hindi agad hinahayag ng Dios ang kanilang kasalanan, inaakala ng mga tao na nakakaligtaan ito ng Dios. Iniisip nila na mayroong espesyal na pagbubukod ang Dios para sa kanilang sitwasyon – nakakalungkot, pero sila ay mali.

Ang pangangalunya ay nagdadala ng maraming masamang espiritu sa puso – pagtataksil, pandaraya, pagkukunwari, patuloy na pagtatakip, at saradong konsiyensiya (Kaw. 30:20). Isang ministro ng malaking iglesia ang nagkaroon ng relasyon sa anim na babae sa kanyang kongregasyon. Nang siya ay hinarap tungkol dito, siya ay lubos na walang pakialam sa bagay na ito. Ang pangangalunya ay maling daan ng kadiliman. Sa huli ito ay hahantong sa impiyerno kung ito ay hindi napagsisihan (Kaw. 6:26-27).

(31:9-11). Ang mga talatang ito ay nagpapakita ng kahatulan na darating sa isang nangangalunya. Kapag ang isang lalaki ay nagkasala ng pangangalunya, dinadala niya ang kanyang tahanan sa ilalim ng espiritwal na atake at ang kanyang asawang babae ay maiiwan na

walang proteksyon. Kadalasan siya ay bumabagsak sa parehong kasalanan, at kukunin ng iba ang kanyang asawa. Ang pangangalunya ay tinuturing na kasuklam-suklam na krimen, kahit pa bago ang panahon ng Kautusan (v11). Maaaring kainin ng pangangalunya ang lahat ng meron sa tao. Maaaring mawala ang lahat sa kanya (31:12).

**Patuloy na Pinagtanggol ni Job ang Kanyang Sarili**

Bukod sa pagiging malinis sa sekswal na buhay niya, si Job ay mabait sa kanyang mga katulong (31:13-15). Siya ay mahabagin sa mahirap at balo (31:16-22). Hindi nagalak si Job kapag ang kanyang mga kaaway ay hinatulan (31:29-30). Siya ay mapagbigay sa pakikitungo (31:32). Si Job ay tunay na natatanging tao. Gayunman pinilit ng Dios na putulin ang bagay na hindi matuwid sa kanyang buhay. Ang Dios ay gumagawa ng mas higit na dakilang gawa ng pagtubos sa kanya upang lalo pa Niyang mapagpala si Job. Sinuway ni Job ang talatang pinakatema – Job 4:17: “Maaari bang maging matuwid ang tao sa harap ng Dios. Sa harap ng Lumikha, mayroon bang malinis ang loob?” Sa pagsubok, ginawa ni Job na mas matuwid ang sarili kaysa sa Dios.

(31:33). “Kung itinago ko ang aking kasalanan, at kamalian ko ay aking pinagtakpan.” Narito ang isang kapansin-pansin na kapahayagan ng insidente sa hardin ng Eden. Mabagal si Adan na kilalanin ang kanyang pagsuway. Pinilit niyang itago ang pagkakasala ng kanyang puso. Ito ay katangian na kitang-kita sa lahat ng kanyang mga inapo. Sa pangkalahatahan ang tao ay mabagal na aminin ang mga pagkakamali o mga kahinaan. Sa katotohanan, nahirapan si Job na makitang aminin ang kanyang problema. Tandaan, hindi tayo makakalaya sa pagkabihag maliban na ito ay ating aminin. Hanggang tinatanggi natin ito, hindi tayo mapapalaya.



**Ang Katapusan ng Seksyon**

(31:40). Ang mga salitang ito ay natapos. Ito ang konklusyon ng Ikalawang Bahagi. Ang Ikatlong Bahagi ay magsisimula sa pang-apat na lalaki, si Elihu, na ngayon ay magsasalita para sa Dios.

# ANG PAYO NI ELIHU KAY JOB

## Ikatlong Bahagi—Kapitulo 32 - 37

(32:1). "Hindi na nakipagtalo pa ang tatlong kausap ni Job sapagkat talagang iginigiit niyang wala siyang kasalanan." Ito ang pinakamahalagang problema ni Job. Tignan ang Kawikaan 16:2; 21:2. "Ang akala ng tao ay tama ang kanyang kilos,ngunit sa tunay niyang layon, si Yahweh ang nakatatalos" Nang makita ng tatlong magkakaibigan na determinado si Job na ipagtanggol ang kanyang sarili hanggang sa huling hininga, tumigil silang magsalita.

Bilang paggalang sa mga nakatatandang kapatiran, si Elihu (ang pang-apat na tagapakinig), ay naghintay na matapos magsalita ang tatlong magkakaibigan. Hinintay din ni Elihu ang isa pang bagay – ang oras ng Dios. Ngayon handa na siya na "ibulalas" mula sa presyur ng pagpigil sa salita ng Panginoon (32:18-20). Bago dumating ang Dios sa eksena, kailangan Niyang ihanda si Job na magsalita muna sa pamamagitan ni Elihu. Gaano kadalas na nagsasalita sa atin ang Dios sa pamamagitan ng mga tao bago Niya tayo personal na binibisita. Kailangang makondisyon muna si Job para sa pagpapakita ng Dios. Ngayon ihahanda ni Elihu ang daan.

### ANG PAG-APAT NA LALAKI

Si Elihu ang tahimik na pang-apat na lalaki. Mas bata siya sa iba, pero mas matalas sa mga espiritwal na bagay. Ngayon ang Espiritu ng Panginoon ay dumating sa kanya at nagsimulang magsalita para sa Dios. Siya ay propeta at malalim na halimbawa ni Cristo. Mayroong ebidensya sa aklat ng Job na si Elihu ang may-akda.



(32:2). Ang galit ni Elihu kay Job ay sumiklat "nagmamatuwid si Job sa kanyang sarili at sinisisi pa ang Diyos." Ito ay galit ng Dios! Ang Espiritu ng Panginoon ay nagkokontrol kay Elihu at ang Espiritu ng Dios sa kanya ay galit. Kapag nasasaktan ang Dios, ang galit ay banal. Kapag tayo ay nasasaktan ito ay karnal nag alit (Sant. 1:19-20). Ang galit ng Dios ay sumiklab din sa tatlong magkakaibigan dahil hinatulan nila si Job na hindi nila binigyan ng susi sa kanyang sitwasyon.

(32:3). "Nagalit din siya sa tatlong kaibigan ni Job sapagkat hindi nila masagot ang mga sinabi nito at parang lumalabas na ang Diyos ang may kasalanan." Hindi mo puwedeng hatulan ang tao hanggat hindi mo ipinapakita sa kanya ang daan palabas. Sinabi ni Elihu sa tatlo – "Hindi ninyo napabulaanan ang sinabi nitong si Job (32:12).

Karamihan ng kapitulo 32 ay mga salita ni Elihu sa tatlong magkakaibigan. Sa talatang 4-10, ang paksa ng edad ay lumabas. Ang tatlong magkakaibigan ay "napakatanda" ngunit si Elihu ay bata (t6). Hindi lahat ng matanda ay kwalikipikadong magpayo sa iba. Hindi ginagarantiya ng maraming taon na mayroon siyang kasagutan sa isang sitwasyon. "Ngunit ang karunungan ay saan ba nagbubuhat? Di ba sa Diyos na Makapangyarihan?(v8). Ang Espiritu ng Dios ang maaaring magbigay ng sagot sa isang 20 taong gulang na tao kung ito ay Kanyang pipiliin.

(32:14). "Kayo at hindi ako ang kausap nitong si Job, kaya iba sa pahayag ninyo itong aking isasagot." Si Elihu ay mayroong mas higit na espiritwal na pang-unawa at hindi gagamit ng lohika ng tatlong lalaki. Ayon sa kanilang teolohiya, nagkasala si Job dahil sa lahat ng trahedyang dumating sa kanyang buhay. Ang kanilang pag-iisip ay – "Hindi ito maaaring mangyari sa isang matuwid na tao!" Ngunit sila ay mali!

(32:15-17). Mukhang si Elihu lamang ang nagsasabi ng kuwento. “Job, hindi sila makakibo at wala nang masabi, sila ay natitigilan, hindi na makapagsalita, mananatili ba akong naghihintay sa wala! Hindi! Sasagutin kong lahat ang iyong binanggit, sasabihin ko sa iyo ang aking iniisip.” Maaaring si Elihu ang nagsulat ng Aklat ng Job. Sa 32:21-22, inaangkin niya na wala siyang pinapanigan.

(33:1-5). Sa pagbaling niya mula sa tatlong lalaki, kinompronta ni Elihu si Job. Sa talatang 6 sinasabi niya: “Ikaw at ako'y iisa sa harap ng Diyos natin,parehong sa putik tayo nanggaling.” Ito ang tugon niya sa reklamo ni Job sa 9:32-33, na ang Dios ay hindi tao at dahil dito ay hindi siya maintindihan. Nang oras na iyon, humiling si Job ng “referee” na mamamagitan sa kanya at sa Dios. Sinasabi ni Elihu – ako ang sagot sa iyong kahilingan …. Ako rin ay gawa sa tulad mo na putik.

**Tinuturo ni Elihu ang Pagkakamali ni Job**

(33:7-13). Sa talatang 7, pinapangako ni Elihu na hindi siya magiging mabagsik sa kanya: “Kaya sa aki'y wala kang dapat alalahanin, huwag mong isiping ika'y aking gagapiin.” Ngayon magpopokus siya sa problema ni Job sa talatang 8-13.

“Ito ang narinig kong sinabi mo: ‘Ako'y malinis at walang nagawang kasalanan, ako'y walang sala at walang kasamaan. Gumagawa lamang ang Diyos ng dahilan upang ako'y parusahan, at itinuturing niya akong isang kaaway. Mga paa ko ay kanyang iginapos, at binabantayan ang aking mga kilos.’ “Ngunit ang sagot ko nama'y nagkakamali ka, Job,sapagkat sa sinumang tao ay mas dakila ang Diyos. Bakit ang Diyos ay iyong pinagbibintangan na di marunong makinig sa iyong karaingan?

Tinuturo ni Elihu ang problema kay Job … “Ngunit ang sagot ko nama'y nagkakamali ka.” Pinaparatangan ni Job ang Dios ng



“gumagawa lamang ng dahilan upang siya’y parusahan, at ituring na isang kaaway.” Ang talatang 12 ang tema ng mensahe ni Elihu – “Ang Dios ay mas dakila sa tao.” Sinasabi niya – “Walang sinumang makakakwestyon sa Dios o magturo ng daliri sa Kanya. Hindi ka matuwid dito.” Pagkatapos sa 33:13 – “Bakit ang Dios ay iyong pinagbibintangan?”

**Ang Pakikipagpunyagi sa Ating Manlilikha ay Kasamaan**

Nagbababala ang Isaias 45:9: “Ang palayok ba ay makakatutol sa gumawa sa kanya? Maitatanong ba ng putik sa magpapalayok kung ano ang ginagawa nito? Masasabi ba ng palayok na hindi sanay ang gumawa sa kanya?” Walang karapatan ang tao na pilitin ang pagpapaliwanag mula sa Dios. Ang gawin iyon ay pagbaba sa Dios, at pagtaas ng sarili kay sa Kanya. Hindi kailangang magsulit ng Dios sa kaninuman. Hinahanapan ni Job ng pagkakamali ang Dios na siyang lumiha sa kanya. Dito hindi naging matuwid si Job, ang nais ng Dios na linisin siya sa bagay na ito. Sinuman na tatayo na malapit sa Panginoon ay hindi maaaring magkaroon ng paratang sa kanyang puso laban sa Kanya. Mapagkunwari ang magsalita ng pagkakamali laban sa Panginoon at hanapan Siya ng pagkakasala (cf. Isa. 32:6).

Sinabi ni Elihu sa tatlong magkakaibigan: “Kayo at hindi ako ang kausap nitong si Job, kaya iba sa pahayag ninyo itong aking isasagot” (32:14). Hindi gagamitin ni Elihu ang mababaw na lohika ng tatlong kapatiran. Sa halip, ang kanyang katwiran ay ito – (Job, lahat ng mga paghihirap na dumating sa iyo ay hindi sa anupaman na ginawa mong mali. Ngunit sa panahon ng iyong pagsubok ikaw ay nagsasalita ng walang galang tungkol sa Dios at sa Dios – “Dito, hindi ka matuwid.”) Ito ang pangangatwiran ni Elihu, at siya ay tama!

### Ang Pagiging Bulag ng Tao at ang Gamot Nito

(33:14-22). “Magsalita man siya sa iba't ibang paraan, hindi pa rin natin ito lubos na mauunawaan.” Maraming beses na nagsasalita ang Dios sa atin tungkol sa mga seryosong isyu, pero madalas hindi natin Siya naririnig. Sinusubukan ng Dios na magsalita sa atin kapag tayo ay walang malay – habang tayo ay natutulog (v15,16). O kaya tinutuwid Niya ang tao ng malakas na sakit sa kanyang higaan at dinadala siya halos sa mga pinto ng kamatayan – lahat ito para alisin ang tao mula sa kanyang sariling mga layunin at nakagawian, at itago ang tao sa kayabangan. Lahat ng ito ay Kanyang kahabagan. Samakatuwid, binubuksan niya ang mga tainga ng tao para sa pagtuturo (16-22). Oo nga, naranasan ito ni Job!

(34:5). Nagpapatuloy si Elihu, “Ayon dito kay Job ay wala siyang sala, at katarungan ay ipinagkakait daw sa kanya.” Mahusay na binigyan ng buod ni Elihu ang problema ni Job. Naramdaman ni Job na pinuwersa siya ng Banal na Espiritu na sawayin si Job dahil narinig niya ito na hinatulan nang paulit-ulit ang Dios at ito ay nakagalit sa Dios.

### Ang Kalamidad ay Gantimpala ng Dios sa Akin sa Paggawa ng Mabuti

(34:9-12). "Sinabi niya na walang mabuting idudulot ang paglakad at pagsunod sa nais ng Diyos. “Makinig kayo sa akin, mga taong magagaling, ang Makapangyarihang Diyos ba'y maaakay sa masamang gawain? Ginagantimpalaan niya ang tao ayon sa gawa, ang iginagawad sa kanila ay iyon lamang tama. Hindi gumagawa ng masama ang Diyos na Makapangyarihan, hindi niya kailanman binabaluktot ang [katarungan].”

Pinaratangan ni Job na binaluktot ng Dios ang katarungan. Tinignan ni Job ang kanyang mga kalamidad at sinabi, “Ito ang gantimpala sa akin ng Dios sa paggawa ng tama! Ano ang magagawang mabuti para maging kalugod-lugod sa Dios?” Sinaway ni Elihu si Job sa paratang na ito laban sa Dios, at sinabing gagantimpalaan ng Dios ang bawat tao na karapat-dapat para sa kanya, at ang gagawin ng Dios ay magiging patas.

> Narito ang problema – Hindi pa tapos ang buhay, pero hindi pa pumapasok ang huling bilang! Kinikilatis ng mga tao ang buhay sa mga kondisyon ngayon, pero sa ilang mga taon lahat ng bagay ay maaaring iba. Tinignan ni Job at ng kanyang mga kaibigan ang pangkasalukuyang estado ng mga pangyayari. Sinabi ng mga kaibigan ni Job na inaani niya ang kanyang tinanim, samakatuwid maaaring siya ay nagkasala nang matindi. Alam ni Job na hindi siya nagkasala. Siya ay naging mapait sa Dios at sinabing: Ito ang gantimpala ng Dios sa akin sa paggawa ng tama.” Alalahanin – Sa huli gagantimpalaan ng Dios ang bawat tao ayon sa kanyang mga gawa (Pah. 22:12). Sa huli, si Job ay may dobleng bahagi.

### Angkop ba na Sabihin sa isang Hari – Ikaw ay Napakasama?

(34:17-19). "Hindi ba ang Diyos ay makatarungan, bakit hinahatulan siya na parang makasalanan. Sa mga hari, siya ang nagpaparusa, kung sila'y masama at walang halaga. Siya ang lumikha sa sangkatauhan, kaya walang itinatangi, mahirap man o mayaman. Tinatanong niya si Job, “Nararapat ba na insultuhin ang mga dignitaryo? Lalaitin mo at hahatulan ang Pinakamataas, Siya na pinakamatuwid?” Hinihipo ni Elihu ang ugat ng problema ni Job. Hinahatulan niya ang Hari ng mga Hari, at Panginoon ng mga panginoon.

## Ang Payo kay Job – "Panginoon, Ipakita Mo sa Akin Kung Saan Ako Bulag"

(34:31-32). ""Job, inamin mo na ba sa Diyos ang iyong kasalanan, nangako ka na bang titigil sa kasamaan? Hiniling mo na bang sa iyo'y ipaunawa ang lahat ng iyong masasamang gawa? Nangako ka na bang titigil na nga sa gawang di tama?" Pinapayuhan ni Elihu si Job na manalangin katulad nito: "Ituro mo sa akin ang hindi ko nakikita." - (Panginoon, ipakita mo sa akin kung saan ako bulag.) Ganito dapat ang tugon ng tatlong magkakaibigan sa mga sinabi ni Job. "Job, pinipintasan mo ang Dios. Hingin mo sa Dios na ipakita sa iyo yung hindi mo nakikita." Sa halip, siya ay hinatulan nila.

(34:36-37). Isipin ninyong mabuti ang mga sinasabi niya, ang mga sagot niya ay sagot ng taong masasama. Dinaragdagan pa niya ng paghihimagsik ang kanyang mga kasalanan, hinahamak niya ang Diyos sa ating harapan." Gusto ni Elihu ang presyur na magpatuloy hanggang makita ni Job and kanyang pagkakamali at aminin ito.

## "Ang Aking Katuwiran ay Higit Kaysa Dios"

(35:2). Nagpapatuloy si Elihu, "Ikaw, Job, ay wala sa katuwiran, di mo masasabing sa harap ng Diyos, ika'y walang kasalanan." Muli narito ang ugat ng problema ni Job… "Panginoon, hindi Ka patas. Wala kang karapatan na ilagay ako sa ganitong pagsubok. Wala akong ginawa para maging karapat-dapat para rito!" Nakita niya ang pagkakamali ng Dios, ngunit sa kanya ay wala. Sa gayon, sinasabi ni Job na mas makatuwiran siya kaysa Dios. Sa talatang 2, si Job ay sinaway muli sa pagsasabing walang ganti sa pamumuhay ng maka-Dios na buhay – Tinatrato ng Dios ang makatuwiran at masama nang pareho.



## Nawalang Pananaw – Nawalang Awit

(35:9, 10). "Kapag ang mga tao'y inaapi, sila ay dumaraing, sila'y nagmamakaawa upang ang tulong ay kamtin. Ngunit hindi naman sila lumalapit sa Diyos, na nagbibigay ng pag-asa kung dinaranas ay lungkot." Kapag ang mga tao ay nasa kaguluhan, madalas hindi sila nakakapag-isip or hindi nila ito nahaharap nang tama. Ang mga emosyon ay nawawala sa kontrol at ang mga kaisipan ay nababaluktot.

Nawalan ng tamang pananaw si Job sa panahon ng pagsubok. Sa una, kahanga-hanga ang kanyang ginawa. Pagkatapos ay nawala sa kanya ang awit ng kanyang kaluluwa (Efe. 5:19-20). Ang pagkakaroon ng awit sa ating kaluluwa ay babasag sa kapangyarihan ng kaaway at mag-aalis ng takip ng ating mga balon. Ang puso ni Job ay tumigas. Hindi na niya masabi: "Panginoon, bagamat hindi ko naunawaan, nagtitiwala ako sa Iyo. Ginagawa Mo nang mahusay ang lahat ng bagay." Ngayon hindi mapasalamatan ni Job ang Dios sa kanyang mga sitwasyon, at hindi niya mapasalamatan ang Dios para sa mga nagkasala sa kanya (1 Tes. 5:18). Hindi rin niya idinalangin ang mga hindi nakaunawa sa kanyang sitwasyon (kalaunan idinalangin niya sila sa 42:10, at pagkatapos siya ay napalaya sa kanyang pagkabihag). Nagkulang din siya sa pagiging maamo. Ang pagiging maamo ay kabaligtaran ng galit. Ito ay "banal na pagtanggap ng mga sirkumstansya." Sa halip na tanggapin ang kanyang mga sirkumstanya, siya ay nagalit.

(36:23). Muling pinokus ni Elihu ang atensyon ni Job… "Walang makakapagsabi sa Diyos ng dapat niyang gampanan, at walang kasamaang maaaring ibintang.

(37:19). "Ituro mo sa amin ang dapat sabihin sa Diyos, isip nami'y walang laman, pang-unawa'y kapos." Dahil hindi natin nakikita nang malinaw ang mga isyu ng buhay, hindi natin alam kung paano

magsalita.  Maliban na bigyan tayo ng Dios ng liwanag at kapahayagan hindi natin alam kung paano mag-isip, magpayo, o manalangin.  Hindi natin makikita ang mga sitwasyon nang malinaw dahil sa isang tabing.  Ang tatlong magkakaibigan ay hindi napayuhan si Job dahil sa "kadiliman."  Hinatulan nila siya ng kanilang mga natural na isip, hindi ng liwanag ng Dios.  Ang tunay na mga sagot ay dumarating lamang sa kapahayagan mula sa Dios.

**Konklusyon ng Ikatlong Bahagi**

Inihanda ni Elihu ang daan para sa Panginoon na dumating at bisitahin si Job.  Nayon (pagkatapos ng siguro anim na buwan hanggang isang taon) parating ang Panginoon sa eksena.  Pagkatapos ng maraming buwan ng katahimikan, magpapakita ang Panginoon kay Job at magsasalita sa kanya.  May katiyagaang naghintay ang Dios para mahinog ang stwasyon.  Ang Tagapagdalisay ng pilak at ginto ay naghintay para umakyat ang mga karumihan sa ibabaw upang alisin ang mga ito (Mal. 3:3).  Ngayon handa na Siya na dumating at kumpletuhin ang proseso.

# SI JOB SA HARAP NG PANGINOON

## Ikaapat na Bahagi – Kapitulo 38-42

### Binasag ng Dios ang Kanyang Katahimikan

38:1-4 "Pagkatapos nito, sumagot ang Diyos kay Job sa pamamagitan ng malakas na bagyo, “Sino kang mag-aalinlangan sa aking kaalaman? Lalo lamang lumilitaw ang iyong kamangmangan. Tumayo ka riyan at magpakalalaki, tanong ko’y sagutin, ikaw ay magsabi. Nasaan ka nang likhain ko ang mundo? Kung talagang may alam ka, lahat ay sabihin mo.” Mukhang hindi masaya ang Dios dito. Mukhang nakakatakot.

Pagkatapos ng mahabang katahimikan, nagsimulang magsalita ang Dios. Ikukumpirma ng Dios ang lahat ng kasasabi lamang ni Elihu. Sa mga susunod na limang kapitulo, tinanong ng Dios si Job ng halos walongpung tanong. Tuwing tinatanong ng Dios ang tao, hindi iyun dahil hindi Niya alam ang sagot kundi makita ng tao ang isang bagay! Tinanong Niya si Elias: “Ano ang ginagawa mo dito?” “Cain, bakit bagsak ang iyong mukha?” “Jonas, tama ba na ikaw ay magalit?” “Nasaan ka, Adan?” “Saulo, bakit Mo ako inuusig?” Kay Jacob tinanong Niya: “Ano ang iyong pangalan?”

### "Nasaan ka nang likhain ko ang mundo?”

(38:4). Nagtatanong ang Dios – “Nasaan ka nang likhain ko ang mundo?” Sinisiyasat siya ng Dios ng mahaba at sunod-sunod na mga tanong na nagpapaisip sa kanya, at wala sa mga iyon ang masagot ni Job. Pinipintasan at tinatama niya ang Dios, na para bang sinasabi niya, na siya ay mas marunong sa Dios. Sa gayon, para makita ni Job



na sa kaniyang sarili ay hindi siya ganon kahalaga, iginiit ng Dios kay Job na ipaliwanag ang ilan sa mga misteryo ng sansinukob na hindi masagot. Gusto ng Dios na lubos na maunawaan ni Job ang kalaliman ng kanyang kamangmangan. Nais ng Dios na makita niya ang lubos na katawa-tawang pagtatanong at pagpintas sa karunungan ng Walang Hanggan, at Makapangyarihang Manlilikha.

Habang tayo pay nasa kapitulo 38, interesanteng mapuna na lahat ng mga maka-Dios na naninirahan sa langit ay sumigaw sa kagalakan nang likhain ng Dios ang daigdig. Hindi ito isiniwalat sa ibang talata sa Banal na Kasulatan. Nang likhain ng Dios ang mundo at itinatag ang batong panulok... “ang mga bitui’y nag-awitan, at mga nilalang sa langit, sa tuwa’y nagsigawan (38:5-7).

### “Mga Salitang Walang Kaalaman”

"Sino kang mag-aalinlangan sa aking karunungan?” (38:2). Si Job ay nagsasalita nang may owtoridad tungkol sa mga bagay na wala naman siyang alam. Inuutusan siya ng Dios na tumigil. Kadalasan ang ating teolohiya, ang pagbibigay ng payo ay naguguluhan ng “mga salitang walang kaalaman.” Sinabi ni Pablo, “Kung iniisip ng tao na may alam siya sa isang bagay, wala siyang alam na kailangan pa niyang malaman” (1 Cor. 8:2; Gal. 6:3). Sa lawak ng saklaw ng ating kaalaman, mas nakikita nating na napakaliit pala ng ating alam. Sa kabilang banda, ang isang hindi malagong mananampalataya ay iniisip na meron siyang alam sa lahat ng bagay.

### Pagtuwid, Pagsaway, at Pagtuturo sa Dios

(40:2). "Ang mapaghanap ba ng mali ay mangangatwiran, at sa Makapangyarihan ay makikipaglaban? Sinumang sa Diyos ay nakikipagtalo, ay dapat sumagot sa tanong na ito.” Sa panahon ng pagsubok si Job ay nakikipaglaban sa Dios at tinutuwid Siya. (“Hindi

ito patas, hindi Ka matuwid! Tinatawanan Mo ang mga pasakit ng mga inosente.") Nakikipagtalo si Job sa karakter ng Dios, at siya ay pinapatigil ng Dios. Kapag hinahamon ng tao ang Dios, binababa niya ang Dios, at gayundin tinataas siya ang sarili kaysa sa Kanya.

**Hinahatulan Mo Ba Ako Upang Ikaw ay Maging Matuwid?**

(40:8). Nagsasalita ang Dios – *"Ako pa ba ang nais mong palabasing masama upang iyong palitawin na ikaw ang siyang tama?"* Ang problema ni Job na nagpaparatang ay problema din natin, higit pa sa ating pagkakaalam. Ginagawa nating mas matuwid ang ating sarili at mas marunong kaysa sa Dios kapag sinasabi natin sa Kanya – "Hindi patas." Ang patuloy na magreklamo – "hindi patas" ay pag-atake sa Panginoon. Ang totoo, sinasabi nating, "Panginoon, hindi KA patas!" Dahil ang Dios ang nagpapahintulot ng dumarating sa ating buhay, ang ating pagreklamo at kapaitan, sa katotohanan, ay sa Kanya nakaturo.

**Kung Ikaw ay Higit sa Dios – Palayain Mo ang Iyong Sarili, Ipakita Mo ang Iyong Kapangyarihan**

(40:10). "Kung gayon, balutin mo ang sarili ng dangal at kadakilaan, magbihis ka muna ng luwalhati't kaningningan." May gustong bigyan ng diin ang Dios kay Job. Si Job ay nakaupo sa tambak ng abo, na natatakpan ng mga pigsa. Wala siyang lubos na kapangyarihan upang baguhin ang anuman sa kanyang sitwasyon. Sa katotohanan, wala siyang lubos na kapangyarihan na gawin ang anumang bagay! Sinasabi sa kanya ng Panginoon – "Mayroon ka bang braso na katulad ng Dios, at maaari bang ang iyong boses ay kulog na katulad Niya? Kung kaya mo, balutin mo ang iyong sarili ng dangal at kadakilaan, at magbihis ka ng luwalhati at kaningningan" (v9-10). Hindi kinukutya ng Dios si Job. Sa halip, gusto Niyang makita ni Job kung gaano kaawa-awa ang ituwid ang kanyang Manlilikha.



(40:11-14). Sinasabi ng Dios kay Job: "Ibuhos mo nga ang tindi ng iyong poot, at ang mga palalo'y iyong ilugmok. Subukin mong pahiyain ang mga palalo, at ang masasama'y tapakan sa kanilang puwesto. Ibaon mo silang lahat sa ilalim ng lupa, sa daigdig ng mga patay sila'y itanikala. Kung iyan ay magawa mo, maniniwala ako sa iyo na kaya mong magtagumpay sa sariling kakayahan mo."

Sa kapitulo 41, ginagamit ng Panginoon ang isang nilalang sa dagat (leviathan) para lubos na ipaliwanag ng Dios ang Kanyang punto kay Job. Ang halimaw sa dagat na ito, siguro ay balyena (o buwaya), ay kinatatakutan ng lahat. Ang Leviathan ay walang takot. Tumitingin siya nang diretso sa mata ng lahat ng kanyang kaaway at walang inuurungan. Siya ay naghahari sa lahat ng mataas at palalo. Sinasabi ng Panginoon kay Job: "Job, hindi mo susubukin na pukawin ang mabangis na hayop na ito, pero sinusubukan mong hamunin Ako, ang lumikha sa leviathan. Job, Ako ang Siya mong dapat na katakutan kaysa sinuman."

**Si Job ay Nagsisisi**

(42:2). Ngayon sumagot si Job sa Panginoon*: "Alam kong magagawa mo ang lahat ng mga bagay, at wala kang layunin na mahahadlangan." Pagkatapos inamin ni Job ang kanyang pagkakamali… "Kaya't aking nasambit ang hindi ko nauunawaan, mga bagay na lubhang kahanga-hanga para sa akin, na hindi ko nalalaman" (3).* Natutunan din ni Haring David ang araling ito (Awit 131:1-2).

Nagpatotoo si David: Yahweh aking Diyos, ang pagmamataas, tinalikuran ko't iniwan nang ganap, ang mga gawain na magpapatanyag iniwan ko na rin, di ko na hinangad. Mapayapa ako at nasisiyahan, tulad niyong sanggol sa bisig ni Inay" (Awit 131:1-2). O, para sa maka-Dios na katangian ng pagiging tahimik at pagsasawalang-kibo

para hindi natin magamit ang mahinang kaalaman upang ipaliwanag ang mga bagay na hindi natin alam. Maraming tao ang “nagpaparami ng mga salita na walang kaalaman” sa pamamagitan ng paghula sa hinaharanp. Ang kapalaluan kadalasan ang nasa ilalim ng ganitong paghuhula.

(42:5-6). “Noo'y nakilala ko kayo dahil sa sinabi ng iba,subalit ngayo'y nakita ko kayo ng sarili kong mga mata. Kaya ako ngayon ay nagsisisi, ikinahihiya lahat ng sinabi, sa alabok at abo, ako ay nakaupo.” Narito ang resulta ng anumang tunay na pangitain – “Kawawa ako sapagkat ako ay isang makasalanan at mula sa isang lahing makasalanan” (Isa. 6:5). Nakita ni Job ang Panginoon, gayundin ang kanyang sarili sa liwanag ng Dios. Sa pagkakita sa Panginoon, nakita rin niya kung ano ang nakita ng Dios sa kanya. Pagkatapos siya ay napalaya. Sa pagpapalaya, kailangang makita natin sa ating sarili kung ano ang nakikita ng Dios. Pagkaapos na makita ni Job ang kanyang kasalanan, inamin niya ito, at siya ay napalaya mula rito.

**Sinaway ng Dios ang Tatlong Magkakaibigan**

Pagkatapos na inamin ni Job ang kanyang mga kasalanan, hinarap ng Dios ang tatlong magkakaibigan. (Walang saway ang Dios para kay Elihu). Sa pag-amin sa mga kasalanan ng mga nakatisod sa atin ay hindi nagdadala ng paglaya sa atin. Kapag inamin natin ang ating sariling masamang saloobin, makakasumpong tayo ng paglaya. Maaaring sinabi ni Job, “Pero Dios, tignan Mo ang lahat ng maling bagay na ginawa nila,” ngunit hindi iyon magdadala sa kanya ng paglaya. Maaaring ang Dios ay naghihintay na merong mabago sa ating mga buhay bago Niya harapin ang mga nakasakit sa atin. Ngayon matalas na sasawayin ng Panginoon sina Eliphaz, Bildad, at Zophar, dahil nagsalita sila ng mga pag-aakala para sa Dios, at nagdala ng malaking pinsala kay Job. Ngayon, ang “galit ng Dios ay nagningas” laban sa tatlong magkakabigan.



(42:7-9). "Pagkasabi nito kay Job, si Elifaz na Temaneo naman ang hinarap ni Yahweh. Sinabi niya, “Matindi ang galit ko sa iyo at sa dalawa mong kaibigan sapagkat hindi ninyo sinabi ang katotohanan tungkol sa akin tulad nang ginawa ni Job. 8Kaya ngayon, kumuha kayo ng pitong toro at pitong tupa. Dalhin ninyo ito kay Job at sunugin bilang handog. Ipapanalangin kayo ni Job. Siya lamang ang papakinggan ko para hindi na kayo pagbayarin sa inyong kahangalan, dahil sa hindi ninyo paglalahad ng buong katotohanan tulad nang ginagawa niya. Ganoon nga ang ginawa nina Elifaz na Temaneo, Bildad na Suhita, at Zofar na Naamita. At ang panalangin ni Job ay dininig ni Yahweh.”

**Ang Pananalangin Para sa mga Nakasakit sa Atin ay Nagdadala ng Sarili Nating Paglaya**

(42:10). "Ang kabuhayan ni Job ay ibinalik ni Yahweh sa dati, nang ipanalangin nito ang tatlong kaibigan. At dinoble pa ni Yahweh ang kayamanan ni Job.” Idinalangin ni Job ang kanyang mga kaibigan. Ang pananalangin para sa mga kaibigan na hindi nakaunawa sa atin o mali ang paghusga sa ating sitwasyon ay nakakatulong upang makamit natin ang kalayaan mula sa kapaitan. Sa halip na mapuno ng galit, kailangan nating makita na nais silang tulungan ng Dios sa pagkakaroon ng mapaghatol na espiritu. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng tamang saloobin, nagbubukas ito ng pinto para sila ay harapin ng Dios at tulungan sila. Mayroon tayong responsibilidad sa mga kapatid na nakasakit sa atin. Ngunit kung ang kapaitan ay ipinahintulot na magtagumpay laban sa atin, mawawala ang ating abilidad na gumawa ng tama (tignan ang Roma 12:21). Binagoo ng Dios ang pagkabihag ni Job (o pagsubok) pagkatapos niyang idinalangin ang kanyang mga kaibigan. Ang pagpapatawad ay ang gawa ng kalooban higit pa sa ating mga nararamdaman.

## Ang Pagkabihag ni Job ay Nabago

"Binago ng Panginoon ang pagkabihag ni Job." (basahin ang Awit 126). Nang binago ng Panginoon ang pagkabihag ni Job, para bagang isang masamang bangungot ang natapos. Inakala ni Job na hindi na siya muling makakakita at mamamatay nang wala sa panahon (tignan ang 7:7-8).

Hindi lamang siya pinagaling ng Panginoon sa pisikal, kundi pinagaling din ng Dios ang bawat relasyon. Nagdala ang Dios ng pagkakasundo sa pagitan ni Job at ng kanyang asawa, at binalik ang pabor ng lahat niyang mga kaibigan, kamag-anak, at dating kakilala. Bawat hindi pagkakaintindihan ay naresolba. Ginawaran din ng Panginoon si Job ng maraming parangal, kahit ang pagbibigay sa kanya ng doble bago siya nagkaroon ng pagsubok.

"Ginagamot niya ang kanyang nasugatan,pinapagaling niya ang kanyang nasaktan" (5:18). Pinapahintulutan lamang ng Dios ang paghihirap upang Siya ay gumawa ng walang hanggang gawa ng katubusan sa ating kalooban. Pagkatapos tayo ay Kanyang pinapagaling. Lahat ng ginagawa ng Dios ay nasa Kanyang kahabagan (Awit 25:10; Awit 136). Tunay na kaya Niyang gawin ang lahat ng bagay na maganda sa Kanyang panahon (Ecc. 3:11). Ngayon gusto kong huminto sandali upang isaalang-alang ang tiyak na kahulugan sa Banal na Kasulatan ng "pagkabihag." Pagkatapos gusto kong talakayin ang dobleng bahagi.

## Ano ang Pagkabihag?

Ang pagkabihag ay ang salitang ginagamit ng Banal na Kasulatan upang ilarawan ang mga pagsubok. Ang pagkabihag ay panahon ng pagkakulong, kadiliman, pagkagapos, at kalituhan sa buhay ng tao. Sa totoo, ang pagkabihag ay isang espiritwal na bilangguan; ito ay hindi



magandang mga sitwasyon na kumulong sa atin. Sa loob ng arko ni Noe sa loob ng isang taon ay tulad sa isang bilangguan, ngunit ito ay nagligtas sa lahat ng naroroon. Ang layunin ng pagkabihag ay magdalisay at maglinis. Higit sa lahat, binibigyan tayo ng Dios ng puso na makilala Siya habang tayo ay nasa pagkabihag (tignan ang Jer. 24:5-7). Samakatuwid, ang pagkabihag ay itinakda para sa ating pagpapala.

Inutusan ng Dios ang Kanyang bayan na magpasakop sa pagkabihag (Jer. 27:12). Ang mensahe ni Jeremias sa kanyang henerasyon ay – magpasakop sa pagkabihag. Ang karamihan ng bayan ng Dios (kasama ang mga kamanggagawa ni Jeremias) ay hinamak ang mensahe. Nais ng bawat isa na makarinig ng mensahe tungkol sa kasaganaan at kapayapaan. Gusto nilang marinig na sila ay katanggap-tanggap sa Dios kung ano sila, at lahat ng bagay ay magiging mabuti, bagamat ang mensaheng ito ay nagdala ng maling pag-asa (Tignan ang Jer. 5:31; 6:18; 8:11; Isa. 30:10). Sa pagkabihag kailangan nating harapin ang ating sarili nang totohanan at tignan ang tunay na mga isyu na kinokompronta ng Dios sa ating mga buhay. Marami ang pinipili na iwasan ito.

(Jer. 24:5-7). Ang mga tao ay puno ng walang kabuluhan, mga dios-diosan, at kapalaluan. Nilayon ng Dios na dalhin ang Kanyang bayan sa Babilonia para mabihag. Dito ililigtas Niya sila mula sa kanilang mga kasalanan (cf. Mic. 4:10). Sa mga magpapasakop sa pagkabihag at paglilinis, sinabi ng Dios, "Bibigyan ko sila ng puso na makilala ako." Pagkatapos pinangako ng Dios na sila ay ibabalik sa normal na sitwasyon. Sa pagkabihag (mahihirap na panahon at hindi normal na mga sirkumstansya) na binibigya tayo ng Dios ng puso na makilala Siya. Mismong si Job ay nakatanggap ng bagong puso sa kanyang pagkabihag.

**Paano Tatanggihan ang Pagkabihag?**

Ang pagkabihag ay maaaring tanggihan. Kapag hindi natin naipapasa ang mga maliit na pagsubok, hindi tayo madadala ng Dios sa mas malalaki. Sinabi ni Jeremias, "Kung hindi ka makatagal sa pakikipaghabulan sa mga taong ito, paano ka makikipagpaligsahan sa mga kabayo?" (Jer. 12:5) Kadalasan sinasabi ng mga tao, "Gusto ko ng puso tulad ni David; gusto kong maging tao ayon sa sariling puso ng Dios." Ngunit malaki ang halaga para magkaroon ng puso ng katulad kay David. Ang isang puso na makikilala ang Dios ay binibigay sa atin habang tayo ay nasa pagkabihag. Kapag nagdadala ng mga sitwasyon ang Dios sa ating buhay upang magdala ng pagbabago, marami ang nagsasabi sa atin, "Kinamumuhian ko ito, ayokong magkaroon ng bahagi dito." (cf. Heb. 12:5-8).

Meron pang isang dapat isaalang-alang – tanging ang taong may pangitain at mga pangako mula sa Dios ang may kalakasan upang magbata ng pagkabihag. Ngunit ang pangitain at mga pangako ay binibigay lamang sa mga Cristianong nakatalaga. Samakatuwid, ang mga hindi nakatalagang mga mananampalataya (sila na gusto lamang mamuhay sa paligid kung ano ang ginagawa ng Dios) ay nabibigong tanggapin ang kaunawaan at kalakasan na kailangan upang mabata ang mainit na pugon. Kapag hinahamak at kinukutya ng mga Cristiano ang mga malalim na katotohanan na inaalok ng Dios, tinatanggihan nila ang paraan upang sila ay lumago hanggang sa espiritwal na kapunuan. Tunay na lahat ng mga mananampalataya ay tinawag na mga hari at saserdote (Pah. 1:6; 5:10), ngunit may dalawang babala na nagdidiin kung paano ang mga mananampalatya ay maaaring hindi pumasa sa pagiging hari at saserdote para sa Dios (tingnan ang Hos. 4:6; 1 Sam. 15:23).

Ang pagtatalaga ay mahalaga sa pagsulong sa Dios. Ang pagtatalaga sa Dios ay pinapatunayan sa pagtatalaga natin sa tao. Kung hindi tayo matapat sa tao, pinapakita nito na hindi tayo matapat sa Dios. Sa ngayon, karaniwan sa mga mananampalataya na iwasan ang matanim sa isang lokal na iglesia. Ito ay hindi lamang hindi ayon sa Kasulatan, ito ay mapanganib. Sa pagtanggal ng sarili sa kapamahalaan at proteksyon ng lokal na iglesia, ang isang tao ay nagiging madaling biktima ng kaaway at madaling madaya. Ang pag-iisa ay paglabag sa Hebreo 10:25, 13:17; 1 Tesalonica 5:12-13, at marami pang ibang mga utos sa Kasulatan. Sa karagdagan, ang paghihiwalay sa katawan ng mananampalataya ay nagpapalakas at nagtataas ng ego higit kay Cristo dahi isang espiritu na independyente at nakasentro sa sarili ang nalilikha.

Hindi pinahihintulutan ng mga nag-iisa ang sinman sa kanilang buhay na hindi nila gusto! (Wala sinuman na tatawid sa kanilang kalooban, at walang sinuman na kokompronta sa kanila sa mga tunay na isyu sa kanilang mga puso.) Sinasara ng mga nag-iisa ang kanilang sarili at maingat na pinoprotektahan ang pribadong mga buhay mula sa panghihimasok. Ito ang madali, independyenteng daan, ngunit sa pagsara ng sarili sa iba, ang oportunidad na malunasan ang mga karamdaman ng kanilang puso ay nawawala. Ang Cristianong kasakdalan at pagiging buo ay hindi posible kung hindi kasama ang iba (Juan 17:23).



**Si Moab- Hindi Nabago Mula sa Kabataan**

Ang ibang tao ay hindi nagbabago, at sinasabi ng Jeremias 48:11 ang dahilan. Hindi sila nadala sa pagkabihag. Samakatuwid, ang parehong mga kasalanan at parehong mga nakagawian na namuno sa kanila simula sa kanilang kabataan ay nagpapatuloy.

"Namuhay na panatag ang Moab mula sa kanyang kabataan," sabi ni Yahweh. "Siya'y gaya ng alak na hindi nagagalaw ang latak. Hindi siya isinasalin sa ibang sisidlan; hindi pa siya nadadalang-bihag. Kaya hindi

pa nagbabago ang kanyang lasa, at ang kanyang amoy ay hindi pa nawawala." Inihahalintulad ng Panginoon si Moab sa alak na hindi natitinag sa sisidlan. Ang alak na ito ay may mapait na lasa ng latak sa ilalim ng sisidlan. Para ang alak na ito ay maging matamis, kailangan itong isalin at ibuhos mula sa isang sisidlan patungo sa ibang sisidlan. Tuwing ito ay sinasalin sa mga sisidlank ang latak ay nahihiwalay sa alak. Sa huli, pagkatapos na ito ay maisalin nang maraming bese, ang alak ay lubos na wala ng latak. Ang implikasyon ng ilustrasyong ito ay malalim na naaangkop sa bawat mananampalataya.

Katulad tayo ng alak na ito. Mayroong mga elemento sa ating mga buhay na hindi maganda ang amoy na kailangang maihiwala sa atin. Ang partikular na latakk kay Moab ay kapalaluan, pagiging mataas, mayabang, at galit (cf. Jer. 48:29-30). Ang proseso upang maalis ang mga latak sa ating mga buhay ay sa pamamagitan ng "pagsalin mula sa isang sisidlan patungo sa ibang sisidlan." Ibig sabihin nito, ang pagbuhos mula sa isang karanasan patungo sa iba pang karanasan. (Kapag ang likido ay binuhos sa lalagyan, otomatik na kinukuha nito ang anyo ng lalagyan. Kinakatawan nito ang abilidad na maging pakikibagay sa anumang sitwasyon). Tuwing tayo ay binubuhos sa bagong karanasan, may isang bagay sa lumang buhay natin ang naiiwan. Ngunit kapag tinatanggi ng mga tao na mabuhos sa mga di nakasanayang sitwasyon, ang parehong mga nakakasakit na element ay nananatii tulad ng galit, kayabangan, at katigasan ng ulo. Kapag ang isang matandang tao ay mayroon pa ring parehong mga nakagawian at mga kasalanan sa kanyang kabataan na nagpapatuloy – makakatiyak ka na hindi siya dumaan sa pagkabihag. Mismong si Jeremias ay natutong "batahin ang pamatok sa kanyang kabataan" (Panaghoy 3:25-28). Si Jeremias ang naging kanyang mensahe. Ito ang dahilan na maaari siyang mangaral tungkol sa pagkabihag na may awtoridad.



**Ang Dahilan Bakit Bumabagsak ang mga Tao –**
**Hindi Sila Nanggaling sa Pagkabihag**

Kadalasan ang mga lingkod ng Dios ay bumabagsak pagkatapos silang gamitin ng Dios. Naniniwala ako na ang pinakamalaking nag-iisang dahilan sa kanilang pagbagsak ay maling pundasyon – ang mga tao ay hindi dumaan sa pagkabihag sa kanilang personal na mga buhay. Isang malalim na gawa ng biyaya at kapakumbabaan ay hindi dumating sa kanilang mga puso. Si Haring Solomon ay hindi nakaranas ng pagkabihag. Siya ay umakyat nang mabilis sa katanyagan at walang binayarang halaga para sa mga katotohanan na kanyang pinangaral. Si Solomon ba ay mayroong masakit na mga pagkaantala? Siya ba ay nakaranas ng kawalan sa kanyang sarili? Hindi! (cf Ecc. 2:10). Kalaunan sa buhay matindi ang kanyang pagbagsak. Si Haring Saul ay hindi dinala sa pagkabihag at ang kanyang katapusan ay malungkot. Ang mga tao sa Kasulatan na talagang nagtagumpay ay yung mga nagpasakop ng kanilang mga sarili sa pagkabihag. Si Moises ay sinanay sa ilang sa loob ng maraming taon, gayundin si David, Juan Bautista, Jose, at Pablo.

Ang pagkabihag ay panahon ng malalim na hirap. Lahat ng bagay ay parang mali, at pagkatapos ang pagsubok ay tumatagal sa mahaba at mahabang panahon. Sa panahong ito, maraming bagay na mahalaga sa ating puso ang nawawala, ngunit mayroong nangyayari. Ang bakal ay pumapasok sa ating kaluluwa (cf. Awit 105:18). Sa "pagkabihag" ang mga dakilang lalaki at babae ay nabubuo. Dito ang puso na makilala ang Dios ay nadedebelop.

**Si Jose sa Pagkabihag**

Marahil ang buhay ni Jose ay magandang ilustrasyon ng katotohanan ng pagkabihag. Sa edad na 17, binigyan siya ng Dios ng panaginip. Inihayag ng Dios kay Jose ang Kanyang plano para sa kanyang buhay.

Pagkatapos ng panaginip kaagad na na nakita niya ang kanyang sarili sa hukay. Pagkatapos siya ay binenta bilang alipin at dinala sa Egipto. Si Joseph ay banyaga sa isang dayuhang lugar. Habang nasa Egipto, muli siyang pinagkanulo at itinapon sa isang bartolina sa loob ng pitong taon.

Awit 105:18-19 "Mga paa nito'y nagdanas ng hirap nang maikadena, pinapagkuwintas ng kolyar na bakal pati leeg niya. Hanggang sa dumating ang isang sandali na siya'y subukin nitong si Yahweh, na siyang nangakong siya'y tutubusin."

Sa orihinal na Hebreo, ang palaugnayan ay kabaligtaran. Sa halip na sabihing si Jose ay nilagay sa bakal, ang literal na interpretasyon ay sasabihin na ang bakal ay nilagay kay Jose. Nang siya ay nakakulong sa bartolina, ang mga taon ay lumipas nang mabagal. Si Jose ay nawalan ng mga bagay na kanyang minahal. Ang mga ito ay "naantala" taon-taon, ngunit mayroong nangyayari sa kanyang puso – ang bakal ay pumapasok sa kanyang kaluluwa. Ang mahabang mga pagkaantala at masasakit na pagtanggi ay nagdebelop ng malaking kalakasan at disiplina sa kanyang kaluluwa. Sa huli, sa edad na 30, siya ay napalaya mula sa kanyang pagkabihag. Gumawa ang Dios ng matinding gawain sa kanyang puso sa mga taon ng kanyang pagkabihag. Pagkatapos nagamit ng Dios si Jose sa ekstraordinaryong mga kaparaanan, at hindi siya nasira ng tagumpay.

**Ang Panahon ng Pagsasanay – Panahon ng Pagkabihag**

Kung magpapakumbaba tayo sa ilalim ng makapangyarihang kamay ng Dios at pahihintulutan Siyang gawin ang Kanyang gawain sa ating mga buhay, itataas Niya tayo sa tamang panahon (1 Ped. 5:6). Maaari tayong gamitin ng Dios sa mga ekstraordinaryong kaparaanan. Ang problema sa marami ay sumusuko sila kapag ang paghihirap ay tumatagal (Heb. 10:36).



Sa Hebreo 12:5-8, nangaral si Pablo sa mga mananampalataya na "batahin" ang panahon ng pagsasanay. Marami ang tinawag, ngunit kaunti ang pinili. Maraming mga Cristianong ang tumatanggap ng espisipikong mga pagkatawag sa Dios, ngunit kailangan silang sanayin at subukin upang makapasa para sa pagkatawag na iyon. Samakatuwid, mayroon tayong panahon ng pagsasanay ng Hebreo 12:5-8, at kadalasan ito ay napakahirap. Ito ay panahon ng pagkabihag. Tayo ay nasa loob ng koral ng Dios.

"Nalimutan na ba ninyo ang panawagan ng Diyos sa inyo bilang mga anak niya, mga salitang nagpapalakas ng loob? "Anak ko, huwag mong baliwalain ang pagtutuwid ng Panginoon, at huwag kang panghihinaan ng loob kapag ikaw ay dinidisiplina niya. Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang mga minamahal niya, at pinapalo ang itinuturing niyang anak." Tiisin ninyo ang lahat ng hirap tulad sa pagtutuwid ng isang ama, dahil ito'y nagpapakilalang kayo'y tinatanggap ng Diyos bilang tunay niyang mga anak. Sinong anak ang hindi dinidisiplina ng kanyang ama? Kung ang pagdidisiplina na ginagawa sa lahat ng anak ay hindi gagawin sa inyo, hindi kayo tunay na mga anak kundi kayo'y mga anak sa labas" (Heb. 12:5-8)

**Obserbahan ang mga Sumusunod:**

- Ang karaniwang reaksyon sa panahon ng pagsasanay ay kamuhian ito. Tayo ay pinapangaralan na huwag itong gawin.
- Marami ang nanghihina kapag sila ay tinatama at pinapalo ng Dios. Sila ay sumusuko. Hindi natin ito dapat gawin!
- Ang pag-ibig ng Dios ang nagdadala ng pagtutuwid. Dinidisiplina Niya ang bawat anak na Kanyang tinatanggap. Hindi Niya gusto na dumami ang ating mga pagkakamali sa iba. Kaya, inaalis Niya ang mga pagkakamali bago Niya tayo paramihin.
- Kung kayo ay nagbabata ng pagtutuwid… kung kayo ay nagbabata ng panahon ng pagsasanay… matatanggap ninyo ang

mga pribilehiyo ng isang ganap na anak. Ito ang kaisipan ng anak na pinagkatiwalaan ng ari-arian ng kanyang ama.

- Kung tatanggihan natin ang pagsasanay ng Ama at tanggihan ang kanyang mga pagtutuwid at pagkakulong, tayo ay "hindi lehitimo." Hindi natin Siya magiging kamukha o kakatawanin Siya.

Marami sa ministeryo ngayon ang "hindi lehitimo."
Mayroong silang sariling pangalan, sariling dahilan, sarili nilang pangitain, at sila ay nagtatayo ng sarili nilang kaharian upang luwalhatiin ang kanilang mga sarili.
Tinaggihan nila ang panahon ng pagsasanay at kinuha ang shortcut sa kanilang pamana. Ang kanilang katapusan, karaniwan, ay hindi maganda.

**Ang Dobleng Bahagi**

(42:12). "Ang mga huling araw ni Job ay higit na pinagpala ni Yahweh. Binigyan niya ito ng labing-apat na libong tupa, anim na libong kamelyo, dalawang libong baka at sanlibong inahing asno" (cf 42:10). Ito ang bagay na dapat nating tandaan tungkol sa bawat pagsubok – ang resulta sa huli. Ginantimpalaan ng Dios si Job ng dobleng bahagi ng lahat ng nawala sa kanya (cf. Sant. 5:11). Ang dobleng bahagi ang pagpapala ng bawat panganay na anak (Deut. 21:15-17). Sa Iglesia mayroong mga "panganay" sa mga kapatiran. Tatalakayin natin ang malaking detalye nito sa katapusan ng aklat.

**Ang Malaking Pagkaubos Bago ang Bagong Pagpuno**

Para mapuno ng higit pa ng Espiritu, kailangan ng Dios na tayo ay "alisan ng laman" ng maraming basura (2 Tim. 2:20-22). Gayundin, nais Niya na palakihin ang ating kapasidad. Ang ating mga sisidlan ay kailangang malinis ng anuman na nagaakusa, tumutuligsa, o lumalaban



sa ating Tagapaglikha. Kung hindi natin ito alam, may mga lugar sa ating puso na nananatili pa ring sumasalungat at lumalaban sa Dios (Mal. 3:13). Gayundin, hindi tayo dapat nagtatanim ng sama ng loob sa Dios sa pagkuha ng higit na oras kaysa sa ating iniisip na dapat Niyang gawin.

**Dobleng Bahagi / Dobleng Responsibilidad**

Ang pagkakaroon ng dobleng bahagi ng Espiritu ng Dios ay isang bagay na hindi magaang. Ang ibig sabihin nito ay dobleng responsibilidad! Kailangan nito ng oras, paglago, at takdang panahon para matanggap ang pagpapahid na ito. Hindi nagbibigay ang Dios ng ekstrang bahagi ng Kanyang Espiritu nang walang dahilan! Kapag binibigay ng Dios ang dobleng bahagi, ito ay para matupad ang isang mahirap na gawain. Kasama nito ang mas malaking responsibilidad, mas malaking oras natin at pamumuhay, at maraming marami pang iba. Ang dobleng bahagi ay nangangailangan din ng mas malaking bahagi ng kapakumbabaan, dahil sa karagdagang kapangyarihan mayroong karagdagang tukso na maging mayabang at arogante. Hindi mainam kapag ang isang mangangaral ay nagyayabang na ang kanyang iglesia ang pinakamabilis na lumalagong iglesia sa kanilang lugar, nagyayabang sa tagumpay ng kanyang ministeryo, at tinutuligsa ang ibang mga lingkod ng Dios. Ito ang tiyak na nangyayari kapag ang tagumpay ng tao ay lumalago at lumalago, ngunit ang pagtutuwid at malalim na paglilinis ng kanyang sariling puso ay tinanggihan.

**Kagandahan Para sa mga Abo**

(42:13-15). "Nagkaroon pa si Job ng pitong anak na lalaki at tatlong anak na babae. Ang mga anak na babae ni Job ang pinakamaganda sa buong lupain. Pinamanahan din niya ang mga ito, tulad ng mga anak na lalaki." Narito ang isa pang magandang katotohanan sa buhay ni

Job. Tinanggap ni Job ang kagandahan para sa mga abo (Tignan ang Isaias 61:3).

Si Job ay binaba sa mga abo, ngunit mula sa mga abo ay lumabas ang pambihirang kagandahan. Ang kanyang mga anak na babae ang pinakamaganda sa lahat sa lupain. Ang mga anak ni Job ay may pambihirang kagandahan dahil sa espesyal na biyaya na kanyang tinanggap sa kanyang pagsubok. Isang kilalang katotohanan na tayo ay nagbubunga ng katulad natin. Bawat katagumpayan na nakakamit natin sa ating mga buhay ay katagumpayan din natin para sa ating mga anak, ito man ay natural o mga espiritwal na anak. Madaling dumaan sa apoy kapag naintindihan natin na ang paghihirap ay hindi lamang para sa ating pagiging ganap, kundi para sa kapakanan ng tao (anak) na ipagkakatiwala ng Dios sa ating pangangalaga sa hinaharap.

Ang mga abo ay nangungusap ng kamatayan, ngunit mas partikular sa kamatayan sa sarili sa Aklat ni Job. Kapag tayo ay ay nadala sa mga abo, ang kagandahan ni Cristo ay ibibigay sa atin. Si Job ay naging pinakamainam na ginto sa panahon na siya ay nasa pugon (Isa. 13:12). Maraming tao ang takot na isuko ang kanilang mga buhay nang lubos kay Cristo dahil hindi sila totoong naniniwala sa "pagkabuhay na muli." Hindi sila lubos na naniniwala na bubuhayin sila ng Dios pagkatapos na ang kanilang mga ambisyon, mga plano, at kagustuhan ay nadala sa mga abo. Ibigay natin ang ating mga buhay sa mga kamay ng isang tapat na Tagapaglikha. Tandaan natin ang ginawa Niya para kay Job – tinanggap ni Job ang kagandahan para sa mga abo.

**Ang Katapusan ang Mas Mahalaga**

(42:16-17). "Si Job ay nabuhay pa nang sandaan at apatnapung taon. Inabutan pa siya ng kanyang mga apo sa ikaapat na salinlahi. Matandang-matanda na siya nang mamatay." Ang katapusan ni Job ay napakaganda (Sant. 5:11), at kung tutuusin, ang katapusan ang mas mahalaga. Kung paano tayo nagsimula ay hindi mahalaga, at kung saan tayo nanggaling ay hindi mahalaga. Kung ano ang ating kahihinatnan ang tunay na isyu. Sa laro, ang pinal na puntos ang laro ng buhay. Yan ang tatayo sa walang hanggan.



Sa panahon ng kanyang pagsubok, inisip ni Job na hindi na siya magiging masaya muli at mamamatay siya nang bata. Sa halip, mayroong dobleng bahagi na naghihintay sa kanya, at sumunod na 140 mabungang mga taon ng kanyang buhay. Lumabas si Job mula sa kanyang pagsubok at nagkaroon ng sampu pang mga anak, ang nabuhay nang matagal para makita ang mga kaapu-apuhan. Lahat ng bagay ay ginawa ng Dios para sa kanyang pabor. Binago ng Dios ang bawat sumpa sa pagpapala para kay Job.

Ang Roma 8:28 ay dapat maging isang kapahayagan sa atin, hindi lamang talata ng Kasulatan na sinasaulo. Tignan ang naunang tatlong mga salita ng talatang 28: "At alam natin." Nakikita nyo ba ito? – Kailangan itong maging kapahayagan sa ating mga puso. "Alam nating sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa mabuti kasama ang mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin." Tignan ang Isaias 54:17. Kalaunan ipagtatanggol ng Panginoon ang bawat matuwid na lingkod ng Dios.

**Ang Pinakamataas na Dios ang Nagkokontrol ng Lahat ng Bagay**

(42:11). "Lahat ng kapatid nito, mga kamag-anak at kakilala ay dumalaw sa kanya at nagsalu-salo sila. Bawat isa'y nakiramay sa nangyari sa kanya at nagbigay ng salapi at singsing na ginto."

Ginawa ng Dios ang araw at ang gabi. Kinokontrol ng Dios ang mga panahon at maaari Niyang baguhin ang mga panahoon ng ating mga buhay anumang oras na gusto Niya. Maaari Niya tayong itaas o piliing ibaba tayo. (Tignan ang 1 Sam. 2:1-8; Awit 75:6-7). Anumang bagay

na ginagawa ng Dios, ginagawa Niya nang mabuti, at walang taong maaaring magsabi sa Kanya, “Ano ang iyong ginagawa?” (Dan. 4:35).

Sa sitwasyon ni Job, binago ng Dios ang kanyang araw sa gabi, at ang panahon ng kanyang kasaganaan sa panahon ng kakulangan. Ngunit ito ay panandalian lamang. Ang pagsubok ay kailangan upang maisagawa ang isang bagay na pangwalang-hanggan kay Job. Pagkatapos by binago ng Dios ang kanyang pagkabihag. Lubos na binago ng Dios ang lahat para kay Job sa huli. Binago rin Niya ang puso ng lahat ng dati niyang kakilala na bumalik sa kanya, at “inaliw siya sa lahat ng kasamaan na dinala ng Dios sa kanya.” Ang Dios ba ang responsible sa kanyang pagsubok? Oo! Ang Dios ang May-Akda, ngunit mas higit pa, Siya rin ang Tagapagtapos nito (cf. Heb. 12:2). At “Ginagawa Niya ang lahat ng bagay na mabuti” (Mk. 7:37).

**Walang Paglaya Maliban na Baguhin Natin ang Ating Pananalita**

Nang tayo ay nasa kapitulo 42 pa lang, nais kong magbigay ng ilan pang pangwakas na komento, at iyun ay ang katotohanan na hindi tatapusin ng Dios ang pagsubok ni Job maliban na baguhin niya ang kanyang pananalita. Nagkakasala si Job sa kanyang bibig, at maliban na ito ay makita niya, aminin, at pagsisihan, walang pagbabago sa kanyang pagkabihag (40:4, 42:1-6).

Sa Awit 50:23, sinasabi nito: "Ang parangal na nais ko na sa aki’y ihahain, ay handog ng pasasalamat, pagpupuring walang maliw; akin namang ililigtas ang lahat ng masunurin.” Hindi kaya na hindi nanghihimasok ang Dios sa inyong sitwasyon o sinasagot ang iyong mga panalangin ay dahil sa mga pag-uusap o mga galit na salita sa inyong tahanan? Pinapangako ng Dios – “Siya na nagsasayos ng kanyang pananalita ay ipapakita ko ang kaligtasan ng Dios.” Kumusta ang ating dila? Ang gamit ng ating dila ang magsasabi kung tayo ay bibigyan o hindi ng pabor ng Dios (cf. Awit 45:2).



## SAAN NAGKASALA ANG MATUWID NA SI JOB?
## (Ang Pagbabalik-Tanaw sa Tema)

Ang patotoo ng Dios tungkol kay Job ay napakaganda—"Wala siyang katulad sa daigdig!" (1:8). Kahit dumating ang trahedya sa kanya, “hindi nagkasala si Job sa kanyang bibig o inakusahan ang Dios nang may kamangmangan.” Subalit, habang tumagal ang pagsubok sa mahabang mga buwan, iginiit niya na hinda patas ang Dios at Siya ay iresponsable. Ang mga sumusunod na talata ay nagpapahayag kung ano ang gusto ng Dios na makarating sa puso ni Job, at kung ano rin ang gagawin ng Dios sa ating mga buhay!

| TALATA | MGA MALING SALITA NI JOB | MGA SALOOBIN NG PUSO NI JOB |
|---|---|---|
| 9:17 | *"Malakas ang bagyo at mga sugat ang sa aki’y ibinigay, kahit wala naman siyang sapat na dahilan.”* | *“Panginoon, wala Kang karapatan na pahintulutan ito! Wala akong ginawang masama para mangyari sa akin ito.”* |
| 9:22-23 | *“Wawasakin ng Diyos ang masama... tinatawanan ng Diyos ang sinapit ng kawawa.”* | *"Balewala ang maging matuwid. Tinatrato ng Dios ang matuwid at masama nang pareho. Nasisiyahan Siyang makita na nagdurusa ang mga inosente.”* |
| 15:13 | *"Bakit ba ang galit mo’y sa Diyos ibinubunton at sa kanya iniuukol ang salitang walang hinahon?”* | *Lumaban si Job sa Panginoon na may mga hamon, at isinawalat lahat ng nararamdaman.* |
| 16:9 | *"Dahil sa matinding poot niya sa akin halos ako’y kanyang pagputul-putulin; mga mata’y nanlilisik, may poot kung tumingin."* | *"Kinamumuhian ako ng Diyos! Galit Siya; binabaling Niya ang galit Niya sa akin."* |

| TALATA | MGA MALING SALITA NI JOB | MGA SALOOBIN NG PUSO NI JOB |
|---|---|---|
| 27:1-4 | *"Isinusumpa ko sa Diyos na sa aki'y nagkait ng katarungan"* | *"Hindi naging patas ang Diyos sa akin. Binabaluktot Niya ang katarungan."* |
| 32:2 | *"Sapagkat nagmamatuwid si Job sa kanyang sarili at sinisisi pa niya ang Diyos." (27:1-4).* | Nakikita niya ang pagkakamali sa Diyos pero hindi sa kanyang sarili. |
| 33:10 | *"Gumagawa lamang ang Diyos ng dahilan upang ako'y parusahan, at itinuturing niya akong kaaway."* | *"Ang Diyos ay laban sa akin, naghahanap ng mga dahilan para mapalayo ang damdamin sa akin. Tinuturing Niya akong kaaway."* |
| 33:12-13 | Binabalaan ni Elihu si Job: *"Sapagkat sa sinumang tao ay mas dakila ang Diyos. Bakit ang Diyos ay iyong pinagbibintangan na di marunong makinig sa iyong karaingan?"* | Hinahamon, pinupuna, tinutuwid, at nakikipaglaban si Job sa Diyos. |
| 34:5 | *"Ayon dito kay Job ay wala siyang sala, at katarungann ay ipinagkakait daw sa kanya."* | Tinataas ni Job ang kanyang sarili; at binababa ang Diyos. |
| 34:12<br>34:17-18 | *Hindi ba ang Diyos ay makatarungan, bakit hinahatulan siya na parang makasalanan?* | Ang Diyos ay iresponsable. Sasabihin ko iyan sa Kanyang mukha. |
| 35:2 | *"[Job] ay nagsabi, Ang aking katuwiran ay higit pa sa Diyos."* | Hindi nakakakita ng pagkakamali si Job, pero nakikita ang pagkakamali ng Diyos. |



| TALATA | MGA MALING SALITA NI JOB | MGA SALOOBIN NG PUSO NI JOB |
|---|---|---|
| 36:23 | *"Walang makakapagsabi sa Diyos ng dapat niyang gampanan, at walang kasamaang maaaring ibintang"* | Pinaparatangan ni Job ang Diyos na gumagawa ng kasamaan. |
| 38:2 | [Nagsasalita ang Diyos] *"Sino kang mag-aalinlangan sa aking kaalaman? Lalo lamang lumilitaw ang iyong kamangmangan."* | Si Job ay dogmatiko at madiin sa mga isyu na konti lang ang kanyang alam o wala siyang alam. |
| 40:2 | *"Ang mapaghanap ba ng mali ay mangagatwiran, at sa Makapangyarihan ay makikipaglaban? Sinumang sa Diyos ay nakikipagtalo, ay dapat sumagot sa tanong na ito."* | Tinutuwid ni Job ang Diyos at tinuturuan niya ang Diyos. "Ito ang paraan kung paano mo dapat hinarap ang ganitong sitwasyon, Panginoon!" |
| 40:8 | *"Ako pa ba ang nais mong palabasing masama upang iyong paliawin na ikaw ang siyang tama?"* | "Job, tutuwirin mo ba ang Diyos? Maalam ka ba kaysa sa Kanya? Ikaw ba ang Kanyang tagapayo?" (Roma 11:34-35) |

**ANG PROBLEMA NI JOB AY PROBLEMA NATIN!**

Ang problema ni Job ay problema ng tao – ito ay aking problema! Ang mga katotohanan tungkol sa pakikipagbaka ni Job ay makikita sa kabuuan ng Salita ng Dios. Nasa ibaba ang ilang mga talata para lalo pang matalakay ang paksa:

(Isaias 45:9). "Ang palayok ba ay makakatutol sa gumawa sa kanya? Maitatanong ba ng putik sa magpapalayok kung ano ang ginagawa nito? Masasabi ba ng palayok na hindi sanay ang gumawa sa kanya? Ito ang saway ng tao sa pagpuna sa Kanyang paraan kung paano Niya tayo ginawa. Karamihan ng mga tao ay ayaw ang kanilang hitsura. Mas gusto nilang kamukha ng iba. Ngunit, "ang punahin ang disenyo ay ang punahin ang Nagdisenyo." Ginawa tayo ng Dios para sa isang mahalagang dahilan. Kaya kailangan natin Siyang pasalamatan para rito. Ginagamit ng Dios ang mga hindi perpekto sa ating pisikal na anyo upang mapaunlad ang panloob na espiritiwal na mga katangian at karakter.

(Ezekiel 18:25). "Marahil ay sasabihin ninyong hindi tama itong ginagawa ko. Makinig kayo, mga Israelita: Matuwid ang aking tuntunin, ang pamantayan ninyo ang baluktot" (cf Ezek. 33:17, 20). Dito muli ang tao ay nakikipagpunyagi sa Dios. Kapag ang mga tao ay hindi umaayon sa Kasulatan sila ay hindi umaayon sa Dios at sinasabing, "Dios, ako ay tama, at Ikaw ay mali!" Subalit, hindi umaayon ang Dios sa ating pag-iisip. Kailangan nating makiisa sa takbo ng Kanyang pag-iisip (Isa. 55:8).

(Romans 11:34). "Sino ang nakakaalam sa pag-iisip ng Panginoon? Sino ang maaaring maging tagapayo niya?" Hindi kailangan ng Dios ng pagtutuwid. Hindi dapat subukin ng tao na turuan ang Dios! Hindi ang Dios ang may diprensya, kundi ang tao! Ang Diyos ay tapat at totoo kahit na sinungaling pa ang lahat ng tao" (Roma 3:4).



(Daniel 4:1-37). Sinusulat ng kapitulong ito ang isa sa mga malaking pagbabagong-loob sa lahat ng panahon. Tinaas ni Nebuchanezzar ang kanyang sarili sa harap ng mismong mukha ng Dios. Inutos niya ang lahat ng pagsamba na ibigay sa kanyang sarili. Dahil dito, binaba siya ng Dios, at ginawa siyang isang hayop sa loob ng pitong taon. Pagkatapos, ang hari ay nagsisi, bumalik sa kanyang ulirat, at inilathala ang nakakayanig na testimonya sa buong imperyo. Nang siya ay binaba ng Dios, natutunan ni Nebuchadnezzar na: "Walang maaaring mag-utos sa kanya ni makakatutol sa kanyang ginagawa (4:35). Lubos na natutunan ng hari ang aral – walang sinuman na maaaring tumayo, suwayin, hamunn, o kwestiyunin ang Panginon.

**Pagbabalik-Tanaw sa Tema**

ANG TEMA" (4:17) 'Maaari bang maging matuwid ang isang tao sa paningin ng Diyos? Sa harap ng Lumikha, mayroon bang malinis ang loob? Ang kapahayagang ito ay dumating kay Eliphaz sa isang panaginip, at kapansin-pansin na ang panaginip ay binigay ng isang espiritu. Gayunman, ang pangitain sa gabi ay totoo, at ito ang tema ng Job. Ang layunin ng aklat ay turuan ang tao na ang Dios ay walang hanggang matuwid, anumang trahedya ang dumating sa buhay, at hindi ito maaaring baguhin nang may pagkakamali. Ang paratangan ang Dios na may pagkakamali o pagiging iresponsble, ito ay kasalanan. Sa totoo, ito ay paghamak sa karunungan at pag-ibig ng Dios Nirereserba ni Yahweh ang karapatan na gawin anuman ang gusto Niya sa ating mga buhay (Awit 135:6). Ngunit, bawat aksyon na ginagawa Niya sa tao ay puspos ng karunungan, kahabagan, at pag-ibig.

Ang Aklat ni Job ang pinakamatandang aklat sa mundo. Pinarating ng Dios ang mensahe ni Job sa lahi ni Adam sa loob ng libo-ibong taon. Ang paratangan ang Dios na pagiging iresponsable at "hindi nangangalaga" ay isa sa mga malaking pagkakamali ng tao.

Samakatuwid, mahalaga na ang Job ang pinakamamatandang aklat sa mundo – ang mensahe ni Job ay kailangan at mahalaga sa simula ng panahon.

### Kung Ano ang Sinasabi Natin sa Dios at Tungkol sa Dios ay Napakahalaga

Ang henerasyon na lumabas sa Egipto ay hindi nakapasok sa lupang pangako. Sinarado ng Israel ang puso ng Dios sa pamamagitan ng kanilang masamang mga ugali at masakit na mga salita laban sa Kanya (Bilang 14:3; Deut. 1:27), Tanging sina Caleb at Josue lang na na alam kung paano kunin ang pabor ng Dios, na nagsasabi: "Kung malulugod sa atin si Yahweh, ibibigay niya sa atin ang lupaing iyon na mayaman at sagana sa lahat ng bagay" (Bilang 14:8).

### ANG BIYAYA AY HIGIT SA ANUMANG SULIRANIN NA ATING KINAKAHARAP

Ang biyaya ay banal na sangkap na binibigay ng Dios sa atin kapag tayo ay may pangangailangan (Heb. 4:16). Ang biyaya ng Dios ay kapantay ng anumang pinsala na dumating sa atin. Habang ang mga presyur at tukso ay dumadami, gayundin, ang laang biyaya ay dumadami. Samakatuwid, walang dahilan para maging mapait. Kapag ang isang babae o lalake ay nagiging mapait, ito ay dahil laging tinanggihan ang laang biyaya (Heb. 12:15; 1 Cor. 10:13, 2 Cor. 6:1).

Maraming taon na ang nakalipas, sumailalim si Mrs. Audrey Bailey sa operasyon sa puso sa ikatlong pagkakataon. Pagkatapos ng operasyon, siya ay mahina at dahil sa kapabayaan ng isa sa mga nars, bumagsak sa sahig si Mrs. Bailey, at tumama ang kanyang ulo at napinsala ang kanyang ilog. Sinabi siya sa kanyang sarili, "Panginoon, puwede ba akong magreklamo kahit konti?" Sumagot nang marahan ang Panginoon mula sa Roma 13:14, "Audrey, huwag mong pagbigyan ang



laman upang masunod ang mga hilig nito." Sinabi pa ng Panginoon, sa sarili mong pagpili, maaari mong gawin ang isang sitwasyon na isang mahigpit na pagsubok o isang oportunidad para sa Aking biyaya! Ang pagpili ay nasa iyo." Sinabi rin ng Panginoon, "Ang Aking kagalakan ay iyong kalakasan!" Si Mrs. Bailey ay gumawa ng desisyon. Sinabi niya, "Panginoon, bigyan mo ako ng Iyong biyaya!" At ginawa ng Dios – nang masagana! Lumabas siya mula sa silid ng operasyon na nagniningning ang kanyang mukha ng kaluwalhatian ng Panginoon.

> **Kung pipiliin nating tanggapin ito, kaya ng biyaya ng Dios na tayo ay alalayan at panatilihin tayong matamis, kahit sa pinakamalupit na pagsubok. Gayunman, sa halip, maaari rin nating piliin na tanggihan ang biyaya at patigasin ang ating mga puso. Ano ang magiging desisyon natin? Inaalok tayooooo ng Dios ng biyaya (kakayanan mula sa Dios) na maaaring tapatan o higitan ang anumang pinsala na dumating sa ating mga buhay. Pinapangako Niya, "Ang Aking biyaya ay sapat para sa iyo" (2 Cor. 12:9)**

Ang ibig sabihin ng kaamuan ay "walang paghihiganti; ito rin ay banal na pagtanggap ng mga sirkumstansya." Kadalasan inuugnay natin ang kaamuan sa ating mga relasyon sa tao, ngunit sa Kasulatan ang kaamuan ay mas iniuugnay sa ating relasyon sa Dios. Ito ang dahilan kung bakit hindi tayo dapat tumayo sa galit laban sa Dios, ang Siyang nagpapahintulot sa ating mga sitwasyon. Dapat nating ipakita ang ating kaamuan sa Dios. Malinaw na kailangan ni Job na higit pang matutunan ang tungkol sa kaamuan sa panahon ng kanyang pagsubok. Ang mga tupa ay "pipi" sa harap ng kanilang tagagupit (Isa. 53:7)

**ANG PAGPILI**

| | | |
|---|---|---|
| ANG TUMANGGAP NG BIYAYA | o | TANGGIHAN ANG BIYAYA |
| **Isang Oportunidad** | o | **Isang Mabigat na Pagsubok** |
| **Nagiging Mas Mabuti** | o | **Nagiging Mapait** |
| **Isang Tuntungang Bato** | o | **Isang Batong** |

Ang parehong araw na tumutunaw ng waks ay nagpapatigas ng putik.. Ang mga pagsubok ay nagpapalambot o nagpapatigas ng ating mga puso, depende sa ating tugon. Kapag dumarating ang mga pinsala mayroon tayong mabilis na desisyon na patigasin an gating mga puso o humingi sa Dios ng biyaya upang manatiling malambot ang aing puso at matamis. Sa sarili nating pagpili ginagawa natin ang paghihirap na mabigat na pagsubok o mga oportunidad, batong ikadadapa o mga batong tuntungan. Tayo ay ginagawang mas mabuti o mapait ng paghihirap. Ang pagpili ay nasa atin!



# MGA LAYUNIN AT MGA BENEPISYO NG PAGHIHIRAP

### Pagtingin sa Paghihirap Mula sa Pananaw ng Langit

ANG PAGHIHIRAP AY MAAARING GAWIN ANG MGA SUMUSUNOD:

- Winawasak ang kapalaluan, at binubuksan ang pinto para sa panibagong biyaya
- Pinapakita sa atin kung ano ang nasa puso natin
- Tayo ay pinapalambot at nagiging mahabagin
- Tinutulungan tayo na tumigil sa pagkakasala
- Tayo ay pinapatatag at hindi nagkokompromiso
- Nagdadala ng kapayapaan
- Pinapanatili tayo sa ating landas
- Nagbubunga ng pagtitiyaga
- Dinadalisay ang ating pananampalataya
- Tayo ay nagiging masunurin
- Taayo ay nagiging maamo
- Nagdadala sa atin ng tunay na kagalakan
- Nakikiisa tayo sa paghihirap ni Cristo
- Nagbibigay sa atin ng kakayanan na aliwin ang iba
- Nagbubunga ng katangian ng Dios (ginto na sinubok sa apoy)
- Naghahanda sa atin na maghari kasama ni Cristo
- Nagdadala sa atin sa ganap na pagiging anak
- Nagreresulta sa pagpasok natin sa kaharian
- Ginagawa tayong perpekto
- Dinadala tayo sa mas dakilang kaalaman ng Dios
- Pinapalalim ang ating relasyon kay Cristo
- Dinadala tayo sa kaluwalhatian

- Pinapalabas at binubuhay ang katotohanan
- Paghihirap para sa iba

> Itinakda ng Dios ang lahat ng ating mga problema na gumawa para sa atin. Ang kawalan ng katarungan at kapighatian ay gumagawa para sa atin upang magbunga sa atin ng lahat ng mga katangian na naitala sa itaas. Ang paghihirap ay may layunin na maging alipin natin! Isipin lang natin ang lahat ng pangwalang hanggang mga katangian na hindi lilitaw kung wala tayong mga paghihirap.

1.) WINAWASAK ANG KAPALALUAN—Ang kapalaluan ang posibleng pinakamalaking problema na kinakaharap natin. Ayon sa Job 33:16-20, tinutuwid ng Dioso ang Kanyang bayan na may malakas na sakit para "itago ang kapalaluan sa tao." Ang kapalaluan ay humahadlang sa atin sa pagtanggap ng higit pang biyaya, dahil ang biyaya ay binibigay lamang sa mababa (Sant. 4:6; 1 Ped. 5:6). Samakatuwid, ang pag-ibig ng Dios ang nagpapadaan sa atin sa mga paghihirap para gumawa sa atin ng kapakumbabaan. Ang kapakumbabaan ang nagbubukas ng pinto at mga kondisyon para tayo ay tumanggap ng bagong biyaya at marami pang ibang pagpapala (Tignan ang Kawikaan 20:30).

2.) PINAPAKITA SA ATIN KUNG ANO ANG NASA PUSO NATIN— "Ang akala ng tao lahat ng kilos niya'y wasto, ngunit si Yahweh lang ang nakakasaliksik ng puso" (Kaw. 21:2). (cf. Deut. 8:2; Jer. 17:9). Ang mga pagsubok at paghihirap ay pumupukaw sa mga nakatagong masamang motibo at element sa ating mga puso na



pumunta sa ibabaw upang tayo ay makumbinsi at makita ang ating problema kung ano talaga ito. Kapag pinipili ng Dios na isawalat ito, para baga itong nakakababa at nakakahiya, ngunit ito ay para sa buhay, hindi para sa kamatayan.

3.) TAYO AY PINAPALAMBOT AT GINAGAWANG MAHABAGIN —Ang pagiging magaspang, mapusok at pagkakaroon ng mapagpunang espiritu ay nilalamon sa apoy ng paghihirap. Ang personal na pagkabigo at kahihiyan ay ginagawa tayong mas higit na mapagbigay at mahabagin sa iba. May mga panahon na mas mabuti para sa atin ang makaranas ng paghihirap at pagkatalo. Sinabi ni Job, "Pinanghihina ng Diyos ang aking kalooban" (23:16). Ang mahabang panahon ng pagod at paghihirap ay nagkokondisyon din sa atin na tanggapin kung ano ang hindi natin laan o kayang tanggapin noon. Kapag nakikita natin kung ano ang nakikita ng Dios sa atin, tayo ay mababago. Sinabi ni Pablo na tayo ay nababago sa ating pag-iisip (Roma 12:2).

4.) TINUTULUNGAN TAYO NA TUMIGIL SA PAGKAKASALA—Ang paghihirap ay nagwawasak sa ating pagyuko sa kasalanan. "Sapagkat ang nagtiis na ng hirap sa buhay na ito ay tumalikod na sa kasalanan" (1 Pedro 4:1). Tayo man ay taos-puso, merong makapangyarihang "pagyukod" sa ating kalikasan na kailangang mapasunod tulad ng – kapalaluan, kayabangan, katigasan at galit. Kadalasan ang paghihirap ang paraan upang ang mga pagyukod na ito ay madala sa ilalim ng kontrol.

5.) TAYO AY PINAPATATAG—"Pagkatapos ninyong magtiis sa loob ng maikling panahon, ang Diyos, na siyang pinanggagalingan ng lahat ng pagpapala, ang siyang magbibigay sa inyo ng kagalingan, katatagan, at lakas ng loob at isang pundasyong di matitinag" (1 Pedro 5:10). Dinadala tayo ng paghihirap sa paglago! Tayo ay tumatatag at

inaalis nito ang pagkompromiso. Kapag tayo ay nagbayad ng malaking halaga para sa katotohanan, iingatan natin nang buong puso natin (Kaw. 23:23). Hindi natin pinapahalagahan ang mga bagay na hindi natin binayaran.

6.) NAGDADALA NG KAPAYAPAAN— Nais ng Dios na harapin ang bawat bagay sa ating buhay na nagnanakaw ng ating kapayapaan. Ang sama ng loob, kapalaluan, at iba pang hinagpis na gawa ng ating sarili ang nag-aalis ng ating kapayapaan. Hinahatulan ng Dios ang panloob na labanang ito kapag tayo ay dumadaan sa mga apoy ng paghihirap. Nang ang tatlong Hebreo ay nasa nagniningas na pugon, ang Anak ng Dios ay kasama nila sa apoy. Ang tanging bagay lamang na nasunog ay ang kanilang mga pagkagapos. Lahat ng ginawa ng apoy ay lamunin ang kanilang pagkagapos (Dan. 3:21, 25). Ang layunin ng mainit na mga pagsubok ay sunugin ang ating mga pagkagapos, na hindi tayo nasasaktan. Pagkatapos na tayo ay tinuwid ng Dios at nalinis ang mga kaguluhang ito, magkakaroon ng mataas na bunga ng “ang mapayapang bunga ng katuwiran” na binanggit ni Pablo sa Hebreo12:11. Tignan din ang Awit 94:12-13.

7.) PINOPROTEKTAHAN TAYO NA HINDI MALIGAW— “Ang sariling dati-rati'y namumuhay nang baluktot, nang ako ay parusahan, salita mo ang sinunod” (Awit 119:67). Kadalasan ang mga pagtutuwid ng Dios ang pumipigil sa atin na maligaw ng landas. Marahil ang Kanyang pamalo ang nagdala sa atin pabalik sa tamang landas. Ngunit isa pang punto ay ito – kung meron kang nakakalulang problema o bundok sa iyong buhay, ang pinakamabilis na daan ay sa pamamagitan ng isang lagusan. Ang lagusan ay madilim at malungkot at nakakatakot, pero ito ang pinakamabilis na daan. Pinapanatili ka rin nito sa tamang landas! Maaari kang padaanin ng Dios sa karanasan ng lagusan. Ito ay madilim, ngunit ikaw ay kumikilos sa tamang direksyon at ikaw ay pinoprotektahan na maligaw. Maaari kang ikulong ng Dios sumandali, ngunit iniiwas Niya na ikaw ay pumunta sa kanan o sa kaliwa. Pinili ng Dios ang pinakamainam na ruta para sa ating mga buhay. Kung gayon, pasalamatan natin Siya sa Kanyang katapatan at karunungan.



8.) NAGBUBUNGA NG PAGTITIYAGA—"Ang kahirapan ay nagbubunga ng pagtitiyaga” (Rom. 5:3). Ang salitang paghihirap ay literal na nangangahulugan ng presyur. Ang mga panahon ng matinding presyur sa ating mga buhay ay nagbubunga ng dakilang pagtitiyaga. Naranasan ni Job ang “Dakilang Kapighatian.” Siya ay kilala sa pagtitiyaga na natanggap niya sa kapighatian (Sant. 5:11). Sa mga huling araw ang Dakilang Kapighatian ay magbubunga ng malalim na pagtitiyaga sa mga banal (Pah. 13:10, 14:12, 7:13-14). Ang kapighatian ang magsasakdal sa Iglesia ng Dios at maghahanda sa kanya na mamuno kasama ni Cristo (Pah. 19:7, 8). Sinasagisag ni Job ang naghihirap, niluwalhating Iglesia. Siya ay tinawag na Banal ng Milenyo.

9.) DUMADALISAY NG ATING PANANAMPALATAYA—Ang ating pananampalataya ay kailangang dalisayin. Maliwanag itong sinasabi sa 1 Pedro 1:7 at Santiago 1:2-3, “Ang ginto, bagama't nasisira, ay pinapadaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayundin naman, ang inyong pananampalataya, na higit na mahalaga kaysa ginto, ay sinusubok upang malaman kung ito'y talagang tapat. Sa gayon kayo'y papupurihan, dadakilain at pararangalan sa Araw na mahayag si Jesu-Cristo.” Ang ating pananampalataya ay nahaluan ng pag-aakala at mga emosyon, na natutunan din ni Pedro sa huling bahagi ng kanyang buhay. Samakatuwid, kailangang dumaan si Pedro sa maraming pagsusubok na nagdadalisay. Sa huli ng kanyang buhay, ang kanyang pananampalataya ay “natagpuan sa papuri, karangalan at kaluwalhatian.” Sinabi ni Job, “Ngunit alam ng Diyos ang aking bawat hakbang; kapag sinubok niya, lalabas ang kadalisayan” (Job 23:10; cf. Isa. 13:12).

Bawat bagay na ating ginagawa ay dapat na isinilang sa pananampalataya – hindi sa kawalan ng pagtitiyaga, takot, kabiguan, emosyon, or mga sarili nating ideya. Lahat ng ating mga salita at aksyon ay kailangang ipanganak mula sa tunay na pananampalataya. Samakatuwid, an gating pananampalataya ay kailangang dalisayin. Anuman na hindi isinilang sa pananampalataya ay kadalasang kasalanan (cf. Rom. 14:23).

10.) ANG PAGSUNOD AY NATUTUTUNAN SA MGA BAGAY NA ATING DINARANAS— Bilang tao, ang Panginoong Jesus ay kailangang matuto ng pagsunod (o makontrol) sa pamamagitan ng mga bagay na Kanyang dinanas (Heb. 2:10; 5:8-9). Tayo ay sasanayin, sasangkapan, didisiplinahin, at ihahanda, kadalasan, ng umiiwas na kayaman na tinatawag na paghihirap. Ang karunungan din ay natututunan sa pamamagitan ng masasakit pagkakamali at kabiguan. Minsan mas higit tayong natututo mula sa maling nagawa natin kaysa sa tamang ginawa natin.

11.) ANG KAAMUAN AY NANGGAGALING SA PAGDURUSA—Si Moises ang pinakamaamong tao sa lupa. Ginugol niya ang apatnapung taon sa ilang na dinudurog at nawawalan ng identidad. Ang kaamuan ang eksaktong kabaligtaran ng galit. Ang maamong tao ay nagtitiis ng pagdidisiplina at tinatanggap ang kanyang mga sirkumstansya. Ang isang palalo at galit na tao ay hindi gayon. Kailangan ng maraming pagdurog para tayo ay maging maamo. Kasama rin sa pagiging maamo ang pagsuko ng ating mga karapatan sa Dios. Kapag ang mga Cristiano ay hindi nagsuko ng kanilang mga karapatan sa Dios, lagi silang may problema sa “galit.”

12.) ANG KAGALAKAN AY RESULTA NG PAGDURUSA—“Magaling! Tapat at mabuting lingkod! Halika, samahan mo ako sa aking kagalakan” (Mat. 25:21, 23). Ang pagsasagawa ng kalooban ng Dios (na karaniwan ay hindi kilala o madaling paraan) sa huli, ay



nagreresulta sa malaking kagalakan. Ang pagdurusa, sa totoo, ang nagbibigay sa atin ng malaking kapasidad na tumanggap ng Kanyang kagalakan. Ang mga apostol ay nakaranas ng malaking kagalakan habang sila ay pinapahiya dahil sa kanilang patotoo. “Nilisan ng mga apostol ang Kapulungan at sila'y galak na galak sapagkat minarapat ng Diyos na sila'y magdanas ng kahihiyan alang-alang sa pangalan ni Jesus” (Gawa 5:41). Magkakaroon din tayo ng ganung kagalakan kapag tayo ay nagdurusa para kay Cristo. Ang mga taong hindi nagbayad ng halaga at hindi nagdusa para kay Cristo ay may maliit na kagalaka. Tignan din ang Lucas 6:21-26.

13.) ANG PAGDURUSA AY PAKIKIISA KAY CRISTO—Ang pagdurusa ay naghihiwalay sa atin na tayo ay kabilang sa Kanya! “Gayundin naman, namatay si Jesus sa labas ng lungsod upang linisin niya ang tao sa kanilang kasalanan, sa pamamagitan ng kanyang dugo” (Heb. 13:12, 13). Si Jesus ay hindi kilala sa sistema ng sanlibutan, at kahit sa ibang mga iglesia. Siya ay nasa labas ng kampo. Dito natin Siya matatagpuan. Itinuring ni Moises na higit na mahalaga ang pagtitiis sa hirap dahil sa Mesiyas kaysa ang mga kayamanan ng Egipto (Heb. 11:26). Kung hindi tayo laan na makiisa sa pagtitiis ni Cristo, hindi tayo maaaring makasalo sa Kanyan kaluwalhatian. Tignan muli: Gawa 5:41; Lucas 6:21-26; Roma 8:18; 1 Pedro 4:12-13; Marcos 8:38.

14.) NAGBIBIGAY SA ATIN NG KAKAYANAN NA MAG-ALIW SA IBA—Sa mga bagay kung saan tayo ay inaliw ng Dios, maaari rin tayong magbigay ng kaaliwan at maunawaan ang iba (2 Cor. 1:3-7). Ang pakikiramay ay kailangan, hindi simpatiya. Ang pakikiramay ay intuwisyon na malaman kung ano ang nararamdaman at iniisip ng iba dahil dumaan tayo sa parehong mga sitwasyon. Ang mga kaibigan ni Job ay walang pakikiramay. Ang kanilang karanasan ay hindi ganun kalalim na maintindihan at makaramdam para kay Job. Hindi pa sila nagdusa nang ganun!

15.) LUMILIKHA NG KATANGIAN NG DIOS—"Gintong dinalisay sa apoy" (Pah. 3:18). Ang ginto ay kumakatawan sa katangian ng Dios. Ang dinalisay nag into ay nanggagaling sa nagniningas na pugon. Ang apoy at matinding init ang naghihiwalay sa mga dumi at halo na galing sa ginto. Kung wala ang matinding init na ito ang halo sa ating mga buhay ay mananatili! Samakatuwid, ang katangian ng Dios ay mahal! Sinabi ni Pablo, "Ang bahagya at panandaliang kapighatiang dinaranas namin ngayon ay magbubunga para sa atin" (2 Cor. 4:17). Ang paghihirap, sa totoo, ay naglilikha para sa atin ng wlang hanggang bigat ng kaluwalhatian.

16.) NAGHAHANDA SA TAO NA MAGHARI KASAMA NI CRISTO—"Kung tayo'y nagtitiis ng hirap sa mundong ito,
maghahari din tayong kapiling niya (2 Tim. 2:12). Ang pagdurusa ay naghahanda sa banal ng Dios para sa mas mabuting pagkabuhay na muli. Ito ay nag-aayon sa kanya para sa kanyang walang hanggang posisyon sa kaharian ng langit. Sila na tumatanggap ng "masaganang biyaya" ay maghahari kasama ni Cristo (Rom. 5:17). Ang biyayang ito ay inaalok kapag tayo ay may pangangailangan (Heb. 4:16). Samakatuwid, sa panahong ito ng tension ang nagbabagong-buhay na biyaya ay binubuhos sa atin. Ang biyaya ay isang sangkap. Ito ay bagay na tinatanggap natin kapag tayo ay nasa ilalim ng presyur. Lagi tayong binibigyan ng Dios ng sapat na biyaya para pantayan ang ating pangangailangan. Kung an gating pangangailangan ay malaki, ito ay oportunidad para tumanggap ng malaking halaga ng biyaya.

17.) DINADALA TAYO SA PAGIGING ANAK— (Tignan ang Heb. 12:5-7). Isang seryosong pagkakamali ang hamakin ang mga pagtutuwid at pagdidisiplina ng Panginoon at sumuko na! Kung tayo ay magbabata ng pagtutuwid, haharapin tayo ng Dios bilang mga malalagong mga anak na lalaki at babae (Heb. 12:8). Ngunit kung ang pagtutuwid ay paulit-ulit na tinatanggihan, ang mga lumang problema at pagkagapos tulad ng galit, kapalaluan, and katigasan ng ulo ay



mananatiling matibay. Sa huli, sasabihin ng Dios, "Hindi kita anak na lalaki o babae. Hindi mo Ako kawangis o hindi Mo ako kinakatawan." Ito ang depenisyon ng Dios ng hindi legitimo – isa na tumatanggi sa pagtutuwid o pagbabago kaya hindi niya kahawig ang Makalangit na Ama (Heb. 12:8).

18.) PUMAPASOK TAYO SA KAHARIAN SA PAMAMAGITAN NG PAGDURUSA— "Daranas muna ng maraming kapighatian upang makapasok sa kaharian ng Dios" (Gawa 14:22). Ang kaharian ng Dios, sa katotohanan, ay tatlong bagay: 1. Langit mismo; 2. Langit na binaba sa lupa – ang Milenya; 3. Langiit na binaba sa puso ng mga tao – isang panloob na katotohanan. Sinasabi ni Pablo, "Ang paghahari ng Dios ay matuwid na pamumuhay, kapayapaan, at kagalakan na ipinagkakaloob ng Espiritu Santo" (Roma 14:17). Samakatuwid, ang kaharian ng Dios ay isa ring kaharian, pamumuhay, at isang mataas na dimension ng pamumuhay (Luc. 17:20-21). Ang mahirap sa espiritu ay may ganitong pamumuhay sa kaharian (Mat. 5:3). Ngunit ang katotohanang ito sa kaharian ay pinapasok sa pamamagitan ng pagdurusa. Pumapasok tayo sa kaharian (katuwiran, kapayapaan, at kagalakan) sa pamamagitan ng matinding kapighatian.

19.) TAYO AY GINAGAWANG GANAP SA PAMAMAGITAN NG PAGDURUSA— Ang salitang perpekto ay nangangahulugang "kumpleto, buo, hinog, lubos na sinangkapan, at ayon para sa gawain." Si Jesus ay ginawang perpekto sa pamamagitan ng matinding pagdurusa (Heb. 2:10; 5:8-9). Ang pagdurusa ay naghahanda sa atin para sa gawain na itinakda ng Dios para gawin natin. Ang mga pagkakamali, kabiguan, pag-antala, disiplina, pagtutuwid at pagpalo ay lahat na gumagawa upang ihanda tayo sa gawain na pinadala ng Dios upang gawin natin.

20.) NAKIKILALA NATIN SI JESUS SA PAMAMAGITAN NG PAGDURUSA—Nais makilala ni Pablo si Cristo sa bawat aspeto.

Isang paraan na nais niyang makilala Siya ay sa pamamagitan ng "pakikisama sa Kanyang mga pagdurusa" katulad ng sinabi niya sa Filipos 3:10. Hindi natin mapapahalagahan si Cristo malliban na tayo ay lumakad kasama Niya sa Hardin ng Getsemane. Hindi posible na makilala ang Dios nang malapitan kung gusto natin ng madaling buhay, dahil ang Dios mismo ay nakilala ang malaking pagdurusa at sakripisyo. Ang ebanghelyo ng kasaganaan ay may tendensiya na magbunga ng mga espiritwal na sanggol at hindi mga lubos na malagong anak na lalaki at babae. Ang emphasis ay nakatuon sa kung ano ang magagawa ng Dios sa AKIN, kaysa ang buhay ko na binago upang magbigay ng kaluguran sa Kanya at magawa ang Kanyang kalooban.

21.) ANG PAGDURUSA AY NAGDADALA SA ATIN SA KALUWALHATIAN —Ang kasalukuyan nating paghihirap ay hindi karapat-dapat kung ihahambing sa kaluwalhatian na mahahayag sa atin (Roma 8:18; 2 Cor. 4:17). Ang kaluwalhatian ay laging nauunahan ng pagdurusa (1 Pedro 4:12014; 5:1). Sinabi ni Pablo na ang ating paghihirap ay gumagawa sa atin ng walang hanggang bigat ng kaluwalhatian.

22.) BINIBIGYANG BUHAY NG PAGDURUSA ANG KATOTOHANAN—Ang pagkaunawa sa Kasulatan ay darating lamang habang tayo ay umiinom nang malalim sa tasa ng sakit at nararanasan natin ang ating mensahe. Ang katotohanan ay kailangang maging buhay sa kaloob-looban natin, dahil kung hindi, ang pagkaunawa at awtoridad ay magkukulang. Ang Liwanag at Buhay, kung maaalala ninyo, ay mga gantimpala ng Dios sa mga nakapasa sa gitna ng miserableng panahon (Job 3:20). Ang mga katotohanan ng Kasulatan ay hindi talaga nabibilang sa atin maliban na ito ay bayaran natin. Ang katotohanan ay mahal (Kaw. 23:23)!



23.) MGA PAGDURUSA ALANG-ALANG SA IBA—(Pagdurusa para sa Iba) Ito ay isa pang uri ng pagdurusa, pagdurusa para dalhin ang iba sa katagumpayan. Si Pablo ay naghirap sa espiritu upang dalhin ang mga mananampalataya ng Galacia sa pagiging malago (Gal. 4:19). Maaari kang pahintulutan ng Panginoon na maramdaman ang mga pasanin at pagkagapos ng iba habang ikaw ay nananalangin para sa kanila. Sinabi ni Pablo na siya ay nagdurusa para sa Katawan ni Cristo upang makatulong na dalhin siya sa pagiging malago (Col. 1:24, 2:1). Ang pagdurusa ay maaari ring magdala ng buhay sa iba (2 Cor. 4:10-12).

## Ang Kahinaan ng Mensahe ng Kasaganaan

Ang "mensahe ng kasaganaan" – bagamat ito ay naging pagpapala sa maraming paraan – ay nakahadlang din sa Cristianong paglago sa Katawan ni Cristo dahil sa ilang dahilan. Ang mensahe ng kasaganaan ay nagbigay ng diin sa pinakamadaling daan palabas sa aking mga problema, isang mabilis na sagot at kung paano ako magiging matagumpay. Ngunit hindi nito binigyan ng diin ang binagong buhay! Hindi nito binigyan ng diin ang pagtanggi sa sarili para magawa ang kalooban ng Dios. Ang Iglesia ay pinainom ng gatas sa America at iba pang lugar, at ito ang dahilan kung bakit hindi siya malago. Ang mensahe ng krus ay nakakasakit sa marami, ngunit maraming walang hanggang katangian ang hindi nagbubunga dahil wala ito! Huwag nating kaligtaan ang mahalagang bahagi ng bunay, at iyun ay – "Ano ang dadalhin natin sa walang hanggan?" (Ano ang nangyari sa aking puso?)

### ANO ANG IBIG SABIHIN NG "PAGDURUSA"?

Kailangan ba nating tanggapin bawat pagdurusa na para bang galing sa kamay ng Dios? Hindi! Sa ibang banda ay hindi dapat! Hindi ito ang intensyon ng pag-aaral ng Aklat ni Job. Si Satanas ay nagpapadala ng mga sitwasyon sa ating mga buhay at ang ating kaaway ay kailangang kalabanin nang buong lakas natin! (cf. Sant. 4:7; 1 Ped. 5:8-9; Hukom 3:1-2). Sa pag-aaral na ito hindi natin tinataas ang pagtutol kay Satanas at sa kaharian ng kadiliman. Tayo ay nasa totoong labanan sa mga tunay na kaaway. Kapag tayo ay may sakit, kailangan tayong manalangin ng kagalingan. Kapag tayo ay may pangangailangan, kailangan nating hingin ang probisyon ng Dios. At kailangan nating makipagbaka ng espiritwal na pakikipagbaka laban sa mga kapangyarihan ng kadiliman na nagkukulong sa mga tao sa kapit ng kasamaan (Efe. 6:10-18).

Sa kabilang banda, pinapahintulutan pa rin ng Dios si Satanas na narito para sa isang mahalagang dahilan. Ginagamit ng Dios si Satanas upang tayo ay subukin, at ginagamit Niya ang paghihirap para tayo ay madebelop at kunin ang ating atensyon. Kapag ang isang problema o atake mula kay Satanas ay dumarating sa ating mga buhay, kailangan nating tanungin ang Dios kung mayroong partikular na bagay na nais Niyang sabihin sa atin na hindi natin naririnig.

Pinahintulutan ng Dios na saktan si Job sa sumandaling panahon, ngunit pagkatapos niyon ay binigyan ng Dios si Job ng tagumpay laban kay Satanas. Kung ang buhay ng tao ay kalugod-lugod kay Yahweh, maging ang kanyang mga kalaban, sa kaniya'y makikipagbati (Kaw. 16:7). Bibigyan tayo ng Dios ng kapangyarihan laban kay Satanas kapag ang mga isyu ay nabago at nalagay sa tama sa ating mga buhay. Ngunit kadalasan ginagamit ng Dios ang paghihirap at si Satanas upang kunin ang ating buong atensyon! Tayo ay ipaghihiganti ng Dios laban sa ating kaaway kapag ang ating pagsunod ay nagawa natin (2 Cor. 10:6; 1 Cor. 6:2-3).



## ANG PAGHARAP SA PROBLEMA NG – "HINDI PATAS"

Kapag "Hindi patas" ay patuloy sa ating pag-uusap, ito ay nagpapakita ng dalawang bagay – na hindi pa natin natututunan ang mga daan ng Panginoon at hindi pa tayo nagtatagumpay. Gaano kadalas mong sinasabi – Hindi patas?

***"Hindi Patas!" -***

- Karapat-dapat akong tumanggap ng mabuti sa buhay!
- Kinamumuhian ko ang aking trabaho.... ang iba ay may mas mabuting trabaho. Hindi sila masyadong nagtatrabaho pero mas malaki ang kanilang bayad. Hindi patas!
- Bakit kailangan kong bilangin bawat sentimo samantalang ang iba ay masagana? Hindi patas!
- Wala akong magandang mga damit tulad ng mga kapatid ko! Hindi patas!
- Pinagkaitan ako ng masayang buhay nung bata. Bakit pinahintulutan itong mangyari ng Dios? Hindi patas! Hindi patas ang Dios!
- Masyado akong matangkad, masyadong maliit, masyadong payat. Hindi maganda ang aking balat, buhok, mga mata, at iba pa. Napakalaki ng ilong ko. Bakit hindi ako kamukha ng iba? Hindi patas!
- Tama ako at ang isang tao ay mali. Pinuri siya samantalang ako ay binaba. Walang katarungan. Hindi patas!
- Pakiramdam ko may pinakita ang Panginoon sa akin. Matapat ako pero lahat ay naging mali. Hinayaan ako ng Dios na magkamali. Hindi patas! Hindi patas ang dios. Kung ganun lang din.... ayoko na!
- Bakit pinapahintulutan ng Dios ang sitwasyong ito na magpatuloy samantalang alam ko kaya Niya itong baguhin? Hindi patas.

- Hindi ako binigyan ng Dios ng masayang buhay may-asawa. Binigo Niya ako. Hindi patas ang Dios!
- Bakit may mga paborito ang Dios? Hindi patas.
- Hindi sapat ang probisyon ng Dios! Hindi patas! Hindi sapat ang pagkalingan ng Dios sa akin! Hindi patas.
- Walang katarungan sa buhay ko. Hindi patas; Hindi patas ang Dios!
- Mas karapat-dapat ako ng mas Mabuti: --

  - mas mabuting kalusugan
  - mas higit na kasiyahan
  - mas mabuting trabaho
  - mas higit na katarungan
  - mas magandang bahay
  - mas higit na papuri
  - mas mabuting asawa
  - mas higit na pagkilala
  - mas mabuting kondisyon
  - mas maraming salapi

**Ang Totoo - Hindi man lang tayo Karapat-dapat kung Ano ang Meron Tayo!**

KAILANGAN NATING MAKITA:

*"Hindi patas"* ay sa katotohanan, ay atake laban sa Panginoon, ang Tagapagbigay at Pastol ng ating kaluluwa. Parang sinasabi nito, "Hindi naging mabuti ang Dios sa akin. Hindi Niya ako inalagaan. Hindi Siya naging sensitibo sa aking mga pangangailangan. Matigas ang Dios at walang pakialam. May kinikilingan ang Dios, meron Siyang mga paborito. Mabuti Siya sa iba at hindi nagmamahal sa iba. Ang Dios ay iresponsable."



**Ang mga reklamong ito ay naghahayag ng mga hindi naresolbang problema sa ating mga puso at nagpapakita na hindi natin nakikita ang buhay sa pananaw ng Kasulatan. Kapag ang isang Cristiano ay patuloy na dumadaing ng kawalan ng katarungan, pinapakita nito na siya ay wala sa katagumpayan! Ang mga reklamong ito ang dahilan na hindi tayo nakakatanggap ng pabor mula sa Dios (tignan ang Bilang 11:1). Nais ng Dios na gawing perpekto sa atin ang mahusay na espiritu ng pagpapasalamat. Sa ating pananampalataya at mabuting saloobin, tayo ay nagiging kaakit-akit sa Dios, at ito ang nagdadala ng Kanyang pabor.**

**ANG PAGREREKLAMO AY NAGHAHAYAG NG MGA SUMUSUNOD:**

1.) KAKULANGAN NG PAGPAPASALAMAT. Sa halip na magpasalamat sa dami ng mabubuting bagay, ang nagrereklamo ay nakapokus lamang sa mga bagay na gusto niya. Minsan, sinabi ng isang babae sa akin: "Binigo ako ng Dios. Hindi Niya ako binigyan ng masayang buhay-may asawa." Matinding bagay na sabihin ito sa Dios! Habang pinagbubulayan ko ang kanyang sinabi: mayroon siyang ilang magagandang mga anak at maraming mabuting pagkain na kinakain; lahat sila ay may malulusog na katawan, pag-asa ng buhay na walang hanggan… at sampung libong pang ibang mga pagpapala.

Sabi ng Kasulatan: "Purihin ang Panginoon, ang Diyos nating nagliligtas, dinadala araw-araw, ang pasanin nating hawak" (Awit 68:19) ""Kahaban Mo'y walang kapantay" oy 3:22,23). Dagdag pa sa lahat ng Kanyang mga pagpapala,, hindi tayo binigyan ng Dios ng kaparusahan na karapat-dapat sa atin (Awit 103:10). Ang pagrereklamo ay ugali na nagsasabi na may utang ang Dios sa akin; Hindi Niya ako pinakitunguhan nang patas. Nalilimutan ng tao kung gaano siya may utang sa Dios. Pinapakita ng pagrereklamo ang lalim ng hindi pagpapasalamat ng tao.

2.) ANG PAGIGING KONTENTO AY WALA. Ang kagalakan ang resulta ng lubos na kasiyahan sa presensya ng Dios, kaysa pagkakaroon ng maraming materyal na mga pagpapala. Si David ay nakasumpong ng "lubos na kagalakan" sa presensya ng Dios (Awit 16:11). Puwede ba tayong maging masaya na kasama lamang si Jesus, o ang puso natin ay mas nakadikit sa mga bagay ng sanlibutan – magandang bahay, magagarang damit, o pagiging matagumpay? Ang puso mo ba ay higit na umaasa sa pag-ibig ng tao? Isa sa mga malaking dahilan ng kawalan ng kasiyahan ay ang pagtataas ng pag-ibig ng tao kaysa pag-ibig ng Dios. Anumang bagay na mahal natin higit sa Dios ay pagsamba sa dios-diosan. Kapag sinasamba ang pag-ibig ng tao, hindi ito nagdadala ng kagalakan dahil isang "diyos-diyosan" ay walang buhay. Natutunan ni Pablo na maging kontento kung anuman ang dinala ng kamay ng Dios sa kanyang buhay (Fil. 4:11). Sinabi ni David, "Sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan" (Awit 16:11). Kung hahayaan natin ang Dios na tayo ay ibaba sa Awit 27:4, makikita natin ang parehong pagiging kontento na nadiskubre nina David at Pablo.

3) KINUKUMPARA NATIN ANG ATING SARILI SA IBA. Ang pagkukumpara ang sinabi ng Dios huwag nating gawin (2 Cor. 10:12). Kapag ginagawa natin ang bagay na sinasabi ng Dios na huwag nating gawin, nagkakaroon tayo ng problema. Kung titigilan nating ikumpara ang sarili sa iba, maliligtas natin ang ating sarili sa maraming kapighatian. "Ang pagkukumpara" ay isang malaking pagkakamali ng tao. Tinitignan natin ang iba at inaakala na dapat magkaroon tayo kung ano ang meron sila. Kapag wala tayo na meron ang iba, tinatawag natin itong "hindi patas," pagkatapos tayo ay nagagalit. Marahil kung meron tayong ng parehong mga bagay hindi ito magiging mabuti para sa atin! Maaaring ito ay makasira pa sa atin. Ang tanging Nag-iisa lamang na dapat nating ikumpara ang ating sarili ay ang Pangunahing Batong Panulok, ang Panginoong Jesucristo.



4.) ANG PAGREREKLAMO AY PAGPUNA SA KARUNUNGAN NG DIOS. Ang mga tinubos at gayundin ang mga hindi ay nagkakasala ng pagpuna sa Dios. Laging pinupuna ng tao ang paraan kung paano siya ginawa ng Dios, kung paano siya pinangunahan, binigyan ng probisyon, at pinahintulutan ang mga sirkumstansya sa kanyang buhay. Ang mga Israelita ay nagkasala sa bagay na ito. Dahil dito hindi sila nakasumpong ng pabor mula sa Dios (Heb 3:7-11). Hindi nila narating kung ano ang pinlano ng Dios para sa kanilang mga buhay. Kapag minadali natin ang Dios, pinupuna natin Siya ("Panginoon, huwag kang magmadali"). Isang kamangmangan ang punahin ang Dios kung paano Niya tayo nilikha (Isa. 45:9). Ginawa tayo ng Dios sa isang eksaktong layunin (Tignan ang Awit 139). Ginagamit ng Dios ang mga pisikal na kapintasan para idebelop ang espesyal na biyaya at espesyal na mensahe sa ating mga buhay. Maaaring alisin ng Dios ang isang problema kapag tapos na nitong gawin ang layunin ng Dios.

5.) HINDI NATIN TINITIGNAN ANG BUHAY AYON SA PANANA NG DIOS. Nagrereklamo tayo kapag hindi natin na naiintindihan ang mga paraan Niya. Ang patuloy na pagrereklamo tungkol sa mga kawalan ng katarungan ay ebidensya na hindi natin nauunawaan ang mga paraan ng Dios. Kapag nauunawaan natin, magpapasalamat tayo sa katotohanan na ang paghihirap ay gumagawa para sa ating ikabubuti. Ang kaguluhan ay tunay na ating alipin (2 Cor. 4:17; Gen. 45:4-8; 50:20). Nagbigay tanaw si Jose sa lahat ng walang katarungan na nangyari sa kanyang buhay at nasabi niya…. "Pinahintulutan iyun ng Dios para sa ikabubuti." Ang kawalan ng katarungan ang nagdala kay Jose sa trono.

6.) ANG PAGIGING KAWANGIS NI CRISTO AY PANGALAWA. Ang tao na ang layunin ay maging kawangis ni Cristo ay may karunungan na mula sa Dios. Nakikilala niya ang nakatagong kamay ng Dios sa mga paghihirap at yamot ng buhay. Nauunawaan niya na

ang Dios ay may layunin sa lahat ng bagay. Samakatuwid, sa halip na magreklamo tungkol sa problema, nagpapasalamat siya (1 Tes. 5:18). Sa kabilang banda, ang mga taong hindi nakatalaga at naghahanap ng madaling buhay ay walang patid na nagrereklamo sa kanilang mga sirkumstansya. Hindi nila makita ang anumang magandang bagay na maaaring magresulta sa paghihirap.

7.) ANG PAGREREKLAMO AY NANGANGAHULUGAN NA ANG ATING BALON AY BARADO. Ang pagrereklamo ay pag-atake sa Dios. Pinapaliit ng pagrereklamo ang lahat ng ating pananampalataya at lahat ng ating kagalakan. Ang ibig sabihin ng pagrereklamo ay hindi tayo nagbibigay ng pasasalamat at wala ng awit sa ating mga puso sa Panginoon. Ang hindi paniniwala, katigasan ng puso, at pagrereklamo ay magkakasama. Ang pagrereklamo ay isang bagay na kinamumuhian ng Dios (Tignan muli ang Mga Bilang 11:1).

ANG PAGREREKLAMO AY NAGHAHAYAG NG MGA SUMUSUNOD: (Balik Tanaw)

- Na ang pagpapasalamat ay nawawala. (Hindi possible na maging mapagpasalamat kapag tayo ay puno ng mapait na pagrereklamo).
- Na ang pokus ay sa kung ano ang gusto natin, hindi sa dami ng pagpapala na meron na tayo.
- Na ang pagiging kontento sa ating mga sirkumstansya ay hindi natutunan.
- Na kinukumpara natin ang ating mga sarili sa iba at galit dahil wala tayo ng meron sila.
- Na pinupuna natin ang Dios at ang Kanyang karunungan, na naniniwalang mas higit pa ang ating magagawa.
- Na hindi natin tinitignan ang buhay sa pananaw ng Dios.
- Na ang pagiging kawangis ni Cristo ay hindi ang ating mataas na layunin. Hindi nakikita ang benepisyo na resulta ng paghihirap.



- Na ang ating mga balon ay barado – ang pananampalataya at kagalakan ay nawala, at hindi paniniwala at katigasan ng puso ang naghahari.

**Kailangan Nating Maintindihan ang Katotohanang ito Tungkol sa Paghihirap**

* Kung pinahintulutan ng Dios ang matagal na problema sa ating mga buhay, ito ay nangangahulugan na kailangan natin ito! Pilit na pinapakita Niya sa atin ang isang bagay o may nais Siyang gawing isang bagay. Kapag ang isyu na gustong harapin ng Dios ay natama o nabago, aalisin na Niya ang “tinik” (2 Cor. 10:6). Tandaan, iniwan ng Dios ang isang problema sa buhay ni David – si Saul. Tinugis ni Saul si David ng maraming taon at hindi tinulot ng Dios si David na magkaroon ng kapangyarihan sa kanya. Pagkatapos ng espesyal na gawa ng biyaya na nakumpleto sa puso ni David (kapakumbaan, pagdepende sa Dios, pasensya), inalis ng Dios ang problema. Tinanggal Niya si Saul, ang tagapagpahirap (Kaw. 16:7).

**Ito ay Maliwanag na Nakikita sa Buhay ni Jose**

Si Jose, na anak ni Jacob, ay lumaki sa hindi masayang tahanan ng mga pagtatalo. Naiingit at kinamuhian siya ng kanyang mga kapatid, at nagkuntsaba na patayin siya. Si Jose ay lubusang matuwid, ngunit pumasok siya sa panahon ng kanyang buhay na lahat ng bagay ay naging mali. Patas ba iyun? Oo! Tignan mo ang kinahitnatnan. Siya ay napadala sa ibang bayan at binenta bilang alipin. Sa Egipto, siya ay pinagkanulo at binilanggo sa maraming taon. Sa kabila nun, siya ay hinahanda ng Dios na maging isang tagapagligtas para sa kanyang henerasyon.

Bawat kawalan ng katarungan ay nagdala sa kanya ng mas malapit sa trono. Ang madidilim na panahon, kalituhan, masasakit na mga antala,

at malulupit na akusasyon ay naglagay ng bakal sa kanyang kaluluwa. Dahil si Jose ay magiging tagapagligtas sa kanyang henerasyon, kailangan siyang maging mapagtimpi tulad ng bakal upang hindi siya bumigay sa ilalim ng presyur. Si Jose and mayroong mga sagot para sa kanyang henerasyon – mga sagot na nakuha siya sa hindi pangkaraniwan at mahihirap na mga sirkumstansya. Tunay nga na bawat kawalan ng katarungan ay maaaring maging pagpapala. Ang mga ito ay patas sa ekonomiya ng Dios! Sinadya iyun ng Dios para sa ikabubuti. Ginagamit ng Dios ang lahat ng bagay para sa ikabubuti natin sa huli kapag naging kalugod-lugod tayo sa Kanya (Gen. 45:5-8; 50:20; Rom. 8:28).

**Ilang Tulong Para Mapagtagumpayan ang Kapaitan**

- MAGING MAPAGPASALAMAT – Sa halip na manatili sa kung ano ang wala tayo, dapat tayong tumigil at bilangin ang ating mga pagpapala. Kailangan nating maging mapagpasalamat sa lahat ng ginawa ng Dios sa atin, at sa bawat bagay na dinala Niya sa ating mga buhay (1 Tes. 5:18). Kahit ang madidilim na panahon ay kaloob ng Dios at "kayamanan" para sa atin (cf Isa. 45:3). Ang iba sa mga dakilang kayamanan ng buhay ay makikita lamang sa dilim. Ginagawa ng pagpapasalamat ang bawat pagkatalo na katagumpayan. Ang pagpapasalamat din ay nagdadala ng pananampalataya at kagalakan sa ating mga puso… at pabor ng Dios! Kung gayon, ialay natin ang hain ng pagpapasalamat.

- HUWAG IKUMPARA ANG SARILI SA IBA — Tignan (2 Cor. 10:12). Ang kapaitan ay dumarating kapag sinusukat natin ang ating sarili sa iba, at pagkatapos ay umaasa ng pagkakapantay. Inuutusan tayo ng Kasulatan na huwag ikumpara ang sarili sa isa't-isa. Huwag isipin kung ano ang meron ang iba. Matuto tayong masiyahan sa mga bagay na sa karunungan ng Dios ay ipinagkaloob sa atin,



- LUBOS NA PATAWARIN LAHAT NG NAKATISOD SA IYO — Mas madaling patawarin ang iba kapat nakita natin kung paano rin nating malalim na nasaktan ang iba. Ang mga taong hindi makapagpatawad ay nakakalimot sa sakit na ibinigay sa iba. Sensitibo lamang sila sa sarili nilang nararamdamang sakit. Pakawalan natin ang mga nakatisod sa atin sa lahat ng sakit at kawalan na binigay sa atin. Patawarin sila sa lahat ng mga nasirang pangako at pagkabigo, batay sa Efeso 4:32: "Magpatawad kayo sa isa't-isa tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos dahil kay Cristo.

  Awit 103:10 – Hindi tayo binigyan ng Dios ng pagkahatol na karapat-dapat sa atin. Samakatuwid, dapat tayong maging maluwag sa iba. Tandaan, kapag pinatigas mo ang sarili mo sa iba, hindi mo maaaring buksan ang iyong puso sa Panginoon. Ang Panginoon ay magiging sensitibo sa iyo. Manatiling malambot! Ang kapaitan ang resulta ng pagtanggi sa laang at nagpapatuloy na biyaya kapag tayo ay nasasaktan! (Heb. 12:15).

- HUWAG IPAGHIGANTI ANG SARILI—Ang paglaban at pagpilit na "pagiging patas" ay nagpapatigas lang sa atin (Kaw. 24:29). Ipagkatiwala ang pagkatisod sa Dios (1 Ped. 2:23). Ang "paglabas nito sa ating sistema" ay hindi magandang ang resulta sa huli. Tuwing sinasanay natin ang lumang pagkatao, lalo lamang itong lumalakas.

- MAG-ISIP NG MGA KAISIPAN NG KAHABAGAN SA MGA NAKASAKIT— Kung ano ang pinipili nating pagbulayan ay napakahalaga! Ang mga salita at gawa ay nagsisimula sa ating mga kaisipan. Sanaying mag-isip ng magagandang kaisipan tungkol sa mga nakatisod sa iyo. (Ito ay nangangailangan ng pagsisikap at biyaya). Pagkatapos kapag sinasalita natin sila ito ay lalabas nang mas may kahabagan.

Gayundin, gumawa ng maliliit na kilos ng kabaitan sa mga nakasakit sa iyo. Magsalita nang maganda tungkol sa kanila sa iba. At higit sa lahat ng ito, ipanalangin sila.

- MAY ITINATAGONG PAGPAPALA ANG DIOS SA BAWAT KAWALAN NG KATARUNGAN – Kung pananatilihin nating tama ang ating puso, ang malupit at miserableng mga karanasan ay magdadala ng maraming pagpapala. "Ang kawalan ng katarungan" ay tinakda ng Dios upang tayo ay pagpalain sa huli (cf. Gen. 50:20).

- IPAGTATANGGOL KA NG DIOS SA HULI – Huwag mo laging asahan ang katarungan sa buhay na ito. Si Jesus ay walang katarungan dito sa lupa. Subalit, Siya ay ipagtatanggol kapag Siya ay muling dumating, at Siya ay ipagtatanggol sa walang hanggan. Sa ibang pagkakataon, maaaring hindi tayo maipatanggol hanggang sa Araw ng Paghuhukom (1 Ped. 2:23, 4:19, Ecc. 12:14). Ngunit magkaroon ng kasiguruhan; sa lalalong madaling panahon siguradong dadalhin ng Dios ang bawat bagay sa kaliwanagan, at ang katarungan ay ibibigay.

- SI JESUS AY NAGDUSA NG KAWALAN NG KATARUNGAN; TAYO AY HINDI HIGIT SA KANYA – (cf. Juan 15:20; 1 Ped. 2:21) Tayo ay tinawag upang magdusa para sa katuwiran, at "makabahagi sa mga pagdurusa ng ebanghelyo ayon sa kapangyarihan ng Dios" (tignan ang 2 Tim. 1:8). Ang atin bang Panginoon ay magbabata ng kawalan ng katarungan at ang Kanyang asawang babae ay hindi? Tunay na kabaligtaran! Ang mga apostol ay nagalak "na sila ay binilang na karapat-dapat na magdusa ng kahihiyan para sa kanyang pangalan" (Gawa 5:41).



- TANGGAPIN KUNG ANO ANG PINAPADALA NG DIOS NA HIGIT PA SA PATAS— Ito ay tunay na kaamuan! Anuman ang pinapadala sa atin ay dinesenyo para sa ating benepisyo at pagperpekto. Aalisin ng Dios ang "tinik" kapag ang Kanyang espesyal na gawain ay naganap na sa ating mga buhay. Ang karunungan ng Dios at pag-ibig ay perpekto sa atin. Siya ay karapat-dapat na pagkatiwalaan, at kapag pinapakita natin ang pagtitiwalang ito, ito ay nagbibigay ng kasiyahan sa Kanyang puso.

- ILAPAT ANG MENTALIDAD - HINDI TAYO KARAPAT-DAPAT NG ANUMAN—Hindi tayo karapat-dapat ng higit pa o mas higit pa ng anumang bagay – sa katotohanan, hindi tayo karapat-dapat ng anuman. Walang utang ang Dios sa atin ng anuman. Iniibig Niyang ibigay ang maraming mapagbigay na kabaitan sa tao, ngunit hindi karapat-dapat ang tao. Ang sangkatauhan, sa pangkalahatan ay hindi mapagpasalamat. Ang pagpapasalamat sa kung ano man ang ating tinatangkilik ay magdadala sa sinserong pagpupuri at pagsamba. Imposibleng magpuri o sumamba nang tama kung merong hindi pagpapasalamat na umiiral sa ating puso.

### Minamahal ng Dios ang Masayang Nagbibigay

Minamahal ng Dios ang masayang nagbibigay, sila na naglilingkod at nagsasakripisyo nang may kasiyahan sa lahat ng bagay na kanilang ginagawa. Sinasabi ng Kasulatan, "Malugod ka sa Panginoon." Sila na nalulugod sa Panginoon ay makakarating sa lahat ng mga pangako ng Dios (Bil. 14:8-9). Ang ating saloobin ay mahalaga kung nais natin ng pabor ng Dios.

Ang ating Makalangit na Asawang Lalaki ay ninanais na palayain ang Kanyang Asawang Babae sa lahat ng mga negatibong tono (pagrereklamo, pamimintas, hindi pagpapasalamat). Walang anumang negatibo tungkol sa Cristianismo. Ang Cristianismo ay liwanag. Mismong si Cristo ay Liwanag. Samakatuwid, ang tunay na Cristianong mensahe ay hindi naglalaman ng bagay na madilim (1 Juan 1:5).

**ANG PAGTATAGUMPAY SA KAPAITAN AT "HINDI PATAS"**

- Magpasalamat… Panatilihin ang Awit sa Iyong Puso.
- Piliin na Hindi Patigasin ang Iyong Puso, sa pamamagitan ng Biyaya.
- Magpatawad, Lubos na Pakawalan ang Lahat ng mga Nakatisod sa Iyo.
- Unawain Kung Gaano Rin Natin Nasaktan ang Iba.
- Huwag Ipaghiganti ang Sarili (Kaw. 24:29)
- Sanaying Mag-isip ng Mahabaging Kaisipan sa Mga Nakasakit sa Iyo.
- Magsalita ng Magagandang Bagay sa Iba Tungkol sa mga Nakasakit sa Iyo.
- Ipanalangn ang Mga Nakasakit sa Iyo.
- Makita Mo na ang Dios ay may Dinesenyong Pagpapala sa Bawat Kawalan ng Katarungan.
- Tandaan: Ipagtatanggol Ka ng Dios – sa Madali o Malayong Panahon
- Si Jesus ay Nagdusa ng Kawalan ng Katarungan – Hindi Tayo Higit sa Kanya.
- Tanggapin Ang Bawat Bagay na Pinapadala ng Dios bilang Higit pa sa Patas.
- Ilapat ang Mentalidad: "Hindi Tayo Karapat-dapat Kung Ano ang Meron Tayo."
- Huwag Ikumpara ang Sarili sa Iba at Umasa nang Higit



## PAGHATOL PATUNGO SA BUHAY

Ano ang iyong konsepto ng paghatol? Ano ang iniisip mo kapag merong bumabanggit ng paghatol o paghatol ng Dios? Karaniwan tayo ay naaapektuhan sa negatibong paraan. Ang mismong salita ay para bang nagdadala ng mabigat na parusa, kaparusahan, at galit mula sa kamay ng Dios. Bagamat maaari itong mangahulugan ng anuman sa mga ito, ang mas higit na kahulugan ng salita ay maaaring makatulong upang maging malinaw ang mga negatibong kamaliang ito.

### Ang Bawat Isa ay Hahatulan

Ginawang malinaw ng Dios na lahat ng sangkatauhan, mabuti, o masama, ay kailangang hatulan at walang makakatakas. "Hinahatulan n'yo nang matuwid ang mga tao sa bawat bansa, at wala kayong kinikilingan" (Awit 9:8). "Dahil tiyak na darating siya upang hatulan ang mga tao sa mundo batay sa kanyang katuwiran at katotohanan" (Awit 96:13). "Kayo ang matuwid na hukom, at sa araw-araw ay ipinapakita n'yo ang inyong galit sa masasama" (Awit 7:11). Nananatili pa rin ang tanong, ano ang ibig sabihin natin na "hatulan"?

1.) DUWN (doon)—ay Hebreong salita na nagpapahiwatig ng "paghatol." Ito ay nangangahulugan na mamahala; humatol bilang reperi sa laro; magsikap parang sa batas; makipagtalo; isagawa; hatulan; magbigay ng kahatulan; ipagtanggol ang pinaglalaban.

2.) SHAPHAT—ay isa pang Hebreong salita na ginagamit upang ilarawan ang paghatol. Ang ibig sabihin nito: humatol; magdeklara ng sentensya (pabor o laban); ipagtanggol o parusahan; mangasiwa; litisin; maghiganti; maging tagahatol; makiusap; magpasiya; at mamahala.

3.) KRINO—ay isang Griegong salita na ginagamit sa Kasulatan upang ilarawan ang lawak at aksyon ng paghatol. Ito ay nangangahulugan: na makilala, magpasiya sa isip o sa hukuman. Ang implikasyon nito: litisin, hatulan, parusahan; maghiganti; kwestiyunin; o sentensyahan.

**Hahatulan ng Dios ang Kasamaan sa Ating Mga Puso Ngayon Upang Tayo ay Maging Walang Kapintasan sa Araw ng Paghuhukom**

Sa mas buong kahulugan ng salitang paghatol, nakikita natin na ang paghatol ng Dios ay hindi laging kaso kung saan tayo ay matatagpuang may kasalanan para parusahan. Maaari itong mangahulugan na paghatol para sa paglilinis at pagpapawalang-sala. Ang layunin ng mga pagsubok ay upang makita kung ano ang nasa puso natin at alisin ang lahat na hindi katulad Niya na humahatol sa atin. "Tinitignan niya at sinisiyasat ang lahat ng tao" (Awit 11:4).

Upang masunod ang katuwiran, kailangan muna nating sumunod sa Kanya kung saan kabilang ang katuwiran (Dan. 9:7). Ang Matuwid na Hukom ng kalawakan ay sisiyasatin tayo ng Kanyang mga mata na nakikita ang lahat. Magpapadala Siya ng mga pagsusulit at pagsubok upang ang lahat ng natatagong kasamaan ay masala at mawala katulad ng kay Job. Sa panahon ng pagsasala, hindi natin nakikita ang dahilan ng pagsubok na iharap tayo na walang kapintasan sa harap Niya na Walang Kapintasan (Judas 1:24; Pahayag 14:5; Efe. 1:4). Ang pangunawa sa huling resultang ito ang tumutulong sa atin upang matanggap natin at salubungin ang matuwid Niyang paghatol sa ating mga buhay.

Ang malapit na pagsisiyasat sa Kasulatan ay naghahayag ng ilang pangunahing mga dahilan sa mga paghatol ng Dios sa lupa at sa ating mga personal na buhay. Ang mga layuning ito ay humahamon sa



teolohiya ngayon, ngunit kung yayakapin natin ang mga katotohanan ng Salita ng Dios, mararanasan natin ang katagumpayan na nilayon ng Dios para sa ating mga buhay sa pamamagitan ng paglilinis ng paghatol.

**ILANG MGA DAHILAN NG PAGHATOL**

- **Paghatol tungo sa Pagpapalaya**
- **Paghatol tungo sa Pagwawalang-sala**
- **Paghatol para Subukin**
- **Paghatol tungo sa Kabanalan**
- **Paghatol tungo sa mga Gantimpala**
- **Paghatol tungo sa Pag-ibig**
- **Paghatol tungo sa Kaluwalhatian**

PAGHATOL TUNGO SA PAGPAPALAYA — Nais ng Dios na tayo ay palayain mula sa maraming mga kaaway na pumapaligid at nagpapahirap sa atin. Ang ilan sa kanila ay nasa labas natin, ngunit marami ang nasa loob. Habang tayo ay hinahatulan ng Dios, hinihiwalay Niya ang mga mahalaga mula sa mga kasuklam-suklam sa ating mga buhay. "Sapagkat dinidisiplina ng Panginoon ang mga minamahal niya, at pinapalo niya ang itinuturing niyang mga anak" (Heb. 12:6-7). Ang tatlong kaibigan ni Daniel ay ginapos at tinapon sa mainit na pugon. Sinunog ng apoy ang lahat ng kanilang mga pagkagapos, ngunit sila ay hindi nahipo ng apoy o usok. Ang mga pagsubok na ating pinapasa ay naglalayon na sunugin ang ating mga pagkagapos. Sa pugon ng paghihirap, hinahatulan ng Dios at sinusunog kung ano ang hindi kanais-nais at humahadlang sa ating paglagong espiritwal, samantalang tayo ay lumalabas sa apoy na hindi nasaktan.

PAGHATOL TUNGO SA PAGPAPAWALANG-SALA — Nanalangin si David siya ay mapawalang-sala ng Dios sa harap ng kanyang mga kaaway at maghari sa kanyang pabor. "Patunayan n'yo, O Dios, na ako'y walang kasalanan, at ako'y inyong ipagtanggol sa mga hindi matuwid. Iligtas n'yo ako sa mga mandaraya at sa masasama" (Awit 43:1). "Siya ang humahatol; kundo sino ang ibababa at kung sino ang itataas" (Awit 75:7). Ang paghatol ay naghihiwalay at kumikilala sa atin sa mga masama na nakapaligid sa atin. Si Jeremiash ay inihiwalay mula sa kanyang mga kapatirang hindi maka-Dios (Jer. 15:17). Kailangang itama muna ng Dios ang Kanyang Iglesia bago hatulan ang sanlibutan (cf. 2 Cor. 10:6; 1 Ped. 4:17; Kaw. 16:7). Sasawayin ng Dios ang ating mga kaaway pagkatapos na matupad ang Kanyang gawain sa atin.

PAGHATOL PARA SUBUKIN — Nagdadala ng paghatol ang Dios sa Kanyang bayan upang sila ay subukin. "Alalahanin Ninyo kung paano kayo ginabayan ng Panginoon na inyong Dios sa paglalakbay ninyo sa disyerto … at sinubok niya kayo" (Deut. 8:2). Sinubok ng Dios si Job at Siya ay nagkaroon ng kumpiyansa sa karakter ni Job, at sa kinahinatnan ng pagsubok. Si Job ay hinatulan upang maging tapat! Si Abraham ay hinatulan upang maging tapat nang laan niyang binigay ang pinakamahalaga niyang pag-aari, si Isaac.

PAGHATOL TUNGO SA KABANALAN— Ang mga paghatol ng Dios sa ating buhay ay nagpupuwersa sa atin na piliin ang daan na gusto nating tahakin, at ang daang ito ay nagdadala sa isang lugar. Isang daan ang humahantong sa kabanalan, ang iba sa daan na may halo at karumihan. "Ang masama ay magpapakasama pa, at ang marumi ay magpapakarumi pa. Pero ang matuwid ay magpapakamatuwid pa, at at ang banal ay magpapakabanal pa" (Pah. 22:11; Kaw. 4:18). Ang isang daan ay pabuti nang pabuti, mula sa katuwiran patungo sa kabanalan. Ang ibang daan ay pasama nang pasama, mula sa kawalan ng katuwiran tungo sa karumihan.



Sa ating tugon sa mga paghatol ng Dios sa ating mga buhay, pinipili natin ang isang partikular na daan (Deut. 30:19). Pinipili natin ang buhay o kamatayan sa ating pagtanggap o pagtanggi sa mga isyu na hinaharap Niya sa atin. Kung tayo ay magpapasakop sa mga matuwid na paghatol ng Dios sa ating mga buhay, tayo ay madadala sa mga daan ng katuwiran. Nawa sabihin natin tulad ng Mangaawit, "Ngunit ako'y namumuhay nang matuwid, kaya iligtas n'yo ako at inyong kahabagan" (Awit 26:11). "Ngunit alam niya ang ginagawa ko. Pagkatapos na masubukan niya ako, makikita niyang malinis ako tulad ng lantay nag into" (Job 23:10).

PAGHATOL TUNGO SA MGA GANTIMPALA — Isa pang layunin para sa paghatol ng Dios at pagpapakumbaba sa ating mga buhay ay upang tayo ay madala sa mayamang mana sa walang hanggan. Inaasam ng Dios na itaas ang mga tapat na nagbata sa Kanyang matuwid na mga pagsala at paghatol (tignan ang 1 Ped. 5:6). "Sa gayo'y lalong pinagpala ng Panginoon ang mga huling araw ni Job ng higit pa kaysa sa dati" (Job 42:12). Si Jose ay pinagpala rin ng dobleng bahagi sa katapusan ng kanyang mga pagsubok (Gen. 48:2; Eze. 47:13). Ang paghatol ay dumating kay Jose at Job, ngunit sa huli sila ay pinagtanggol ng Dios sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng dobleng mana.

Ang Kasulatan ay napakalinaw tungol sa gantimpala ng matuwid, "Hindi n'yo ba alam na tayo ang hahatol sa mga anghel? At kung k aya nating gawin ito, mas lalong kaya ninyong ayusin ang mga alitan sa buhay na ito?" (1 Cor. 6:3). Ngunit una munang hahatulan ng Dios ang kasamaan sa ating mga puso bago Niya tayo italaga na hatulan ang mundo at ang mga rebeldeng anghel (1 Cor. 11:31, 32; 2 Cor. 10:6).

PAGHATOL TUNGO SA PAG-IBIG – Ilang taon na ang nakaraan, isang debotong Cristiano ang nanalangin: "Panginoon, tulungan mo kami kung paano makitungo sa buong katawan ni Cristo." Ito ay

panalangin na isinilang ng Banal na Espiritu, sa proseso ng paghatol sa mga pagtatangi, mga akala, at suspisyon sa ating mga isipan na naghahati at naghihiwalay sa atin sa ibang mga mananampalataya.

*"Huwag humatol upang hindi kayo hatulan!"* Ang tinubos na isipan ay nagsusulong ng pagkakaisa at pag-ibig para sa mga kapatiran, ngunit ang natural na isip ay naghihiwalay sa atin sa iba. Kailangang hayaan natin ang Dios na hatulan ang ating natural na isip– ang ating mga kagustuhan, pagtatangi, at mga tradisyon. Ang natural na isip ay mortal na kaaway ng pagkakaisa at pag-ibig para sa mga kapatiran. Nawa ay tulutan natin ang Dios na sunugin ang anumang natitirang kahinaan ng ating natural na isip. Ito ay gagawin Niya habang tayo ay Kanyang hinahatulan.

PAGHATOL TUNGO SA KALUWALHATIAN – Isa pang layunin ng paghatol ay upang makita natin Siya – ang Panginoon ng kaluwalhatian. Pagkatapos ng pagtitiis sa mga apoy ng Dios, nasabi ni Job, "Noon ay naririnig ko lang po sa iba ang tungkol sa inyo, pero ngayon ay nakita ko na kayo" (Job 42:5). Nadeklara niya ito pagkatapos ng ilang pangunahing kapintasan (na nakatakip sa paningin niya ng Panginoon) na hinatulan sa kanyang buhay. Ang kinahitnatnan ng paghatol ng Dios sa atin ay upang makilala natin Siya. Kailangang hatulan ng Dios yung mga bahagi ng pagkabulag na humahadlang sa atin upang makita kung ano ang nakikita Niya. Si Job ay napalaya lamang pagkatapos na makita niya kung ano ang nakita ng Dios sa kanya.

Nawa ay bigyan tayo ng Dios ng katapangan at biyaya na pumasok sa lugar ng paghatol ng Dios kung saan tayo ay susubukin ngunit hindi nawawasak, tulad ng tatlong Hebreo sa mainit na pugon. Nawa ay masabi natin pagkatapos ng lahat ng ating mga pagsubok, tulad ng sinabi ng Kapitan ng ating kaligtasan, "Dumarating na si Satanas na siyang naghahari sa mundong ito. Wala siyang kapangyarihan sa akin" (Juan 14:30).



**"Hinayaan n'yo kaming mahulii sa bitag at pinagpasan n'yo kami ng mabigat na dalahin. Pinabayaan n'yo ang aming mga kaaway na tapakan kami sa ulo; parang dumaan kami sa apoy at lumusong sa baha. Ngunit dinala n'yo kami sa lugar ng kasaganaan.**
**Awit 66:11-12**

## MGA PROBLEMA SA PUSO

Kapag tayo ay may problema sa ating puso, maaaring malinaw na sabihin sa atin ng Dios kung ano ang Kanyang nakikita. Ngunit tayo ba ay makukumbinsi nang malalim sa ating kaloob-looban? Karaniwan isang matinding pagsubok ang makakapaglabas ng isang malalim na problema at ipakita ang pangit nitong ulo (cf Gawa 28:3). Tayo ay nakukumbinsi lamang ng ating problema pagkatapos na ito ay lumabas sa ating bibig sa pana-panahon. Ang ating problem ay maaaring matago nang husto at natutulog sa loob natin sa loob ng mga taon hanggang isang mainit na pagsubok at kakaibang mga sitwasyon ang magpalabas nito. Halimbawa, ang pagsubok ni Job ay tumatagal ng ilang buwan hanggang lumabas sa ibabaw kung ano ang nasa kalaliman ng kanyang puso at ito ay nabulalas niya mula sa kanyang bibig nang ilang beses. Sa gayon, nakumbinse si Job ng kanyang pangangailangan! Binalaan ng Panginoon si Pedro, "Itatanggi mo Ako ng tatlong beses." Masidhing nakipagtalo si Pedro sa Panginoon na

hindi ito ang nasa kanyang puso. Kahit ang Panginoon ay hindi siya makumbinse. Samakatuwid, kailangang lumayo ang Panginoon at hayaan ang mga karanasan ang magpakumbinse sa kanya. Likas sa puso ng tao na makipagtalo sa Dios – higit pa sa ating alam!

## ANG ATING PUSO AY ISANG HARDIN

Nang itinanim ng Dios ang Hardin ng Eden, tinanim din Niya ang hardin sa loob ng tao. Ang ating puso ay kadalasang hinahalintulad sa hardin ng Salita ng Dios. Lalong dinadala ng Kasulatan ang ating atensyon kung ano ang tumutubo sa ating mga buhay at kung anong uri ng prutas ang namumunga sa ating kalooban. Kung ano ang hinahayaan nating matanim sa ating mga puso ay tiyak na magbubunga. Tunay na kung ano ang ating itinanim at siya nating aanihin. At magkakaroon ng bunga, hindi lamang mula sa itinanim sa ating mga puso, kundi kung ano ang ating itinanim sa puso ng iba, lalo na sa ating mga anak. Sa pamamagitan ng ating mga salita, gawa, at saloobin, tayo ay laging "nagtatanim. Ang kondisyon ng ating hardin ang pinakamahalagang pag-aari na meron tayo! Ano ang lumalago sa panloob na hardin ng ating mga buhay?

### Di-Magandang Lupa – Ang Napabayaang Puso ng Tumalikod

Sinabi ni Jeremias sa mga tao - "Baguhin n'yo ang inyong mga sarili na para bang nagbubungkal kayo ng inyong lupa na hindi pa nabubungkal. At huwag n'yong ihasik ang mabuti n'yong binhi sa mga damong matinik" (Jer. 4:3). Ang di-magandang lupa ay lupa na minsang gumawa at naging produktibo ngunit napabayaan. Ang lupa na naiwan sa kanyang sarili ay tumigas nang paulit-ulit at simulang tumubo ng mga tinik at dawag. Dahil sa kawalang-ingat at kapabayaan, ang mga puso ng bayan ng Dios ay tumigas at ngayon mga tinik at dawag ang tumubo sa halip na mabuting bunga. Ang di-



magandang lupa ay kumakatawan sa puso ng isang tumalikod na mananampalataya.

### Mga Tinik o Mga Halaman

Ang mga tinik at dawag ay kumakatawan sa mga gawa ng laman (Mk. 4:18, 19). Ang mga halaman, sa kabilang banda, ay kumakatawan sa bunga ng Espiritu. (Ang siyam na halaman na binanggit sa Awit ng mga Awit 4:12-14 ay kahalintulad ng siyam na mga bunga ng Espiritu sa Galatia 5:22-23). Pinagsabihan ni Pablo ang Hebreong mga mananampalataya tungkol sa pamumunga ng mga dawag at tinik sa kanilang mga buhay. Siya ay "kumbinsido ng mga mabuting bagay tungkol sa kanila" (Heb. 6:7-9).

### Bubunutin ng Ama Lahat ng Hindi Niya Itinanim

"Lahat ng halamang hindi itinanim ng aking Amang nasa langit ay bubunutin" (Mat. 15:13). May mga buto na tumutubo sa ating kalooban na hinasik maraming taon na ang nakaraan (mga ideya, impresyon, imahinasyon, pagdurusa, mga salita). Sa paglipas ng panahon ang mga ito ay lumago at naging malakas sa ating kalooban. Ang iba sa "mga butong" ito ngayon ay nagbubunga ng maling prutas. Ang ilang paglago at pagkagapos (katulad ng depresyon, kayabangan, at pagaalala) ay maaaring naroon ng matagal na talagang lumago hanggang malalaking puno na kailangang putulin.

### Bawat Maling "Puno" ay Kailangang Putulin

"Tandaan ninyo, ngayon pa lang ay nakaamba na ang palakol para putulin ang mga puno. Ang mga punong hindi namumunga ng mabuting bunga ay puputulin at itatapon sa apoy" (Mat. 3:10). Aang masamang mga pagtubong ito sa ating kaloob-looban ay kailangang putulin sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon at sa matinding

panalangin ng pamamagitan. Habang tayo ay nananalangin, pinuputol natin ang mga punong ito. Habang patuloy tayong nananalangin at hindi tumitigil, ang punong iyan ay babagsak. Ang mga punong ito ay kailangang putulin pabagsak dahil ang mga masamang ugat nila ay kumukuha ng sustansya sa ibang larangan ng ating hardin. At tandaan, kahit na ang isang puno'y naputol pabagsak mayroon pa ring tangkay, at ito ay maaari pa ring tumubo! Samakatuwid, kailangang hingin natin sa Dios na harapin ang mga ugat. Ang tanong ay – "Bakit sa una palang, ito tumubo sa aking puso? Anong klima ito lumago nang mabuti?

Nais ng Panginoon na sa bawat isa nating indibidwal na hardin ito ay "mabungkal at matamnan" (Eze. 36:9), hindi matigas. Nais Niya na bawat bahagi ng ating hardin ay maging maganda at namumunga. Habang ang mga bato ng rebelyon at katigasan ay maalis, sa huli, tayo ay maging tulad sa hardin ng Eden (Eze. 36:35). Nais ng Dios na ang hardin ng ating puso ay maging isang paraisong nadiligan nang mabuti (Jer. 31:12; Awit 1:3).

### Mag-ingat sa mga Ugat ng Kapaitan

Kung ano ang hinahasik natin sa ating hardin ay siya nating aanihin! Ano ang ating binubungkal at inaalagaan sa ating kalooban? Kung tayo ay nagtatanim ng mga butong makalaman tayo ay aani ng kapighatian. Ngunit kung tayo ay nagtatanim ng mga espiritwal na buto tayo ay aani ng buhay. Kung ang pinakapiling buto ng Salita ng Dios ay natatanim nang malalim sa ating mga puso, ang pinakamainam na bunga ng Espiritu ang tutubo. Ngunit kailangan ng panahon at paglago para magkaroon ng bunga. Sabi ni Pablo, tayo ay aani kung tayo ay hindi manghihina (Gal. 6:9). Ngunit mag-ingat: dahil kung ang hindi pagkakasundo at tsismis ang tinatanggap ng isang matabang lupa, ang bunga nito ay kapaitan. Ang kapaitan ay isang halaman na maaaring tumubo sa magdamag (Heb. 12:15; Kaw. 6:19). Kung ang



ugat ng kapaitan ay hindi kaagad naharap, ito ay patuloy na lalago hanggang ang ating buong hardin ay nalusob at nawasak!

Hindi maaaring maglakas-loob ng mga magulang na hayaan ang kanilang mga puso na matisod, pagkatapos ay punahin ang iglesia at ang pastor. Yun din ang magtatanim ng parehong buto sa mga mapaniwalang puso ng kanilang mga anak. Kukunin din ng inyong mga anak ang inyong kasalanan at malungkot na tatalikod sa Panginoon. Mga magulang, bantayan ninyo ang inyong mga sarili laban sa mga negatibong tono at kritisismo laban sa iglesia, sa pamunuan, at mga espiritwal na bagay sa kabuuan. Ito ay maaaring magligtas sa inyong tahanan at mga anak. Ang mga magulang na magalang ay lumilikha ng parehong respeto sa kanilang mga anak. Ayon sa Genesis 1:21-25, 5:3, tayo ay nagpaparami eksakto kung ano tayo. Tunay, aanihin natin ang bunga kung ano ang ating itinatanim!

### Ang Uri ng Puso na Nais ni Cristo na Pasukin

Sa Awit ng mga Awit 4:12-16, 5:1 ay isang larawan ng hardin na nais ng Panginoon na pasukin. Pansinin muli na ang siyam na halaman ng 4:12-14 ay kahalintulad sa siyam na mga bunga ng Espiritu na binanggit sa Galatia 5:22-23. Ito ang nais ng Panginoon na lumalago sa kalooban ng bawat mananampalataya. Ang lahat ng mga tinik, bato, katigasan, at ibang masamang pagtubo ay kailangang bunutin. Hayaan ang Dios na tanggalin ang mga pagkakamali kapag ang inyong lupa ay malambot at basa sa pananatili sa Kanyang presensya. Ang ibang malalim na inugutang mga problema ay maaaring kailanganin ng higit pang panahon at ibang mahabang "paggupit.".

Awit ni Solomon 5:1: "Nasa hardin ako ngayon," ay tumutukoy sa bagong pasukan ng Panginoon sa buhay ng taong nagbigay ng masipag na atensyon sa kanyang hardin. Hayaan ang Dios na baligtarin at bunutin bawat larangan ng iyong buhay na hindi kalugod-lugod sa

Kanya upang Siya ay makapagtanim ng bagay na banal sa lugar na iyon. Manalangin na bawat bahagi ng iyong hardin ay magbunga ng mabuting bunga at magdala ng mabangong samyo sa Kanya.

Sa panahon ng pagsubok ni Job, binaligtad ng Panginoon ang ibang bagong larangan ng buhay ni Job. Binaba ng Dios ang Kanyang araro nang malalim sa kanyang puso, at nilantad ang mga lumang bato at ugat sa liwanag ng araw. Nang matapos na ang Dios sa Kanyang gawa, gumawa Siya ng bagong pasukan sa buhay ni Job. Ang kaloob-loobang buhay ni Job at kahanga-hangang paraiso sa Panginoon.

**Ang Bunga ng Bibig / Mga Kaisipan**

Ang aklat ng Kawikaan ay kadalasang nangungusap sa kapangyarihan ng dila (Kaw. 12:14, 18:20, 21). Ang ating bibig ay patuloy na nagtatanim ng isang bagay sa puso ng iba – mabuti o masama. Kaya, ang ating bibig ay nagpapakita ng bunga! Isipin mo ito – ang ating bibig ay laging nagtatanim ng mga buto. Umaasa ako na hindi tayo nagkakasala ng paghahasik ng di-pagkakasundo. Ang mga isipan din natin ay nagdadala ng bunga (cf. Jer. 6:19). Ang mga kaisipan ay nagiging mga salita at nagdadala ng bunga.

Nawa hayaan natin ang ating Makalangit na Asawang Lalaki na putulin sa ating mga puso ang bawat bagay na labis (Juan 15:1-3)! Kapag may mabuting bunga sa ating mga buhay, ibabahagi ng Dios ang bungang iyon sa lahat ng lugar. “Darating ang araw na ang mga mamamayan ng Israel na lahi ni Jacob ay nagkakaugat tulad ng halaman. Magkakasanga ito, mamumulaklak, at mamumunga ng marami at pupunuin ang buong mundo” (Isa. 27:6).

"Sapagkat kung papaanong tiyak na sa lupa tumutubo ang mga binhi, ang tagumpay at katuwiran naman ay tiyak na manggagaling sa Panginoong Dios, at pupurihin siya ng mga bansa” (Isa. 61:11). Upang ang katuwiran at papuri ay umusbong sa lahat ng mga bansa, may isang



kailangang pumunta sa mga bansa at magtanim ng banal na binhi sa puso ng marami. Hingin sa Dios na magbungal ng napakabuting bunga sa iyong hardin, upang maitanim mo ang parehong mga binhi sa mga bansa kung saan ka tinawag (Awit 126:6).

BUOD – ANG HARDIN NG ATING PUSO

- Ang ating puso ay isang hardin. Mula sa hardin ng ating puso ay sisibol ang lahat ng bunga – mabuti man o masama.
- Nais ng Dios na alisin lahat ng mga bato (katigasan at paglaban), at mga tinik (mga gawa ng laman).
- Mayroon tayong mga problema sa puso (mula sa mga bagay na itinanim sa ating mga puso) at kadalasan hindi natin ito alam.
- Kahit pa sinasabi ng Dios ang tungkol sa ating pangangailangan, hindi tayo kumbinsado. Ang karanasan ang dapat magkumbinse sa atin.
- Ang ibang mga bagay ay matagal na tumubo sa ating mga puso na kailangan silang putulin tulad ng mga puno (Mat. 3:10).
- Ang matigas na lupa ay lupa na napabayaan, naging matigas at puno ng mga dawag at tinik (Jer. 4:3).
- Ang maling mga halaman sa ating hardin ay nag-aalis ng sustansya mula sa mga ibang mabuting tanim. Kailangan silang alisin.
- Ang ugat ng kapaitan ay maaaring tumubo magdamag (Heb. 12:15). Ang ating mga puso ay kailangang patuloy na mabantayan.
- Inaani natin kung ano ang hinahayaan nating matanim sa ating hardin, at kung ano ang pinahihintulutan nating mahasik sa puso ng ating mga anak.

- Tayo ay laging nagtatanim sa pamamagitan ng ating mga ugali, salita, gawa, at pagbubulay.
- Ang paghahasik ng dibisyon ay sumisira at naghihiwalay ng maraming pagkakaibigan. Ito ay kinamumuhian ng Dios. (Kaw. 6:16-19).
- Ang siyam na halaman ng Awit ni Solomon 4:12-16 ay sumasagot sa siyam na mga bunga ng Espiritu sa Galatia 5:22-23.
- Nais ng Panginoon na pumunta sa isang hardin (Awit ng mga Awit 4:12-16) at ibahagi ang mga bunga sa iba. (5:1)
- Kapag may mabuting bunga sa ating mga buhay, nanaisin ng Dios na ibahagi ang bungang ito sa maraming lugar. (Isa. 27:6)
- Nang natapos ang Dios sa hardin ni Job, nakagawa Siya ng bagong pasukan sa kanyang buhay.
- Naibahagi ng Dios ang bunga sa hardin ni Job sa buong mundo sa loob ng libong mga taon.
- Nais ng Dios na bawat bahagi ng ating hardin ay mabungkal at maging produktibo at maging katulad ng Hardin ng Eden. (Ezek. 36:9, 35)
- Ang katuwiran at papuri ay maaari lamang matanim ng mga tao na mayroon ito sa kanilang mga puso. (Isa. 61:11)



## ANG KARAPATAN NG PANGANAY

### Ang Dobleng Pagpapala

Sa Kasulatan ang panganay na anak ay nagmana ng espesyal na mga pribilehiyo. Ang posisyon ng panganay ay may dakilang parangal at responsibilidad. Kapag wala ang ama mayroong siyang kapamahalaan sa kanyang mga kapatid, katulad ng pagsasalarawan sa Genesis 37:20-30. Gayundin, ang panganay or matandang kapatid na lalaki ay may mataas na paggalang mula sa nakababatang mga kapatid. Nang ang mga anak ni Jacob ay nagplano laban sa kanilang nakababatang kapatid na si Jose, ito ang tinig ni Ruben na panganay na nagligtas kay Jose mula sa kamatayan (Gen. 37:21-22).

Ang panganay ay mayroon ding mga espesyal na responsibilidad, dahil siya ay magsusulit at sasagot sa kanyang ama para sa kapakanan ng kanyang nakababatang mga kapatid na lalaki at babae. Lubhang naligalig si Ruben nang siya ay hindi matagumpay na bumalik sa balon kung saan kinuha si Jose. Umiyak siya na may takot, “Hindi ko makita si Jose, paano ko haharapin ang aking ama” (Gen. 37:29-30).

Hindi lamang mataas ang ranggo na pumapangalawa sa kanyang ama ang panganay, sa kamatayan siya ang pumapalit sa kanyang ama bilang pinuno ng tahanan at tumatanggap ng bahagi ng dobleng pamana (Deut. 21:15-17).

*Tinatanggap ng Mga Panganay ang Kaharian*

Binibigyan ng kaibahan ng 2 Cronica 21:1-3 ang mga panganay na anak at kanilang mga anak. Hinati ni Haring Jehoshaphat ang kanyang pamana sa mga sumusunod: Lahat ng kanyang mga anak ay binigyan ng malalaki at magagarang mga kaloob, ngunit para sa kanyang panganay na anak na si Jehoram, siya ay binigyan ng

kaharian. Mayroong malaking pagkakaiba sa pagitan ng magagandang mga handog, at pagtanggap sa trono. Ang trono ay para sa mga hari! At bagamat lahat ng mananampalataya ay tinawag to maging mga hari at saserdote (Pah. 5:9-10; Exo. 19:6), mayroong dalawang dahilan na hindi maging kwalipikado ang isang mananampalataya sa pagiging hari at saserdote – (basahin ang 1 Samuel 15:23; Hosea 4:6).

*Mga Mahahalagang Tanda ng Panganay*

- **Kapangyarihan at Kapamahalaan sa kanyang mga kapatid**
- **Dignidad, kamaharlikaan, paggalang**
- **Responsibilidad para sa nakababatang mga kapatid na lalaki at babae**
- **Pinuno ng tahanan kapag wala ang ama**
- **Dobleng bahagi ng pamana**
- **Mga karapatan ng pagiging hari at pagiging saserdote**

Ang mensahe ng pagiging panganay ay isa ring malakas na tema ng Bagong Tipan, at ito ay espesyal na makikita sa pinahirang mga sulat ni Apostol Pablo. Si Cristo ay nahayag bilang Panganay ng maraming magkakapatid, Panganay ng nilikha, at ang Panganay laban sa kamatayan. Ngunit sa Hebreo 12:23, tinutukoy ni Pablo sa “Iglesia ng mga panganay.” Sa orihinal na Griyego ang panganay ay marami. Kung gayon, may espesyal na grupo ng mga mananampalataya na panganay sa kanilang mga kapatid.

- Roma 8:28-29 – Si Cristo ang “panganay sa maraming magkakapatid” (cf. Awit 89:27). Si Jesus ang ating Matandang Kapatid na Lalaki. Mayroong Siyang kapamahalaan at kapangyarihan sa atin, ang Kanyang mga nakababatang mga kapatid na lalaki at babae. Siya ang ulo ng Iglesia. Siya ay ginagalang at kinatatakutan.



- Colosas 1:15-17 Si Cristoo ang panganay ng bawat nilikha. Hindi lamang Siya panganay sa maraming magkakapatid at ang ulo ng Iglesia, Siya rin ay may kapangyarihan at kapamahalaan sa buong nilikha at kalawakan, dahil nilikha Niya sila. Ang Kanyang pangalan ay nasa ibabaw ng bawat pangalan (Fil. 2:9-11; Mat. 28:18). Mayroon Siyang kapamahalaan sa lahat ng mga tao, mga anghel, mga pinuno at kapangyarihan. Siya ang Hari ng lahat ng hari, at Panginoon ng lahat ng panginoon.

- Colosas 1:18, Pahayag 1:5— Si Cristo ang “panganay mula sa sa patay.” Si Jesus ang may kumpletong kapangyarihan at kapamahalaan laban sa kamatayan. Ang kamatayan ay takot sa Kanya at lumuluhod sa Kanya. Si Jesus ang Pagkabuhay na Muli at ang Buhay, at mayroong mga susi ng kamatayan at impiyerno (Pah. 1:18; Juan 11:25).

- • Hebreo 12:22-23 – “Ang Iglesia ng mga panganay.” Narito ang grupo ng matapat na mga mananampalataya na umakyat sa Bundok ng Zion at ang panganay sa mga magkakapatid. Sila ay pinagkalooban ng dobleng bahagi ng Espiritu ng Dios.

**ANG DOBLENG BAHAGI**
**Binigay sa Iglesia ng mga Panganay**

Sa Hebreo12:22-23, binabanggit ni Pablo ang isang espesyal na grupo ng mga panganay na lubos na nakaakyat sa Bundok ng Sion. Mayroong Bundok ng Sion sa Jerusalem sa lupa, at mayroong Bundok ng Sion sa Bagong Jerusalem sa langit (cf. Pah. 14:1-5; 21). Ang Sion sa lupa ay simbolismo ng Sion sa langit. Nagapi ni Haring David ang maliit na burol na ito, nilagay ang tolda dito, at inilagay ang kaban ng

tipan doon (2 Sam. 5:7; 1 Cron. 11:5; 15:1, 16:1). Mula noon ang Bundok ng Sion ay naging mahalaga at naging banal na burol. Ang kaban ng tipan, na kumakatawan sa presensya ng Dios at kaluwalhatian, ay nanatili sa ibabaw ng burol at ito ang naging dahilan upang ito ay maging banal. Ang Banal na Dios ay naroon.

Si Haring David at ang iba ay tinukoy ang Sion sa maraming okasyon sa Mga Awit at kung saan pa. Ang Sion ang tirahan ng Dios (Awit 132:13; 87:2; 2:6). Ngunit ang Banal na Espiritu ay nagpalabas ng hamon sa pamamagitan ni David na sinasabi, "Sino ang aakyat sa burol ng Panginoon, o sino ang tatayo sa Kanyang banal na dako?" "Panginoon, sino ang mananatili sa Inyong tabernakulo" sino ang mananahan sa Inyong banal na burol?" Tignan (Awit 15:1-5; 24:3-5). Kung gayon, mayroong mga mataas na kwalikipasyon na kailangang maabot para makaakyat at manatili sa banal na burol na ito. Sila na umaakyat sa bundok na ito ay may mga espesyal na pribilehiyo at nagiging tagapagligtas (Obadia 1:17, 21). Ang Sion ang lugar ng dobleng bahagi, ang tirahan ng mga panganay. Kung gayon, masasabi natin na si Job ay lalaki na umakyat sa bundok na ito sa espiritwal, dahil si Job ay lalaki na may dobleng bahagi.

Sinasabi sa atin ng Hebreo 12:22-23 na sila na umakyat sa burol ng Sion at natupad ang mga kwalipikasyon ang mga panganay. Sa Bundok ng Sion ay ang pagtitiponb ng mga panganay. Sa parehong kapitulo (Heb. 12:16-17 makikita natin ang seryosong babala sa mga mananampalataya ng Bagong Tipan na huwag ibenta ang kanilang pagkapanganay tulad ni Esau. Marami ang tinawag na umakyat sa mataas na abundok na ito ngunit konti ang pinili. Marami ang tinawag na maging panganay at magkaroon ng dobleng bahagi, ngunit konti ang nagiging kwalipikado. Tandaan, isang bagay ang pumunta sa Bundok ng Sion tulad ng sinasabi sa Hebreo 12:22, ngunit ibang bagay ang umakyat at manatili doon. Nawalan ng bisa ang pagiging



panganay ni Ruben dahil sa kanyang kawalan ng katatagan sa moralidad at kabuktutan (1 Cron. 5:1-2).

**Kung gayon, mayroong ibang sa bayan ng Dios na pinipili ng Dios na maging mga panganay sa magkakapatid. Sila ay magkakaroon ng dobleng pamana, isang dobleng bahagi ng Espiritu ng Dios, at dobleng karangalan. Sila rin ay magkakaroon ng dobleng responsibilidad para tignan ang kapakanan ng kanilang nakakabatang mga kapatid na lalaki at babae. Ikaw ba o ako ay magiging panganay? Masusunod ba natin ang mga pamantayan o kailangan pang maghanap ang Dios ng iba? Nais kong magbigay ng ilang halimbawa ng mga lalaki na naging panganay sa kanilang mga kapatid, at mga dahilan kung bakit sila pinili.**

## MGA HALIMBAWA NG MGA PANGANAY

## JOB

***"Pagkatapos maipanalangin ni Job ang kanyang mga kaibigan, muli siyang pinaunlad ng PANGINOON at dinoble pa niya ang dating kayamanan ni Job." 42:10***

Si Job ay lalaki na may dobleng bahagi. Siya ay tunay na panganay sa kanyang mga kapatid. Sinabi ng Panginoon, "Wala siyang katulad sa buong mundo. Matuwid siya at malinis ang pamumuhay. May takot siya sa akin at umiiwas sa kasamaan" (Job 1:8). Binibigay ng Dios ang dobleng bahagi sa mga lalaki at babae na mabuting halimbawa, na pwedeng gayahin ng iba. Naghahanap ang Dios ng mga tao na may dalisay na kalidad, mga taong ang buhay ay maaari Niyang paramihin sa marami pang iba. Kapag nakakahanap ang Dios ng taong nasunod ang mga kwalipikasyon, sasabihin Niya, "Ngayon, narito ang isang magandang halimbawa. Gusto ko na marami pang iba ang maging

katulad niya." Kukunin Niya ang taong ito at gagawin Niyang katulad sa buhay ng iba. Gagawin Niya ang taong ito na panganay na kapatid sa marami. Samakatuwid, bibigyan Siya ng Dios ng ekstrang bahagi ng Kanyang Espiritu upang dalhin ang karagdagang responsibilidad ng pagiging panganay ng kanyang mga kapatid.

*Ang Tahanang Nasa Kaayusan*

Ang mga prayoridad ni Job ay nasa tamang pananaw. Nagpatotoo ang Dios tungkol sa mahusay na karakter ni Job sa kapitulo 1:1, ngunit sa susunod na apat na talata naunawaaan natin ang dahilan kung bakit may malaking respeto ang Dios sa kanya (1:2-5). Si Job ay taong may malasakit sa pamilya! Nais niya na laging malaman kung nasaan ang kanyang mga anak, at kung ano ang kanilang ginagawa. Naobserbahan natin sa paglipas ng mga taon na ang lalaking nabibigo bilang ama sa natural, ay nabibigo rin bilang espiritwal na ama. Ito ay kinukumpirma ng Salita ng Dios na nagsasabi: "Sapagkat kung hindi siya marunong mamahala sa sariling pamilya, paano siya makakapangasiwa nang maayos sa iglesya?" (1 Tim. 3:4-5). Ang unang kwalipikasyon sa pagkakaroon ng mga espiritwal na posisyon ay isang tahanang nasa kaayusan (1 Tim.3:1-7; 3:12; Ti.1:5-9). Kung tayo ay nabibigo sa mga natural na bagay – (buhay may asawa, mga anak, paggamit ng salapi, walang katapatan sa sekular na trabaho) hindi rin tayo magiging kwalipikado sa espiritwal na promosyon. Ang paraan ng paghawak natin sa mga natural na gawain ay nagpapahiwatig kung paano tayo kikilos sa espiritwal (Luc. 16:10-12).

Samakatuwid, ang unang kwalipikasyon ng pagiging panganay sa maraming kapatiran, ay isang tahanan na may kaayusan at payapa. Kailangang makita ng Iglesia bilang pamilya na ang Cristianismo ay totoong kumikilos sa tahanan ng kanilang espiritwal na lider. Ang Iglesia ay simpleng koleksyon ng mga pamilya. Kung ang



Cristianismo ay hindi nangyayari sa tahanan, hindi rin ito mangyayari sa iglesia.

Hindi lamang si Job na mabuting halimbawa para sa mga asawang lalaki at mga ama, sensitibo rin siya sa mga pangangailangan ng mahirap at nahihirapan (Job 29:12-17; 31:13-22). Si Job ay dalisay sa moralidad, na binabantayan nang maingat ang kanyang mga mata at emosyon (31:1-12). Siya ay lalaki ng pangitain at alam ang kanyang tadhana. Alam niya kung saan siya papunta dahil siya ay may direksyon at mga pangako mula sa Dios (19:25-27). Si Job ay naglingkod sa Dios, hindi para sa mga benepisyo, kundi dahil mahal niya ang Dios. At siya ay nagkaroon ng kapamahalaan laban kay Satanas sa pamamagitan ng salita ng kanyang patotoo nang kanyang idineklara, "Ang Dios ay nagbibigay at nag-aalis; pagpalain ang pangalan ng Panginoon," bagamat nawala ang lahat sa kanya. Si Job ay lalaki na nilinis sa pagiging makatuwiran sa kanyang tingin sa sarili, at natuto na huwag hanapan ng pagkakamali ang Dios. Ang buod ng buhay ni Job ay nagpapakita kung ano ang hinahanap ng Dios sa isang tao na magiging panganay.

**JOB—(Mga Katangian na Makikita sa mga Panganay)**

- **Isang lalaki na ang tahanan at pamilya ay may kaayusan, mabuting halimbawa sa mga asawang lalaki at mga ama.**
- **Isang lalaki na sensitibo sa mahirap at nahihirapan.**
- **Isang lalaki na may dalisay na mga motibo na naglingkod sa Dios dahil mahal Siya, hindi para sa pansariling kagustuhan.**
- **Isang lalaki ng pangitain at layunin. (Ito ay nagtutulak sa kanya upang mamuhay ng banal na buhay.)**
- **Isang lalaki na dalisay sa moralidad na iniingatan ang mga mata at emosyon, may takot as Dios.**
- **Isang lalaking maamo, nilinis mula sa lahat ng paratang laban sa Dios at ng "hindi patas" na kondisyon.**



## ELISEO—ISA PANG PANGANAY

**"Sumagot si Eliseo, "Gusto kong ipamana mo sa akin ang dobleng bahagi ng iyong kapangyarihan. 2 Hari 2:9**

Tumitingin tayo sa buhay ng ilang tao sa Kasulatan na nagmana ng pagpapala ng panganay. Si Eliseo ay isa pang klasik na halimbawa. Si Eliseo ay hindi anak na nagmana ng pagpapala mula sa natural na ama, kundi mula sa espiritwal na ama – si Elias. Si propetang Elias ay maraming espiritwal na mga anak. Nagtindig siya ng maraming kabataang lalaki na kalaunan ay magiging mga propeta sa bansa. Si Eliseo ay isa sa mga anak na iyun at isa siya sa maraming kabataang kapatiran na magkakabarkada.

Si Eliseo ay isang lingcod! Siya ay masipag, matatag, at tapat. Makikita natin siya na nagtatrabaho sa bukirin na may pamatok ng labingdalawang baka kung saan siya ay unang binanggit sa Kasulatan (tignan ang1 Hari 19:19). Hindi hinayaan ni Eliseo ang pagkainip at walang ginagawa sa kanyang buhay. Siya ay taong may layunin.

Bukod pa roon, napagwagihan niya ang pagsubok ng oras. Pagkatapos na matanggap ang pagkatawag ng Dios, agad niyang iniwan ang nakaraan at nilaan ang sarili sa paglilingkod sa kanyang among si Elias bilang utusan sa loob ng maraming taon (2 Hari 3:11). Laan si Eliseo na kunin ang mababang lugar habang nagpapasakop sa mga pagsasanay at disiplina ng kanyang espiritwal na ama. Gayundin, napagtagumpayan niya ang mahabang panahon ng tagtuyot nang walang nangyayaring kapana-panabik.

Si Eliseo ay mas marunong kaysa ibang kapatiran, na nanatiling malapit sa kanyang espiritwal na ama. Hindi nagkamali si Eliseo na maraming espiritwal na anak ay nagagawa kalaunan sa kanilang buhay. Maraming "anak," pagkatapos ng ilang paglago at tagumpay, ay

naniniwala na nalampasan na nila ang kanilang mga espiritwal na magulang. Dahil dito hindi na nila sila binibigyan ng pahalaga. Ang kataasan ay dumarating sa kanila dahil inaakala nilang sila ay mas mataas na sa kanilang mga espiritwal na ama na nagpalaki sa kanila at nag-alaga sa kanila sa mga kaparaanan ng Panginoon. Napanatili ni Eliseo ang relasyon ng pag-ibig at respeto para sa kanyang espiritwal na ama na si Elias at ang malapit na relasyong ito upang siya ay marapat na tumanggap ng dobleng bahagi ng Espiritu na nanahan kay Elias.

### *Ang mga Anak na Lalaking Panganay ay Nananatiing Malapit sa Kanilang Mga Ama*

Si Apostol Pablo ay laging hinarap ang problemang ito sa kanyang mga espiritwal na anak. Pagkatapos na umupo sa napakahusay na ministeryo at tumanggap ng ilang espiritwal na mga kaloob, marami sa kanyang mga anak ay nagkaroon ng pagmamataas at inakalang mas marunong at mas espiritwal kaysa Pau, hanggang sa hindi siya isama sa kanilang pagtitipon (Tignan ang 1 Cor. 8:2; 2 Cor. 13:3; Gal. 6:3; 2 Tim. 1:15). Subalit ang mga lalaking may dobleng bahagi ay iba! Patuloy nilang pinaparangalan ang kanilang ama at ina, kahit nang sila ay matanda na (Kaw. 23:22).

Hindi naging mayabang o nagsarili si Eliseo pagkatapos tinanggap ang mabuting pagtuturo at pagkatawag sa propesiya mula sa kanyang espiritwal na amang si Elias. Nanatili siyang natuturuan at tapat sa kanyang amo hanggang sa panahon ng kanilang paghihhiwalay sa Jordan. Sa panahong ito hindi kabataan si Eliseo; sabi ng Kasulatan siya ay kalbo (2 Hari 2:23). Hindi maaaring ibigay ng Dios ang dobleng bahagi sa mga taong hindi rumerespeto sa kanilang mga espiritwal na ama dahil ito ay dadalhin din nila sa buhay ng marami pang iba.



Ang mga kabarkada ni Eliseo ay mayroong ding ganung relasyon sa kanilang espiritwal na ama, kung ito ay ginusto nila. Sila ay mga manonood sa halip na nakiisa sa ginagawa ng Dios. Sila din ay maaaring nagtamo ng dobleng bahagi kung nagkaroon sila ng malapit na relasyon sa propeta nang siya ay kuhanin sa langit.

Merong kaparehong sitwasyon sa labingdalawang apostol. Si Juan ang siyang nakahilig sa dibdib ng Panginoong Jesucristo, at siya ay nakilalang “ang disipulo na minahal ni Jesus” (Juan 13:21-26). Ngunit alam natin na ang Dios ay walang paborito. Nais ng Panginoon na lahat ng mga apostol ay maging malapit sa Kanya tulad ni Juan, ngunit hindi wala sila ng parehong kagustuhan. Tunay na bawat isa sa atin ay maaaring maging malapit sa Panginoon kung gugustuhin natin.

Pinasa din ni Eliseo ang mga pagsubok ng pagtanggi at panghihina ng loob. Sinabi ni Elias sa kanyang mag-aaral na “bumalik,” o “manatili rito habang ako ay aalis.” Patuloy siyang binigyan ni Elias ng pagkakataon na maghanap ng dahilan para huminto at umuwi sa bahay. Wala sa Kasulatan ni isa na makikita nating si Elias ay pinalakas ang loob ni Eliseo para magpatuloy (1 Hari 19:20; 2 Hari 2:2; 2:4; 2:6). Ngunit pinahalagahan ni Eliseo ang isang bagay sa kanyang puso na hindi maitatanggi. Gusto niya ang dobleng bahagi ng pagpapahid ng kanyang amo. Naghanap siya ng mga dahilan para matisod at tumangging sumuko. Siya ay nagtrabaho sa panahon ng ilang tahimik na taon ng mababang gawain. Binuksan din niya ang kanyang Espiritu at nagpaturo sa kanyang espiritwal na ama, at pinatili niya ang pag-ibig at paggalang para sa kanya, kahit sa katandaan ng kanyang buhay. Ngayon pagkatapos ng mga taon ng paghahanda at pagsubok, dumating ang pagkakataon para tanggapin niya ang ikalawang pagpapahid. Basahin ang 2 Hari 2:1-15.

**"Bago ako kunin sa iyo, sabihin mo sa akin kung ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo."**
**2 Hari 2:9**

Ang mabilis na sagot ni Eliseo sa tanong ni Elias ay – "Gusto kong ipamana mo sa akin ang dobleng bahagi ng iyong kapangyarihan," kung saan sumagot si Elias: "Mahirap ang hinihiling mo" (2 Hari 2:10). Paulit-ulit nating sinasabi, ang dobleng bahagi ng Espiritu ng Dios ay nangangahulugan ng dobleng responsibilidad. Ang ibig sabihin nito ay mas mabigat na dalahin, isang uri ng pamumuhay na pahihimasukan, at napakalaking gawin na kailangang tapusin.

Nagpatuloy si Elias – "Pero, matatanggap mo ito kung makikita mo ako habang kinukuha sa harap mo, kung hindi moa ko makikita, hindi mo matatanggap ang hinihiling mo." Ang dobleng bahagi ay ibinibigay lamang sa mga napakalapit sa Panginoon at sa kanilang mga espiritwal na ama. Si Eliseo ay malapit upang tanggapin ang ikalawang pagkatawag. Ang ibang mga kapatiran na nakatingin sa malayo ay hindi tumanggap ng pagpapala.

"Nang makita ito ng grupo ng mga propeta na galing sa Jericho, sinabi nila, "Ang kapangyarihan ni Elias ay sumasakanya." Kaya sinalubong nila si Eliseo at yumukod sila bilang paggalang sa kanya" (2 Hari 2:15). Nang tinanggap ni Eliseo ang dobleng bahagi, siya ay naging panganay sa marami niyang kapatiran. Ito ay nagpakilala sa kanya at naghiwalay sa kanya. Dumating sa kanya ang kapamahalaan na makikilala, at kinilala nila ang espesyal na pagpapahid at owtoridad sa pamamagitan ng pagyuko bilang paggalang. Si Eliseo ay naging matandang kapatid nila, ang panganay sa maraming magkakapatid.



**ELISEO—PANGANAY SA MARAMING MAGKAKAPATID**
**(mga katangian na makikita sa mga panganay)**

- **Masipag, matatag, tapat; Hindi pinangungunahan ng pagkainip.**
- **Matapat sa mababang uri ng mga gawain sa mahabang panahon; Isang tunay, mapagkumbabang lingkod**
- **Nagpapasakop sa pagtuturo, mga disiplina, at mga pagtutuwid ng isang mabuting espiritwal na ama**
- **Hindi nararamdamang mas malago na siya sa kanyang espiritwal na ama o nagiging mapagmataas sa kanya**
- **Napapagtagumpayan ang mga pagsubok ng pagtanggi at panghihina ng loob mula sa espiritwal na ama**
- **Hindi naghahanap ng mga dahilan upang tumigil, matisod, o bumalik sa bahay**
- **May pusong kinamumuhian ang pag-ibig sa salapi (2 Hari 5:15-16)**

## SI JOSE—ISA PANG PANGANAY

**"Bigyan ninyo ng dalawang bahagi na mamanahin ang lahi ni Jose"**
**Genesis 48:22; Ezekiel 47:13**

Si Jose ay kabataan na mahal ng kanyang amang si Jacob. Maaari nating isipin na may paborito si Jacob sa kanyang mga anak, ngunit may dahilan siya para gawin si Jose, ang ikalabing isa niyang anak, na espesyal na tagapagmana, at pagbibigay sa kanya ng makulay na balabal. Si Jose ay napakamatuwid at malalim sa espiritwal, kahit na sa kanyang kabataan. Ang kanyang mga kapatid, sa kabilang banda, ay masama (Gen. 37:1-11).

Isa pang punto na kailang isaalang-alang ay ito – Alam ng Dios kung ano ang gagawin ng isang lalaki o babae sa mga pangako at kaloob na ipinagkakatiwala Niya sa kanila. Ito ang dahilan kung bakit pinili ng Dios si Jacob sa halip na si Esau para bigyan ng pagkapanganay, kahit sa panahon pa lang nang sila ay ipinanganak (Gen. 25:22-26). Alam ng Dios na si Esau, ang matandang kapatid, ay hindi papahalagahan ang pagkapanganay ngunit ito ay pahahalagahan ni Jacob. Samakatuwid, binigay ito ng Dios kay Jacob.

Ang Dios ay may napakahalagang plano para sa henerasyon ni Jose. Magkakaroon ng matinding taggutom sa bahaging iyon ng mundo at kailangan ng Dios ng espesyal na tao na may kakaibang mga sagot para sa parating na krisis. Ang pagiging espesyal na tagapagligtas ay nangangailangan ng matinding paghahanda. Lahat ng mga kapatid ni Jose ay bumagsak sa mga pagsubok. Ayaw nila at hindi sila laang magbayad ng halaga. Ang halaga ng pagiging tagapagligtas sa isang henerasyon ay napakataas.



### *Ang Halaga ng Pagiging Tagapagligtas*

Si Jose ay tinanggihan ng kanyang mga kapatid. Sa katunayan, ang kanilang inggit at pagkamuhi ay nagbunsod sa kanila na planuhing patayin siya (Gen. 37:18-20). Ang tanggihan ng kanyang mga kapatid ay masakit na, ngunit gayon na lang ang pagkamuhi nila sa kaniya na gusto nilang patayin si Jose. Bakit mayroong ganoong inggit at selos sa mga magkakapatid? Hindi natural para sa mga magkakapatid na lalaki at babae ang mamuhi at kainggitan ang isa’t-isa. Ang sagot ay nasa uri ng tahanan na kinalakihan nila. Si Jacob ay nagpakasal sa ilang babae, at nagkaroon ng patuloy na inggit at away (Gen. 30:1-16). Samakatuwid, ang mga anak ay nakuha ang lahat ng problema ng mga magulang. Ang pag-aasawa ng marami ay hindi kailanman pinagpala, kahit minsan, sa Kasulatan.

Pinrotektahan ni Ruben si Jose sa paglalagay sa kanya sa balon; ngunit nung nawala si Ruben si Jose ay inalis sa balon at binenta bilang alipin sa Ehipto. Samakatuwid, bukod sa paglaki sa isang hindi masayang tahanan, si Jose ay tinanggihan ng kanyang mga kapatid, binenta bilang alipin, at itinapon sa ibang lupain. Habang nasa Ehipto, siya ay pinaratangan ng krimen na hindi niya ginawa (Gen. 39:7-23). Kaya ang kanyang reputasyon ay nasira at siya ay bumagsak sa kalaliman ng kawalan ng pag-asa sa isang kulungan sa loob ng pitong taon. Ngunit kasama niya ang Dios, at siya ay Kanyang sinusubok (Awit 105:16-19; Gen. 49:22-24).

Kaya makikita natin na kailangang pagtagumpayan ni Jose ang isang masamang pagkabata at buhay sa kanyang tahanan, pagtanggi at kalupitan ng mga kapatid, pagkatapon, pagiging alipin, kalungkutan, pangungulila sa bayan, mga sekswal na tukso, maling mga paratang, pagkakakulong, sirang reputasyon, at marami pang ibang kawalan ng katarungan.

Bukod pa sa lahat ng mga ito, kailangan niyang maghintay ng matagal at masakit na mga antala at pakikibaka laban sa matinding pag-aalinlangan, kawalan ng tibay ng loob, at kawalan ng pag-asa. Sa kabila nito, bawat kawalan ng katarungan ay naging alipin niya upang lumapit sa trono.

Bawat antala, ito, sakit ng puso, at paghihirap ay nagtatag ng bakal sa kanyang kaluluwa para sa malaking gawain kung saan siya ay tinawag na gampanan. Lubos na naunawaan ni Jose na ginagamit ng Dios ang bawat kawalan ng katarungan upang siya ay pagpalain at itaas. Ito ang nagpalakas sa kanya upang patawarin ang kanyang mga kapatid at lumabas bilang panganay sa lahat ng magkakapatid (tignan ang Genesis 45:4-8; 50:20; 1 Cronica 5:1-2).



**SI JOSE – PANGANAY SA MAGKAKAPATID**
**(mga katangian na matatagpuan sa mga panganay)**

- **Napagtagumpayan niya ang mga peklat ng masamang pagkabata at hindi masayang buhay sa tahanan.**
- **Napatawad niya ang mga kapatid na tumanggi sa kanya at nagpahirap sa kanya.**
- **Binata niya ang kalungkutan, pagkaulila, at iba pang mga sirkumstansya.**
- **Pinatili niya ang pananampalataya sa mga panahon ng kadiliman ng kawalan ng tibay ng loob at pagkakulong.**
- **Pinanatili ni Jose na siya ay malinis sa sekswal na buhay sa pamamagitan ng pagtakbo palayo sa tukso.**
- **Lubos na naunawaan ni Jose na mayroong pagpapala ang Dios sa bawat kawalan ng katarungan.**
- **Namuhay si Jose na isang buhay na inihiwalay para sa Dios. (Gen. 49:26)**

## ANG MGA LEVITA – ISANG BUONG TRIBO NG MGA PANGANAY

**"Ilaan mo sa akin ang mga Levita bilang kapalit ng mga panganay na lalaki ng Israel" (Bilang 3:44-45)**

Ang orihinal na layunin ng Dios ay kunin ang mga panganay mula sa bawat tribo ng Israel at gawin silang mga saserdote para sa Kanya at para sa bayan. Ang pagpapala ng pagiging isang panganay ang nagpalakas sa isang tao upang magkaroon ng espesyal na pagkakataong makalapit sa Dios at ang pribilehiyo na hawakan ang mga gawain ng saserdote sa santuwaryo ng Dios. Ang mga panganay ay binigyan ng espesyal na ministeryo para sa Panginoon at para sa mta tao. Ang espesyal na pagpapahid sa ministryong iyan ang nagbukas ng kaunawaan tungkol sa kaparaanan ng Dios at ng Kanyang Salita.

*Ang Pagkapanganay ay Maaaring Mawala*

Pagkatapos ng nakakahiyang pagtalikod dahil sa paggawa ng guyang ginto (Exo. 32:1-8), nagbago ang isip ng Dios. Inalis Niya ang Karapatan ng pagkapanganay mula sa lahat ng ibang mga tribo, at binigay lamang ito sa tribo ni Levi. Sa orihinal, bawat panganay ng bawat tribo ay magiging mga saserdote para sa Dios at sa mga tao. Sa halip, binawi ng Dios ang kanilang pagkapanganay at binigay sa mga Levita lamang (Bilang 3:6; 3:9-12; 3:41; 3:45; 8:6; 8:14-16; 8:18). Makikita natin dito ang pagbebenta ng pangkapanganay ng buong bansa.

Hindi natin alam kapag tayo ay sinusubok. Ang Israel ay lumabas mula sa Ehipto ilang buwan ang nakaraan. Sila ay pumunta sa Bundok ng Sinai at nanatilii doon sa loob ng labingisang buwan – isang kuwentong nakasulat sa 59 mga sumusunod na kabanata (mula Exodoo 19:1 hanggang Bilang 10:11). Si Moises ay umakyat sa Bundok sa loob



ng apatnapung araw at narito ang pagsubok – ang pagsubok ng pagkaantala. Nainip ang Israel, nagtayo ng gintong guya para sa bago nilang dios. Nang bumalik si Moises sa paanan ng bundok at nakita ang kanilang kasamaan, gumuhit siya ng linya at tumawag "Sino ang nasa panig ng Panginoon?" (Basahin ang Exodo 32:1-28). Ang buong tribo ng Levi ay dali-daling pumanig sa Panginoon at kay Moises. Ang Panginoon, sa pamamagitan ni Moises, ay nag-utos sa mga Levita na kunin ang kanilang tabak at patayin ang kasamaan sa kampo. Ang mga Levita ay mabilis na tumugon sa Kanyang utos.

Hindi nakalimutan ng Dios kung ano ang nangyari sa paanan ng Sinai. Ang buong bansa ay hindi nakapasa sa pagsubok, maliban sa tribo ng Levi. Sobra ang kalungkutan ng Dios dahil sa kasamaan ng Kanyang bayan, at dahil dito Siya ay nagdesisyon nang oras na iyon na kunin ang kanilang pagkapanganay at ibigay ito sa isang tribo na nagparangal sa Kanya. Hindi pahihintulutan ng Dios na magkaroon ng isang pabagu-bago, immoral, sumasamba s adios-diosan, at rebeldeng mga saserdote. Hindi ibibigay ng Dios ang dobleng bahagi ng Kanyang Espiritu sa mga taong hindi pinahalagahan ang mga banal na bagay ng Dios. Siya ay tumingin sa ibang lugar para sa mas maka-Dios na grupo ng kapatiran.

Naobserbahan ng Dios ang tugon ng tribo ng Levi sa panahon ng moral na pagbagsak ng Israel. Nakita niya kay Levi ang katangian na gagawa ng tamang bagay (hindi ang sikat na bagay) kapag may presyur. Laan si Levi na gamitinn ang tabak kahit laban sa kanyang sariling laman, kahit sa kanyang mga sariling kapatid para sa katuwiran. Ito ang mga katangian na tinitignan ng Dios sa mga panganay.

Gaano kadalas, na kapag may bagay na patungkol sa ating sariling laman (o ating pamilya), tayo ay natutukso na baguhin o baliin ang Salita ng Dios. Hindi tayo maaaring maging panganay kung hindi tayo laan na gamitin ang tabak sa ating sariling laman o kung tayo ay

magsisimpatiya o iisipin ang kapakanan ng tao sa mahalagang mga isyu sa ating panahon (Jer. 48:10).

Binigay ng Dios ang pagiging saserdote kay Levi sa halip na ibigay ito sa lahat ng iba pang mga panganay (Deut. 33:8-11). Ito ang paglipat ng pagkapanganay mula sa buong bansa patungo sa isang tribo. Ang pagpili ng Dios kay Levi ay nung sa panahon na hindi alam ng bansa na sila ay sinusubok. Naobserbahan ng Panginoon na ang mga Levita ay mas laang maging kalugod-lugod sa Dios kaysa maging kalugod-lugod sa harap ng kanilang mga malalapit na kaibigan at pamilya (tignan ang Deut. 33:9).

Tandaan, mahalaga na ang mga Levita (sila na may pagkapanganay at dobleng bahagi) ang nakaakyat sa Bundok ng Sion nang panahon ni David. Sila na napasa ang mga kwalipikasyon sa pagpunta sa Bundok ng Sion ay pangunahing mga Levita (Awiti 15:1-5, Awit 24:3-5; 1 Cronica 15:1-2, 16:1-6). Ang tuktok ng Bundok ng Sion ay nareserba lamang para sa "iglesia ng mga panganay" (Heb. 12:22-23; cf. Pah. 14:1-5). Ito ay lubos na espesyal na grupo. Sila ay nakaposisyon malapit sa Kordero sa Bundok ng Sion sa langit.



**ANG MGA LEVITA-PANGANAY SA MARAMING MAGKAKAPATID**
**(mga katangian na makikita sa mga panganay)**

- **Sila ay pumanig sa Dios at katuwiran sa panahon ng pagbaba ng moralidad.**
- **Hindi sila nakiayon kundi piniling gawin ang tamang bagay sa halip ng sikat na bagay.**
- **Inuna ng mga Levita ang Dios, higit pa sa pag-ibig sa tao, mga kaibigan, at ang presyur ng pamilya.**
- **Hinayaan nilang piliin ng Dios ang kanilang mga kaibigan, at naging masunurin tungkol sa pag-aasawa. (Tingnan ang Lev. 21:7)**

## ANG PAGKAWALA NG PAGKAPANGANAY
### (Isang Babala sa mga Mananampalataya sa Bagong Tipan)

Ang paksa ng pagkapanganay ay hindi lamang serye ng kuwento na lipas na sa panahon na nasulat para sa atin sa Lumang Tipan! Hindi! Ang Bagong Tipan din ay puno ng mensahe ng pagkapanganay. Ang mga mananampalataya sa Bagong Tipan ay binalaan at pinangaralan na huwag ibenta ang kanilang pagkapanganay na ginawa ni Esau (Heb.12:15-17). Sa kabilang banda, gusto kong imungkahi, na ito ay walang kaugnayan kung ang pangaral ay nanggaling sa Luma o Bagong Tipan, dahil "Ang lahat ng Kasulatan ay kinasihan ng Diyos, at nagagamit sa pagtuturo ng katotohanan, sa pagtatampa sa maling

katuruan, sa pagtutuwid sa likong gawain at sa pagsasanay para sa matuwid na pamumuhay, upang ang lingkod ng Diyos ay magiging karapat-dapat at handa sa lahat ng mabubuting gawain” (2 Tim. 3:16-17). Nang sumulat si Pablo kay Timoteo, hindi niya tinutukoy ang Bagong Tipan, kundi ang Luma. Ang Lumang Tipan ang tanging Kasulatan na meron sila nang panahong iyon. Ang panuntunan ng Bagong Tipan ay hindi nabuo hanggang dumating ang panahon na halos 400 A.D.

*Pangangalunya*

**"Si Ruben ang panganay ni Jacob (Kahit na siya’y panganay, inalisan siya ng karapapptan ng pagkapanganay sapagkat dinungisan niya ang dangal ng kanyang ama. Ang karapatang ito’y ibinigay sa mga anak ni Jose, na anak ni Jacob.)”**

(Gen. 35:22; 49:3-4; 1 Cron. 5:1-2). Si Ruben ay hindi matatag sa kanyang moralidad. Sinabi sa kanya ng kanyang amang si Jacob ang isang propesiya, “Hindi ka sisikat, hindi mangunguna, hindi matatanyag.” Siya ay nagkasala ng pangangalunya sa isa sa mga asawa ng kanyang ama. Pagkatapos nito hindi na nagtiwala sa kanya ang kanyang ama. Samakatuwid, kinuha ni Jacob ang pagkapanganay kay Ruben at isinalin ito kay Jose. Ang imoralidad at pangangalunya ay nagbubunga ng hindi pagiging matatag at hindi mapagkakatiwalaan, at posibleng mawala ang pagkapanganay dahil dito. Kailangan nating umiyak sa Dios upang linisin ang ating mga puso mula sa pita at kasuklam-suklam na pagmamahal, kung hindi ay isusuko natin ang ating korona sa huli.



*Paglalapastangan*

**"Baka magkaroon ng sinomang mapakiapid, o mapaglapastangan, gaya ni Esau, na sa isang pinggang pagkain ay ipinagbili ang kaniyang sariling pagkapanganay” (Heb.12:16)**

Si Esau ang pangunahing halimbawa sa Kasulatan ng mga taong nagbebenta ng kanilang pagkapangay. Siya ay tinawag na lapastangan. Ang paging lapastangan ay nangangahulugang walang galang, walang pitagan sa Dios. Ibig sabihin tinatrato niya ang mga banal na bagay nang basta-basta at hinahamak ito. Hinamak ni Esau ang kanyang pagkapangay sa pamamagitan ng pagpapalit nito sa mangkok ng sopas nang siya ay magutom (Gen. 25:29-34). Ito ay nagpapahiwatig ng taong binenta ang kanyang ministeryo, kasal, at reputasyon, para sa pornograpiya at pita sa internet. Kulang si Esau ng pangitain sa mahabang panahon, namumuhay lamang para ngayon at para sa kasalukuyang mga kagustuhan.

Nakita ng Dios kung anong uri ng puso meron siya, bago pa lamang siya ipanganak. Kung gayon, dineklara ng Dios, bago pa lamang siya ipinanganak, “ang matanda ay maglilingkod sa bata” (Gen. 25:23). Nagdesisyon ang Dios na ibigay ang pagkapanganay kay Jacob dahil hindi niya ito pinahalagahan. Si Esau ay walang takot na mabigo na matupad ang mga layunin ng Dios para sa kanyang buhay (Heb. 4:1). Kalaunan, nang makita niya kung ano ang nawala sa kanya, gusto niya itong maibalik na may luha at pagtangis, ngunit hindi na ito mababawi pang muli (Heb. 12:17). Nagdesisyon siya at ito ay hindi na muling mababawi.

*Kawalan ng Pasensya, Pagsamba sa dios-diosan,*
*Rebelyon, Imoralidad*

**"Nang magtagal si Moises sa bundok, ang mga Israelita'y lumapit kay Aaron. Sinabi nila, 'Igawa mo kami ng mga diyos na mangunguna sa amin. Hindi naman alam kung ano na ang nangyari sa Moises na iyan na naglabas sa amin sa Egipto" Exodus 32:1**

Ang kuwentong binigay sa Exodo 32 ay pagkawala ng pagkapanganay ng buong bansa. Sa halip, ito ay kalaunang binigay sa tribo ng Levi. Ang mga bagay ay hindi nangyayari nang mabilis parap sa Israel. Sila ay nasa tuyot, nakakainip na disyerto. Si Moises ay wala nang ilang linggo at ang Dios ay tahimik. Naalala nila ang "mabubuting panahon" sa makasanlibutang Ehipto. Ang pag-antala ay ginawa ng Dios upang subukin ang mga tao. Nais ng Panginoon na makita kung ano ang kanilang motibo sa paglilingkod sa Kanya. Sila ba ay naglilingkod sa Dios para sa kasiyahan, sa mga himala at probisyon? O sila ba ay naglilingkod sa Dios dahil Siya ay karapat-dapat, at dahil mahal nila ang Panginoon? Ang pagtatayo ng bagong dios pagkatapos ng apatnapung araw ang nagbigay sa Dios ng kasagutan!

Nawawala sa ibang mga Cristiano ang kanilang pagkapanganay dahil sa pagmamadali. Ang pagsubok ng oras ang isa sa mga malaking ebidensya ng ating pagtatalaga sa Dios. Marami ang naiinip, kinokompromiso ang mga alam nilang katotohanan, at pumapasok sa maling pag-aasawa. Napakahalaga na maging masunurin sa larangan ng pag-aasawa upang mapreserba para sa ating mga sarili ang karapatan ng panganay. Ang maling pag-aasawa ay maaaring makahadlang o pumigil sa isang lalake o babae na tuparin ang kanilang pagkatawag mula sa Dios. Sa oras na ginawa natin ang habang-buhay na pangako at pagtatalaga sa pag-aasawa sa harap ng Dios, hindi na natin mababago ang ating kaisipan. Kung gayon, kailangan nating



tignan ang paksa ng pag-aasawa na may isang bagay sa ating isipan – ang pagbubuklod bang ito ay magbibigay ng kaluwalhatian sa Dios at tutulong sa akin na tuparin ang pagkatawag ng Dios? Hindi dapat matigas ang ating kalooban sa isyu ng pag-aasawa – "Isang bagay ang gusto ko; hindi ko iniisip ang sasabihin ng iba, o kung ano ang iniisip ng Dios." Matakot tayo sa Dios at sabihin, "Panginoon, Ikaw lamang ang nakakaalam ng puso. Ano ang pinakamabuti para sa akin? Tulungan Mo ako na piliin ang Iyong pinili."

**"Sapagkat hindi narinig ng mga tao mula nang una, o naulinigan man ng pandinig, o ang mata man ay nakakita ng Diyos liban sa iyo, na gumagawa para sa mga naghihintay sa kanya. Isa. 64:4**

**MGA KATANGIAN NA MATATAGPUAN SA MGA PANGANAY**

Buod:

- Isang tahanan at pamilya na maayos – Isang magandang halimbawa para sa mag-aasawa.
- Pagiging sensitibo sa mga pangangailangan ng mahirap at nasasaktan.
- Malinis na mga motibo – Paglilingkod sa Dios dahil sa pag-ibig, hindi makasariling mga motibo pagkakaroon ng pangitain at kaalaman ng tadhana na magbubunsod na mabuhay ng banal na buhay.
- Kadalisayan sa moralidad – pagtuon ng mga tamang paningin at kagustuhan. Pagkakaroon ng banal na pagkatakot.

- Lubos na nilinis mula sa pag-aakusa sa Dios at ang "hindi patas" sindrom
- Masipag, matatag, matapat – Hindi nahahadlangan ng pagkainip at kawalan ng pakialam
- Tapat sa mga mababang uri ng gawain sa mahabang panahon – Isang tunay, mapagkumbabang ingcod
- Nagpapasakop sa mga katuruan, disiplina, at pagtutuwid ng mabubuting mga espiritwal na ama.
- Napapagtagumpayan ang mga pagsubok ng pagtanggi at panghihina ng loob mula sa isang espiritwal na ama.
- Hindi naghahanap ng mga palusot para huminto, masaktan, o bumalik sa bahay.
- May puso na nalinis mula sa pag-ibig sa salapi.
- Napapagtagumpayan ang mga peklat ng masamang pagkabata at hindi masayang buhay sa tahanan.
- Nagpapatawad sa mga kapatid na tumanggi at nagpahirap sa kanya.
- Nagtitiis ng kalungkutan, pangungulila, at buhay sa ibang lugar.
- Pinapanatili ang pananampalataya sa mga panahon ng panghihina ng kalooban.
- Pinapanatiling dalisay ang sarili sa pamamagitan ng pagtakbo palayo sa tukso.



- Ang kaalaman na ang Dios ay may pagpapala sa bawat kawalan ng katarungan.
- Pamumuhay na hiwalay para sa Dios.
- Pagpanig sa Dios at katuwiran sa mga panahon ng moral na pagbagsak.
- Hindi nakikiayon; pinipili na gawin ang tamang bagay sa halip na kung ano ang sikat.
- Laan na unahin ang Dios, kahit higit sa mga kaibigan as presyur ng pamilya
- Laang maghintay sa panahon ng Dios at magbata ng mga pag-aantala
- Pinapahalagahan ang mga bagay ng Dios, at hindi tinatrato ang mga ito nang basta-basta
- May pangmahabang panahong pangitain, at hindi gumagawa ng mga mahalagang desisyon sa pamamagitan ng pangkasalukuyang emosyon.

# ALALAHANIN ANG MGA LAYUNIN NG MGA PAGSUBOK

"Ano ba ang tao upang iyong pahalagahan, bakit pinapansin mo ang kanyang mga galaw? Tuwing umaga siya'y iyong sinusuri, sinusubok mo siya sa bawat sandali."
Job 7:17-18

## Pagtatapos

**Sinusubok Tayo ng Dios:**

- Upang makita ang ating pagkatao.
- Upang makita kung ano ang ating mga motibo, at kung ano ang tunay na pangangailangan natin.
- Upang makita kung ang Dios ang una sa ating buhay, o iba (Gen. 22:1-2; Job 1:8-12; Deut. 13:1-3).
- Upang makita kung tayo ay karapat-dapat sa mga pangako ng Dios, at tapat sa mga katotohanang ipinagkatiwala Niya sa atin.
- Upang makita kung matatanggap natin ang kapangyarihan na hiningi natin sa Dios. (Mas malaking kapangyarihan ang gusto nating matanggap sa Dios, mas malaki rin ang ating mga pagsubok)
- Upang makita kung tayo ay karapat-dapat na kunin ang mga posisyon na nawala kay Satanas at sa kanyang mga anghel.
- Upang makita kung tayo ay magiging kwalipikado na maging babaeng Mapapangasawa Niya, at naroon sa piging ng kasal (Pah. 19:7-9).
- Upang makita kung tayo ay karapat-dapat na mapasama sa unang pagkabuhay na muli, na humatol sa mga anghel, at mamuno at maghari kasama ni Cristo.



- Upang makita kung tayo ay naglilingkod lamang dahil sa mga pagpapala at para makilala, o dahil sa mahal natin Siya.
- Upang tayo ay gawing mas matuwid at banal.
- Upang magdala ng higit na kapahayagan ng Panginoon sa ating mga buhay.
- Upang pagpalain ang huling yugto ng ating buhay, upang tayo ay itaas, at bigyan tayo ng walang hanggang pangalan.
- Upang magdala ng bagong biyaya sa ating mga buhay sa pamamagitan ng pagpunta sa bagong mababang lugar. (Ang biyaya ay binibigay sa mga mababa.)
- Upang bigyan ng sagot ang Dios, upang sa gayon ay may maibigay Siya sa Kanyang mga kaaway.

**Binigay ng Dios ang Kanyang puso sa tao at sinusubok siya bawat sandali. Ang mga pagsubok ay mahalaga. Ito ang dahilan na tayo ay nasa mundo – upang subukin. Hindi tayo maaaring makarating sa mas malalaking mga pagsubok maliban na maipasa muna natin ang mga maliliit. Ang pagpasa o pagbagsak ng ating mga pagsubok ay magpapasiya ng ating walang hanggang posisyon sa langit. Kadalasan hindi natin alam kung kelan tayo sinusubok. Samakatuwid, lagi tayong dapat na magkaroon ng kamalayan na tayo ay pinagmamasdan. Tayo ay pinapanood ng mga tao at mga anghel. Tayo ay nasa ilalim ng pagsisiyasat ng mga demonyo, mga may kapangyarihan sa kaitaasan, ng mundo, at higit sa lahat, tayo ay inoobserbahan ng Dios mismo. Kung gayon, kailangan nating humingi sa Dios ng biyaya na gawin ang tamang bagay at gumawa ng mga tamang desisyon kapag tayo ay nasa ilalim ng presyur at sa panahon ng pagsubok.**